# PAMILYANG KRISTIYANO

shepherds
GLOBAL CLASSROOM

Binuo ang Shepherds Global Classroom para ihanda ang katawan ni Cristo sa pamamagitan ng pagbibigay ng kurikulum sa mga umuusbong na pinunong Kristiyano sa buong mundo. Layunin naming dumami ang mga programa ng pagsasanay kaya ipinagkatiwala namin ang kurikulum na mayroong 20-kurso sa kamay ng mga espirituwal na tagapagsanay ng bawat bansa sa buong mundo.

Ang aklat na ito ay maaaring i-download nang libre sa https://www.shepherdsglobal.org/courses

Pangunahing Manunulat: Dr. Stephen K. Gibson

Copyright © 2023 Shepherds Global Classroom
Isinalin sa Tagalog mula sa Unang Ingles na Edisyon.

Nakalaan ang lahat na karapatan.

May copyright ang mga third-party material na pagmamay-ari ng ibang tao at kanilang ibinabahagi sa ilalim ng iba't-ibang lisensiya.

Maliban kung inilathala, lahat ng Kasulatan ay hango sa Ang Bagong Ang Biblia.

**Pahayag tungkol sa pahintulot:**

Ang aklat na ito ay maaaring ilimbag at ipamahagi ng walang bayad maging sa digital na pormat o pisikal na aklat sa ilalim ng mga sumusunod na alituntunin: (1) Hindi maaaring baguhin ang nilalaman ng aklat sa anumang paraan; (2) Hindi maaaring ibenta ang mga kopya ng aklat para pagkakitaan; (3) Malaya ang mga institusyong pang-edukasyon na gamitin/kopyahin ang aklat na ito, kahit naniningil sila ng mga matrikula; at (4) Hindi maaaring isalin ang aklat na ito nang walang pahintulot at pangangasiwa ng Shepherds Global Classroom.

# Nilalaman


Pangkalahatang-Pananaw sa Kurso .................... 5

1. Nilikha para sa Relasyon .................... 7
2. Ang Pamilya ayon sa Biblia .................... 17
3. Ang Biblikal na Konsepto ng Pag-aasawa .................... 33
4. Mga Isyu ng Sekswalidad .................... 45
5. Pagiging Single .................... 69
6. Paghahanda para sa Pag-aasawa .................... 83
7. Paglilinang ng Matibay na Relasyong Mag-asawa .................... 97
8. Ang Limang Wika ng Pag-ibig – Bahagi 1 .................... 111
9. Ang Limang Wika ng Pag-ibig – Bahagi 2 .................... 125
10. Ang Isyu ng Kawalang Anak .................... 143
11. Ang Paglaki at Pangangalaga sa Bata .................... 155
12. Pagpapalaki ng Bata na may Makabuluhang Layunin .................... 165
13. Mga Isyu tungkol sa Pagpapalaki ng Anak .................... 179
14. Pagiging Magulang sa mga Nagbibinata at Nagdadalaga .................... 195
15. Ang Kabataan .................... 209

Apendiks A: Paggalang sa mga Kababaihan .................... 223

Apendiks B: Kontrol sa Pagbubuntis .................... 227

Mga Mungkahing Babasahin .................... 230

Tala ng mga Takdang-Aralin .................... 233

# Pangkalahatang-Pananaw sa Kurso

## Deskripsyon ng Kurso

Itinuturo ng kursong ito ang mga prinsipyo ng Diyos para sa iba’t-ibang yugto ng buhay at relasyong pampamilya, lalo na sa pag-aasawa at pagpapalaki ng anak. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, maihahanda ang mga mag-aaral para parangalan ang Diyos sa kasalukuyang yugto ng kanilang buhay at sa kanilang mga relasyon. Maihahanda silang magturo sa iba ng mga prinsipyo ng Biblia at ng mga praktikal na aplikasyon ng mga prinsipyong iyon. Mapapalakas ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan sa kanilang lokal na simbahan para maimpluwensiyahan ng pagiging maka-Diyos ang mga pamilya sa kanilang lipunan at komunidad.

Bukod sa iba pang bagay, matututunan ng mga mag-aaral ang tungkol sa pagdidisipulo ng pamilya sa mga kanilang nagbibinata, nagdadalaga at mga batang anak. Itinuturo ng Aralin 12, Takdang-Aralin 3 sa mga magulang na kumukuha ng kursong ito na magtakda ng oras sa bawat araw para sa pagninilay ng kanilang pamilya. Gumawa ang Shepherds Global Classroom ng isang aklat para sa pagdidisipulo sa pamilya, ang *Family Teaching Tools*, na maaaring gamitin ng mga magulang sa oras ng pagninilay o debosyon ng kanilang pamilya. Ang aklat na ito ay maaaring i-download mula sa shepherdsglobal.org.

## Mga Direksyon para sa mga Pinuno ng Klase

**Ang mga katanungang pantalakayan** at **mga gawain sa loob-ng-klase** ay may markang ►. Para sa mga katanungang pantalakayan, ang pinuno ng klase ay magbibigay ng katanungan at bigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na talakayin ang sagot. Kapag madalas na parehong mag-aaral ang sumasagot, o kung hindi nagsasalita ang ibang mag-aaral, maaaring idirekta ng pinuno ang tanong sa isang tao: “Igor, paano mo sasagutin ang tanong na ito?”

Nagtatapos ang bawat aralin sa ilang opsyonal na katanungan para sa pagtatalakay ng grupo. Maaaring pumili ang pinuno ng klase sa mga katuanungang tatalakayin ng grupo.

Maraming **kasulatan** ang ginamit sa kurso. Ang mga talatang dapat basahin nang malakas sa klase ay may arrow bullet points. Ang bawat isa sa grupo ay dapat nakatingin sa kasulatan habang binabasa ito nang malakas ng isang kaklase. Sa ibang pagkakataon, ang mga sangguniang kasulatan ay nasa loob ng panaklong. Halimbawa: (Efeso 6:1). Ang mga sangguniang iyon ay makakatulong sa mga pahayag sa teksto. Hindi kailangang laging basahin ang mga talata sa panaklong.

May kasamang maikling talakayan para sa dalawang espesyal na paksa sa pagtatapos ng kursong ito. Ang mga paksang ito ay hindi ganap na nauugnay sa anumang iba pang aralin at hindi kumpletong aralin ang mga ito. Gayunpaman, mahalagang maunawaan ang mga

paksang ito mula sa Kristiyanong pananaw. Dapat pag-aralan at talakayin ng klase ang Apendise A kasunod ng Aralin 3 at dapat pag-aralan ang Apendise B kasunod ng Aralin 10. May mga paalalang ibinigay hulihan ng dalawang aralin na iyon.

Ang bawat aralin ay nagtatapos sa mga **takdang-aralin**. Ang takdang aralin ay dapat tapusin at i-ulat bago ang susunod na oras ng aralin. Kung hindi natapos ng isang mag-aaral ang kanyang takdang-aralin, maaari niya itong gawin sa ibang pagkakataon. Gayunpaman, dapat hikayatin ng pinuno ang mga mag-aaral na sumunod sa iskedyul upang mas matuto pa mula sa klase. Dagdag sa pagkumpleto ng mga takdang-aralin para sa bawat aralin, dapat basahin ng mga mag-aaral ang susunod na aralin bilang paghahanda para sa susunod na klase.

Kung nais ng mga mag-aaral **na makakuha ng certificate mula sa Shepherds Global Classroom**, dapat silang dumalo sa mga sesyon ng klase at kumpletuhin ang mga takdang-aralin. Sa hulihan ng kursong ito, makikita ang isang porma para sa paglilista mga takdang-araling natapos.

# Aralin 1
# Nilikha para sa Relasyon

## Mga Layunin ng Aralin

Sa katapusan ng araling ito, magagawa ng mag-aaral na:

(1) Mapagtanto at mapahalagahan ang relasyon na nais ng Diyos sa atin.

(2) Maunawaan at mapahalagahan ang imahe ng Diyos sa bawat tao.

(3) Mapagtanto na may pananagutan tayo sa Diyos sa bawat pinipili nating gawin sa ating mga relasyon.

(4) Malaman na ang Biblia ang ating manwal para sa mga relasyong maka-Diyos, at dapat nating tularan ang Diyos sa ating mga relasyon.

## Relasyon sa Diyos

Sa kasulatan, natutunan natin na ang Diyos ay isang personal na Diyos, na may mga relasyon at pakikipag-ugnayan sa iba (mga Hebreo 1:1-2). Ipinapakita ng banal na kasulatan na may walang hanggang relasyon ang Diyos Ama, Diyos Anak, at Diyos Espiritu Santo sa isa't-isa.[1]

Nilikha ng Diyos ang kalangitan, ang lupa, ang karagatan, at lahat ng nasa kanila (Exodo 20:11). Ipinapakita ng Awit 8:3-8 na ang sangkatauhan ay ang kanyang pinakamahusay at pinakamahalagang nilikha. Nilikha ng Diyos ang mga tao bilang mga nakikipag-ugnayang nilalang, tulad Niya. Sa buong kasulatan, inaanyayahan ng Diyos ang mga tao sa relasyong nagbibigay-buhay na kasama siya.[2]

Napakagandang maunawaan na nais magkaroon ng Diyos, ang Lumikha ng sansinukob, ng relasyon sa iyo at sa akin!

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Genesis 3:8-9 para sa grupo.

Huminto nang sandali, ipikit ang iyong mga mata, at isipin ang eksena na kakabasa mo lang. Gamitin ang iyong imahinasyon upang bigyang buhay ang mga berso. Nakatayo sa pinakamagandang hardin sa malamig na parte ng araw, damhin ang masarap na simoy ng hangin sa iyong mukha. Pakinggan ang mga tunog ng yapak ng Diyos at dinggin ang tahimik

---

[1] Halimbawa, ang mga kaksulatan na ito ay nagpapakita ng relasyon ng Ama at Anak, at ng Banal na Espiritu: Juan 17:22-24; Juan 14:16, 26; at Juan 15:26. Bagaman hindi ipinapahayag mga bersong iyon ang pagiging walang-hanggan ng Banal na Espiritu, alam natin mula sa ibang mga berso, tulad ng Hebreo 9:14, na siya rin ay walang-hanggan.

[2] Halimbawa, tingnan ang Isaias 55:3, Juan 1:12-13, Juan 3:36, Juan 17:3, 2 Corinto 6:16-18, 1 Juan 1:3, Pahayag 3:20.

na tugon ng kanyang dalawang minamahal na nilalang; pagkatapos ay nagsalita ang Dyios, "Nasaan kayo?"

Kaya mo bang isipin kung paano ang sandaling iyon, na tinatawag ng Diyos ang kanyang mga nilalang para makasama sila? Huminto ng sandali at isipin ang puso ng Diyos. Ninanais-- at inaasam ng Diyos—na makasama sina Adam at Eva, sa iyo, at sa akin!

Kahit na nahiwalay tayo sa Diyos sa pamamagitan ng ating pagsuway sa kanya (Isaias 59:2), hangad pa rin ng Diyos na magkaroon ng relasyon sa bawat buhay na tao. Ipinapakita ng Lukas 19:10 sa atin na hinahanap niya ang bawat nangagkasala. Ang Diyos ay patuloy na nagtatanong, "Nasaan kayo?" Dahil si Jesus ay namatay para sa atin, maaari tayong bumalik sa pakikipagrelasyon sa kanya (Efeso 2:13, 19). Ikaw at ako ay nilikha para makipagrelasyon sa Diyos.

## Disenyo ng Ating Maylikha

Ang mga hindi naniniwala sa mapagmahal at may layunung paglikha ng Diyos ay ay nahihirapang lumikha ng kanilang sariling pagkakakilanlan at layunin. Imposibleng maunawaan nang wasto ang sangkatauhan kapag walang relasyon sa Diyos. Ang isang tao na namumuhay ayon sa payo ng karaniwang kaalaman—ang pagtutok sa kaligayahan na nakasalig sa tao—ay hindi talaga mauunawaan ang buhay.

Upang tunay na maunawaan ang ating pagkakakilanlan (kung sino tayo), ang ating layunin (kung bakit tayo nabubuhay), at kung paano tayo idinisenyo, dapat nating malaman ang layunin ng ating Maylikha, na matatagpuan sa Banal na Biblia. Itinatag ng Diyos ang ating pagkakakilanlan; hindi ito isang bagay na iniimbento natin. Nilikha niya tayo nang may layunin at sadyang idinisenyo tayo. Sa sandaling maunawaan natin ang kanyang plano para sa ating buhay at mga relasyon, doon lamang tayo nagiging yung tao ayon sa kanyang pagkalikha sa atin at maaari nating matupad ang kanyang layunin sa ating buhay.

Ang pagkakalikha sa imahe ng Diyos ay nangangahulugang ang mga tao ay sinadyang likhain para sa relasyon. Kung paanong nakikipag-ugnayan ang Diyos, ganoon din niya nilikha ang mga tao bilang mga nilalang na nakikipag-ugnayan. Nilikha ng Diyos ang kaluluwa, espiritu, at katawan ng bawat tao para sa relasyon sa Diyos at sa iba.

### Ang Ating Gabay para sa mga Relasyong Pantao

Ang katotohanan na nilikha ng Diyos ang mga tao para sa relasyon ay nagpapahiwatig na may mga alituntunin siya at mga gabay para sa ating mga relasyon. Tulad ng isang tagagawa ng produkto na sumusulat ng manual ng produkto na nagpapaliwanag sa disenyo ng produkto at kung paano ito gamitin. Ganoon din ang dahilan kung bakit ibinigay sa atin ng Diyos ang Kanyang Salita, ang Biblia, na nagpapaliwanag ng ating disenyo at kung paano magpapatuloy nang maayos ang ating mga buhay at mga relasyon.

Malinaw na inilalarawan ng Biblia ang mga gampanin na itinalaga ng Diyos para sa mga relasyon ng mga tao. Tinatalakay nito ang mga gampanin at relasyon ng mga mag-asawa;

mga ama, ina, at anak; mga magkakapatid; mga lolo at lola; mga magkakaibigan; mga magkaaway; mga magkapitbahay; mga pamahalaan at mamamayan; at mga amo at empleyado. Itinuturo sa atin ng mga prinsipyo ng Salita ng Diyos ang kanyang disenyo para sa atin, anuman ang ating kalagayan o kapaligiran. Itinuturo sa atin ng Biblia ang kalooban ng Diyos para sa bawat yugto ng buhay natin.

Ang mga lipunan at kultura ng tao ay nagpapakita ng disenyo ng Diyos, bagama't hindi perpekto. Ang mga kultura ay naglalarawan ng normal na asal ng tao para sa lahat ng relasyon at sitwasyon. Bawat kultura ay may sariling paraan ng pagpapalaki ng mga anak at pangangalaga sa pagsasama ng mag-asawa. Nagpapakita ang mga kultura ng malaking pagkakaiba-iba sa mga tradisyon, kalikasan, genetika, at mahahalagang pangyayari, ngunit ang bawat kultura ay may iisang pangunahing moralidad. Halimbawa, ang bawat kultura ay may sariling pamamaraan ng kasal. Gayunpaman, ang lahat ng asal ay dapat suriin sa pamamagitan ng mga alituntunin ng Biblia, hindi sa mga pamantayan ng kultura. Ang Biblia ang ating otoridad; hindi ang kultura (Roma 12:2).

Ang mga gawain ng kultura ay hindi kailangang walang pinapanigan, at hindi natin dapat asahan na sila ay ganoon (Efeso 2:2). Ang mga kultura ay binuo ng mga taong makasalanan at na lumaki ng may mga maling pagnanasa at pagiging makasarili. Maaring magkaroon ang isang lipunan ng kaunting kaalaman tungkol sa katotohanang biblikal, ngunit walang lipunan ang palaging sumusunod sa pamantayan ng Diyos sa tama at mali. Walang nagiging matuwid dahil sa kultura. Tanging ang Biblia lamang ang perpektong nagpapakita sa atin ng pamantayan ng Diyos (Awit 19:7-11).

Kapag bumisita ka sa bansang Libya at napansin mong nagmamaneho ang mga Libyano nang walang pangamba para sa kaligtasan, maaaring isipin mo, "Iyan ay bahagi lang ng kanilang kultura; ang kanilang paraan ng pagmamaneho ay tanggap nila." Totoo na naging kultura na nila ang ganoong paraan ng pagmamaneho. Gayunpaman, ang Libya ang may pinakamataas na bilang ng namamatay sa aksidente sa kalsada sa buong mundo. Dalawang beses na mas mataas ang porsiyento ng namamatay sa Libya kaysa sa bansang pangalawa na may pinakamataas na porsiyento ng namamatay sa aksidente sa kalsada sa buong mundo. Maliwanag na ang kanilang kultura ay hindi nakabuo ng mabuting paraan ng pagmamaneho.

Alam ng Diyos kung paano dapat mamuhay ang tao at ibinigay sa atin ang mga tuntunin. Hindi dapat tayo mag-eksperimento at tumuklas lamang. Hindi lang natin dapat gawin ang mga bagay na tila nagbibigay sa atin ng mga nais natin. Hindi lang natin dapat abutin ang naiisip nating masayang buhay. Dapat nating sundín ang disenyo ng Diyos para sa mga relasyon.

Ang maganda, makabubuti sa atin ang pagsunod sa mga utos ng Diyos. Ibinigay ng Diyos ang mga utos dahil mahal Niya tayo (Deuteronomio 6:24). Sa pamamagitan ng pagsunod sa mga ito, nararanasan natin ang magagandang bunga at naliligtas tayo mula sa maraming

masamang kahihinatnan. Alam ng ating Manlilikha kung ano ang pinakamabuti para sa atin, at kapag sinusunod natin ang kanyang plano, tayo ay pinagpapala.

**Pananagutan sa Diyos sa mga Relasyon**

► Paano nakakaapekto ang ating asal sa ibang tao sa ating relasyon sa Diyos?

► Dapat basahin ng mga mag-aaral ang bawat isa sa mga sumusunod na talata para sa grupo. Talakayin nang mabilis ang mga hinihingi ng Diyos sa mga relasyon ng tao, at kung paano nakakaapekto ang pagsunod sa ating relasyon sa Diyos. Paano makakaapekto sa ating relasyon sa Diyos ang hindi pagsunod sa mga utos ng Diyos?

| **Ang Ating mga Relasyon sa Iba at Ang Ating Relasyon sa Diyos** | | | |
|---|---|---|---|
| **Kasulatan Talata** | **Indibidwal/ Gampanin** | **Ang Hinihingi ng Diyos sa Relasyon Ng Tao** | **Epekto sa Relasyon sa Diyos** |
| 1 Pedro 3:7 | Asawang lalaki | Maging maunawain at bigyang karangalan ang asawa. | Gawin ninyo ito upang walang maging sagabal sa inyong mga panalangin. |
| Efeso 5:22, 24, 33; 1 Pedro 3:1-6 | Asawang Babae | Maging masunurin sa asawa. | Sa ganitong paraan nagpapasakop ang asawa sa Diyos. Pinahahalagahan ng Diyos ang pag-uugali at asal na ito sa kanya. |
| Colosas 3:20 | Anak | Sundin ninyong lagi ang inyong mga magulang. | Ito ay kinalulugdan ng Panginoon. |
| Mateo 6:12-15 | Lahat ng tao | Patawarin ang mga nagkakasala sa atin. | Kaya tayong patawarin ng Diyos. |
| Roma 13:1-5 | Lahat ng tao | Sumunod sa mga awtoridad sa lupa. | Ganito natin susundin ang Diyos. |
| 1 Pedro 3:18-20 | Alipin | Magtiyagang tiisin ang hindi makatarungang pagtrato. | Pinapanigan ng Diyos ang alipin. |

Tayo ay mga moral na nilalang, na nangangahulugang naiintindihan natin na ang ibang aksyon ay mali at ang iba ay tama, at tayo ay may pananagutan sa Diyos sa ating mga desisyon. Nagbibibagay ito sa atin ng malaking potensyal at responsibilidad. Naaapektuhan ng ating mga desisyon ang ating relasyon sa Diyos. Hindi lamang praktikal na usapin ang pagsunod sa utos ng Diyos tungkol sa mga relasyon kung paano tayo magiging masaya at

magkakaroon ng pinakamagandang buhay. Tayo ay may pananagutan sa Diyos sa ating mga desisyon at ating mga pag-uugali sa mga relasyon (Roma 14:10, 12).

Tinatawag tayo ng Diyos na tratuhin ang iba nang makatarungan at kumilos nang may pagmamahal at awa (Micah 6:8). Ang problema ay, dahil sa kasalanan ni Adan, lahat ng kanyang inapo ay ipinanganak na makasalanan (Roma 5:12, 19). Dahil dito, hindi tayo tuluy-tuloy na makakilos nang may pagmamahal, awa at sa makatarungang paraan (Roma 7:15-24). Ngunit binabago tayo ng biyaya ng Diyos sa sandaling tayo ay naipanganak muli. Ang Banal na Espiritu ang nagbibigay sa atin ng kakayahan na gawin ang mga utos ng Diyos (Roma 8:3-4).

### Halaga ng Bawat Tao

► Dapat basahin ng mga mag-aaral ang Isaias 44:24, Awit 139:13-16, Genesis 9:6, at Santiago 3:9 para sa grupo. Ano ang sinasabi ng kasulatan na ito sa atin tungkol sa halaga ng bawat buhay? Ano ang nagbibigay halaga sa isang tao?

Upang magkaroon ng magandang relasyon sa iba, kailangan nating pahalagahan ang ibang tao tulad ng pagpapahalaga ng Diyos sa kanila. **Ang bawat tao ay nilikha sa imahe ng Diyos at siya ay mahalaga dahil dito.** Ang bawat indibidwal ay natatanging nilalang ng Diyos, lalaki man o babae, malusog o may sakit, buo o baldado, bata o matanda, mayaman o mahirap (Mga Kawikaan 14:31), isinilang na o nasa sinapupunan pa ng kanyang ina; anuman ang kulay ng kanilang balat; at anuman ang kanilang mental o pisikal na kakayahan o limitasyon (Exodo 4:11).

May mga kultura kung saan ang mga matatanda ay nakakalimutan, ang mga babae ay itinuturing na hindi kasinghalaga ng mga lalaki, o ang mga bata ay itinuturing na abala. Sa ibang kultura, ang mga baldado ay itinuturing na sumpa at itinatago o tinatanggihan sa lipunan. Sa buong mundo, karaniwan ang rasismo: Itinuturing ng isang tribo o pangkat etniko ang sarili na mataas sa iba at tinatrato ang iba na kahiya-hiya. Ang bawat kilos na ito ay nagpapababa ng halaga ng mga tao, na siyang pinakamahalaga sa lahat ng nilikha ng Diyos. Para magkaroon ng maganda at nakakapagbigay lugod sa Diyos na mga relasyon, dapat nating isipin na lahat ng tao ay nasa kanila ang imahe ng Diyos.

## Nilikha para sa Diyos, Nilikha para sa Ibang Tao

Sinasabi sa atin ng Pahayag 4:11 na nilikha ng Diyos ang lahat para sa kanyang sarili. Tiyak na kabilang dito ang sangkatauhan. Tayo ay nilikha ng Diyos para sa Diyos. Lahat ng ating ginagawa, ay gagawin natin para sa kaluwalhatian ng Diyos (1 Corinto 10:31, 1 Pedro 2:12). Nilikha din tayo para sa kapakanan ng ibang tao.

**Nilikha tayo upang makipagtulungan sa ibang tao para maisakatuparan ang mga layunin ng Diyos**. Ang pag-aasawa ay isa sa mga halimbawa ng disenyo ng Diyos para sa mga tao na dapat magtulungan. Pagkatapos na pagkatapos na nilikha ng Diyos ang unang tao, sinabi ng Diyos, "Hindi mabuti na ang lalaki ay nag-iisa; siya'y igagawa ko ng isang

katuwang na nababagay sa kanya” (Genesis 2:18). Ang babae ay katulad ng lalaki sa mahahalagang paraan, ngunit iba rin sa ibang mahahalagang paraan. Sa kanilang pagsasama, maipatutupad nila ang mga layunin ng Diyos para sa kanilang buhay. Ibinigay sila ng Diyos—sa isa’t-isa—para sa gawain na kanilang gagampanan (Genesis 1:26-28).

Ang simbahan ay isa pang halimbawa ng disenyo ng Diyos na dapat magtulungan ang mga tao. Ginamit ni Apostol Pablo ang ilustrasyon ng mga bahagi ng katawan (1 Corinto 12:12-26). Hindi dapat isipin ng isang tao na matutupad niya ang layunin ng Diyos nang mag-isa o hindi niya kailangan ang ibang tao para matupad niya ang layunin ng Diyos. Ang pag-aasawa at ang simbahan ay dalawa lamang sa maraming halimbawa ng disenyo ng Diyos na dapat magtulungan ang mga tao.

**Tayo ay nilikha upang maglingkod sa ibang tao** (Galacia 5:13-14). Tayo ay nilikha upang magkaroon ng mapagmahal na relasyon sa iba, kung saan ibinibigay natin ang ating mga sarili para matulungan ang iba.

► Dapat basahin ng mga mag-aaral ang Mga Kawikaan 17:17, Galacia 6:2, at Filipos 2:4 para sa grupo.

Tayo ay nilikha para sa Diyos at para sa ibang tao. Ang bawat utos ng Diyos sa atin sa kanyang Salita ay may kaugnayan sa ating pakikipagrelasyon sa Kanya, sa ating pakikipagrelasyon sa iba, o para sa parehong relasyon. Sa katunayan, sinabi ni Jesus na maibubuod ang lahat na utos ng Diyos sa atin sa mga utos na mahalin ang Diyos nang buong puso at ang ibang tao tulad ng pagmamahal natin sa ating sarili.

► Dapat basahin ng mag-aaral ang Mateo 22:36-39 para sa grupo.

Nilikha tayo para sa Diyos, at nilikha tayo para sa ibang tao; ang mga katotohanang ito ay konektado. Isa sa mga pangunahing paraan kung saan pinupuri natin ang Diyos at sinasalamin ang kanyang imahe ay sa ating pakikisalamuha sa iba. Ang karakter at mga aksyon ng Diyos ay nag-oobliga sa atin na maging katulad niya (1 Pedro 1:16, Mateo 5:48). Lahat ng tao ay nilikha sa imahe ng Diyos, ngunit sinasalamin natin ang kalikasan at katangian ng Diyos kapag kumikilos tayo tulad ng pagkilos Niya.

Kapag ang isang tao ay nagpapakita ng awa sa mga nangangailangan, ang kanyang habag ay katulad ng habag ng Diyos, at ang kanyang pagbibigay ng awa ay pagtulad sa gawain ng Diyos. Ito ay totoo kahit na ang nagpapakita ng awa ay mananampalataya o hindi mananampalataya. Gayunpaman, mas mabuting tularan natin ang Diyos kung tayo ay nakipagkasundo na sa kanya at kumikilos ang kanyang Espiritu sa atin.

► Dapat basahin ng mag-aaral ang 2 Pedro 1:2-11 para sa grupo.

Ipinapaliwanag ng siping ito ang kamanga-manghang plano ng Diyos para sa bawat tagasunod ni Cristo. Matututunan natin sa siping ito na:

1. Sa kanyang kaluwalhatian at kabutihan, tinawag tayo ni Jesus at binigyan niya tayo ng magagandang pangako (berso 3-4).
2. Sa pamamagitan ng mga pangakong ito, tayo na nakakakilala kay Cristo ay maaaring magkaroon ng banal na kalikasan ng Diyos (berso 4).
3. Sa pamamagitan ng pakikipagrelasyon sa Diyos Ama at kay Jesus, nasa atin ang lahat ng kailangan natin para sa buhay at kabanalan (berso 3).
4. Dahil sa mga bagay na ito, maaari tayong mamuhay na katulad ng pamumuhay ni Jesus at tulad ng pagtawag sa atin ng Diyos na mamuhay (berso 5-8).

► Paano ba natin maaaring mailarawan ang karakter at kalikasan ng Diyos sa ating pakikipagrelasyon?

► Dapat basahin ng mag-aaral ang 2 Corinto 4:4 para sa grupo. Sino ang perpektong larawan ng Diyos?

► Dapat basahin ng mag-aaral ang 2 Corinto 3:18 para sa grupo.

Binabago ng Banal na Espiritu ang mga mananampalataya upang mas lalong maihayag ang kaluwalhatian ng Panginoon. Sa ating pagmamasid kay Jesus, tayo ay nagiging mas katulad Niya sa mga pag-uugali at asal. Ito ang kagandahan ng ebanghelyo. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos Ama, ni Jesus, at ng Banal na Espiritu, maaari nating maisalamin at tularan ang katangian ng Diyos.

Sa ating pakikipagrelasyon sa iba, tinatawagan tayo ng Diyos na tularan siya (Efeso 5:1). Tulad ng isang bata na pinanonood at tinutularan ang kanyang mga magulang o nakakatandang kapatid, dapat nating tingnan ang halimbawa ni Jesus at pagkatapos ay tularan ang kanyang pag-uugali, pananaw, at mga kilos habang nakikitungo tayo sa iba (Filipos 2:5-7, Efeso 5:2).

► Dapat basahin ng mga mag-aaral ang mga sumusunod na sipi para sa grupo. Tandaan ang (1) Karakter o gawain ng Diyos at (2) inaasahan ng Diyos sa atin. (Nakasulat na ang tala para sa unang dalawang sipi bilang halimbawa. Sa pagtatapos ng araling ito, ang Takdang-aralin 2 ay pagpapatuloy ng pag-aaral na ito.)

| Paano Sinasalamin ng Mga Relasyon ng Tao Ang Kaluwalhatian ng Diyos | | |
|---|---|---|
| **Kasulatan** | **Ano ang Ginagawa ng Diyos/ Ano Ang Ginawa ni Cristo** | **Ang Ating Kilos na Sumasalamin sa Diyos** |
| Filipos 2:3-8 | Isinuko ang kanyang mga karapatan.<br>Naging tagapaglingkod.<br>Naging ganap na mapagkumbaba at masunurin. | Isuko ang ating mga karapatan.<br>Ingatan ang interes ng iba.<br>Maging mapagkumbaba. |
| Juan 13:3-5, 12-15 | Naglingkod sa kanyang mga disipulo, tumugon sa praktikal na pangangailangan. | Maglingkod sa ibang mananampalataya. |
| Efeso 4:32-5:2 | | |

Walang ni isa sa atin ang likas na nagpapakita ng pag-ibig ng Diyos dahil tayo ay ipinanganak na likas na makasarili. Ibinibigay ng Diyos ang biyaya para maibalik tayo sa kanyang disenyo para sa atin. Maaaring makatulong ang mapagkumbabang dasal ng pagsuko sa pagbabagong ito ng isang tao.

## Konklusyon

Ibinubunyag ng Biblia na mapagmahal na dinisenyo ng Diyos ang mga tao para sa pakikipagrelasyon: sa pakikipagrelasyon sa Kanya at sa pakikipagrelasyon sa iba.

Dahil ang Diyos ang Lumikha ng mga tao at tagapagdisenyo ng mga relasyon, kailangan nating:

1. Maunawaan ang kanyang pananaw sa ating pakikipagrelasyon sa mga tao.
2. Mapagtanto ang ating pananagutan sa kanya para sa mga desisyong ginagawa natin sa mga relasyon.
3. Tanggapin at sundin ang kanyang plano para sa ating mga relasyon.

Ang kurso ng pag-aaral na ito ay makakatulong sa iyo para magawa ang mga bagay na ito at maghahanda sa iyo para turuan ang iba tungkol sa kalooban ng Diyos para sa mga relasyon ng tao.

## Para sa Talakayan ng Grupo

► Bakit hindi sapat ang kultura bilang gabay para sa mga relasyon ng tao?

► Aling konsepto sa araling ito ang bago sa iyo? Bakit ito mahalaga? Paano makakatulong ang pag-unawa dito sa iyong mga relasyon? Paano ito makakaapekto sa iyong ministeryo?

► Paano ang inaasahan mong paglago dahil sa pag-aaral ng kurso na ito?

## Panalangin

Ama naming nasa langit,

Salamat po na nilikha ninyo ako ayon sa inyong imahe nang may layunin para sa aking buhay.

Salamat sa pagdisenyo sa akin upang magkaroon ng ugnayan sa iyo sa at pagbibigay ng posibilidad para dito sa pamamagitan ng pagkamatay ni Jesus para sa aking mga kasalanan.

Salamat sa kayamanan ng iyong Salita, na nagtuturo sa amin kung paano makipag-ugnayan sa iyo at kung paano ka luluwalhatiin sa aking relasyon sa ibang tao.

Sa pamamagitan ng iyong Salita at ng iyong Espiritu, turuan mo akong yakapin ang buhay na inihanda mo para sa akin.

Tulungan mo akong makita ka sa akin ng mga tao sa paligid ko, upang ang iba ay makilala ka.

Amen

## Mga Takdang Aralin

(1) Ipaliwanag kung paano nagbibigay ng halaga sa bawat tao ang katotohanang nilikha ang tao sa imahe ng Diyos, at kung paano nawawala ang halaga ng tao dahil sa hindi paniniwala rito.

(2) Basahin ang bawat sumusunod na talata ng kasulatan. Tandaan ang (1) katangian o gawain ng Diyos at (2) ang mga inaasahan ng Diyos sa atin.

| **Paano Sinasalamin ng Mga Relasyon ng Tao Ang Kaluwalhatian ng Diyos.** | | |
|---|---|---|
| **Kasulatan** | **Ano ang Ginagawa ng Diyos/ Ano ang Ginawa ni Cristo** | **Ang Ating Kilos na Sumasalamin sa Diyos** |
| Awit 68:5;<br>Santiago 1:27 | | |
| 2 Pedro 3:9,<br>Tito 3:1-5 | | |
| Mateo 5:43-48,<br>1 Tesalonica 5:14-15 | | |
| Juan 13:1, 34,<br>1 Juan 4:7-8, 11-12 | | |

(3) Tingnan ang tsart sa Takdang-aralin 2, at iyong nasa hulian ng aralin, suriin ng sandali ang iyong buhay:

- Nakikita ba sa iyo ang imahe ng Diyos sa paraang nagbibigay-parangal at kaluwalhatian sa Kanya?
- Mayroon bang anumang pagsuway na kailangang aminin upang ang iyong buhay ay mas malinis at mas makapangyarihang umakma sa layunin ng Diyos para sa iyong buhay?
- Anong hakbang ang nais ng Diyos na gawin mo upang maging mas katulad ka ni Jesus?

Sumulat ng isang talatang panalangin bilang tugon sa pag-aaral na ito. (Hindi mo kailangang ibahagi ang isinulat mong ito sa pinuno ng klase, subalit maaaring i-ulat na ginawa mo ang takdang-aralin).

# Aralin 2
# Ang Pamilya ayon sa Biblia

## Mga Layunin ng Aralin

Sa katapusan ng araling ito, magagawa ng mag-aaral na:

(1) Maunawaan kung paano isinasalamin ng pag-aasawa ang relasyon Trinidad na Diyos.

(2) Yakapin ang pananaw ng Diyos ukol sa pagkakaroon ng anak.

(3) Unawain kung inapektuhan ng Pagkakasala ng Tao ang pag-aasawa at mga relasyon sa pamilya.

(4) Maunawaan kung paano natupad ang mga layuning pagliligtas ng Diyos sa kabila ng mga pagkukulang ng tao.

(5) Mapagtanto na ang pagsunod sa plano ng Diyos ay makakatulong sa anumang pamilya na maging pamilyang nagliligtas.

## Mga Epekto ng Mga Relasyon sa Pamilya

Sa kursong ito, matututunan natin ang tungkol sa mga pamilyang magkasama sa iisang tahanan. Maraming iba't ibang kumbinasyon ng mga tao ang bumubuo sa mga grupo na naninirahan sa iisang bahay at tinatawag na pamilya. Mayroong mga pamilyang may isang magulang, pamilyang nahahati dahil sa diborsyo, pamilyang nabuo sa ikalawang kasal, pamilyang nag-ampon ng mga anak, pamilyang may iba't ibang henerasyon, at mga pamilyang pansamanatalang nag-aalaga sa mga dagdag na bata o matatanda.

Bawat isa sa atin ay may kanya-kanyang konsepto kung ano ang ibig sabihin ng *pamilya*. Lumilikha ng iba't ibang emosyon sa atin ang mga talakayan tungkol sa pamilya, depende sa ating personal na mga karanasan.

### Paano Tayo Naaapektuhan ng Ating mga Karanasan sa Kamusmusan

Baka may mga magagandang kang alaala ng iyong kamusmusan, o maaaring may galit ka dahil sa mga karanasan mo noong bata ka. Maaaring madalas na nagtutulungan at nagpapalakasan ng loob ang iyong pamilya, o baka iniiwasan nila ang isa't isa at palaging may hidwaan kapag magkasama sila. Maaaring sa tingin mo, naging matibay na pundasyon at tulong ang iyong pamilya sa iyong buhay, o maaaring sa pakiramdam mo ay parang bilangguan at masakit na kapaligiran ang iyong tahanan na gusto mo talagang takasan. Maaaring kapag nakakakita ka ng pamilyang tila mas maayos kaysa sa inyo, nakakaramdam ka na binigo ka ng iyong pamilya.

Ang ating pang-unawa sa ating mga pamilya ay mahalaga dahil naaapektuhan nito ang ating pag-unawa sa buhay at ang ating pag-unawa kung sino ang Diyos. Sinasabi ng Biblia na ang Diyos ay Ama ng kanyang mamamayan. Ang ating relasyon sa ating mga magulang—lalo na sa ating ama—ang bumubuo ng konsepto tungkol sa ating Ama sa langit. Kung ang tao nating ama ay lagging wala, mapang-abuso, pabaya, mapanghimasok, manggagamit, walang paki-alam, o nananakit sa anumang paraan, maaaring masira ang ating konsepto ng Diyos bilang Ama. Hanggang sa makilala natin ang Diyos sa pamamagitan ng kanyang Salita, sa pamamagitan ng buhay ni Jesus, at sa pamamagitan ng ating personal na paglalakbay kasama siya, maaaring mahirapan tayong makita siya bilang **mabuting** Ama. Siya ay tunay na mabuting Ama na aktibong nagpoprotekta at nagbibigay para sa kanyang mga anak. Siya'y nakikinig at nakikipag-usap sa kanyang mga anak, ginagabayan sila, at natutuwa kapag nasa mabuti silang kalagayan. Makakatulong ang Diyos na mabago ang ating pang-unawa tungkol sa kanya habang kinikilala natin siya.[3]

### Paano Tayo Naaapektuhan ng Mga Pagkakaibang Espirituwal

Marami sa atin ang itinatanggi ng ating mga pamilya dahil sinusunod natin si Cristo. Sinabi ni Jesus na dapat asahan natin ang pag-uusig mula sa mga hindi naniniwalang kapamilya dahil sa ating debosyon sa kanya. Sa maraming lugar, ang mga mananampalataya ay tinatraidor, pinapahiya, pinababayaan, o pinapatay ng sariling nilang mga kapamilya na nagtakwil kay Cristo.

► Dapat basahin ng mag-aaral ang Mateo 10:21-22, 28, 32-39. Pagkatapos basahin ang mga bersong ito, talakayin ang mga sumusunod na tanong:

- Ayon sa siping ito, ano ang dapat asahan ng mga mananampalataya?
- Anong mga pangako ang ibinibigay dito?
- Paano dapat mag-isip ang mga mananampalataya tungkol sa pag-uusig?

Ang iba sa atin ay pwedeng hindi nakakaranas ng pag-uusig mula sa pamilya pero pwedeng magkaroon pa rin ng mahirap na relasyon dahil sa ating pananampalataya. Maaaring masira, maging malayo, o malimitahan ang ating mga relasyon sa pamilya dahil bilang mga mananampalataya, lubhang naiiba ang buhay natin sa buhay ng ating mga kapamilya. Maaaring hindi tayo maintindihan o igalang. Maaaring may mga kamag-anak na magtatangkang hadlangan ang ating ministry. Kahit si Jesus ay nakaranas ng kahirapang ito (Marcos 3:21, Juan 7:3, 5), kaya hindi tayo dapat magulat kung maranasan din natin ito.

---

[3] Upang malaman kung paano mo maaaring baguhin ang iyong pang-unawa kung sino ang Diyos, tingnan ang Aralin 4 ng *Spiritual Formation*, mula sa Shepherds Global Classroom.

## Ikaw at Ang Iyong Pamilya

Sa loob ng ilang minuto, ipapakilala mo ang iyong sarili sa iyong mga kaklase, pero hindi mo lang sasabihin ang iyong pangalan. Sabihin mo kung sino ka sa konteksto ng iyong pamilya.

Una, isipin lahat ang iba't ibang titulo na iyong pinanghahawakan sa iyong pamilya, tulad ng anak na lalaki o anak na babae, asawa, ama o ina, tiyo o tiya, lolo o lola. May naiisip ka pa bang iba pang titulo? Marahil marami kang titulo.

Ano ang iba pang mga papel o lugar ang iyong ginagampanan sa iyong pamilya? Ikaw ba ang pinakamatanda o pinakabata? Ang nagbibigay ng pinansiyal na suporta? Ang nag-aasikaso sa bahay? Tagapag-alaga ng isang matanda o may kapansanan? Isipin ang iba pang mga tungkulin at responsibilidad na iyong ginagampanan sa loob ng iyong pamilya.

► Ipakilala ang iyong sarili sa mga kaklase mo, ilista ang ilan sa iyong mga titulo at papel sa loob ng iyong pamilya.

► Ngayon, maglaan ng sandali upang isipin kung paano nakakaapekto ang iyong mga titulo at papel sa (1) iyong pagtingin sa iyong sarili at (2) sa iyong pagtingin sa iba sa loob ng iyong pamilya.

Kahit ano pa ang nararamdaman mo tungkol sa iyong mga malalapit o malalayong kamag-anak, kapamilya mo sila. Maaaring hiwa-hiwalay ang iyong pamilya, kaya may mga sugat at kirot. O marahil may mga taong naiinggit sa iyong pamilya dahil parang perpekto kayo: maaayos ang pagsasama ninyo ng asawa mo, matatalino at malulusog ang mga anak ninyo, at may tahanan kayong puno ng pagmamahal, kapayapaan, at kasiyahan.

**Kahit mukhang mahina o malakas ang inyong pamilya, interesado at kasama ang Diyos sa inyong pamilya. May plano siya para sa pamilya *ninyo*.**

► Isulat ang mga pangalan ng miyembro ng inyong pamilya (hindi bababa sa 3-4 henerasyon ng mga miyembro ng pamilya). Halimbawa, ang mga pangalan ng iyong mga lolo at lola (unang henerasyon), ang mga pangalan ng iyong mga magulang (ikalawang henerasyon), ang iyong pangalan at ng iyong mga kapatid (ikatlong henerasyon), ang mga pangalan ng iyong mga anak o pamangkin (ikaapat na henerasyon).

Lagyan ng bituin sa tabi ng mga pangalan ng taong may malapit at maayos na relasyon sa iyo. Lagyan ng tatsulok sa tabi ng mga pangalan ng mga taong may limitadong relasyon, at parisukat sa tabi ng mga pangalan ng mga taong hindi mo na nakakaugnayan sa anumang kadahilanan.

May mga tao bang itinuturing mong kapamilya kahit hindi mo talaga sila kadugo: mga taong dumadalo sa lahat ng pagtitipon at selebrasyon ng pamilya na parang kapamilya na rin sila? Isulat at bilugan ang kanilang mga pangalan.

## Ang Unang Pamilyang Tao

► Panatilihing bukas ang iyong Biblia sa aklat ng Genesis habang pinag-aaralan natin ang buhay nina Adan at Eva, at Abraham at Sarah.

### Ang Unang Kasal

Si Adan at Eva ang unang pamilyang tao: isang asawang lalaki at asawang babae, isang lalaki at isang babae na pinagsama sa pag-aasawa. Sa unang kasal, sinabi ni Adan, "Sa wakas, ito'y buto ng aking mga buto at laman ng aking laman. Siya'y tatawaging Babae, sapagkat sa Lalaki siya kinuha" (Genesis 2:23).

Ang sumusunod na berso ay nagbibigay ng Biblikal na kahulugan ng pag-aasawa: "Kaya iiwan ng isang lalaki ang kanyang ama at ina, at sasama sa kanyang asawa, at sila'y magiging iisang laman" (Genesis 2:24). Ang parehong pagpapahayag na ito ay inuulit sa Bagong Tipan sa Mateo 19:5 at Efeso 5:31. **Ang pag-iisa ng lalaki at babae bilang iisang laman ay isang walang-kondisyong pangako sa harap ng Diyos at ng tao na dapat panghabambuhay.**

> Ang pag-aasawa ay binubuo ng tatlong himala. Ito ay isang himalang biyolohikal kung saan ang dalawang tao ay tunay na nagiging iisang laman; ito ay isang himalang panlipunan kung saan nagsasama ang dalawang pamilya; ito ay isang himalang espirituwal dahil ipinapakita ng relasyong pag-aasawa ang pagkikipag-isa ni Cristo sa kanyang nobya, ang iglesya.[4]

### Ang Pag-aasawa ay Sumasalamin sa mga Relasyon ng Trinidad ng Diyos

Ang pag-aasawa ay dinisenyo para sumalamin sa karakter at mga relasyon ng Diyos. Ang Diyos Ama, Diyos Anak, at Diyos Espiritu Santo ay laging may relasyon sa isa't isa. Bawat isa ay natatangi sa kanyang tungkulin, ngunit lahat ng persona ng Trinidad ay permananteng Iisa at Iisa sa kanilang pagkakakilanlan. Sa ugnayan ng mga mga persona ng Trinidad, nakikita natin ang pagkakaisa, pagiging malalapit, katapatan, at matibay na pagmamahalan. Ang Biblikal na kasal ay tinularan mula sa kamangha-manghang ugnayang ito. Ang plano ng Diyos ay ang pagiging dalisay ng bawat mag-asawa sa kanilang pagmamahalan at katapatan sa isa't isa habambuhay.

> "Ang pag-aasawa ay isang… pagpapakita ng karakter ng Diyos bilang dakilang tagapagbuo ng tipan at tagapagpatupad ng tipan. Sa isang tipan, ang mahahalagang elemento ay ang katapatan at integridad, hindi ang emosyon."
> - Robertson McQuilkin,
> *An Introduction to Biblical Ethics*

---

[4] *The Woman's Study Bible*, (Thomas Nelson, Inc., 1995), 9.

Dapat na ang relasyon sa pag-aasawa ay sumasalamin sa relasyon sa loob ng Trinidad sa mga paraang ito:

1. Ang pag-aasawa ng tao ay dapat walang kondisyon at eksklusibong katapatan sa isa't-isa.
2. Ang pag-aasawa ay isang relasyon ng pagmamahal na may sakripisyo.
3. Ang pag-aasawa ay dapat isang mabungang relasyon.

**Ang Unang Utos**

Noong panahon ng unang kasal, na ginawa mismo ng Diyos,

> Sila'y binasbasan ng Diyos at sa kanila'y sinabi ng Diyos, "Kayo'y magkaroon ng mga anak at magpakarami, punuin ninyo ang lupa at supilin ninyo ito. Magkaroon kayo ng pamamahala sa mga isda sa dagat, sa mga ibon sa himpapawid, at sa bawat bagay na may buhay na gumagalaw sa ibabaw ng lupa" (Genesis 1:28).

Ang maging mabunga at magparami ay unang utos na ibinigay ng Diyos sa Biblia. **Ang pag-aasawa ay dinisenyo para maging mabungang relasyon ng pagmamahal na nagbibigay ng sarili.** Ang pagpaparami sa loob ng kasal ay nagdadala ng kaluwalhatian sa Lumikha, dahil ang magkasamang ipinagpapatuloy ng mag-asawa ang gawain ng Diyos sa paglikha at nagdadala pa sila sa pamilya ng mas maraming tao. Isang karangalan at responsibilidad!

► Dapat basahin ng mag-aaral ang Awit 127:3-5 para sa grupo. Ang siping ito ay gumagamit ng mga larawang salita upang ilarawan ang mga anak. Ano ang mga larawang salita? Batay sa mga larawang salita na ito, paano natin dapat isipin ang ating mga anak?

Ipinapakita sa atin ng Biblia na ang mga bata ay isang regalo, isang mahalagang ari-arian. Hindi sila dapat tingnan bilang bunga lamang ng relasyong seksuwal. Kahit pa ang mga pangyayari na humantong sa pagkakabuo ng isang bata ay hindi kanais-nais o tama, ang Tagapagbigay ng Buhay ay may layunin sa pagkakabuo at kapanganakan ng bawat bata, kasama na tayo. Mayroong layunin ang Diyos para sa bawat tao, anuman ang mga pangyayari sa pagkapanganak ng isang tao.

Oo, ang mga bata ay biyaya mula sa Diyos, pero regalo rin sila ng mga magulang sa Diyos.

> ...Ano ang ginawa niya noong naghahanap siya ng lahing maka-Diyos? Kaya't ingatan ninyo ang inyong espiritu, at huwag nang hayaang ang sinuman ay magtaksil sa asawa ng kanyang kabataan. (Malakias 2:15).

Ang mga anak ay isang banal na ipinagkatiwala. Inaasahan ng Diyos na palalakihin ng mga magulang ang kanilang mga anak upang tuparin ang Kanyang sariling layunin. Nais ng Diyos na gamitin ang ating mga anak upang mapalaganap ang Kanyang kaharian (Genesis 18:19). Iniatang sa atin ng Diyos ang responsibilidad na ihanda ang ating mga anak para sa isang buhay na naglilingkod sa Kanya (Deuteronomio 6:2). Hindi natin sila palalakihin

upang maglingkod sa atin o tuparain ang ating mga pangarap. Dapat tingnan natin sila na parang mga ipinukol na pana para tumbukin ang layunin ng Diyos para sa kanila.

### Ang Pagbagsak at ang Pagkasira ng Pamilya ng Tao

Sa Genesis 3, ang tanging perpektong pamilya na nabuhay ay nahulog sa isang kalagayan ng pagkasira at lubusang nangangailangan ng isang Tagapagligtas. Nagkasala si Adan at Eva, at ang ibinunga nito ang sumpa ng kamatayan sa lahat ng sangkatauhan. Ang relasyon nina Adan at Eva sa isa't isa ay permanente nilang nasira, at sila ay nahiwalay sa Diyos.

Parehong nagdusa ang lalaki at babae sa mga dagdag pang mga parusa:

- Ang panganganak ay magiging masakit.
- Aabusuhin ng mga lalaki ang kanilang awtoridad.
- Magiging matigas ang ulo at walang galang ang mga babae.
- Magiging nakakadismaya at mahirap ang trabaho.[5]

Ang perpektong plano ng Diyos para sa pamilya ay nasira dahil tinanggap ng mga tao ang mga kasinungalingan ni Satanas.

Patuloy na inihahayag ng Genesis 4 ang pagkasira ng nagakasalang pamilya ng tao.

Pansinin sa Genesis 4:1, ang unang pagbubuntis at panganganak. Sakop ng bersong ito ang siyam na buwang panahon—mula sa pagkakabuo ng anak hanggang sa pagsilang ng anak. Isipin ang siyam na buwang ito ng pagbubuntis para kay Eva, habang sinusubukan niyang ibahagi ang kanyang takot at kaligayahan kay Adan. Walang nagbibigay ng payo sa kanya, wala ring sasagot sa mga tanong niya. Ang paglaki ng kanyang tiyan, mga sipa ng kanyang sanggol, at ang proseso ng panganganak na may kaakibat na paghilab ng tiyan at sakit ay mga bagong karanasan para sa lahat ng ina. Hindi kataka-taka na sinabi ni Eva tungkol sa panganganak niya kay Cain, "Nagkaanak ako ng lalaki sa tulong ng PANGINOON" (Genesis 4:1).

Lumipas ang panahon, at sa susunod na berso, matututunan natin ang pangalawang pagbubuntis at panganganak. Ngayon, mayroon nang pamilya sina Adan at Eva na may apat na kasapi. Sa ikalawang bahagi ng parehong berso, may buod ng mga propesyon ng kanilang mga anak. Sa berso 3, ang mga anak nila ay mga binata na, at sa mga sumusunod na berso, mababasa natin ang malungkot na kuwento ng unang pagpatay. Papatayin ng panganak na anak ni Adan at Eva angg kanyang kapatid dahil sa galit at inggit. Naisip mo ba ang pagkabigla, kalungkutan, mga tanong, at sakit na naramdaman nila?

---

[5] Importanteng bigyang-diin na ang **panganganak** ay hindi bahagi ng sumpa. Ang **sakit** sa panganganak ay bunga ng sumpa, pero ang panganganak mismo ay laging bahagi ng kamangha-manghang plano ng Diyos para sa pagpapalaganap ng susunod na henerasyon. Gayundin, ang **trabaho** ay hindi isang sumpa, kundi ang **kahirapan** ng trabaho ang bahagi ng sumpa. Sa katunayan, ang iba pang mga utos na ibinigay ng Diyos kay Adan at Eva sa Genesis 1:28 ay nagpapahiwatig na tayo ay nilikha para sa trabaho! Ang trabaho ay isa sa mga paraan kung paano natin sinasalamin ang imahe ng Diyos.

Ang iyong sagot sa mga tanong na iyon ay maaaring maging, "Oo! Naisip ko. Sa katunayan, nakaranas na ako ng katulad noon!" Hayaan mo akong palakasin ang loob mo: Hindi ka nag-iisa. Pwedeng mailigtas ang pamilya mo! May magandang balita para sa bawat pamilya.

Ayon kay Gordon Wenham,

> …Ang mensahe ng Genesis… ay isang kuwento ng biyaya na nagtatagumpay sa kabila ng kasalanan ng tao, ng biyaya na nagtatagumpay kahit sa mga pamilyang nasira ng kasalanan. Ang aklat ay nagsisimula sa tagumpay ng paglikha ng sanlibutan, kung saan ang rurok ay ang paglikha sangkatauhan sa imahe ng Diyos at pagsasabi ng Diyos na ang lahat ng Kanyang nilikha ay napakaganda… Sa kabanata 3 lamang nagsimulang magkaroon ng problema, dahil sa pagsuway, [kaguluhan], at kamatayan na pumalit sa pagsunod, pagkakasundo, at buhay. Lalong lumala ang situwasyon sa kabanata 4… at narating ang kanilang [pinakamababang punto sa] kabanata 6, kung saan sinasabing ang mundo ay puno ng karahasan (Genesis 6:11, 13).[6]

## Ang Pagkasira ng Pamilya ni Abraham

Sa mga sumunod na bahagi ng Genesis, mababasa natin ang kuwento ni Abraham, ang ama ng bansang Hebreo (Genesis 11:27-25:11).[7] Sa pamamagitan ng pamilya ni Abraham, dadalhin ng Diyos ang Tagapagligtas sa pamilya ng tao.

### Pagkabaog[8]

Makikita sa Genesis 11 ang talaan ng lahi ni Abram, na isa sa mga inapo ni Shem na anak ni Noah. Sa Genesis 11:30, ipinababatid sa atin na ang asawa ni Abram na si Sarai ay hindi nagkaanak. Ang bersong iyon ay isang berso ng pagluha, kalungkutan, pighati, sama ng loob, galit, at pagluluksa para sa maraming nagbabasa noon. Kung maipapalit mo ang iyong pangalan sa pangalan ni Sarai sa bersong ito, tandaan mong hindi ka nag-iisa.

Para sa mga nagnanais na magkaanak ngunit nakararanas ng pagkabaog, ang pagbabasa ng mga naturang teksto tulad ng Genesis 1:28 at Awit 127:3-5 ay nagdudulot ng malalim na sakit at kalungkutan. Natural na magkaroon ng pakiramdam na ang kawalan ng anak ay isang parusa o sumpa.

Ang katotohanan ay, hindi mas maliit ang halaga mo sa Diyos dahil wala kang anak. Hindi ka nakakalimutan. Ang kawalan mo ng anak ay hindi nangangahulugan na ang iyong pamilya ay may pagkukulang. May ibang nakaranas din ng malalim na kalungkutan na ito.

---

[6] Isinulat ni Gordon Wenham sa *Family in the Bible*, in-edit ni Richard S. Hess at M. Daniel Carroll R., Grand Rapids, MI: Baker Academic, 2003, 29

[7] Binago ng Diyos ang pangalang Abram at Sarai at ginawang Abraham at Sarah sa Genesis 17:5, 15.

[8] Tingnan ang Aralin 10 para sa karagdagang impormasyon sa paksang ito.

Napakaimportante kung paanong hinaharap ng mag-asawa ang pagkabaog, parehong bilang mag-asawa at bilang mga indibidwal. Maaaring humantong sa dagdag na problema ang hindi maingat na mga desisyon, tulad ng makikita natin sa buhay nina Abram at Sarai.

**Paghihintay para sa Isang Pangako**

Matapos ang pagkamatay ng kanyang ama, si Abram ang tumayong ama ng kanyang pamilya. Nangako ang Diyos na gagawin dakilang bansa si Abram (Genesis 12:2) at ipagkakaloob ang lupain ng Canaan sa mga inapo ni Abram (Genesis 12:7). Si Abram ay 75 taong gulang na noon (Genesis 12:4) at si Sarai ay sampung taon na mas bata (Genesis 17:17). Hindi pangkaraniwan ang ganda ni Sarai na 65 taong gulang na (Genesis 12:11), pero wala pa ring anak, at lampas na sa karaniwang edad ng pagbubuntis.

Nagdaan ang mga taon, at wala pa ring anak, bagamat ang pangako ng Diyos ay malinaw na binigyang-buhay sa Genesis 13:14-17. Mukhang sumuko na si Abram sa posibilidad na magkaroon pa ng sariling anak, dahil sa Genesis 15:2-3 ay sinabi niyang ang kanyang alipin ang magiging tagapagmana ng kanyang ari-arian. Sumagot ang Panginoon, "Hindi ang taong ito ang magiging tagapagmana mo; ang iyong sariling anak ang magiging tagapagmana mo" (Genesis 15:4). Pagkatapos, binigyan ng Diyos si Abram ng pangalawang pangakong may larawan ng di-mabilang na mga inapo, at sumampalataya si Abram sa Panginoon (Genesis 15:6).

> Ang Diyos ay gumagawa upang tayo ay maging katulad ni Jesus. Minsan, pinaghihintay tayo ng Diyos, sapagkat sa panahon ng paghihintay, maaari siyang kumilos sa ating mga puso na hindi maaaring gawin sa ibang paraan.

Isipin kung ano ang naging pakiramdam ni Sarai sa ilang taon ng paghihintay niya:

> Kahit na maaaring nasaktan si Sarai sa panghuhusga ng iba, ang sarili niyang [sharp] pagkadismaya ang pinakamasakit sa lahat. Marahil hindi lamang niya hinangad ang kasiyahan ng pagiging ina, kundi pati na rin ang karangalan at paggalang na ibinibigay sa mga ina sa isang lipunan kung saan hindi pinahahalagahan ang mga babae sa ibang paraan. Alam natin na ang pagkabaog ng kalalakihan ay maaari ring sanhi ng hindi pagkakaroon ng anak, ngunit wala pang bayolohikal na kaalaman sa mundo ni Sarai. Ang pagkakakilanlan ni Sarai bilang isang babae, bilang isang indibidwal na may halaga, ay nakasalalay sa pagkakaroon at pagpapasuso ng mga anak. Hindi siya naging mahalaga sa mga mata ng mga kalalakihan sa pamamagitan ng pagiging matuwid at tapat na tao, kundi sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mga lalaking tagapagmana para sa kanyang asawa. Ang walang laman na bahay-bata ay nangangahulugang walang kabuluhang buhay.[9]

---

[9] David at Diana Garland, *Flawed Families of the Bible*, Grand Rapids, MI: Brazos Press, 2007, 21-22

**Mga Solusyon ng Tao at Masakit na Resulta**

Nang si Abram ay 85 taon na, naisip ni Sarai ang isang ideya—isang solusyon para magkaanak si Abram. Maaaring ang aliping babae ni Sarai ang maging ina ng kanilang anak! (Genesis 16:1-4) Ngunit ang inaasahan nina Abram at Sarai na magiging perpektong solusyon ay nagdulot ng gulo sa kanilang tahanan nang magbuntis si Hagar. Ang dating tama ay naging mali. Ang kanilang tangkang tulungan ang Diyos na matupad ang Kanyang pangako ay humantong lamang sa alitan at hindi pagkakasundo. Kapag ang mga tao ay hindi nagtitiwala sa plano at panahon ng Diyos, natural na magbubunga iyon sa mga nasirang relasyon at masasakit na damdamin.

Sa mga sumunod na taon, dumami ang tensiyon, sakit, hindi pagkakaunawaan, mga problema sa komunikasyon, galit, pang-iiwan, at pagkadismaya (Genesis 16-21), hindi lamang sa tahanan nina Abram at Sarai, kundi pati na rin sa pamilya ng kanilang pamangkin na si Lot.

> "May mga banal na dahilan ang Diyos
> para sa maghintay habang tayo ay
> nagmamakaawa,
> tulad ng ginawa Niya kay Elizabeth
> (Lucas 1:7, 13),
> at magpatuloy bago tayo maging
> handa, tulad ng ginawa Niya kay
> Maria (Lucas 1:34).
> Sa ating pagsunod at pagsamba sa
> Kanya,
> ginagabayan, tinuturuan, at
> binibigyan niya tayo para sa Kanyang
> plano
> na hindi kailanman nalilimitahan
> Ng mga bagay na hindi natin
> nauunawaan."
> \- Hango kay Shauna Letellier,
> *Remarkable Advent*

**Mga Pamilyang may Kapintasan**

Si Abram ay pinili ng Diyos upang maging ama ng isang dakilang bansa, ang lahi kung saan ipapanganak si Jesus! Tila si Abram ang sumira sa plano ng Diyos, gayundin ang iba pang miyembro ng kanyang pamilya! Sila ay halimbawa ng isang sirang-sira na pamilya.

Sa Genesis 49:33, si Abraham at Sarah, si Isaac at Rebekah, si Jacob at ang kanyang mga asawa ay patay na. Kasama ang mga anak ni Jacob, sila ay isang pamilya na puno ng mga kabiguan at kamalian. Puno ang kanilang kuwento ng away, pagtatalo, paboritismo, panloloko, pang-iiwan, pagtatalo ng magkakapatid, panggagahasa, at insesto. Wala sa mga salitang iyon ang naglalarawan sa isang maunlad at payapang pamilya!

Sa kasamaang-palad, maaaring ulitin ang kuwentong ito sa buong Biblia at sa buong mundo sa mga siglo na lumipas. Ngunit, siyempre, kahit sa mga pamilyang ito ay may mga oras ng kaligayahan, magagandang kuwento ng pag-ibig, at ilan-ilang matutuwid na tao.

Sa kabila ng lahat, hindi iniwan ng Diyos ang Kanyang plano na iligtas ang sangkatauhan. Hindi rin Niya binago ang Kanyang layunin para sa pamilya. Kung magpapatuloy kang magbasa sa Lumang Tipan, makikita mo ang isang magandang tema ng pagliligtas sa kuwento ng pamilyang Hebreo. Maraming pangyayari ang nagpahiwatig kay Jesus. Ang pag-aalay ni Abraham kay Isaac; ang Paskuwa at ang pagtakas ng mga Israelita mula sa pagkaalipin sa Ehipto; ang pagkakaligtas kay Rahab mula sa hatol at ang kanyang pagsama

sa bayan ng Diyos; at marami pang pangyayari na napakagandang ipinakita ang pangako na darating ang isang Tagapagligtas at ililigtas ang sangkatauhan.

## Ang Gawaing Pagtubos ng Diyos sa Mga Pamilya

Sinasabi ng Efeso 5 sa atin na dinisenyo ng Diyos ang pag-aasawa upang maging larawan ng relasyon sa pagitan ni Cristo at ng Kanyang nobya, ang Iglesya. Katulad ng pag-aalay ng sarili ni Cristo na puno ng Simbahan, ganun din, ang bawat lalaki bilang ulo ng kanyang asawa, ay dapat i-alay ang kanyang sarili para sa babae. Gayundin, ang bawat babae ay dapat sumunod sa halimbawa ng Simbahan. Katulad ng pagpapailalim ng Simbahan kay Cristo, ang bawat babae ay dapat magpasakop sa kanyang asawa.

Sinira ng Pagkakasala ng sangkatauhan ang orihinal na disenyo ng Diyos para sa mga pamilya ng tao at nagdala ito ng mga nakakasirang bunga sa relasyon ng mag-asawa. Nararanasan ng bawat pamilya ang mga bunga ng pagkakasala ng sangkatauhan. Gayunpaman,

> dumating si Jesus upang iligtas ang lahat ng bagay, pati na rin ang pag-aasawa. Siya ay dumating upang iligtas at ibalik ang lahat ng nawasak at nasira dahil sa kasalanan. Doon sa mga pagkakataon na hindi natin maipatupad ang plano ng Diyos para sa kasal, ganap na tinupad ni Jesus ang mga pamantayan ng Diyos. Minahal ni Jesus ang Simbahan nang sapat para mamatay para sa kanya. Siya ay ganap na nagpailalim sa plano ng Diyos Ama. Si Jesus ang buo at ganap na katuparan ng disenyo ng Diyos at ng mga bagay na hindi nagawa ng ating mga pag-aasawa: ang magmahal at magpasakop.[10]

► Paano naging halimbawa ang ugali ni Jesus na dapat taglayin ng isang taong may-asawa?

Hindi lamang tinutupad ni Jesus ang kalooban ng Diyos sa kanyang ganap na pagpapasakop at pagmamahal, kundi binibigyan din niya ang mga mag-asawa ng kakayahang malampasan ang mga nakakasirang tendensiya na natural sa mga bumagsak na sangkatauhan. Sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, maaaring tuparin ng mga mag-asawa ang disenyo ng Diyos para sa pag-aasawa kapag nabubuhay sila sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo (Efeso 5:18).

Walang perpektong pamilya, ngunit nais ng Diyos na iligtas ang bawat pamilya. Ang biyaya ng Diyos ay maaaring mangyari sa mga pamilya para makatulong sa mga indibidwal na maging kung ano ang orihinal na layunin ng Diyos para sa kanila. Kapag pinili ng mga indibidwal sa mga pamilya na sumunod sa mga tagubilin ng Diyos, ang kanilang pagsunod ay nakakatulong para malampasan ang ilan sa mga kahinaan at kakulangan na natural sa

---

[10] Christina Fox, "Redeeming Marriage." Hango mula sa https://cbmw.org/2013/08/29/redeeming-marriage/ noong Nobyembre 29, 2022.

bawat pamilya. Ang mga bunga ng Pagkakasala na nakakaapekto sa mga relasyon ng tao ay nababawasan kapag tayo'y nagpapailalim sa kalooban ng Diyos.

Halimbawa, ang isang maka-Diyos na asawang lalaki na sumusunod sa mga tagubilin ng Diyos sa kanya sa Efeso 5, ay napagtatagumpayan niya ang kanyang natural na tendensiyang maging makasarili at abusuhin ang kanyang awtoridad sa kanyang asawa. Ang kanyang pagsunod sa Diyos ay nagdadala ng kaligtasan dahil binabawasan nito ang masasamang epekto ng Pagkakasala. Ang pagsunod na ito ay maaari ring mag-udyok sa kanyang asawa na sumunod sa kanya.

Kapag ang isang asawang babae ay nagpapasakop sa kanyang asawa bilang pagsunod sa tagubilin ng Diyos (Efeso 5:24), napagtatagumpayan niya ang kanyang natural na makasalanang tendensiya na labanan ang awtoridad ng kanyang asawa. Ang kanyang pagsunod sa Diyos ay nagiging kaligtasan, at nakakatulong para ang kanilang relasyon ay mas maging tulad ng intensyon ng Diyos (1 Corinto 11:3, 1 Pedro 3:1-7).

Sa pagbibigay ng Diyos sa mga pamilyang Kristiyano ng mga tagubilin para mailigtas sila, nakikita natin na napakahalaga ng mga relasyong pampamilya sa Diyos.

## Ang Biblikal na Responsibilidad ng Pamilya

### Ang Responsibilidad ng Mga Magulang at Lolo't Lola

Maraming sipi sa kasulatan ang nagsasalita tungkol sa pangangailangan para turuan ng mga magulang at lolo't lola ang kanilang mga anak at apo tungkol sa mga pamamaraan ng Diyos. Sandali nating tingnan ang tatlo.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Efeso 6:4 para sa grupo. Ano ang ibig sabihin ng bersong ito?

Plano ng Diyos na turuan ng mga magulang ang kanilang mga anak na kilalanin at sundin ang Diyos. Ang paraan ng paggabay, pagtuturo, pagtatama, at pagsasanay ng mga magulang sa kanilang mga anak ay dapat magsalamin sa paraan kung paano ito ginagawa ng Diyos para sa kanyang mga anak.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Awit 78:1-8 para sa grupo. Sagutin ang mga sumusunod na tanong:

- Ilang henerasyon ng pamilya ang nabanggit sa talatang ito?
- Ano ang responsibilidad ng bawat henerasyon?
- Ano ang itinuturo ng mga mas naunang henerasyon sa mga mas bata?

Ang Awit 78 ay nag-uumapaw sa kahanga-hangang biyaya at habag ng Diyos. Ikinukuwento nito ang kanyang gawaing sa pamilya ng Israel mula nang sila'y umalis sa Ehipto hanggang sa panahon ng paghahari ni Haring David. Ang Awit na ito ay dapat magbigay ng pag-asa sa mga mambabasa para sa kanilang kalagayan sa pamilya.

▶ Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Deuteronomio 6:1-9 para sa grupo. Ayon sa bersong ito, ano ang mga bagay na dapat nating gawin bilang mga tao ng Diyos?

Ang kasulatang ito ay bahagi ng talumpati ni Moises sa mga Israelita, bago sila pumasok sa Lupang Pinangako na ibinibigay sa kanila ng Diyos. Itinuturo sa kanila kung paano maging mga tao ng Diyos at kung ano ang ibig sabihin na maging pag-aari ng Diyos. Ang mga katotohanan sa mga bersong ito ay pundasyon pa rin sa pamumuhay bilang mga tao ng Diyos.

Inuutos sa atin ng Diyos na masunuring pakinggan ang Kanyang Salita—gawin ang Kanyang iniuutos sa atin! (Mga Talata 3-4).

Kailangan nating:

1. Mahalin ang Panginoon nang buong puso, kaluluwa, at lakas (berso 5).
2. Itago ang Salita ng Diyos sa ating mga puso (berso 6).
3. Turuan nang mabuti ang ating mga anak kung paano sumunod sa Salita ng Diyos (berso 7).
4. Itatak ang Salita ng Diyos sa ating isipan at sa harap natin palagi (berso 8-9).

Pansinin na ang mga utos na ito ay para sa bawat henerasyon (berso 2). Itinuturing ng Diyos na responsibilidad ng mga magulang at lolo't lola na turuan ang kanilang mga anak at apo na mabuhay para sa kanya. Hanggang kailan? Sa buong buhay nila (berso 2). Sinasabi ng Diyos sa atin na dapat turuan ng mga magulang ang kanilang mga anak tungkol sa kanyang mga paraan buong araw, araw-araw, saan man sila magpunta, at sa lahat ng kanilang ginagawa (berso 7-9).

> Ang espirituwal na edukasyon ng mga bata ay responsibilidad ng magulang. Ang pagtuturo ay magaganap araw-araw sa pamamagitan ng pagiging halimbawa ng mga magulang pati na rin sa pamamagitan ng pagtuturo ng Batas. Makikita ang kahalagahan ng utos na ito sa kung hanggang saan ang kayang gawin ng mga magulang upang turuan ang kanilang mga anak. Ito ay higit sa pagtuturo ng mga katotohanan ng Batas; ito ay dapat maging demonstrasyon ng estilo ng pamumuhay na nakahabi sa pang-araw-araw na buhay. Kinakailangan ang magiging malikhain upang ituro ang mga simulain ng Diyos habang nasasangkot sa mga karaniwang gawain sa tahanan.[11]

Hindi lamang dapat turuan ng mga magulang ang mga isip ng kanilang mga anak, kundi pati na rin ng kanilang mga puso. Hindi lamang nila dapat ituro sa kanilang mga anak ang mga katotohanan tungkol sa Diyos, kundi pati na rin ang praktikal na aplikasyon kung paano mabuhay nang may relasyon sa Diyos at nang sumusunod sa kanya. Tinuturuan ng mga

---

[11] *The Woman's Study Bible*, Thomas Nelson, Inc. 1995, 292

magulang ang kanilang mga anak sa pamamagitan ng verbal na pagtuturo at sa pamamagitan ng mga halimbawa sa buhay. Mahalaga ang dalawa.

Maaaring magmukhang simple ang bersong ito, pero napakahalaga nito. Ang mga katotohanan at mga utos na ito ay nagbibigay ng layunin at direksyon sa mga indibidwal at sa mga pamilya. Habang patuloy na hinahangad ng mga magulang na mas kilalanin ang Diyos at sumunod nang buong-puso sa kanya sa lahat ng bagay, tinuturuan nila ang kanilang mga anak na gawin din ito. Dapat may panghabambuhay na kagustuhan ang mga magulang na matuto at sumunod. Ito ay halimbawa sa kanilang mga anak, at ito ang magbibigay sa kanilang mga anak ng kagutuman para sa Diyos.

► Ano ang ilang praktikal na paraan na maaaring gamitin ng mga magulang para turuan ang kanilang mga anak araw-araw?

**Pamilya–Training Ground para sa Pagmamahal sa Iba**

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang 1 Juan 4:7-13, 19 para sa grupo.

Ang tema ng bersong ito ay pagmamahal. Upang makilala natin ang Diyos sa kanyang kayamanan, kinakailangan nating mahalin ang isa't-isa. Kasama sa *"isa't- isa"* ang ating pamilya. Isa sa mga dahilan kung bakit binigyan tayo ng Diyos ng pamilya ay upang matutunan natin kung paano magmahal ng iba. Sa pag-aaral natin na magpakita ng pagmamahal sa mga kapamilya natin (kahit sa panahong mahirap), mas nagiging katulad tayo ng Diyos—dahil ang Diyos ay pagmamahal! (Berso 8).

Kapag nagmamahalan ang mga magkakapamilya—espirituwal man o pisikal—pinatutunayan nila na sila'y ipinanganak ng Diyos (berso 7). Habang nagmamahalan sila, napeperpekto sa kanila ang pagmamahal ng Diyos (berso 12).

Hindi lang tayo inuutusan ng Diyos na mahalin ang iba, inuna na niya tayong minahal (berso 9-11, 19). Minahal niya tayo sa pamamagitan ng pagpapadala kay Jesus upang maging kasagutan sa ating mga kasalanan (berso 10). Ang pagmamahal ng Diyos sa atin ang motibasyon para sa ating pagmamahal sa iba (talata 11).

Ang pagmamahal sa ating pamilya ay maaaring madali sa iba at sobrang hirap para sa iba, pero lahat tayo ay maaaring magkaroon ng kailangan natin para masunod ang utos ng Diyos—ang pananahan ng Diyos sa atin sa pamamagitan ng Banal na Espiritu (berso 12-13).

Tinatawag tayo ng Diyos na mahalin ang isa't-isa, kasama na ang ating mga magulang, asawa, at mga anak. Ang pagmamahal sa ating pamilya ay hindi nangangahulugan na pagsang-ayon sa mali o kasamaan. Hindi ito nangangahulugan na hindi natin kinakailangang managot. Ito ay nangangahulugan na nais natin ang pinakamakabubuti para sa ating mga kapamilya at handa tayong ibigay ang ating sarili para sa kanilang kapakanan.

## Para sa Talakayan ng Grupo

► Sa sariling ninyong mga salita, ipaliwanag ang ilang paraan kung paano sinasalamin ng pag-aasawa ang mga relasyon sa Trinidad.

► Ikuwento kung paano iniligtas ng Diyos ang isang relasyong mag-asawa na nasira ng kasalanan.

► Ipaliwanag kung bakit nagdadala ng kaligtasan ang pagsunod sa mga utos ng Diyos sa pag-aasawa.

## Panalangin

Maglaan ng sandali upang magdasal at magpasalamat sa Diyos para sa inyong pamilya. Ipanalangin ang inyong pamilya. Ipanalangin ang mga sama ng loob at kabiguan, mga selebrasyon at kasiyahan. I-akma sa personal na kalagayan ang mga salita ng Deuteronomio 6:4-9, gawin itong panalangin ng pagpapasakop at pag-aalay.

**Mga Takdang Aralin**

(1) Isaulo ang Deuteronomio 6:4-9. Sa simula ng susunod na klase, isulat o bigkasin ang sipi mula sa alaala.

(2) Sa Deuteronomio 6:1-9, inuutos ng Diyos ang apat na bagay sa atin. Suriin nang nagdadasal at matapat ang sarili sa bawat isa sa apat na bahaging ito.

Kailangan nating:

- Mahalin ang Panginoon nang buong puso, kaluluwa, at lakas (berso 5).
- Itago ang Salita ng Diyos sa ating mga puso (berso 6).
- Na turuan nang husto ang ating mga anak na sundin ang Salita ng Diyos (berso 7).
- Itatak ang Salita ng Diyos sa ating isipan at sa harap natin palagi (berso 8-9).

Magsulat ng personal na pahayag ng dasal tungkol sa bawat isa. (Hindi mo kinakailangang ibahagi ang isusulat mo sa iyong class leader, pero dapat mong i-ulat na ginawa mo ang takdang-aralin.)

(3) Mula sa buhay nina Abraham at Sarah, natutunan natin ang mahabang panahon ng paghihintay. Isipin ang mga sumusunod na tanong:

- Kailan mo kinailangang hintayin ang tiyempo ng Diyos? Ano ang iyong mga natutunan sa mga oras ng paghihintay na ito?

- Gaano ka katiwala sa mga pangako ng Salita ng Diyos? Nahihirapan ka ba sa isang pangako ngayon? Naaapektuhan ba noon ang inyong pamilya? Paano?

- Nasubukan mo na bang ayusin ang isang bagay para sa sarili mo o para sa inyong pamilya nang hindi nagtitiwala sa Diyos? Ano ang mga resulta?

- Paano nakakasama ang kawalan ng pasensya at kakulangan sa pananampalataya sa mga pamilya?

Magsulat ng kabuuang tatlong talata bilang tugon sa paksang ito. (Hindi mo kinakailangan ibahagi ang isusulat mo sa iyong class leader, pero dapat mong i-report na ginawa mo ang assignment.)

# Aralin 3
# Ang Biblikal na Konsepto ng Pag-aasawa

## Mga Layunin ng Aralin

Sa katapusan ng araling ito, magagawa ng mag-aaral na:

(1) Maging matapat sa disenyo at mga layunin ng Diyos para sa pag-aasawa.

(2) Maging matapat sa personal na pagsunod sa mga alituntunin ng Diyos para sa Kristiyanongpag-aasawa.

(3) Maging handa na ituro sa iba ang tungkol sa biblikal na pag-aasawa.

## Robertson McQuikin, Ang Tagapagtupad ng Pangako

Dr.Robertson McQuilkin ay naglingkod bilang isang misyonaryo sa Japan nang 12 taon. Pagkatapos, naging pangulo siya ng Columbia International University. Nakilala siya bilang isang manunulat, tagapagsalita, at edukador. Ang kanyang asawang si Muriel ay nagkaroon ng sakit sa utak na nakakaapekto sa kakayahan ng isang tao na mag-isip, magkaalala, at makipag-ugnyan. Nang lumala ang sakit hanggang sa kondisyon na kailangan na ni Muriel ng tuluy-tuloy na pangangalaga, nagbitiw si Dr. McQuilkin sa pagkapangulo ng unibersidad upang alagaan ang kanyang asawa. Sinabi niya na tinutupad niya ang pangako na ibinigay niya sa asawa niya noong sila ay ikasal. Naniniwala siya na mas mahalaga ang pag-aalaga sa kanyang asawa kaysa sa pagtutuloy sa posisyon ng pangulo ng unibersidad.

## Ang Pagtatag ng Diyos sa Pag-aasawa

Ang pag-aasawa ay itinatag ng Diyos para sa unang lalaki at babae na kanyang nilikha. Ang pag-aasawa ay dinisenyo ng Diyos upang maging angkop sa pangangailangan ng mga tao. Ang lahat ito ay dinisenyo ng Diyos upang tumugma sa kalikasan ng tao. Sa lahat ng bagay na dinidisenyo ng Diyos at sa lahat ng kanyang hinihiling, lagi niyang hangad ang pimakamakabubuti para sa atin (Deutoronomio 6:24). Layon at alam ng Diyos na ang kanyang plano para sa pag-aasawa ay magbibigay ng pinakamahusay na emosyonal, relasyonal, at espirituwal na kagalingan para sa bawat mag-asawa.

Sinabi ng Diyos na sa pag-aasawa, iiwan ng lalaki at babae ang kanilang mga magulang para magsama. Dinadala ng pag-aasawa ang dalawang tao sa pagkakaibigan at pagsasama na mas matibay at mas malapit kaysa sa anumang iba pang relasyong pantao. Ang pag-aasawa ay hindi lamang dalawang tao sa isang limitadong pagsasama. Ang kanilang mga buhay ay pinag-isa upang sila ay maging iisang tao. Hindi nito binubura ang kanilang indibidwal na personalidad, kundi isa itong espesyal na pagkakaisa.

## Biblikal na Pag-aasawa

Ang Biblikal na pag-aasawa ay napakagandang bagay. Ngunit ang mga magkasintahan na nais maranasan ang kagandahan at kabutihan nito ay dapat suriin ang itinuturo ng mga Banal na Kasulatan tungkol dito, at pagkatapos ay sikaping sumunod sa kanilang natutunan. Kailangan ng pagsisikap at sakripisyo ang nakasisiyang pag-aasawa.

### Ang Biblikal na Pag-aasawa ay para sa Pakikipagkapwa

Sa aklat ng Genesis, inilalarawan ang paglikha ng Diyos ng pag-aasawa. Bawat bahagi ng paglalarawan ay nagbibigay ng karangalan sa pag-aasawa.

> At sinabi ng Panginoong Diyos, "Hindi mabuti na ang lalaki ay nag-iisa; siya'y igagawa ko ng isang katuwang na nababagay sa kanya" (Genesis 2:18).

Tulad ng relasyon ng Diyos Ama, Anak, at Banal na Espiritu, nilikha tayo ng Diyos upang makisalamuha. Tayo ay nilikha para sa pakikipag-usap. Tayo ay nilikha para sa pagpapalagayang-loob at pakikipagkapwa. Sinabi ng Diyos na hindi maganda ang nag-iisa!

Kinuha ng Diyos ang isang tadyang mula sa lalaki at ginawa itong magandang babae, isang tao—na nilikha din sa imahe ng Diyos, na kapareho ng halaga, ngunit magkaiba ang disenyo—na nagkumpleto sa lalaki. Siya "ay dinala na may espesyal na karangalan sa lalaki bilang huli at pinakaperpektong gawa ng Lumikha."[12]

***Ang pag-aasawa ay dapat maging isang masayang pagsasama.***

Nang sinabi ni Adan, "Sa wakas, ito'y buto ng aking mga buto" (Genesis 2:23), ipinahayag niya ang paggalang at kasiyahan. Hindi sinabi ni Adan na, "Sa wakas, isang alipin! Ngayon may maglalaba na, magluluto ng pagkain, magmamasahe sa likod, at gagawa ng mga gawain ko!" Hindi, sinabi ni Adan, "Sa wakas, isang katuwang na kukumpleto sa akin!"

***Ang pag-aasawa ay dapat pag-iisa ng magkapantay.***

> …isang katuwang na nababagay sa kanya (Genesis 2:18).

Dinisenyo ng Diyos ang babae upang perpektong bumagay sa at makumpleto ang lalaki.

Ipinapaalala ni Matthew Henry sa atin na, "Ang babae ay ginawa mula sa isang tadyang na kinuha mula sa tagiliran ni Adan; hindi gawa mula sa kanyang ulo upang pamunuan siya, o mula sa kanyang paa upang apakan niya, kundi mula sa kanyang tagiliran upang maging kapantay niya, sa ilalim ng kanyang braso upang protektahan, at malapit sa kanyang puso

[12] Charles Ellicot, ed., *Ellicot's Commentary for English Readers.* (Notes on Genesis 2:22). Hango sa https://biblehub.com/genesis/2-22.htm#commentary noong Disyembre 29, 2020.

upang mahalin."[13] Ang babae ay hindi mas mababa o mas mataas sa lalaki, kundi katulad niya.

***Ang pag-aasawa ay dapat maging isang tipan ng pagkakaisa.***

> Kaya't iniiwan ng lalaki ang kanyang ama at ang kanyang ina, at pumipisan sa kanyang asawa; at sila'y nagiging isang laman. (Genesis 2:24)

Ang matitibay na pag-aasawa ay hindi umaasa sa tuluy-tuloy na romantikong damdamin (ang mga damdamin ay nagbabago), o kaligayahan, (bagaman nagdadala ng kasiyahan ang magandang pag-aasawa), o personal na kasiyahan (bagaman nakakapagbigay ng kasiyahan ang matibay na pag-aasawa). Ang mga kamangha-manghang benepisyo ng pag-aasawa ay hindi *nagiging sanhi* ng matibay na pag-aasawa; ito ay bunga ng matibay na pag-aasawa. Ang pag-aasawa ay itinatatag sa hindi matitibag na pundasyon ng tipan—isang lalaki at isang babae na may tapat na pangako sa isa't-isa sa panghabambuhay.

Ang pag-aasawa ay dapat maging relasyong bukas, may tiwala, at tumatanggap—"Ang lalaki at ang kanyang asawa ay kapwa hubad, ngunit sila'y hindi nahihiya" (Genesis 2:25). Dahil hindi pa nadudungisan ng kasalanan ang pagkadalisay ng unang mag-asawa, ang kanilang pag-aasawa ay walang panghuhusga, hindi nahihiya, at walang takot. Sa Bagong Tipan, sinasabi sa atin na, "Maging marangal sa lahat ang pag-aasawa, at huwag dungisan ang higaan" (Hebreo 13:4).

Ang isang matatag na relasyong mag-asawa ay hindi umiiral kung may kawalan ng katiyakan, kawalan ng tiwala, pagdududa, o takot, kung saan ang mga mag-asawa ay hindi tiyak sa pangako ng isa't-isa sa pagsasama. Ang matatag na relasyong mag-asawa ay nangangailangan ng pangakong nagwawakas lamang kapag namatay na ang isa sa mag-asawa (Roma 7:1-2).

Intensyon ng Diyos na ang pag-aasawa ay maging isang panghabambuhay na kasunduan sa pagitan ng lalaki at babae (Mateo 19:3-6). Sinabi ni Pablo na ang mga mananampalataya ay hindi matatali kapag humiwalay sa kanila ang kanilang mga asawang hindi mananampalataya (1 Corinto 7:15), ngunit hindi dapat humiwalay ang isang mananampalataya sa asawang hindi mananampalataya (1 Corinto 7:12-14, 16). Noong una, isinulat na ni Pablo na ito ay sinabi ng Panginoon: hindi dapat umalis/humiwalay ang mga mananampalataya sa kanilang mga asawa, ngunit kung gagawin nila ito, hindi sila dapat mag-asawa ulit (1 Corinto 7:10-11, Mateo 5:31-32, Mateo 19:9).

Ang pag-ibig ng kasunduan ay ang pagbibigay ng sarili, pagkakaroon ng respeto, at pagpapaganda kahit na ang relasyon ay mahirap (1 Corinto 13). Ang mabuway na pangako

---

[13] Matthew Henry, *Matthew Henry's Commentary on the Whole Bible.* (Notes on Genesis 2:21-25). Hango sa https://studylight.org/commentaries/eng/mhm/genesis-2.html noong Hulyo 31, 2023.

ay lumilikha ng pansamantalang pagsusumikap, emosyonal na pagkakahiwalay, paglayo, at tukso.

Ang lalaki ay nagpapakita ng pag-ibig ng kasunduan kapag hindi niya isinusuko ang kanyang asawa kahit na ito ay hindi tumutugon o hindi nagpapakita ng respeto o may karamdaman. Ang babae ay nagpapakita ng pag-ibig ng kasunduan kapag pinipili niyang igalang at sundin ang kanyang asawa, alang-alang kay Cristo, kahit na hindi siya minamahal ng kanyang asawa.

Naaani ng pagmamahal ng lalaki ang respeto ng babae, at naaani ng respeto ng babae ang pagmamahal ng lalaki. At patuloy silang lumalago!

► Anu-anong mga problema ang nagiging bunga kapag ang mga tao ay nag-asawa habang iniisip na pwede pa nilang baguhin ang kanilang desisyon sa hinaharap kapag hindi sila naging masaya sa kanilang relasyong mag-asawa? Ano ang kaibahan na nagagawa ng buong pangako kapag ang isang tao ay naniniwala na permanente ang kanyang pag-aasawa?

**Ang Biblikal na Pag-aasawa ay ang Lugar para sa Sekswal na Kasiyahan at Pagpaparami.**

> Ginawa ng Diyos ang pakikipagtalik na ganap na nakasisiya at lubos na makapangyarihan. Ito ay gawaing may layuning magdala ng pagkakaisa sa pisikal, emosyonal, at espirituwal na aspeto. Ang malusog na sex life ay hindi lamang nakapagbibigay-sigla at nagdadala ng pagkakaisa, ito rin ay nagpapalusog sa relasyon ng mag-asawa. Para sa mga nagnanais sumunod sa etikang sekswal na itinatag ng Biblia, ang pakikipagtalik ay isang biyayang ibinigay ng Diyos upang lubos na tamasahin sa loob ng pag-aasawa.[14]

► Dapat basahin ng mga mag-aaral ang 1 Corinto 7:1-5 at Hebreo 13:4 para sa grupo.

Sinasabi sa atin ng mga berso sa 1 Corinto na isang layunin ng pag-aasawa ang mapunan ang mga sekswal na pagnanasa. Ibinigay na ng mag-asawang lalaki at babae ang mga sarili nila sa isa’t-isa at isinuko ang kanilang pag-aari sa sarili nilang mga katawan. Ibig sabihin nito, hindi dapat asahan ng may asawa na makikipagtalik lang siya sa tuwing gusto niya, kundi dapat ding tumugon sa mga pagnanasa ng kanyang asawa. Hindi sinasabi ng mga berso na maaaring ipilit ng isang tao ang kasiyahan nang labag sa kagustuhan ng asawa niya. Sa halip, sinasabi ng mga berso na dapat tumugon sa mga pangangailangan ng isa't isa.

Sinasabi sa atin ng siping ito na hindi dapat ipagkait ng mga mag-asawa ang pribilehiyong ito sa isa't-isa. Lehitimo ang maikli o pansamantalang pag-iwal sa pagtatalik kasabay ng

[14] “Spiritual Health and Porn Addiction,” hango sa https://thefreedomfight.org/health/porn-addiction-and-spiritual-health/ noong Hulyo 31, 2023.

pag-aayun, pero ang mahabang paghihiwalay ay magdudulot ng tukso dahil sa hindi natutugunang pagnanasa. Minsan, pinipili ng mga mag-asawa na maghiwalay nang ilang buwan o mas matagal pa dahil magtatrabaho o mag-aaral ang isa sa malayong lugar. Bago gawin ang ganitong desisyon, dapat nilang isipin kung ang ganitong plano ay naaayon sa plano ng Diyos. Maaaring magdulot ng problema ang mahabang paghihiwalay.

May mga taong mas pinipili ang pamumuhay na walang anak, ngunit itinuturo ng Biblia na ikinagagalak ng Diyos kapag ang mga magulang ay may mga maka-Diyos na anak (Malakias 2:15). Mahalaga ring tandaan na hindi lamang pag-aanak ang gusto ng Diyos, kundi ang magkaroon ng mga anak na *maka-Diyos*. Tinatawag ng Diyos ang mga magulang na turuan ang kanilang mga anak na sumunod kay Cristo.

**Ang Biblikal na Pag-aasawa ay para kay Cristo**

► Dapat basahin ng mga mag-aaral ang 1 Pedro 3:1-7 at Efeso 5:22-33 para sa grupo. Dapat hayaang nakabukas ng grupo ang mga siping ito para sa pagsusuri sa buong talakayang ito.

Sa Efeso 5:30-32, ipinakikita ng Banal na Espiritu ang mas malalim na kahulugan ng pag-aasawa, na nakatago hanggang dumating si Jesus. Ang pag-aasawa ay isang larawan sa mundo—isang salamin—ng relasyon sa pagitan ni Jesu-Cristo at ng kanyang iglesya.

Sinimulan ni Pablo ang bahaging ito sa pamamagitan ng paanyaya sa mga mananampalataya na mapuno ng Espiritu (Efeso 5:18). Sa kontekstong ito, inaalok niya ang sumusunod na tagubilin ukol sa pag-aasawa.

**Ang nobyang puno ng Banal na Espiritu** ay *magpapasakop* sa kanyang asawang lalaki (ang kanyang "ulo") sa Panginoon, sa parehong paraan na nagpapasakop ang mga mananampalataya kay Jesus (Efeso 5:24, 32; tingnan din ang 1 Pedro 3:1). Sa ganitong paraan niya maipapakita ang respeto kay Jesus at sa kanyang asawa. Ang babae ay inaasahang tatanggapin ang pamumuno ng kanyang asawa kahit hindi ito mananampalataya. Kung gagawin niya ito, mas may posibilidad na maging mananampalataya ang kanyang hindi nananampalatayang asawa.

Mahalaga para sa bawat babaeng may asawa na isipin ang Diyos sa kanyang pagpapasakop. Ito'y para sa kanya at alang-alang sa kanya na sumusunod ang babae, at hindi lamang sa kanyang asawa. Nakatutok siya kay Jesus, na natatanging walang kasalanan. Ang kusang pagpapasakop ng babae sa kanyang asawa ay isang akto ng pagsamba kay Jesus.

Ang Biblikal na pagpapasakop, katulad ng pag-ibig, ay hindi puwedeng pilitin. Ang Biblikal na pagpapasakop ay isang regalo na iniaalay ng mga babae sa kanilang mga asawa alang-

alang kay Cristo (Efeso 5:33). Ang pagpapasakop sa lahat ng bagay ay isang akto ng pagsamba kay Jesus.[15]

Ang pagpapasakop ng isang asawang-babae sa kanyang asawa ay isang akto ng paggalang (Efeso 5:33) sa lalaki, bilang bahagi ng buhay na puno ng Banal Espiritu Santo (Efeso 5:18-21). Ang karangalang ito na nagmumula sa isang malumanay at tahimik na espiritu ay napakahalaga sa paningin ng Diyos (1 Pedro 3:4).

**Ang lalaking puno ng Banal Espiritu** ay *mamahalin* ang kanyang asawa tulad ng pagmamahal ni Jesus sa kanyang iglesya (Efeso 5:25). Dapat niyang mahalin ang kanyang asawa tulad ng sarili niyang katawan (Efeso 5:28-29). Dapat niyang ipakita ang parehong pag-aalay ng sarili na puno ng Espiritu Santo na ipinakita ni Jesus sa kanyang iglesya nang ibigay niya ang kanyang sarili para sa dito. Ito ang kanyang akto ng pagpapasakop sa Diyos (Efeso 5:21). Ayon sa isang komentarista:

> Tulad ng pag-aalay niya (Jesus) ng kanyang sarili para magdusa sa krus upang iligtas ang iglesya, dapat handa rin tayong pagkaitan ang ating mga sarili at tiisin ang [hirap at kahirapan], upang maitaguyod natin ang kaligayahan ng asawa. Tungkulin ng lalaki na [magsikap] para sa suportahan siya; ibigay ang mga pangangailangan niya; pagkaitan ang sarili niya ng pahinga at kaginhawaan, kung kinakailangan, upang alagaan siya kapag may sakit; unahan siya kapag may panganib; ipagtanggol siya kung siya ay nasa [mapanganib na sitwasyon]; tiisin siya kapag siya ay nagiging mainitin ang ulo; yakapin siya kapag tinutulak ka niya palayo; manalangin kasama siya kapag siya ay may espiritual na problema; at handang mamatay upang iligtas siya. Bakit hindi? Kung lulubog ang barkong sinasakyan nila, at may iisang piraso ng kahoy na maaaring magligtas sa kanila, hindi ba't dapat niyang ilagay ang asawa niya roon, at tiyaking ligtas ito, at lahat ng panganib ay nasa kanya? Pero hindi lang iyon… dapat maramdaman ng lalaki na dapat maging isa niyang malaking layunin sa buhay na hangarin ang kaligtasan ng kanyang asawa. Dapat niyang ibigay sa asawa niya ang lahat ng mga pangangailangan nito para sa kanyang kaluluwa… At dapat siyang maging halimbawa; dapat payuhan niya ang kanyang asawa kung kinakailangan; at gawing madali ang landas ng kaligtasan para sa kanyang asawa. Kung nasa lalaki ang Espiritu at pagkakait sa sarili ng Tagapagligtas, gagawin niya ang lahat ng sakripisyo para maitaguyod ang kaligtasan ng kanyang pamilya.[16]

Dapat hangarin ng lalaki ang kadalisayan ng kanyang asawa katulad ng pagpapadalisay ni Cristo sa kanyang nobya, ang iglesya (Efeso 5:26-27).

Sinasabi sa 1 Pedro 3:7, na dapat maging maunawain ang mga lalaki sa kanilang asawa, na ibig sabihin ay gagawin niya ang kanyang makakaya upang maunawaan ito. Dapat

---

[15] Para sa mas malalim na pag-aaral ng paksa ng biblikal na pagpapasakop, tingnan ang Aralin 10 ng Spiritual Formation, na makukuha sa Shepherds Global Classroom.
[16] Albert Barnes, *Barnes' Notes on the Whole Bible*. (Notes on Ephesians 5:25). Hango sa https://studylight.org/commentaries/eng/bnb/ephesians-5.html noong Hulyo 31, 2023.

niyang pag-aralan ang kanyang asawa upang maunawaan ang mga pangangailangan nito. Ang babae ang tinatawag na "marupok na sisidlan" sa bersong ito. Kinakailangang unawain ng lalaki ang kanyang asawa. Dapat niya itong protektahan, hindi lamang mula sa pisikal na panganib kundi mula rin sa mga alalahanin at emosyonal na stress.

Ang lalaki ang magbibigay ng lahat ng paraan na kinakailangan para sa pag-usbong ng kanyang asawa: katapatan, walang kondisyong pagmamahal, pang-unawa, panalangin, payo, pagtuturo, at kabutihan.

Kapag tinatrato ng lalaki ang kanyang asawa nang may ganitong pagmamahal, siya ay masusuklian ng kaligayahan. Sinasabi ni Pablo, "Ang umiibig sa kanyang sariling asawa ay umiibig sa kanyang sarili" (Efeso 5:28). Ang mga asawang nagmamahal sa kanilang mga asawa sa paraang ito na nag-aalay ng sarili ay higit na masusuklian ng Panginoon, at malamang ng respeto, pagmamahal, at katapatan ng kanyang asawa.

► Ano ang mga partikular na bagay na dapat gawin ng isang lalaki upang makapagbigay ng espirituwal na suporta sa kanyang asawa?

Mahalagang tandaan kung paano ibinigay ang mga utos sa mga bersong ito. Ang lalaki ay hindi sinabihang ipilit ang awtoridad sa kanyang asawa. Sinasabihan ang babae na sundin ang kanyang asawa, ngunit hindi sinasabi sa lalaki na pilitin itong sumunod sa kanya. Sinasabi sa lalaki na mahalin ang kanyang asawa at magsakripisyo kung kinakailangan upang alagaan ito. Gayundin, hindi sinasabi sa babae na humingi ng pag-aalaga mula sa kanyang asawa; sinasabi sa kanya na respetuhin ang asawa.

Ang prayoridad ng lalaki ay hindi ang panatilihin ang kanyang awtoridad kundi ang magbigay ng mapagmahal ng pag-aaruga. Ang prayoridad ng babae ay hindi ang himingi ng pag-aaruga para sa kanyang sarili kundi respetuhin ang kanyang asawa.

Nagbabala si Apostol Pedro sa lalaki na mahahadlangan ang kanyang mga panalangin kung hindi niya maayos na aalagaan ang kanyang asawa. Mula sa mga salita ni Pablo at Pedro, nakikita natin na ang lalaking hindi nag-aaruga ng asawa tulad ng nararapat ay hindi umiibig sa Diyos sa paraang nararapat. Ang babaeng hindi nirerespeto ang kanyang asawa ay hindi nirerespeto ang Diyos sa paraang nararapat. **Ang ating pag-uugali sa relasyong mag-asawa ay inaapektuhan ang ating relasyon sa Diyos.**

## Ang pagkapermanente ng pag-aasawa

Dinisenyo ng Diyos ang pag-aasawa na maging permanente. Sa kasal, ang isang lalaki at babae ay nangangako na maging tapat sa isa't isa habang pareho silang buhay.

Sa Bibliya, naitala ang mga salita ni Jesus tungkol sa kasal, na binanggit sa isang usapan nila ng mga Pariseo.

►Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Mateo 19:3-8 para sa grupo.

Sinabi ni Jesus na gusto ng Diyos na maging permanente ang kasal. Sinabi niya na ang diborsyo ay itinatag para sa mga taong hindi sumusunod sa Diyos.

Maraming dahilan kung bakit dinisenyo ng Diyos na maging permanente ang kasal, ang ilan ay binanggit natin sa nakaraang bahagi. Isa pang dahilan kung bakit dapat permanente ang kasal ay para sa kapakanan ng mga anak. Ang pagsunod sa plano ng Diyos para sa kasal ay lumilikha ng pinakamahusay na kalagayan sa pagpapalaki ng mga anak. Habang iginagalang ng mga magulang ang Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa kanyang mga prinsipyo sa kanilang kasal at pamilya, makakapagpalaki sila ng mga anak na maka-Diyos (Malakias 2:15).

Dinisenyo ng Diyos ang buhay ng tao sa paraang ang mga anak ay tumatagal nang ilang taon bago sila maging matanda. Sa panahong ito, ang mga bata ay umaasa sa kanilang mga magulang para sa proteksyon, pangangailangan, at pagtuturo. Naiiba ito sa mga hayop na lumalaki at nagiging matatanda sa loob ng isa o dalawang taon lamang. Kailangan ng mga tao ng mas maraming panahon upang magkaroon ng mature na pagkatao. Dinisenyo ng Diyos ang pamilya bilang paraan ng pagpapalaki ng mga anak. Marami sa mga problema sa lipunan ay nagmumula sa kakulangan ng mga pamilya na may mga magulang na puno ng pananampalataya.

Sa kasal, kailangang mangako ang mga tao na ibibigay nila ang kanilang buhay sa isa't isa. Bawat kultura ay may mga anyo at seremonya upang ipakita na ang kasal o pag-aasawa ay isang seryosong pangako. Ang seremonya ay paraan para ipahayag ng lalaki at babae sa publiko na sila ay gumagawa ng pangakong ito para sa habambuhay na pagsasama.

Karamihan ng mga pamahalaan ay nagpapanatili ng mga rekord ng mga kasal. Ang mga batas tungkol sa kasal ay nakakaapekto sa pag-aari ng ari-arian, pangangalaga ng mga anak, at mana.

Narito ang isang halimbawa ng mga wedding vow na ginamit sa maraming kasal:

> Tinatanggap kita bilang aking legal na asawa, para yakapin at pag-ingatan, mula sa araw na ito hanggang sa hinaharap, sa hirap at ginhawa, sa kalusugan o karamdaman, upang mahalin at pakaingatan, hanggang kamatayan, alinsunod sa banal na kautusan ng Diyos; at ipinapangako ko ang aking sarili sa iyo.

Hindi palaging magiging pareho ang romantikong damdamin sa buong panahon. Hindi maaaring maging batayan ng kasal ang mga personal na damdamin na maaaring mag-iba-iba. Ang panata sa kasal ay nangangahulugan na ang isang lalaki at babae ay nangangako na maging tapat sa isa't isa habang pareho silang nabubuhay, at ang pangakong iyon ay hindi nakadepende sa anumang kondisyon.

Dahil sa pagkapermanente ng pag-aasawa, hindi dapat magsabi ang mga Kristiyano ng mga pahayag na nagpapahiwatig na handa silang tapusin ang kanilang pagiging mag-asawa dahil sa mga problema sa relasyon. Hindi dapat sabihin ng isang tao na, "Sana hindi kita pinakasalan," o "Baka dapat maghiwalay na tayo." Minsan ang mga pahayag na ito ay

paraan upang manipulahin ang asawa na nagpapakitang nagmamalasakit siya para sa kanilang kasal. Iniisip ng isang tao na maaaring mas pagsumikapan ng asawa niya na mapasaya siya dahil sa marahas na pahayag na iyon, pero bihirang mangyari ito. Sa halip, ipinagtatanggol ng asawa ang sarili niya sa pamamagitan ng pagsasabing, “Sige, pwede tayong maghiwalay kung gusto mo.” Sa gayon, pareho nilang ipinaaabot na handa silang tapusin ang kanilang kasal dahil sa sarili nilang mga kagustuhan, at mas lumalala pa ang kanilang relasyon.

► Bakit nagsisimula ang pag-aasawa sa mga panata at hindi lamang sa simpleng pahayag ng pagmamahalan?

► May gusto bang magbahagi tungkol sa kung paano siya ay pumasok sa pag-aasawa habang inaasahan ang mga benepisyo, pero hindi nauunawaan ang kinakailangang kaseryosohan?

## Pag-aasawa bilang Kristiyanong Pagsasama o Pagtutulungan

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang 2 Mga Taga-Corinto 6:14-18 para sa grupo.

Ipinapahayag ng mga bersikulong ito na ang commitment ng isang mananampalataya ay napipigilan kapag siya ay labis na malapit o konektado sa mga hindi nananampalataya. Katulad ng hindi puwedeng magsamba ang isang mananampalataya kasama ang isang taong sumasamba kay Satanas, hindi rin niya puwedeng sundin ang pamumuhay at prayoridad ng mga hindi nananampalataya. Maaaring umangkop ang babala sa iba't ibang uri ng mga relasyon, kasama na rito ang mga business partnership.

Ang pag-aasawa ay ang pinakamalapit na pagsasama ng tao. Hindi dapat pag-isipan man lang ng isang mananampalataya na pakasalan ang isang hindi committed na mananampalataya (1 Corinto 7:39). Ang isang mananampalataya na kasal sa isang hindi mananampalataya ay makakaranas ng maraming kalungkutan at hadlang sa pag-aalaga ng mga anak at sa paggawa ng mga desisyon sa pamumuhay.

Kung parehong mananampalataya ang mag-asawa pero nagmumula sila sa magkaibang simbahan, kinakailangan nilang tiyakin na sila ay magkasundo sa mahahalagang usaping espirituwal. Dapat planuhin nila na maging bahagi ng parehong lokal na simbahan pagkatapos silang magpakasal.

## Mga Paraan para Palakasin ng Mag-asawa ang Kanilang Pagsasama

### (1) Dapat nilang ipagdiwang ang orihinal na disenyo ng Diyos at maunawaan ang kanilang natatanging mga papel sa loob ng pagiging mag-asawa.

Dapat tandaan ng lalaki na ang kanyang asawa ay isang biyayang mula sa Diyos, isang kaagapay na kumukumpleto sa kanya. Kailangan niyang isuko ang kanyang buhay para sa kaligtasan nito at sa espirituwal, emosyonal, at pisikal na kapakanan nito. Kailangan niyang piliin na ipagpasalamat ito at mahalin ito kahit sa panahong hindi ito karapat-dapat, habang

nauunawaan na tanging ang Diyos lamang ang makakapagpabago ng mga bagay na kailangang baguhin dito. Pupurihin ng Diyos ang kanyang pagsunod at pananampalataya.

Dapat kilalanin ng babae ang pagpili ng Diyos sa kanyang asawa bilang kanyang pinuno, pakitaan ito ng respeto sa abot ng kanyang makakaya, at igalang ang pamumuno nito. Kailangan niyang piliing magpasakop at respetuhin kahit na nagkukulang ito at sa panahong hindi ito karapat-dapat, at magdasal na sana ay baguhin ng Diyos ang mga bagay na kailangang baguhin dito. Pupurihin ng Diyos ang kanyang pagsunod at pananampalataya.

**(2) Dapat magbuo ang mga mag-asawa ng tunay na espirituwal at pisikal na pagkakaugnay.**

Dapat nilang pagsikapang *kilalanin* ang isa't isa nang walang takot, pamumuna, pagkukumpara sa iba, pang-aabuso, makasariling pagnanasa, o pang-aalipusta. Kailangan nilang mabuhay habang nagiging bukas at may integridad sa harap ng Diyos at ng isa't isa.

**(3) Ang mga mag-asawa ay dapat sundin ang halimbawa ng biyaya ng Diyos kapag sila'y nagkukulang na tularan ito.**

Nang si Adan at Eva ay nagkasala at nakaramdam ng kahihiyan at pagsisisi, ipinakita ng Diyos ang kanyang kapangyarihan sa pagtutuwid ng kanilang mga pagkukulang. Inialay ng Diyos ang isang hayop upang gawan ng kasuotan sina Adan at Eva para takpan ang kanilang kahubaran (Genesis 3:21). Ang mapagmahal na gawaing ito ng Diyos ay isang larawan ng biyaya ng Diyos at pangako ng Diyos ng kaligtasan sa pamamagitan ni Cristo. Pinahihintulutan tayo ni Cristo na mapatawad at maibalik. Sa pamamagitan ni Cristo, ang mga mag-asawa ay maaaring bumalik sa pagkakaroon ng intimacy nang walang kahihiyan kahit pa sila'y nagkulang.

## Konklusyon

Ang pag-aasawa ay nilikha ng Diyos, hindi ng tao. Kaya kailangan nating lumapit sa Diyos para sa gabay, hindi sa mundo o kultura. Siya lamang ang nakakaalam kung paano gawing matibay, tatagal, at makabuluhan ang ating mga kasal. Ngunit hindi tayo magiging asawang nararapat kapag wala ang Banal na Espiritu!

## Para sa Talakayan ng Grupo

► Ano ang isang katotohanan tungkol sa pag-aasawa na tila nakakalimutan ng maraming tao?

► Ipaliwanag ang mga prinsipyong dapat ituro ng simbahan upang mapatatag ang mga kasal at pag-aasawa. Anong pang-unawa ang partikular na kulang sa inyong paligid?

## Panalangin

Ama naming nasa langit,

Salamat sa pagkakaloob mo sa amin ng kahanga-hangang biyaya ng pag-aasawa. Salamat sa magandang paraan ng pagdinisenyo mo dito. Tulungan mo kaming magbigay ng kinakailangang commitment upang maranasan namin ang pag-aasawa ayon sa iyong plano.

Tulungan mo kaming ipakita ang pagmamahal na katulad ng pagmamahalan ni Cristo at ng simbahan.

Tulungan mo kaming higitan ang mga pagpapalagay ng aming kultura sa paggalang sa isa't isa.

Salamat sa gawain ng Banal na Espiritu na lumilikha ng masaya at matibay na mga relasyon.

Amen

## Mga Takdang Aralin

(1) Pumili ng dalawang prinsipyong bago sa iyo mula sa aralin na ito. Magsulat ng isang talata na nagpapaliwanag sa bawat prinsipyo gamit ang iyong sariling mga salita.

(2) Maghanda ng maikling presentasyon ukol sa isa sa mga paksa sa ibaba. (Magtatalaga ang lider ng klase ng paksa sa bawat mag-aaral.) Ibahagi ang presentasyon sa simula ng susunod na oras ng klase.

- Ang disenyo ng Diyos sa pagkakaisa sa pag-aasawa
- Mga layunin ng pag-aasawa sa Biblia
- Mga tungkuling ibinigay ng Diyos sa pag-aasawa at ang kahalagahan ng pagiging punong-puno ng Espiritu upang matupad ang mga tungkuling iyon
- Ang pagkapermanente ng pag-aasawa

(3) Kung wala ka pang asawa ngunit plano mong mag-asawa sa hinaharap, magsulat ng dalawang talata na nagpapahayag ng iyong pangako na susundin ang mga alituntunin ng Diyos para sa iyong pag-aasawa. Kung ikaw ay may asawa na, magsulat ng dalawang talata ng pangakong susundin ang ang mga alituntunin ng Diyos sa iyong pag-aasawa.

## Paggalang sa mga Kababaihan

Bago magpatuloy sa Aralin 4, dapat **pag-aralan at talakayin ng klase ang Apendiks A.** Ito ay isang maikling diskusyon tungkol sa paggalang sa mga kababaihan, isang mahalagang paksa na may kaugnayan sa kasal at pamilya.

# Aralin 4
# Mga Isyu ng Sekswalidad

## Mga Layunin ng Aralin

Sa katapusan ng araling ito, magagawa ng mag-aaral na:

(1) Ilarawan kung paano naapektuhan ng Pagkakasala ang kalikasan at mga pagnanasang sekswal ng tao.

(2) Ipaliwanag ang personal na pagkakakilanlan at kung paano ito nauugnay sa personal na etika.

(3) Yakapin ang isang Biblikal na pananaw pagdating sa sekswalidad ng tao at sa sekswal na imoralidad.

(4) Hanapin ang kalayaan mula sa kasalanan at maranasan ang tagumpay sa panahon ng tukso sa sekswal na imoralidad.

(5) Maging handa na maglingkod sa ibang nangangailangan ng tulong at tagumpay.

## Christopher Yuan

Lumaki si Christopher sa isang pamilyang Asian-American sa Estados Unidos. Mula noong teenager siya, nararamdaman niyang mas nagkakagusto siya sa mga lalaki kaysa sa mga babae. Ikinabahala at ikinahiya ng kanyang mga magulang ang interes ng kanilang anak. Bilang kabataang adult, siya ay nagkaroon ng sunud-sunod na mga relasyon sa mga lalaki. Inasam niyang makakita ng tunay na pag-ibig at commitment, pero nabigo ang bawat relasyon. Nagsimula siyang magkaroon ng mga imoral na relasyon sa maraming lalaki. Nagbago ang lahat para kay Christopher nang maging mananampalataya ang kanyang ina at ipinakita sa kanya ang pagmamahal at pagtanggap na hindi niya naranasan noon. Napagtanto niya na ang kanyang pangunahing pagkakakilanlan ay bilang isang tao sa imahe ng Diyos. Nagsisi siya at ipinailalim ang lahat ng aspeto ng kanyang buhay sa Diyos. Natagpuan niya ang kaligayahan at layunin sa kanyang relasyon sa Diyos.

## Nagkasalang Kalikasan ng Tao at Mga Makasalanang Pagnanasa

Nang nilkha ng Diyos sina Adan at Eva, ginawa niya silang perpekto sa bawat aspeto, walang depekto o kakulangan (Genesis 1:31). Ninais lamang ng kanilang kalikasan ang tama at mabuti. Ang kanilang isip at katawan ay gumana sa paraang perpekto. Tapos pinili ni Adan na sumuway sa utos ng Diyos. Nang gawin niya ito, nagkaroon ng karumihan ang kalikasan ng tao (Roma 8:20-23). Naapektuhan ang katawan at isip ng tao. Kahit ang pinakamalakas at pinakamatalinong tao ay naapektuhan ng mga resulta ng kasalanan. Permanenteng sinira

ng kasalanan ang dating perpekto. Walang sinuman sa mga Nilikha ang lubusang maghihilom hanggang sa bumalik si Cristo (1 Corinto 15).

Sa mga pinsalang nangyari sa ating kalikasan bilang tao at mga katawan, hindi natin dapat asahan na ang likas na mga pagnanais ng ating katawan ay palaging tama at nasa balanse. Ang katotohanan ay marami sa ating mga pagnanais ay wala nang balanse. Likas na ninanais ng mga tao ang mali. Natunghayan ni Jesus ang likas na pagiging makasalanan ng sangkatauhan nang ilista niya ang iba't ibang uri ng kasalanan na nagmumula sa puso (Marcos 7:21-22).

Sa araling ito, tatalakayin natin ang mga isyu ng sekswalidad. Sa lahat ng pagnanais ng tao, ang pagnanasang sekswal ang maaaring maging pinakamalakas.

Ang maling sekswal na pagnanasa ay tila natural sa isang taong nakakaramdam nito. Maaari niyang isipin na hindi siya dapat sisihin kung isasabuhay niya ang kanyang mga pagnanasa. Gayunpaman, dapat pigilan ng lahat ng tao ang kanilang likas na mga kagustuhan upang gawin ang tama. Maaaring mayroong natural na pagnanais ang isang tao na magsinungaling o magnakaw, o maging marahas, tamad, o mainipin. Hindi kasalanan ng mga tao kapag isinilang silang may depekto, ngunit nagiging guilty ang mga tao kapag sinusunod nila ang kanilang likas na mga pagnanasa at nagkakasala.

Minsan, ang pagkakaabuso noong kabataan o iba pang mga kalagayan sa kapaligiran ay nagiging sanhi para mahirapan ang isang tao sa mga impluwensiyang homosekswal o iba pang maling sekswal na pagnanasa. Gayunpaman, hindi dapat ituring na iba ang mga maling sekswal na pagnanasa sa iba pang mga makasalanang pagnanasa. Kailangan ng tao ang parehong biyaya para sa kaligtasan at paglilinis mula sa Diyos, anuman ang mga sanhi ng mga ito.

Hindi na dapat ikagulat ang katotohanan na tila normal na sa ibang tao ang mga maling pagnanasa. Sa pangkalahatan, ang kasalanan ay tila normal at natural sa taong may pagnanais para sa kasalanan.

Tayo ay likas na mga anak ng poot (Efeso 2:3). Ibig sabihin, tayo ay likas na makasalanan, at isinusumpa natin ang ating mga sarili sa pamamagitan ng pagsasagawa ng kasalanan na natural sa atin. Ang katotohanan na isinilang ang isang tao bilang partikular na makasalanan ay hindi nangangahulugan na ito ay dapat sundin, kahit pa ito'y tila normal para sa kanya.

► Bakit hindi natin dapat sundin ang lahat ng ating likas na pagnanasa?

Sinasabi sa atin ng Biblia na tayo ay tinawag na maging katulad ni Cristo (Roma 8:29). Dapat nating isuot ang Panginoong Jesu-Cristo. Ang mga pagnanasa ng ating katawan ay hindi dapat maging batayan ng buhay. Sa halip, kailangan nating isuko ang mga maling kagustuhan sa awtoridad ng Diyos (Roma 13:14).

► Ano ang itsura ng pagsusuko ng ating mga maling kagustuhan sa awtoridad ng Diyos?

Ang iyong mga pagnanasang sekswal ay dapat isuko sa iyong pangunahing layunin, na magbigay-luwalhati sa Diyos sa pamamagitan ng pagpapakita ng imahe ng Diyos. Ang buhay na sumusunod kay Cristo ay isang buhay na tugma sa imahe ng Diyos na mayroon ka.

## Pagkakakilanlan ng Tao

### Tamang Pag-unawa sa Pagkakakilanlan ng Tao

Maraming tao ang maling naniniwala na maaaring pagkatiwalaan ang kanilang kalikasan bilang tao na magdadala sa kanila sa tamang landas. Tila makatwiran sa kanila na ang mga pagnanasa na nagmumula sa sarili nilang kalikasan ang magdadala sa kanila ng kasiyahan. Hindi nila maintindihan na hindi mapagkakatiwalaan ang kanilang kalikasan dahil ito ay nasira ng kasalanan. Ang mga natural na pagnanasa ng isang tao ay hindi magdadala sa kanya ng kasiyahan dahil sira na ang kanyang mga pagnanasa. Gayundin, hindi rin dadalhin ang isang tao ng mga natural niyang pagnanasa, bukod sa Diyos, para gawin ang tama sa moralidad.

Maraming naniniwala na dapat nilang sundin ang sarili nilang mga pagnanasa at emosyon upang lumikha ng sariling layunin sa buhay. Naniniwala sila na mahalagang magkaroon ng personal na pagkakakilanlan na hindi nakabatay o limitado sa anumang awtoridad o moral na mga pangangailangan. Iniisip nila na dapat magpasya ang mga indibidwal kung ano ang tama at mahalaga para sa kanilang sarili. Pinagkakatiwalaan nila ang kanilang sariling kalikasan para dalhin sila sa tamang landas. Hindi sila pabor sa mga institusyon o mga patakarang naglilimita sa kanilang kilos. Ang korap na kalikasan ng tao ang nagiging pamantayan para sa etika na kapalit ng Salita ng Diyos.

Dahil ang sekswalidad ay isang makapangyarihang bahagi ng kalikasan ng tao, itinuturing ng maraming tao na ang mga pagnanasang sekswal ay sentro ng kanilang pagkakakilanlan. Iniisip nila na kinakailangan nilang sundin ang kanilang mga pagnanasang sekswal upang tunay na maging kanilang sarili. Iniisip ng mga tao na ang sekswalidad ay hindi lamang ang kanilang mga **nais** o **ginagawa**, ito ay kung sino **sila**. Ginagawa nila itong kanilang pagkakakilanlan.

Taliwas sa pananaw ng mundo, **sinasabi sa atin ng Biblia na tayo ay nilikha sa imahe ng Diyos, dinisenyo para sa mga layunin ng pakikipagrelasyon sa Diyos. Ito ang ating tunay na pagkakakilanlan bilang mga tao.**

Walang anuman sa ating buhay sa lupa ang makapagbibigay sa atin ng ating pangwakas at tunay na pagkakakilanlan. Ang mga katangian ng ating buhay sa lupa ay iyong mga kalagayan na nararanasan natin sa kasalukuyan. Hindi iyon ang bumubuo ng pagkatao natin. Ang ating lahi, katayuan sa lipunan, o kalagayan sa ekonomiya ay hindi ang ating **pagkakakilanlan**, iyon ang ating **kalagayan**. Maaaring doktor ang isang tao, isang artista sa entablado, o isang lider ng bansa, ngunit ang taong iyon ay nakatayo sa harap ng Diyos

bilang nilalang ng Diyos sa imahe ng Diyos, at ang pagkakakilanlan na iyon ang pinakamahalaga.

Ang ating sekswalidad ay isang makapangyarihang bahagi ng ating kalagayan. Mayroon tayong mga sekswal na hilig, pagnanais, at pagkadismaya. Ngunit hindi ang mga bagay na ito ang ating pagkakakilanlan; ito ay bahagi ng ating kalagayan.

Ipinanganak tayong likas na makasalanan dahil ang kasalanan ni Adan ay naghiwalay sa sangkatauhan mula sa Diyos (Roma 5:18). Ngunit kahit ang ating pagkamakasalanan ay hindi ang ating pagkakakilanlan; ito ay ang ating kalagayan, at ito'y maaaring baguhin sa pamamagitan ng biyaya at kapangyarihan ng Diyos (Roma 5:19).

► Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng *pagkakakilanlan* ng isang tao at ng *kalagayan* ng isang tao?

### Pagkakakilanlan ng Tao at Personal na Etika

Ang pagkakakilanlan ay mahalaga dahil ibinabatay ng isang tao ang kanyang etika sa kanyang pagkakakilanlan. Ang etika ay ang mga prinsipyong tumutukoy sa tama o maling kilos. Kung iniisip ng isang tao na ang kanyang seksuwalidad ang kanyang pagkakakilanlan, maniniwala siya na *tamang* sundin ang kanyang mga seksuwal na pagnanasa.

Minsan, sinasabi ng isang tao na, "Ganito ako ipinanganak; natural sa akin na gawin ito; kaya hindi ito mali para sa akin." Ngunit itinuturo ng Biblia na tayong lahat ay ipinanganak na likas na makasalanan (Roma 5:12, Efeso 2:3). Hindi tama para sa atin na sundin ang ating makasalanang kalikasan dahil ito'y tila natural sa atin.

Ang ating makasalanang kalikasan ay hindi ang tunay nating pagkakakilanlan. Ang ating makasalanang kalikasan ay ang ating kalagayan. Ang ating seksuwalidad ay hindi ang ating pagkakakilanlan. Sa halip, ang pagkakakilanlan natin ay mga nilalang na ginawa sa imahe ng Diyos. Kung tatanggapin natin ang katotohanang ito, mauunawaan natin na ang Diyos ang nagtatakda kung ano ang tama at mali, at tayo ay may pananagutan sa kanya. Ang ating pagkakakilanlan ay tumutulong sa atin na maunawaan ang tamang pamantayan ng banal na pag-uugali.

► Paano nakakaapekto ang pag-unawa ng isang tao sa kanyang pagkakakilanlan sa kanyang etika?

### Tamang Pag-unawa sa Kasarian

Pamilyar tayo sa katotohanan na ang mga tao at maraming hayop ay nahahati sa lalaki at babae. Maaaring ipagpalagay din natin na ang Diyos ay lalaki o babae, pero mali iyon. Ang Diyos ay isang nilalang na may kalikasan na mas makapangyarihan kaysa sa kasarian, na umiral bago pa man umiral ang kasarian. Ang parehong kasarian ng tao ay nagmula sa imahe ng Diyos (Genesis 1:27). Ang parehong kasarian ng tao ay mga pagpapahayag ng imahe ng Diyos.

Ang larawan ng Diyos ay hindi lamang isang bahagi ng kalikasan ng tao. Ang larawan ng Diyos ay hindi lamang ilang partikular na katangian na ibinigay sa atin tulad ng kakayahang magmahal, pagpapahalaga sa kagandahan, at pag-unawa sa tama at mali. Ang buong kalikasan ng tao ay pagpapakita ng imahe ng Diyos. Walang iba kundi ang imahe ng Diyos ang maaaring ituring na esensya ng ating pagkatao. Pangunahin tayong mga nilalang sa imahe ng Diyos. Walang bahagi ng ating kalagayang pantao ang dapat payagang maging pangunahing pagkakakilanlan o batayan ng ating etika.

Ang pagpili ng Diyos ng kasarian para sa bawat tao ay bahagi ng kanyang plano kung paano ipapakita ng taong iyon ang imahe ng Diyos. May mga taong tumatanggi na tanggapin ang kasariang ibinigay ng Diyos sa kanila. Maaaring subukan nilang mabuhay bilang tao na kabaligtaran ang kasarian. May mga tao pa ngang sinusubukang baguhin ang kanilang pisikal na katawan sa pamamagitan ng pagpapaopera. Ito ay isang malupit na pinsala sa likha ng Diyos, sapagkat hindi mababago ng isang tao ang kasarian sa pamamagitan ng pagbabago ng pisikal na katawan. Bawat tao ay lalaki o babae sa kabuuan ng kanilang kalikasan - hindi lamang sa pisikal. Nais ng Diyos na tayo'y magbigay kaluwalhatian sa kanya at ipakita ang kanyang imahe sa kasarian na ibinigay niya sa bawat isa sa atin.

## Pamantayang Moral ng Diyos

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Hebreo 13:4 para sa grupo.

Sinasabi sa atin ng bersikulong ito na ang pag-asawaay dapat lubusang igalang. Ang kasalanang sekswal ay pag-aalipusta sa kasal. Huhusgahan ng Diyos ang sekswal na imoralidad.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang 1 Corinto 6:18 para sa grupo.

Kasama sa mga kasalanang sekswal ang mga malilibog na pantasya, pakikiapid, pangangalunya, incest, panggagahasa, pangmomolestiya ng bata, gawaing homoseksuwal, at paggamit ng pornograpiya.

- **Malilibog na pantasya**: Kusang pag-iisip ng gawaing sekswal kasama ng sinuman na hindi ang iyong asawa.
- **Pakikiapid**: Gawaing sekswal sa pagitan ng mga taong hindi kasal.
- **Pangangalunya**: Gawaing sekswal na kasama ang isang taong kasal sa ibang tao.
- **Incest**: Gawaing sekswal kasama ang isang malapit na kamag-anak na hindi ang iyong asawa.
- **Panggagahasa:** Sekswal na pang-aabuso, pamimilit sa isang tao na makipag-sex nang labag sa kanyang kagustuhan.

- **Pang-aabuso ng Bata**: Gawaing sekswal kasama ang isang tao na wala pa sa sapat na gulang o kakayahan upang gumawa ng naturang desisyon o kontrolin ang mga pagnanasang sekswal.
- **Gawaing Homoseksuwal**: Gawaing sekswal sa pagitan ng mga magkakaparehong kasarian.
- **Pornograpiya**: Mga sulatin, larawan, at video na idinisenyo upang magdulot ng mga reaksyong sekswal sa pamamagitan ng pagpapakita ng pagkahubad o gawaing sekswal.

Lahat ng ito ay paglabag sa relasyon ng mag-asawa.

> Tandaan—bawat kagustuhang humihikayat sa atin sa laman ay pagsasamantala sa pangangailangan na mas maibibigay ng Diyos. Ang tanging konteksto para sa makadiyos na seks ay seks sa pagitan ng mag-asawa. Ang bawal na seks ay… agad na nakasisiya, pero ito'y isang bagay na magdudulot ng lason sa ating espiritwal na kagustuhan hanggang tayo'y maghangad ng bagay na sa huli ay makakasira sa atin. Ang bawal na seks ay walang ibang magagawa kundi bawasan pa ang ating sensitibidad sa kabanalan, katuwiran, at presensya ng Diyos sa ating buhay.[17]

Sa maraming sipi, nagbabala ang Kawikaan na ang imoralidad sa sekswalidad ay sumisira sa buhay ng isang tao at humahantong sa kamatayan (Kawikaan 2:16-19 at Kawikaan 6:24-29, 32-33 bilang halimbawa).

Isinulat ni Robertson McQuilkin na

> [Ang layunin ng Diyos para sa sekswalidad ng tao] ay nilalabag sa isipan nang halos kasinglala ng paglabag ng aktuwal na gawain. Hindi Niya lamang nilikha ang lalaki at babae; nilikha Niya sila para sa isa't isa sa isang malapit, at permanenteng ugnayang mag-asawa, isang pagkakaisa na sinasalamin ang Kanyang sariling kalikasan. Para makamit ang mataas na layuning ito, ang pagiging malapit sa isa’t isa ay dapat eksklusibo at ang pangako ay dapat permanente, kung hindi, hindi ito pagkakaisa. Ang katapatan ay lalong mahalaga sa isipan. Ang eksklusibong intimacy, permanenteng commitment, at tiwala sa isa't isa ay unang nilalabag sa isipan.[18]

► Dapat basahin ng mga mag-aaral ang 1 Corinto 6:9-11, 15-20 at Mateo 5:27-30 para sa grupo.

Bawat lipunan ay may mga kultural na pananaw ukol sa mga relasyon sa pagitan ng mga lalaki at babae. Ang mga kultural na pananaw na ito ay may mas mababang pamantayan kaysa sa pamantayan ng biblikal na moralidad. Maraming kultura ang may mga tuntunin

---

[17] Gary Thomas, *Sacred Marriage* (Grand Rapids, MI: Zondervan, 2000), 210.
[18] Robertson McQuilkin, *An Introduction to Biblical Ethics,* 2nd ed. (Wheaton, IL: Tyndale House Publishers, Inc., 1995), 216.

lamang na kinakailangan para pagpapanatili ng kaayusan ng lipunan. Tinatanggap nila ang mga sekswal na kasalanan kung ito'y maingat na pamamahalaan upang maiwasan ang masasamang kahihinatnan o eskandalo. Ang biblikal na pamantayan ng moralidad ay naiiba.

Nakakalungkot na sinusunod ng ilang simbahan ang moralidad ng kanilang kultura kaysa sa moralidad ng Biblia. Pinarurusahan nila ang mga taong nagkasala nang lantaran at walang ingat, ngunit hinahayaan nila ang mga parehong kasalanan ng mga taong mas maingat na itinago ang kanilang kasalanan o nakontrol ang mga bunga nito.

Sinasabi sa atin ng mga bersikulong ito na ang mga taong gumagawa ng mga kasalanang ito ay hindi mga mananampalataya at hindi makakarating sa langit. Ang ilan sa mga mananampalataya sa Corinto ay nakagawa ng mga kasalanang ito sa nakaraan, ngunit sila'y nailigtas mula sa mga iyon.

Anumang doktrina na pumapayag sa alinman sa mga kasalanang ito para sa taong nagpapahayag na siya'y mananampalataya ay isang huwad na doktrina. Kung sinasabi ng isang tao na tagasunod siya ni Cristo ngunit gumagawa ng mga sekswal na kasalanan, inuutusan ng Kasulatan ang iglesia na alisin siya sa iglesia at huwag ituring na mananampalataya (1 Corinto 5:11-13).

Ang mga lider ng simbahan ay dapat magbigay ng mabuting halimbawa sa kanilang pag-uugali. Kapag pinapayagan ng isang simbahan ang mga lider sa pagsamba na magdamit nang hindi maayos o pinapayagan ang mga sensuwal na uri ng sayaw sa simbahan, ito'y nagpapahiwatig na normal lang ang mga maling pagnanasang sekswal. Nagpapahiwatig ito na ang kasalanang sekswal ay hindi malubha.

Maaaring ipahiwatig ng estilo ng pananamit ng isang lipunan na ang isang tao ay hindi maayos na nakadamit kung hindi nagpapakita ng katawan para sa sekswal na pang-aakit. Minsan, ang mga miyembro ng simbahan ay nahuhulog sa pagkakamaling ito, lalo na sa mga espesyal na okasyon. Iniisip nila na hindi sila maayos na nakadamit maliban kung sinusunod nila ang uso sa lipunan. Dapat ituro ng simbahan na mali ito. Hindi dapat gustuhin ng isang mananampalataya na magdulot ng maling pagnanasa sa iba. Sinasabi sa 1 Timoteo 2:9-10 na ang mga mananampalataya ay dapat magdamit at kumilos nang naaayon sa paraan na alam ng sinumang nakakita sa kanila na sila'y namumuhay nang maingat at dalisay at hindi handa na magkasala o manukso ng iba para magkasala.

## Pornograpiya

Ang pornograpiya ay mga sulatin, larawan, o mga video na idinisenyo upang magdulot ng mga sekswal na reaksyon sa pamamagitan ng pagpapakita ng paghuhubad o gawaing sekswal.

Pinapadali ng internet ang access sa pornograpiya sa buong mundo. Maraming mas matandang pastor at lider ang hindi nakaranas ng parehong mga tukso dahil wala pa noong

internet noong kanilang kabataan. Maaaring hindi nila gaanong nauunawaan ang kinakaharap ng mas batang henerasyon. Ngunit dapat turuan ang mga tao na gamitin ang mga prinsipyong biblikal sa kanilang mga pinipiling libangan.

**Mali ang pornograpiya** sapagkat ito ay idinisenyo upang udyukan ang isang tao na mag-isip ng mga gawain ng pakikiapid, pangangalunya, at maraming uri ng sekswal na kabuktutan. Ito'y kaakit-akit sa taong may mga makasalanang pagnanasa. Inaanyayahan at pinahihintulutan ng pornograpiya ang isang tao na lumahok sa mga imoral na gawain na kinukundena ng Diyos. Sinabi ni Jesus na kasalanan ang pagpili na isipin ang mga bagay na ito (Mateo 5:28).

Mali rin ang pornograpiya dahil ito ay nagpapababa ng halaga ng mga tao at relasyon. Ibinababa nito ang seks sa isang makasariling aktibidad. Tinatrato nito ang mga tao na parang mga bagay na magagamit para sa personal na kaligayahan sa halip na pahalagahan ang mga tao bilang nilalang sa imahe ng Diyos, na idinisenyo para sa malulusog na relasyon.

**Ang pornograpiya ay nakakaadik**. Ang pornograpiya, tulad ng kasalanan sa pangkalahatan, ay nakabibihag (Juan 8:24, 2 Pedro 2:19). Ang taong gumagamit ng pornograpiya ay nakakaramdam ng matinding pangangailangan para dito. Halos hindi niya maisip ang mabuhay nang walang ito. Sa kanya, tila magiging walang saysay at hindi nakakatuwa ang buhay kapag wala ang mga imahinasyon na nakukuha niya mula sa pornograpiya. Tulad ng iba pang adiksyon, ang lalamunin ka ng pagnanasa, at magsisimulang isakripisyo ng gumagamit ang mga magagandang bagay sa kanyang buhay.

**Ang pornograpiya ay lumalala**. Kailangan ng gumagamit ang materyal na mas mahalay at bulgar. Magsisimula siyang masiyahan sa mga imahinasyon na dating ikinasusuklam at ikinakabahala niya.

**Ang pornograpiya ay nakakasira.** Nababawasan ang kakayahan ng gumagamit na masiyahan sa normal na relasyon. Ang kanyang mga pagnanasa ay nagiging sobrang hindi natural, na hindi na siya masiyahan kahit kailan. Nagiging insensitibo siya sa pagmamalupit sa iba at handang pagdusahin ang iba para sa kanyang kaligayahan.

> "Gusto ni Satanas na 'nakawin, patayin, at sirain' (Juan 10:10) ang iyong sekswal na kasiyahan, at pornograpiya ang kanyang piniling kasangkapan. Ang pornograpiya ay nangangako ng sekswal na kasiyahan, ngunit sa totoo lang, inaalis nito ang kakayahan natin na tamasahin 'yong totoo."
> -Ang Laban para sa Kalayaan

### Mga Ilang Epekto ng Pornograpiya

Ang pag-iisip sa mga aksyong ipinakikita sa pornograpiya ay nakakaapekto sa isipan at katawan ng mga manonood na parang sila mismo ang gumagawa ng mga aksyong ito.

Nagpapakita ang pornograpiya ng mga hindi makatotohanang sitwasyon na nagiging sanhi para magkaroon ang utak ng mas malalakas na tugon sa kasiyahan kumpara sa anumang

natural na pakikipagtatalik.[19] Ang utak ay umaangkop sa hindi makatotohanang mataas na antas ng kemikal ng kaligayahan. Dahil dito, patuloy na naghahanap ang utak ng mas maraming pornograpiya, at mas mahalay na pornograpiya para mapanatili ang kaligayahan ng mga manonood. Ang mga pagbabago sa kemikal sa utak ay maaaring humantong sa kawalan ng kakayahan ng isang tao na magkaroon o tamasahin ang natural at totoong sekswal na karanasan. Ang bahagi ng utak na nagpapahintulot sa atin na magdesisyon ay nasisira din dahil sa sobrang dami ng kemikal ng kaligayahan.

Dinisenyo ng Diyos ang mga karanasang sekswal para pagtibayin ang mga relasyon. Pinag-iisa sa emosyon at pinagtitibay ang relasyon ng mag-asawa ang hormone na lumalabas sa utak kapag nakikipagtalik. Ito ay kahanga-hangang biyaya sa loob ng pag-aasawa. Gayunpaman, ang panonood ng pornograpiya ay emosyonal na nagtatali sa manonood sa mismong pornograpiya.

Ang pagkakakonsensya at kahihiyan dahil sa paggamit ng pornograpiya ay naghihiwalay sa mga tao, at pumipigil sa kanilang makakonekta sa ibang tao sa malulusog na relasyon. Sinisira din nito ang tiwala sa loob ng relasyong mag-asawa.

Dahil nagdudulot ito ng hindi balanseng kemikal sa utak, ang paggamit ng pornograpiya ay maaaring magdulot ng mental depression para sa tagapanood.

Ang mga eksena na ipinakikita sa pornograpiya ay maaring humantong sa karahasan at pang-aabuso sa mga totoong relasyong sekswal.

Dapat balaan ng mga Pastor at magulang ang mga kabataan tungkol sa panganib ng pornograpiya. Hindi dapat bigyan ng mga magulang ang kanilang mga anak ng walang limitasyong access sa internet kapag wala pa itong sapat na maturity upang labanan ang tukso. Ang sinumang natutukso na gumamit ng pornograpiya ay dapat sabihin ang mga tagumpay o kabiguan sa isang mapagkakatiwalaan at maka-Diyos na tao. Ang mga regular na checkup sa isang mas may karanasang mananampalataya ay makakatulong sa taong nahihirapang mapanatili ang kanilang pangako sa pagkadalisay at patuloy na magtagumpay.

► Anu-anong pamamaraan ang mairerekomenda mo sa mga tao upang matulungan silang protektahan ang kanilang sarili mula sa adiksyon sa pornograpiya? Paano makakatulong ang simbahan?

## Pang-aabuso sa mga Bata/Panggagahasa

Ang pang-aabuso sa mga bata ay pagkakaroon ng gawaing sekswal kasama ng isang bata. Ito ay baluktot na uri ng seks. Ito ay masama sa maraming dahilan, kabilang ang:

[19] Lahat ng impormasyon sa talata na ito at sa susunod na apat na talata ay kinuha mula sa https://thefreedomfight.org, isang inirerekomendang resource na nakabatay sa Bibliya para sa mga nagnanais na lumaya mula sa pagkaadik sa paggamit ng pornograpiya.

- Ito'y labag sa mabubuting intensiyon ng Diyos para sa sekswalidad sa loob ng kasunduan ng pag-aasawa (Hebreo 13:4).
- Inaalis nito ang pagkainosente ng bata – may karanasan na ang bata sa mga bagay na hindi pa nila dapat malaman.
- Inaalisan nito ng virginity ang bata (1 Tesalonica 4:3-7).
- Nagbibigay ito sa bata ng maling damdamin ng pagkakasala; ang bata ay nasa maling gawain ngunit wala siyang magawa o hindi siya pinapayagang tumanggi.
- Dahil dito, napipilitan ang bata na gumawa ng mga desisyon tungkol sa sekswalidad na wala pa siyang sapat na maturity na gawin.
- Dahil dito, mas malamang na pumili ang bata ng imoral na asal sa hinaharap dahil pakiramdam nila ay marumi o wala silang halaga (Mateo 18:6).
- Pinapatindi nito ang tukso para sa bata na makisangkot sa baluktot o mapang-abusong gawain sa hinaharap.
- Inaabuso nito ang mga taong madaling pagsamantalahan at hindi kayang ipagtanggol ang kanilang sarili.
- Nakakapinsala ito sa nilikha sa imahe ng Diyos, na walang katapusan ang halaga (Genesis 1:27).

Minsan, ang pang-aabuso sa mga bata ay nangyayari sa mga pamilya at sa mga kaibigan. Maaaring hindi ito maisip dahil ang mga miyembro ng pamilya at mga kaibigan ay pinagkakatiwalaan, at natatakot ang bata na sabihin sa kahit na sino ang nangyari.

Ang panggagahasa ay pisikal na pamumuwersa sa isang tao (bata man o matanda) na gumawa ng sekswal na gawain nang wala ang kanilang pahintulot. Ang panggagahasa ay masama dahil sa maraming parehong dahilan na ang pang-aabuso sa mga bata ay masama (Deuteronomio 22:25-27).

Isa pang uri ng pang-aabusong sekswal ang sex trafficking. Sa buong mundo, mga bata at kabataan ay kinikidnap ng mga hindi nila kakilala o ibinebenta ng kanilang mga kapamilya at ginagamit para sa prostitusyon o sa paggawa ng pornograpiya. Minsan, ang mga pamilyang mahihirap ay hindi nagagawang protektahan ang kanilang mga anak mula sa masamang negosyong ito dahil sa kanilang desperasyon sa pera. Mayroong kumikita, ngunit ang mga bata ay hindi lamang pisikal na nasasaktan, kundi lubos na nasasaktan sa kanilang pag-iisip at damdamin. Ito ay makasalanang pagsasamantala sa mahihirap at madaling pagsamantalahang tao na huhusgahan ng Diyos (Kawikaan 14:31).

Ang mga kasalanang ito laban sa mga bata ay labis na ikinalulungkot ng Diyos (Mateo 18:10-14, Awit 146:7-9). Ang mga gumagawa ng mga kasalanang ito ay hindi makakaligtas sa parusa (1 Tesalonica 4:6, Ezekiel 7:8-9). Ang mga mananampalataya ay dapat

magkaroon din ng pagmamahal at habag na nasa puso ng Diyos at sikaping ipagtanggol, iligtas, at pagalingin ang mga naaapi (Kawikaan 24:11-12, Job 29:12-16, Awit 72:12-14).

## Pagpaparaos

Ang pagpaparaos o masturbation ay ang pag-stimulate sa sariling ari para sa sekswal na kaligayahan o upang maibsan ang sekswal na tensyon.

Hindi lantarang kinukundena ng Biblia ang pagpaparaos bilang imoral. Gayunpaman, ang pagpaparaos ay maaaring humantong sa mga makamundong pag-iisip, paggamit ng pornograpiya, at pakikiapid, na lahat ay mga kasalanan (Mateo 5:27-28, Mateo 15:19-20).

Hindi rin matalino ang pagpaparaos o masturbation dahil nakakaadik ito: mas madalas mo itong gawin, mas mararamdaman mong kailangan mo itong gawin.

Minsan, ang di-mapigilang pagpaparaos o masturbation ay nakaugat sa mas malalim na usapin, tulad ng mga problemang emosyonal o relasyonal, o mga nakaraang sekswal na pang-aabuso.

► Dapat basahin ng mga mag-aaral ang 1 Corinto 6:12-13, 18-20 at 1 Tesalonica 4:1-8 para sa grupo.

Dinisenyo ng Diyos ang pisikal na pagkakaisa sa pag-aasawa upang tulungan ang emosyonal at espirituwal na pag-kakaisa ng mag-asawa (1 Corinto 6:16-20, Malachi 2:15).

> Marami… ang nag-aakala na ang pagpaparos o masturbation ay makakatulong sa kanila na malampasan ang pagiging single hanggang sila ay magpakasal. Pero hindi nila naiisip na kapag nakasanayan nila itong gawin, maaari nitong sirain ang kagandahan at tamis ng pakikipagtalik sa iyong asawa sa hinaharap.
>
> Ang pagpaparaos ay nagbibigay ng karanasan sa sekswalidad nang wala ang mahalagang layunin ng seks: ang pag-iisa ng dalawang tao upang maging iisang laman, sa paraang pisikal at emosyonal… Hindi dapat gamitin ang pagpaparaos o masturbation bilang kapalit ng malusog at normal na gawaing sekswal sa pag-aasawa.[20]

Ano ang dapat gawin ng isang taong wala pang asawa kung ang problema nila sa buhay ay pagpaparaos o masturbation? Kahit ang isang tao ay nagpaparaos lamang upang maibsan ang sekswal na tensyon, pinakamainam pa ring iwasan ito, dahil sa mga tuksong kaakibat nito at dahil hindi natutupad ng pagpaparaos ang mga layunin ng Diyos para sa sekswalidad.

Kung mayroong anumang uri ng imoralidad sa kanilang buhay, dapat nila itong aminin at iwasan. Dapat regular at madalas silang magbigay ng ulat tungkol sa kanilang mga

[20] Dr. Tim Clinton and Dr. Diane Langberg, *The Quick-Reference Guide to Counseling Women*, (Grand Rapids, MI: Baker Books, 2011), 185.

tagumpay at kabiguan sa isang maka-Diyos at mas matandang tagapayo na magdarasal at magbibigay ng payo para sa kanila.

Kung ang pagpaparaos ay bunga ng mga emosyonal o relasyonal na problema o mga naranasang sekswal na pang-aabuso, angkop ang humingi ng counseling mula sa isang propesyonal na Kristiyanong counselor.

### Ang Sinasabi ng Bibliya Tungkol sa Gawaing Homosekswal

Dinisenyo ng Diyos ang kasal upang maging panghabang-buhay at nakatuon na relasyon sa pagitan ng isang lalaki at isang babae. Nakita ng Diyos na kailangan ni Adam ng katuwang (Genesis 2:18). Ang salitang katuwang ay nangangahulugang taong katumbas ng isa pa, na nagiging katulong sa pamamagitan ng pagiging magkaiba sa makabuluhang paraan. Nilikha ng Diyos ang isang babae at hindi isa pang lalaki na maging katuwang ni Adan (Genesis 2:22). Ang pagtatapos ng kuwento ng paglikha ay nagbibigay ng pangkalahatang prinsipyo ng pag-aasawa para sa lahat ng tao – sa pag-aasawa, ang isang lalaki at isang babae ay naging isa sa isang natatanging paraan (Genesis 2:24).

Nagsalita si Jesus tungkol sa disenyo ng Diyos para sa pag-aasawa (Mateo 19:4-6). Tinukoy niya ang sipi sa Genesis at sinabi na ang isang lalaki at babae ay nagsasama upang maging isa sa isang natatangi at permanenteng relasyon.

Maraming pahayag si Apostol Pablo tungkol sa pag-aasawa. Sinabi niya na ang kasal ay isang ilustrasyon na nagtuturo sa atin tungkol sa relasyon sa pagitan ni Cristo at ng iglesia (Efeso 5:22-33). Sa buong sipi ng Efeso, nagpahayag siya tungkol sa relasyon sa pagitan ng mga lalaki at kanilang mga asawa. Binalikan niya ang pahayag mula sa Genesis at Mateo tungkol sa espesyal na relasyon sa pagitan ng isang lalaki at ng kanyang asawa (Efeso 5:31). Maliwanag sa siping ito na ang pag-aasawa ay relasyon sa pagitan ng isang lalaki at isang babae.

Sa aklat ng Levitico, ibinibigay ang mga detalyadong aplikasyon ng batas ng Diyos sa Israel. Ipinapahayag nito na ang pakikipagsiping ng isang lalaki sa isa pang lalaki tulad ng sa isang babae ay kasuklam-suklam na bagay (Leviticus 18:22). Ang parusa para sa gawaing homoseksuwal ay kamatayan para sa parehong kalahok, dahil pareho silang gumawa ng kasuklam-suklam na bagay (Levitico 20:13).

Minsan, sinasabi ng ibang tao na hindi na naaangkop ang Levitico sa mga modernong tao. Totoo na may ilang utos sa Levitico na may seremonyal na kahulugan. Gayunpaman, ang mga utos sa Levitico 18-20 ay nagbabawal din ng iba pang mga sekswal na kababalaghan tulad ng pakikipagtalik sa malalapit na kamag-anak, pakikipagtalik sa mga hayop, at prostitusyon ng anak na babae. Ipinagbabawal ng iba pang mga utos sa mga kabanatang ito ang pag-aalay ng anak, pagnanakaw, pagsamba sa mga idolo, pang-aabuso sa mga bingi o bulag, pang-aapi sa mahihirap, pang-aapi sa mga dayuhan, at paggamit ng mga pekeng na timbangan. Maliwanag na ang mga utos na ito ay mga aplikasyon ng mga

pamantayan ng Diyos sa moralidad at katarungan na naaangkop sa lahat ng tao sa lahat ng lugar para sa lahat ng panahon.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Roma 1:18-32 para sa grupo.

Ang siping ito ay nagsisimula sa pahayag na ang hatol ng Diyos ay darating sa lahat ng taong malinaw na sumusuway sa Diyos. Sinasabi ng siping ito na matapos talikuran ng mga tao ang kaalaman tungkol sa iisang totoong Diyos, ang Lumikha, sila ay nagiging idolatrous, at sumasamba ng mga bagay. Ang kanilang pagtanggi sa katotohanan ay humantong sa mga sekswal na kasalanan, at umabot sa punto ng gawaing homoseksuwal. Sinasabi ng sipi na ang pagtatalik sa pagitan ng mga taong may parehong kasarian ay labag sa natural na kalagayan. May ilang nagsasabi na ang siping ito ay tumutukoy sa panggagahasang homoseksuwal, ngunit sinasabi ng sipi na ang mga tao ay magkasamang gumawa ng mga maling bagay at tinanggap ang hatol para dito, kaya tinutukoy nito ang kusang-loob na paglahok sa gawaing iyon. Binabanggit ng sipi ang maraming uri ng kasalanan at inilalarawan ang ugali ng pagsuway laban sa Diyos.

Ipinailalim ng Apostol Pablo ang gawaing homoseksuwal sa iba pang mga kasalanan na kinukundena ng Diyos (1 Corinto 6:9-10, 1 Timoteo 1:9-10).

## Ang Mga Responsibilidad ng Simbahan

May ilang simbahan na nahihirapang makahanap ng paraan upang ipakita ang pagmamahal sa mga taong nasa pagkakasala sa sekswalidad. May mga simbahan na pinapalampas ang iba't ibang anyo ng kasalanang sekswal bilang normal, natural, at hindi maiiwasan.

► Ano ang ilang responsibilidad ng simbahan tungkol sa mga usapin sa sekswal na moralidad?

### Pagtuturo at Pagmamahal sa Katuwiran

Minsan, ang simbahan ay tila hindi masyadong nababahala sa mga uri ng sekswal na imoralidad na iniisip nilang hindi gaanong nakasasama at hindi gaanong mahalay. Halimbawa, maaaring inaakala nila na maraming kabataang hindi pa kasal ang magkakaroon ng mga gawaing sekswal sa halip na turuan sila na magtagumpay laban sa tukso. Dapat itaguyod ng mga mananampalataya ang pamantayan ng Diyos para sa banal na pamumuhay at ireserba ang gawaing sekswal para sa kanilang magiging asawa.

Ang mensahe ng simbahan ay dapat katulad ng mga pahayag sa Biblia. Huhusgahan ng Diyos ang mga taong nagkakaroon ng gawaing sekswal sa labas ng pag-aasawa (Hebreo 13:4). Hindi dapat hangaan ng mga mananampalataya ang isang tao para sa imoral na gawaing sekswal. Hindi dapat magbiro ang mga tagasunod ni Cristo tungkol sa sekswal na imoralidad. Itinuturo ng mundo na ang sekswal na kasalanan ay dapat maingat na pangalagaan upang maiwasan ang pagbubuntis at sakit, ngunit mas mahalaga ang mensahe ng simbahan. Dapat ituro ng simbahan na ang sekswal na kasalanan ay

nagdudulot ng kalungkutan, nakakasira ng mga pamilya, mas matinding tukso at kawalan ng kasiyahan, at pagkakakonsensiya.

**Pagpapakalat ng Ebanghelyo**

Dapat mahalin ng simbahan ang lahat ng makasalanan at mag-alok ng biyaya at pagpapatawad ni Cristo.

Hindi kasalanan ang makaranas ng tukso; kahit si Cristo ay natukso, subalit walang kasalanan (Hebreo 4:15). Hindi dapat iparamdam ng simbahan kinukundena at walang pag-asa ang isang tao dahil sa mga tukso, kahit ang mga tuksong gumawa ng mahahalay na gawaing sekswal. Hindi pare-pareho ang maling pagnanasa para sa lahat, ngunit ang lahat ay ipinanganak na likas na makasalanan at may mga espiritwal na kahinaan na nagdudulot ng mga maling pagnanasa.

Maaaring maramdaman ng isang pastor na hindi siya espesyal na sinanay para tulungan ang isang tao na may mga maling pagnanasa, ngunit maaari niyang payuhan at tulungan ang isang tao na may ganitong problema tulad ng isang tao na may ibang kasalanan. (Ang dalawang huling bahagi ng araling ito ay nag-aalok ng karagdagang espesyal na payo para tulungan ang mga mananampalataya na magtagumpay laban sa tukso ng kahalayan.)

► Paano dapat tumugon ang simbahan kapag nakagawa ang kasamahan sa simbahan ng sekswal na imoralidad?

**Pagpapanumbalik sa Makasalanan**

Nakasaad sa Galacia 6:1 na dapat subukan ng iglesia na ibalik sa dating kalagayan ang isang miyembro na nagkasala. Ito ay hindi nangangahulugan na dapat panatilihin ang isang tao sa isang posisyon sa ministeryo o agad na tanggapin ulit sa isang posisyon sa ministeryo matapos niyang magkasala. Ang pagbabalik-loob ay nangangahulugan na tanggapin siya ulit sa kapatiran at pag-aalaga ng iglesia. Kung tunay na nagsisisi ang miyembro, pinapatawad siya ng Diyos at ng iglesia. Ang iglesia ay dapat magbigay ng espiritwal na pananagutan upang tulungan siyang mapanatili ang tagumpay at maging matatag sa aspetong espirituwal. Habang ang isang naibalik na mananampalataya ay namumuhay na may pananagutan, maaari niyang unti-untiing ibalik ang tiwala ng kanyang pamilya sa pananampalataya.

Kapag ang isang dalagang hindi kasal ay nabuntis, hindi siya dapat tanggalin ng iglesia sa pagkakapatiran at pag-aalaga ng iglesia nang hindi sinisikap ang espirituwal na pagbabalik-loob. Kung siya ay nagsisisi at nagpapailalim sa espirituwal na pananagutan, mapapatawad siya. Hindi mas masama ang kanyang kasalanan kaysa sa kasalanan ng lalaki na kasangkot. Minsan, ang babae ay tinatrato nang masama dahil nakikita nang husto ang mga bunga ng kanyang kasalanan.

Sa ilang lugar, may mga iglesia na iba ang pagtrato sa bata dahil isinilang ito sa labas ng pag-aasawa, pero mali iyon dahil hindi kasalanan ng bata iyon. Ang pagmamahal at

pagtanggap ng iglesia sa bata ay hindi nangangahulugan na pinapalampas nila ang kasalanan.

### Pagprotekta sa mga Madaling Pagsamantalahan

Sa ilang lipunan, ang mga magulang na nahihiya dahil sa pagbubuntis ng kanilang anak na hindi pa kasal ay natutuksong patayin ang sanggol sa sinapupunan upang iligtas ang reputasyon ng kanilang pamilya. Ngunit walang makatarungang dahilan para sa pagpatay (Exodo 20:13). Bawat sanggol sa sinapupunan ay nilikha sa imahe ng Diyos (Genesis 9:6, Awit 139:13-14). Ang sanggol ng dalaga ay dapat protektahan, mahalin, at alagaan.

### Pagbibigay ng mga Alternatibo sa Kahirapan

Ang simbahan ay isang pamilya ng pananampalataya. Hindi sapat na kundenahin ng simbahan ang mga kasalanan. Dapat alagaan ng simbahan ang kanyang mga miyembro. Halimbawa, ang isang tao na sinusuportahan sa usaping pinansyal sa pamamagitan ng masasamang gawain ay maaaring mangailangan ng tulong upang magkaroon ng alternatibong pinansyal na suporta.

Halimbawa, ilang babae ang dumadalo sa isang malaking simbahan at kumakanta sa choir. Mahirap ang kanilang mga pamilya. May mga imoral na relasyon ang mga babae sa mga lalaki upang kumita ng pera at makatulong sa kanilang mga pamilya. Ano ang dapat gawin ng simbahan sa ganitong sitwasyon?

► Ano ang dapat gawin ng inyong simbahan upang tulungan ang mga tao na iwanan ang mga makasalanan nilang pamumuhay?

## Tulong para sa Lumalaban ng Tukso

Napag-usapan natin ang mga mahihirap na paksa sa araling ito. Malamang na marami sa mga nagbabasa ng aralin ay nahirapan sa ilan sa mga isyung ito. May ilang mambabasa na mga lider ng simbahan na kailangang malaman kung paano magpayo sa iba pang mga mananampalataya na nahaharap sa mga tukso.

Anuman ang uri ng tukso, may mga tiyak na kilos at pamamaraan ng pag-iisip na makakatulong para magtagumpay ang isang mananampalataya.

Ang tagasunod ni Cristo ay matutulungan sa pamamagitan ng:

1. **Pagiging ganap na matapat sa iyong relasyon kay Cristo** (Mateo 16:24-27). Ang tukso sa imoral na seks, katulad ng lahat ng tukso, ay pagsalakay ni Satanas sa iyong kaluluwa (1 Pedro 2:11). Gusto niya lamang magnakaw, pumatay, at manira (Juan 10:10). Kailangan mong lumayo at iligtas ang iyong buhay (2 Timoteo 2:22).

2. **Magkaroon ng tiwala na si Jesus ay nagmamalasakit (Awit 139:1-3, 1 Pedro 5:6-10).** Siya ay nagmamalasakit sa iyong pananampalataya, iyong mga pangangailangan sa katawan, at sa iyong pagkadalisay. Sa kanyang pagiging tao,

matagumpay niyang nalampasan ang mga pisikal at mental na tukso na ating kinakaharap, at nasa kanya ang biyayang kailangan natin upang maging matagumpay (Hebreo 4:14-16).

3. **Hindi paniniwala sa mga kasinungalingan ng demonyo (Juan 8:44).** Maaaring sabihin ng demonyo sa iyo, "Walang malasakit si Jesus, dahil kung mayroon, inalis na niya sana ang libog na labis na nakakabahala sa iyo." Sinasabi sa 1 Pedro 5:7-8 na may pakialam si Jesus, at ang demonyo ang gustong manira sa atin. Maaaring maling akusahan ka ng demonyo na makasalanan dahil sa pagkakaroon ng mga sekswal na pagnanasa (Apocalipsis 12:10).
4. **Pagtuon kay Jesus mismo at pagpuri sa kanyang katauhan (Awit 105:3-4)**. Gusto ng demonyo na sirain ang iyong pananampalataya at relasyon sa Diyos sa pamamagitan ng pagsubok na ito (Juan 10:10). Ngunit ang layunin ni Jesus para sa pagsubok na ito ay patatagin ang iyong pananampalataya, at magiging mas magaling kang magbigay ng kaluwalhatian sa kanya (1 Pedro 1:5-9). Kapag tumuon ka sa pagsamba kay Jesus, sasamahan at tutulungan ka niya (Awit 46:1).
5. **Pagmumuni-muni sa Salita ng Diyos (Awit 119:9).** Ang pagbabasa, pakikinig, at pagmumuni-muni sa Salita ng Diyos ay makakatulong sa iyo na manatiling matagumpay sa panahon ng tukso. Noong natukso si Jesus, ginamit niya ang kasulatan upang magtagumpay (Mateo 4). Dapat ganoon din ang gawin natin.
6. **Pasasalamat kay Jesus para sa iyong mga sekswal na pagnanasa, kahit habang nagdarasal para sa tatag para malabanan ang tukso (2 Corinto 12:7-9)**. Maaari kang magpasalamat para sa iyong likas na mga pagnanasa, sapagkat bahagi iyon ng disenyo ng Diyos sa iyong pagkatao at napipilitan ka dahil dito na umasa kay Jesus at humingi ng kanyang lakas. Ang iyong kahinaan ay nagbibigay ng pagkakataon na mag-mature habang nakakasama siya.
7. **Ang pagkakaroon ng pananagutan sa isang ganap at maka-Diyos na tao (Galacia 6:2**). Malaki ang maitutulong ng pagiging bukas at tapat sa isang tao (magkaparehong kasarian) na mas malayo na sa kanilang paglalakbay sa pananampalataya. Maipagdadasal ka nila at mabibigyan ka nila ng payo. Ang pakikipag-usap sa kanila tungkol sa iyong mga problema ay makakatulong sa iyo na mapanatili ang pagkadalisay at tatag ng iyong pananampalataya.
8. **Paglilingkod sa iba at pagtuon sa kanilang mga pangangailangan (Filipos 2:3-5)**. Labanan ang labis na pag-aalala sa iyong mga pangangailangan at pagnanasa sa pamamagitan ng paglilingkod sa ibang tao.
9. **Pagpapakasal sa tamang tao sa oras ng Diyos (Kawikaan 5:15, 18-19)**. (Tatalakayin sa mga susunod na aralin kung paano maging matalino sa pagdedesisyon pagdating sa pag-aasawa.)

► Alin sa mga ideya na ito ang bago sa iyo? Alin dito ang naging makabuluhan sa iyong buhay?

► Ano pang mga ugali o mga kaisipan ang nakatulong sa iyo?

## Moral na Pagkadalisay bago ang Kasal o Pag-aasawa

Ang mga kabataang ay nahaharap sa matitinding tukso bago sila ikasal. Mahalaga na tandaan nila na kailangan nila ng makakasama sa buhay na magiging tapat.[21] Hindi nila dapat isiping makipagrelasyon sa isang tao na nagnanais ng pansamantalang kaligayahan nang walang kasal. Hindi nila dapat isiping magkaroon ng relasyon sa isang tao na hindi tapat na mananampalataya (1 Corinto 7:39). Dapat isaalang-alang lamang nila ang isang tao na magiging tapat na asawa at mabuting magulang.

Ang isang kabataang naghahangad ng magandang pagsasama sa pag-aasawa ay dapat maging tapat at tapat na tagasunod ni Cristo upang mabighani ang nararapat na tao (Kawikaan 3:4-8). Nagpapakita ang isang tao ng mabuting karakter sa tamang asal at disenteng pananamit (1 Timoteo 2:9-10). Ang mga taong walang-ingat sa kanilang asal kasama ng mga taong may ibang kasarian ay nagpapahiwatig na handa silang magkaroon ng relasyon na nakabatay sa maling mga pagnanasa (1 Tesalonica 4:1-7). Ang isang tao na nagsusuot ng damit na nagdudulot ng maling pagnanasa ay nakakaakit ng tao na gusto ng kaligayahan nang walang commitment (Kawikaan 7).

Ibinigay ng Diyos ang mga magulang, pastor, at iba pang mga Kristiyanong lider upang magbigay ng patnubay sa asal, pananamit, at pagpili ng relasyon. Kapag sumusunod ang mga kabataan sa mga lider na ito bilang pagsunod sa Diyos, magkakaroon sila ng pinakamalalaking pagpapala ng Diyos at magiging protektado sila mula sa maraming panganib at tukso.

► Dapat basahin ng mga mag-aaral ang 1 Pedro 5:5 at Hebreo 13:17 para sa grupo.

Responsibilidad ng mga anak at mga kabataan na magpailalim sa karunungan at pamumuno ng kanilang mga magulang at mga espirituwal na awtoridad. Responsibilidad ng mga lider na ito na tulungan ang mga kabataan na maging matagumpay laban sa tukso.

► Dapat basahin ng mga mag-aaral ang Roma 13:14 at 1 Corinto 10:13 para sa grupo.

Hindi pinapayagan ng Diyos na matukso ang mga mananampalataya nang higit sa kaya nilang labanan at takasan **kung** handa sila. Responsibilidad ng mga kabataan na takbuhan ang tukso (2 Timoteo 2:22). Gayunpaman, dapat pigilan ng mga magulang na makaranas ang kanilang mga anak ng mga hindi kinakailangang tukso sa abot ng kanilang makakaya. Mayroong hindi bababa sa tatlong paraan kung paano ito ginagawa ng mga magulang:

---

[21] Tingnan ang Kawikaan 31:11-12, 1 Timoteo 3:11-12, Malachi 2:14-16, at Kawikaan 2:16-17.

1. **Sa pamamagitan ng pagbibigay ng partikular na mga tagubilin** tungkol sa kung ano ang dapat at hindi dapat gawin ng mga bata, sino ang dapat nilang makasama, at saan sila dapat pumunta (Efeso 6:1-4). Hindi dapat payagan ng mga magulang na mapunta ang kanilang mga anak sa mga sitwasyon kung saan hindi sapat ang kanilang maturity para maprotektahan sila laban sa tukso. Halimbawa, kung magkasama ang isang binata at isang dalaga na sila lang sa pribadong lugar, malamang na matukso silang gumawa ng mali.
2. **Sa pamamagitan ng pagtitiyak na may pananagutan ang kanilang mga anak sa mga larangan ng tukso**. Dapat magdasal ang isang magulang kasama ang mga kabataang iyon at magtanong tungkol sa buhay nila. Ang epekto ng pananagutan ay magdedepende sa tatag ng relasyon sa pagitan ng magulang at anak. Kung hindi tiwala ang anak sa magulang na maging mapagmahal, bukas, at sumusuporta, hindi ito magiging handa na aminin ang anumang pagkukulang.
3. **Sa pamamagitan ng pagbibigay ng biblikal na payo sa kabataan**. Dapat tulungan ng mga magulang ang kanilang mga anak na matutunan ang pag-iisip sa mga sitwasyon habang isinasaalang-alang ang mga prinsipyong biblikal (Kawikaan 4:1-9, Kawikaan 7:1, 4-5). Dapat nilang pag-usapan kasama ng mga kabataan ang mga panganib na kanilang nakikita. Dapat tulungan nila ang kanilang mga anak na isipin ang mga iba't ibang pagpapasya na kanilang gagawin. Maaari nilang tulungan ang kanilang mga anak na mag-isip nang maaga kung paano iiwasan ang tukso at kung ano ang gagawin kapag sila'y nahaharap sa mga tukso.

Ang simbahan ay dapat magkaroon ng pagkakaiba mula sa kultura nito kapag ipinagtatanggol nito ang moralidad ng Biblia. Para sa maraming kultura, hindi malubha ang sekswal na kasalanan. Inaasahan nila na ang mga hindi pa kasal na kabataan ay magkakaroon ng sekswal na relasyon bago magpakasal. Dapat hindi hayaan ng simbahan ang kasalanan. Hindi dapat ipagpalagay ng simbahan na normal ang kasalanang sekswal sa mga kabataan. Sinasabi ng Diyos na ang mga imoral ay walang bahagi sa kaharian ni Cristo (Efeso 5:5).

► Paano makakatulong ang simbahan sa mga kabataang nahihirapan sa mga tukso ng mundo?

► Dapat basahin ng mga mag-aaral ang Efeso 5:3-7 at Hebreo 13:4 para sa grupo.

Ang panahon ng pagkakaroon ng relasyon bago ang kasal ay hindi panahon para magsimula ng sekswal na relasyon. Ito'y panahon kung saan dapat tiyakin ng lalaki at babae na pareho sila ng espirituwal at biblikal na prayoridad. Ito ang panahon kung kailan nagkakaroon sila ng pang-unawa sa isa't isa, na nagpapahintulot sa kanilang sapat na magtiwala sa isa't isa, upang gumawa ng permanenteng pangako sa isa't isa. Kapag hindi nila kayang magtiwala sa pagkatao ng bawat isa, dapat nilang tapusin ang relasyon at hindi ituloy ang kasal.

Sa ilang lipunan, inaantala ng mga tao ang kasal dahil inaasahan ng kanilang kultura na ang kasal ay dapat maging masalimuot at mamahaling seremonya. Madalas, ang mga magkasintahan ay nagsasama nang ilang taon at may mga anak na habang inaantala ang kasal. Para sa ilang magkasintahan, ang gastusin sa pagpapakasal ay nagbubunga ng matagal na problemang pinansiyal dahil inuubos nila ang lahat sa kasal at maaari pa silang mangutang. Ang simbahan ay dapat maging komunidad ng pananampalataya na nagbibigay ng ibang modelo ng kasal. Ang Kristiyanong kasal ay para sa lalaki at babaeng tapat sa isa't isa at sa Diyos, at hindi dapat mangailangan ng malalaking gastusin na mag-aantala ng kasal o makakasama sa kinabukasan ng magkasintahan.

► Anu-ano ang mga paraan kung paano dapat naiiba ang Kristiyanong kasal mula sa mga nakaugaliang kasal sa lipunan?

## Pagtuturo sa mga Bata ng Layunin ng Diyos at mga Alituntunin para sa Seks

Nakakakita at naririnig ng mga bata na nababanggit ang seks. Naririnig nila ang mga opinyon ng mga tao ukol sa tama at mali. Sa kalaunan, magkakaroon ang mga bata ang mga sekswal na damdamin, pagnanasa, at tukso, kaya napakahalaga para sa mga Kristiyanong magulang na ipaliwanag ang mga sinasabi ng Diyos ukol sa gawaing sekswal. Hindi dapat malaman ng mga bata ang mga detalye tungkol sa gawaing sekswal, sapagkat wala pa silang sapat na gulang para mag-asawa, at ang kaalamang iyon ay magdudulot ng hindi kinakailangang tukso sa kanila.

Kailangang malaman ng mga bata ang plano ng Diyos at ang kanilang responsibilidad na sundin siya. Kailangan nilang malaman na haharap sila sa tukso. Kailangan silang maging handa na sundin ang Diyos at kontrolin ang kanilang sariling mga sekswal na pagnanasa hanggang sila'y mag-asawa.

Ang sumusunod na materyal ay makakatulong sa pagtuturo sa mga bata ng Kristiyanong pananaw ukol sa sekswalidad nang hindi binabanggit ang mga detalye ng sekswal na gawain. Ito ay isinulat sa simpleng paraan, katulad ng paraan ng pakikipag-usap mo sa mga bata.

### Pakikipag-usap sa Bata

► Basahin ang Genesis 2:7, 18-24 kasama ang bata.

Sinasabi ng siping ito sa atin kung paano nilikha ng Diyos ang unang lalaki at unang babae at inilagay sila sa espesyal na relasyon.

Itinatag ng Diyos ang kasal bilang espesyal na relasyon sa pagitan ng isang lalaki at babae. May espesyal na pagmamahalan ang mag-asawa para sa isa't isa. Bahagi ng kanilang relasyon ang espesyal na kaligayahan na nararamdaman nila kapag pinag-iisa nila ang mga katawan nila nang pribado sa gawain na tinatawag na *pakikipagtalik o seks*. Dinisenyo ng Diyos ang seks upang magbigay kaligayahan sa mag-asawa at minsan ay magdulot ng pagbubuntis sa babae.

Dahil ang seks ay nagbibigay ng espesyal na kaligayahan, may likas na pagnanasa ang lalaki at babae na makita at hipuin ang katawan ng isa't isa at mag-enjoy sa atensyon ng isa't isa.

Sa Biblia, sinasabi ng Diyos sa atin na ang seks ay mabuti at tama para sa mag-asawa. Ngunit sinasabi rin ng Diyos na maling-mali ang seks para sa mga taong hindi kasal. Binigyan tayo ng Diyos ng mga alituntunin ukol sa gawaing sekswal para sa hindi bababa sa apat na dahilan:

(1) Ang kaligayahan sa seks ay dinisenyo para sa mag-asawa.

Dinisenyo ng Diyos ang seks bilang espesyal na bahagi ng relasyong mag-asawa. Bagama't posibleng maligayahan ang sinumang lalaki at babae sa paraang ito, pinakaespesyal ang kaligayahan kapag mag-asawa, sapagkat ang bawat isa ay ibinibigay ang buong sarili sa asawa nila lamang. Para sa mga taong hindi kasal, walang ganoong kahulugan ang seks, at hindi sila magkakaroon ng buong relasyon na nilalayon ng Diyos. Kung kaya, ang isang tao na masyado pang bata para mag-asawa ay hindi dapat makipag-seks. Hindi dapat makipag-seks ang mga tao hanggang hindi nila ginagawa ang pangako sa kasal at naidaos ang pampublikong seremonya ng kasal. Dapat makipag-seks lang ang isang tao sa asawa niya.

(2) Matindi ang mga pagnanasang sekswal.

Hindi mali ang magkaroon ng mga pagnanasang sekswal, sapagkat nilikha iyon ng Diyos. Ngunit mali na sadyang palakasin ang pagnanasa na gumawa ng bagay na hindi gusto ng Diyos. Dahil dito:

- Maliban sa mag-asawa, hindi dapat gumawa ang isang tao ng mga bagay na nagpapalakas ng mga pagnanasang sekswal, tulad ng sadyaing tingnan o isipin ang katawan ng ibang tao.
- Maliban sa kasal, hindi dapat hawakan ng isang tao ang ibang tao sa paraang magpapalakas ng ~~mga~~ pagnanasang sekswal ng alinman sa kanila.
- Hindi dapat piliin ng isang tao na isipin ang paggawa ng masasamang bagay.
- Hindi dapat tumingin ang isang tao ng mga larawan o video para ma-enjoy ang paggawa ng ibang tao ng masasamang bagay.
- Hindi dapat manamit ang isang tao sa paraang maaaring maging dahilan para gustuhin ng iba na gumawa ng masasamang bagay o isipin ang paggawa ng masasamang bagay.
- Hindi dapat umasal o magsalita ang isang tao na para bang gusto niyang gumawa ng masasamang bagay.

(3) Hindi tayo maaaring gabayan ng ating mga pagnanasa.

Ang mga hayop ay kontrolado ng kanilang mga damdamin at pagnanasa. Hindi tayo mga hayop; tayo ay mga tao na nilikha sa imahe ng Diyos. Dahil dito, kailangan nating pag-isipan kung ano ang *dapat* nating gawin, at pagkatapos ay pumili ng mga tamang desisyon. Hindi tayo dapat kontrolin ng ating mga damdamin at pagnanasa. Minsan, tamang gawin ang nais natin; minsan hindi. Hindi maaaring sabihin ng ating mga pagnanasa kung kailan tama ang pakikipagtalik. Sa halip na sundin ang ating mga damdamin, kailangan nating sundin ang mga utos ng Diyos mula sa Biblia, sa tulong ng Espiritu ng Diyos.

(4) Minsan, nakakabuo ng sanggol ang pakikipagtalik.

Dinisenyo ng Diyos na ang mga sanggol ay manggagaling sa relasyong nagmamahalan. Dinisensyo niya na kailangan ng mga bata ng maraming taon para lumaki sa isang pamilya na nagmamahal at nag-aalaga sa kanila. Ang isang sanggol na may ina at amang hindi kasal ay kadalasang walang parehong ina at ama na mag-aalaga sa kanya hanggang tumanda.

Kapag naunawaan ang apat na katotohanang nabanggit, ang mga taong nagnanais na pasayahin ang Diyos at magkaroon ng pinakamabuting buhay ay susunod sa mga utos ng Diyos. Magtatatag sila ng maingat na mga kaugalian upang makatulong sa kanilang labanan ang tukso na labagin ang kagustuhan ng Diyos.

**Pananalangin ng Bata**

Mahal na Diyos,

Salamat po sa paggawa ninyo sa akin bilang (lalaki o babae). Salamat sa inyong espesyal at mabuting plano para sa pag-aasawa. Tulungan po ninyo akong mahalin at sundan kayo sa buong buhay ko. Nakikita ninyo ang lahat ng ginagawa ko, at alam ninyo ang lahat ng iniisip ko. Tulungan po ninyo akong laging sundin ang inyong mga utos sa buhay. Gusto ko pong mapasaya kayo sa mga iniisip at mga ginagawa ko. Tulungan po ninyo akong maging mabuting halimbawa sa aking mga kaibigan upang sila'y sumunod sa inyo. Sa tamang panahon, kapag malaki na ako, tulungan po ninyo akong maging ang asawa na nais ninyo. Mahal ko po kayo o Diyos!

Amen

## Panalangin

Ama naming nasa langit,

Salamat sa paglikha sa amin ayon sa inyong imahe, at sa pagbibigay ng layunin at kahulugan sa aming buhay. Salamat sa paglikha ng kasarian upang maipakita namin ang inyong imahe.

Salamat sa inyong mabuting disenyo at layunin para sa sekswalidad ng tao sa pag-aasawa.

Nagsisisi kami sa mga paraan na nilabag namin ang inyong Salita. Mangyaring hugasan, patawarin, at pabanalin ninyo kami sa pangalan ni Jesus (1 Corinto 6:11). Palayain ninyo kami mula sa pagkaalipin sa kasalanan (Roma 6:6-7). Inihahandog namin ang aming mga katawan sa inyo, at nangangako kaming gagawin ang tama sa inyong mga mata (Roma 6:13-14).

Tulungan ninyo kaming matuto ng mga kaugalian ng matuwid na pag-iisip at pag-uugali (1 Timoteo 4:7, Awit 23:3). Nawa'y ang aming mga iniisip at gawain ay palaging kalugod-lugod sa Inyong paningin (Awit 19:14). Salamat sa pangako ninyong bibigyan kami ng tagumpay sa bawat pagkakataon ng tukso (1 Corinto 10:13).

Amen

**Mga Takdang Aralin**

(1) Basahin ang Galatians 5:16-6:9 habang iniisip ang mga paksang tinalakay sa araling ito. Sagutin ang mga sumusunod na tanong sa pagsusulat:

- Ano ang pagkakaiba ng mga pagnanasa ng laman (5:16) at ng mga gawa ng laman (5:19)?
- Ano ang dalawang bagay na ipinapangako sa mga taong gumagawa ng mga gawa ng laman (5:19-21, 6:7-8)?
- Paano magkakaroon ng lakas ang isang mananampalataya na huwag sundin ang mga ninanais ng laman (5:16, 22-23, 25)?
- Ano ang ilang katotohanan na dapat tandaan ng mga mananampalataya sa mga panahon ng tukso na makakatulong sa kanila na magtagumpay? (Itala ang hindi bababa sa apat mula sa siping ito.)
- Ano ang mga bagay na ipinapayo sa mga mananampalataya na gawin sa siping ito? (Itala ang hindi bababa sa apat mula sa teksto na ito.)
- Ano ang mga responsibilidad ng mga mananampalataya sa isa't isa (6:1-2, 6)?

(2) Basahin ang Romans 6:1-23. Sagutin ang mga sumusunod na tanong:

- Ano ang mga bagay na sinasabi ng siping ito na totoo sa bawat mananampalataya? (Maglista ng 6-8 bagay.)
- Anu-anong pagpapasya ang kinakailangang gawin ng mga mananampalataya dahil sa mga katotohanan tungkol sa kanila? (Maglista ng 6-8 bagay.)
- Bakit maaaring asahan ng isang mananampalataya na magtatagumpay sa oras ng tukso ng pagkakasala? (Magsulat ng isang talata.)

(3) Basahin ang Romans 8:1-14. Sumulat ng isang panalangin batay sa mga katotohanang itinatampok sa siping ito.

(4) Isaulo ang Romans 6:11-14 at Colossians 3:5-7. Sa simula ng susunod na klase, isulat o bigkasin ang mga siping ito mula sa alaala.

# Aralin 5
# Pagiging Single

## Mga Layunin ng Aralin

Sa katapusan ng araling ito, magagawa ng mag-aaral na:

(1) Maunawaan ang pagiging single mula sa pananaw ng Biblia.

(2) Tukuyin ang mga biblikal na prayoridad para sa mga pagpapasya ukol sa pagpapakasal at pagiging single.

(3) Mag-commit sa moral na kalinisan, maka-Diyos na pag-uugali, at makabuluhang paglilingkod sa panahong ito ng buhay.

(4) Sumuko kay Jesus bilang Panginoon at maging ganap sa piling niya.

## Pagsamba kay Jesus, Bilang Single o May Asawa

Sinusubukan nina Stephen at Sarah na alamin kung nasa kalooban ng Diyos ang pag-aasawa para sa kanila. Alam ni Sarah na kung ikakasal siya kay Stephen—na isang misyonaryo—magbabago ang kanyang buhay sa maraming paraan. Lilipat siya sa ibang bansa, mag-aaral ng ibang wika, at mag-a-adjust sa ibang kultura. Alam niya na iiwanan niya ang mga bagay na pamilyar at komportable. Makakaranas siya ng paghihirap at sakripisyo. Ang pag-aasawa ay hindi lamang pangako ng pag-ibig sa kanyang asawa kundi gawain na rin ng pananampalataya at pag-ibig kay Jesus.

Paglipas ng panahon, napagtanto nina Stephen at Sarah na hindi sila magkasundo, at hindi sila dapat magpakasal. Nadismaya si Sarah. Ipinagdasal niya ang kanyang pagkadismaya. Nagdasal siya na tulungan siyang maging makabuluhan para sa Diyos sa panahon na ito ng kanyang buhay. Habang siya'y nagdarasal, napagtanto niya na ang pagsuko sa kalooban ng Diyos ay gawain din ng pananampalataya at pag-ibig kay Jesus katulad ng pagpapakasal.

## Pagiging Single

Sa kursong ito, aaralin natin ang disenyo ng Diyos para sa pag-aasawa. Mula sa kasulatan, matutunan natin ang mga layunin ng Diyos para sa pag-aasawa. Tatalakayin natin ang mga tagubilin ng Diyos para sa pag-aasawa at mga praktikal na paraan para patatagin ang ating mga mag-asawa. Nakikita natin ang kabutihan ng plano ng Diyos para sa pag-aasawa.

Ang pag-aasawa ay kalooban ng Diyos para sa karamihan ng tao. Ngunit maraming tao ang namumuhay bilang mga single adult bago magpakasal. Minsan, matagal na panahon silang single. May mga tao na nakakaranas ng isa pang yugto ng pagiging single pagkatapos

mamatay ng kanilang asawa o pagkatapos ng diborsyo. May mga taong hindi kailanman nag-aasawa.

Maaaring hindi mag-asawa ang isang tao dahil sa isa o higit pa sa mga dahilang ito:

- Mas gusto nila ang mga kapakinabangan ng pagiging single kaysa sa pag-aasawa.
- Inaalala nila ang pag-aasawa dahil wala pa silang nakikitang magandang relasyon ng mag-asawa.
- Sila ay kasalukuyang nakatuon sa mga layunin tulad ng edukasyon o career.
- Hindi nila nararamdaman ang pangangailangang emosyonal o pisikal para mag-asawa.
- Hindi sila nagkaroon ng pagkakataon para sa isang maayos na pag-aasawa.

Dahil malaki ang epekto ng mga desisyon ng taong single sa relasyon nila Diyos at sa iba, ang aral na ito ay nakatuon sa buhay ng isang hindi nag-asawa na mananampalataya.

**Ang Sinabi ni Jesus at ni Pablo Tungkol sa Pagiging Single**

Itinanong ng mga Pariseo kay Jesus ang tungkol sa diborsyo. Pagkatapos marinig ang sagot ni Jesus, ang kanyang mga disipulo ay naging kumbinsido na mas mabuti nang huwag mag-asawa (Mateo 19:10). Si Jesus, na hindi nag-asawa at hindi nakipagtalik sa kanyang buong buhay dito sa lupa, ay sumagot na karamihan ng tao ay kailangang mag-asawa at iilan lamang ang biniyayaan ng kakayahan na tanggapin ang mahabang panahon ng pag-iisa (Mateo 19:11-12).

Ang apostol Pablo—na maaaring hindi nag-asawa o nabalo—ay may parehong payo para sa mga hindi wala pang asawa na mananampalataya sa Corinto. Dahil sa tukso sa sekswal na imoralidad, karamihan ng tao ay dapat mag-asawa (1 Corinto 7:2, 8-9). Alam ni Pablo na nilikha ng Diyos ang sekswal na relasyon sap ag-aasawa bilang isang mabuting regalo (1 Corinto 7:7, 1 Timoteo 4:1-5, Hebreo 13:4). Sinabi niya na ang gawaing sekswal ay hindi dapat maganap sa labas ng pag-aasawa (1 Tesalonica 4:3-4).

Inilarawan ni Pablo ang isang kapakinabangan ng buhay na walang asawa. Ang mga hindi nag-asawa na mananampalataya ay maaaring maglaan ng kanilang oras, lakas, at pagsusumikap sa pagpapasaya sa Panginoon at paglilingkod sa ministeryo (1 Corinto 7:32-35).

Hindi nag-asawa si Pablo (1 Corinto 9:5). Pinili niyang manatiling hindi nag-asawa upang makapagpokus sa misyonaryong gawain na itinakda sa kanya ng Diyos. Itinuring niyang biyaya ang pagiging single (1 Corinto 7:7-8). Naranasan niya ang maraming hirap sa kanyang ministri (2 Corinto 11:23-28). Mas madali niyang naharap ang mga pagsubok na ito dahil wala siyang responsibilidad sa asawa o mga anak (1 Timoteo 5:8).

Bagamat natuklasan ni Pablo na ang pagiging single ay isang biyaya para sa kanyang ministeryo, may mga paraan din na makikinabang ang ministeryo kapag may asawa.

► Paano mo nakita bilang biyaya sa ministeryo ang pagiging single? Paano mo nakita ang pag-aasawa bilang biyaya para sa ministeryo?

Sinabi ni Pablo na dapat tandaan ng mga tao ang ilang bagay sa pagpapasya kung dapat silang mag-asawa o hindi:

- Ang kanilang personal na kakayahan o kawalan ng kakayahan na mabuhay nang hindi nakikipagtalik (1 Corinto 7:9, 36-37).
- Kasalukuyang mga mahirap na kalagayan, tulad ng pag-uusig (1 Corinto 7:26).
- Ang mga responsibilidad sa pag-aasawa (1 Corinto 7:27-28, 32-35).

**Ang Mga Tamang Responsibilidad**

Wala sa pagiging single o pag-aasawa ang mas mabuti o mas espirituwal kaysa sa isa pa. **May mga natatanging tukso, kahirapan, pagpapala, at pagkakataon sa bawat isa.** Ang bawat isa ay angkop sa iba't ibang panahon at para sa iba't ibang tao.

Sa kalaunan, ang personal na kasiyahan at pagiging ganap ay dapat magmula sa relasyon ng isang tao sa Diyos, kahit na may asawa siya o wala (Awit 73:25, Awit 107:8-9). Bukod dito, lahat ng mananampalataya—may asawa o wala—ay dapat mag-focus sa kawalang-hanggan dahil maikli lang ang buhay, at ang kawalang-hanggan ay tiyak (1 Corinto 7:31).

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Mateo 6:26-33 para sa grupo.

Sa siping ito, ipinaliwanag ni Jesus na ang prinsipyo at prayoridad ng mundo ay lubos na iba sa mga mananampalataya. Ang pinakamataas na layunin ng mananampalataya ay makilahok sa kaharian ng Diyos. Ang unang prayoridad ng mananampalataya ay mabuhay nang may katuwiran sa tulong ng biyaya ng Diyos. Ipinapangako ng Diyos na ibibigay niya ang mga pangunahing pisikal at materyal na pangangailangan ng Kanyang mga anak kapag sinusunod nila ang mga salita ni Jesus sa Mateo 6:33.

Kailan dapat mag-asawa ang isang Kristiyanong lalaki? Kapag ang pag-aasawa ay makakatulong sa kanya na mas mahusay na maglingkod sa kaharian ng Diyos. Kapag ang pag-aasawa ay makakatulong sa kanya na magkaroon ng mas makabuluhan at matagumpay na buhay ng katuwiran.

Kailan dapat manatiling single ang isang Kristiyanong lalaki? Kapag ang paghahangad na mag-asawa o ang mismong pag-aasawa ay makakasira sa kanyang papel sa kaharian ng Diyos. Kapag maaari siyang maging mas mabunga sa usaping espirituwal bilang isang single na tao. Kapag kaya niyang maging espirituwal na matagumpay at mapanatili ang moral na kalinisan nang wala ang sekswal na relasyong nakukuha sa pag-aasawa.

► Kung ikaw ay single, tumigil nang sandali para magmuni-muni sa sarili.

- Ikaw ba'y namumuhay nang sumusunod sa Salita ng Diyos?
- Ano ang ibinigay sa iyo ng Diyos na tungkulin sa Kanyang kaharian ngayon?
- Ano sa palagay mo ang itinawag sa iyo ng Diyos na gawin sa iyong buhay, sa pangmatagalan?
- Sa tingin mo ba'y mapapabuti o masisira ng pag-aasawa ang iyong relasyon sa Diyos at ang iyong gawain para sa Diyos sa mundo?

Ang pagtanggap sa mga prayoridad ng Diyos ay tumutulong sa mga hindi nag-asawa na mananampalataya na magpasya kung dapat ba nilang hangarin ang pag-aasawa o hindi. Hinuhubog din nito ang ating pang-unawa kung ano ang dapat nating hanapin sa potensyal na kabiyak. Ang bawat mananampalataya na nagnanais mag-asawa ay dapat humanap ng taong inuuna ang Diyos, namumuhay ng tapat sa Salita ng Diyos, at nagsusumikap na palaganapin ang kaharian ng Diyos.

► Dapat basahin ng mga mag-aaral ang Efeso 4:17-24 at 1 Juan 2:15-17 para sa grupo.

Ang mga tao sa mundo ay namumuhay para sa kanilang sarili. Pinipili nilang gawin ang mga bagay na nais ng kanilang mga katawan at isipan (Efeso 2:3), at handa silang lumabag sa Salita ng Diyos. Madalas na ginagawa ng mga makasalanan kung ano ang masarap sa pakiramdam, pinakamadali, o nagtutuon ng pansin ng iba sa kanila. Ang prayoridad nila ay mapasaya ang sarili. Maaari silang magbuo ng romantikong relasyon sa isang tao dahil sa pisikal na pagkaakit sa taong iyon. Maaari rin silang magkaroon ng relasyon sa isang tao dahil nasasabik sila kapag kasama nila ang taong iyon.

Maaaring ayaw mag-commit ng mga taong makasarili sa relasyong nagbibigay ng relasyon sa pag-aasawa. Maaaring handa silang magkaroon ng sekswal na relasyon nang hindi nagpapakasal kahit na ipinagbabawal ng Diyos ang ganitong mga relasyon (1 Corinto 6:9-11).

Ang mga taong makasarili na nag-asawa ay maaaring sukuan ang kanilang asawa kapag naging mahirap na ang kanilang relasyon. Maaaring magdiborsiyo sila at mag-move on sa ibang relasyon. May mas magandang nakalaan ang Diyos para sa mga taong susunod sa mga tagubilin ng Kanyang Salita (Awit 19:8, 11, Deuteronomio 6:24).

Tinatawagan tayo ni Jesus na pasayahin ang Diyos sa lahat ng bagay (Mateo 16:24, 2 Corinto 5:9, Colosas 1:10). Dahil tayo ay mga tagasunod ni Cristo, ang prayoridad ng ating mga indibidwal na buhay ay dapat ang kaharian ng Diyos at pagiging katuwiran. Bukod dito, dapat ang prayoridad sa pagtahak natin sa pag-aasawa ay ang kaharian ng Diyos at katuwiran. Dapat nating pagpugayan ang Diyos sa ating mga dahilan ng pag-aasawa at sa paraan ng pagtugis natin dito. Dapat makinig tayo kay Jesus tungkol sa Kanyang mga prinsipyo at sundin ang Kanyang itinuturing na tama at mabuti. Tapos, dapat nating bigyan ng karangalan ang Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang mga inaasahan sa atin bilang mag-aasawa.

**May Panahon Para sa Bawat Bagay**

Ang maagang bahagi ng pagiging adult ay ang pinakamainam na panahon para sa karamihan upang planuhing mag-asawa (Kawikaan 5:18, Malakias 2:15, Tito 2:4). Ang kabataang adult ay dapat nasanay at handa na para sa buhay. Dapat mature na ang isang lalaki o babae, may kakayahan na umako ng responsibilidad at gumawa ng mga matalinong desisyon (1 Timoteo 4:12). Sa pinakamainam na sitwasyon, handa na ang mga kabataan adult para sa mga responsibilidad ng pag-aasawa at pagpapalaki ng anak. Ang kanilang mga katawan ay handa na rin sa panganganak, at karamihan ng mga kaso, matitindi ang seskwal na pagnanasa nila at pangangailangan para sa sekswal na relasyon sa kanilang asawa.

Sa maraming kultura ngayon, karaniwang nangyayari na inaantala ng mga kabataang adult ang kasal hanggang matapos nila ang mas mataas na edukasyon o magtagumpay sa kanilang career. Ang ibang kabataang adult ay hindi interesadong mag-asawa dahil gusto nilang mabuhay nang walang responsibilidad.

Maraming kabataang adult ang may buhay ba puno ng sekswal na imoralidad bago mag-asawa. Malalakas ang kanilang pagnanasang sekswal. Sa usapin ng emosyon, naghahanap sila ng malapit na makakasama. Gayunpaman, ayaw nilang mag-commit sa pag-aasawa at sa pag-aalaga ng pamilya dahil sa kanilang mga layunin sa buhay o sa kawalan nila ng kahandaang magkaroon ng responsibilidad.

Ang mga kabataang Kristiyano na nagpapaliban ng pag-aasawa ay dapat nilang ikonsidera ng mabuti ang kanilang mga prayoridad. Dapat nilang siguruhing namumuhay sila ng maka-Diyos at malinis na buhay at sumusunod sa kalooban ng Diyos. Ang iba ay dapat ikonsidera ang kahalagahan na ibinibigay ng Diyos sa pag-aasawa at pagpapalaki ng maka-Diyos na mga anak.

***Mga Magkasintahan na Nagsasama Ngunit Hindi Kasal***

Minsan, may lalaki at babaeng nagsasama sa masungid na relasyon, ngunit nagpapaliban ng pagpapakasal. Maaaring committed sila sa isa’t isa, ngunit hindi pa sila nagpapakasal. May iba't ibang dahilan ang mga tao para dito:

1. Minsan, ang mga kultural na inaasahan ng magara at mamahaling kasal ang pumipigil sa mahihirap na magkasintahan na magkaroon ng nararapat na kasal.

2. Minsan, ayaw magpakasal ng magkasintahan dahil sa takot na masisira ang kanilang pagsasama. Baka iniisip nila na mas magaan ang paghihiwalay kung sila ay hindi kasal. Baka ini-expect nila na mas tatatag ang kanilang relasyon habang sila ay nagsasama.

Inilaan ng Diyos ang sekswal na relasyon para sa pag-aasaw (Hebreo 13:4). Ang magkasintahan na nagsasama ngunit hindi kasal ay lumalabag sa Salita ng Diyos. Ang kanilang relasyong sekswal ay hindi magiging nararapat, sapagkat kulang sila ng

permanente at eksklusibong pangako sa isa't isa at kulang ng sinumpaang tiwala sa isa't isa.

Hindi dapat sundin ng mga mananampalataya ang halimbawa ng mga hindi mananampalataya, kundi dapat ay sundin nila ang Salita ng Diyos. Dapat itaguyod ng simbahan ang mga inaasahan ng Diyos para sa moralidad at mag-alok sila ng praktikal na suporta upang tulungan ang mga magkasintahan na sundin ang banal na plano para sa pag-aasawa. Halimbawa, kapag hindi kayang magkaroon ng magarang kasal ang magkasintahan, dapat suportahan sila ng pamilya ng simbahan sa kanilang simpleng kasal. Makakatulong ito sa mga magkasintahan na sumunod sa pamantayan ng Diyos para sa moralidad sa pamamagitan ng pagpapakasal. Makakatulong din ito sa magkasintahan para hindi simulan ang kanilang pag-aasawa nang may utang. Dapat tandaan ng mga Kristiyano na mas mahalaga ang kasal kaysa sa seremonyang kasal mismo, pero kailangang gumawa ng tiyak na pangako sa kasal.

► Dapat basahin ng mga mag-aaral ang Roma 12:2 at Pilipos 2:15-16 para sa grupo. Talakayin kung paano mababago ng commitment ng mga mananampalataya ang sa kultura sa paligid nila.

## Malusog na Pagiging Single

### Usapin ng Pagpapasakop

Bawat anak ng Diyos ay dapat mag-alay ng kanilang mga nais kay Jesus. Si Jesus ang Panginoon. Sa buong buhay, susubukan ang bawat mananampalataya sa kanilang debosyon kay Jesus bilang kanilang Panginoon. Magkakaroon ng paghihirap… o *hindi* mangyayari ang isang magandang bagay na nais natin… at itatanong ni Jesus sa atin, ang kanyang mga tagasunod, "Ako ba ang inyong Panginoon? May tiwala ba kayo sa aking kabutihan? Maniniwala ba kayo na may perpektong plano ako? Susundin n'yo ba ako? I-aalay n'yo ba ang inyong sarili sa akin? Susunod ba kayo sa ginagawa ko? Luluwalhatiin n'yo ba ako dito?"

> "Ang pagkakontento ay ang kasiyahan na nagmumula sa kaalaman na kontrolado ng Diyos ang mga nangyayari sa akin at ibinibigay niya sa akin ang pinakamabuti para sa akin."
> - Phil Brown

May mga single na masaya nang manatiling single. Pero ang mga nagnanais na mag-asawa at hindi pa nakakahanap ng mabuting pagkakataon para magpakasal ay dapat mapagkumbabang tanggapin ang pinili ng Diyos na hindi sila pinagkalooban ng kasal.

> Ang mga Kristiyanong lalaki at babae… ay nauunawaan na kung gusto ng Diyos na sila'y mag-asawa, ipapakita Niya ito sa Kanyang sariling perpektong panahon at paraan. Pero dapat lagi siyang una, at dapat siyang [lubos na pagkatiwalaan].[22]

[22] Hango kay Leslie Ludy, *Sacred Singleness* (Eugene, OR: Harvest House Publishers, 2009), 24.

Ang Diyos ay mapagkakatiwalaan at mabuti. May gawain siyang nais gawin sa puso at buhay ng mga hindi kasal na mananampalataya. Palaging pinapayagan ng Diyos ang pinakamabuti para sa Kanyang mga anak, at higit sa lahat, ang magdadala ng pinakamaraming kaluwalhatian kay Jesus. Sa lahat ng bagay, sinisikap ng Diyos na tayo ay maging katulad ni Jesus sa ating pag-uugali (Roma 8:28-29), at upang tayo ay magkaroon ng kakayahang sambahin si Jesus sa tamang paraan nang walang-hanggan (1 Pedro 1:6-7).

Ang Diyos ay lubos na may kakayahang maglaan ng maka-Diyos na asawa para sa isa sa Kanyang mga anak. Maaari Niyang tulungan ang isang Kristiyanong lalaki na makahanap ng maka-Diyos na asawa, habang naghahanap ang lalaki ng respetadong babae na naglilingkod sa Diyos sa pamamagitan ng kanyang buhay (Kawikaan 18:22, Kawikaan 19:14, Kawikaan 31:10).

Ang walang asawa na babae na namumuhay para kay Cristo ay kayang magtiwala sa Diyos na tutugunan Niya ang kanyang mga pangangailangan sa pinakamabuting paraan, maglaan man ang Diyos ng lalaking magpapakasal sa kanya o hindi. Maaari siyang mabuhay nang kumpleto at mabunga sa aspetong espiritwal dahil sa pag-aalaga at katapatan ng Diyos.

Kung pinili ng Diyos na maging single siya, makikita niya ang Diyos bilang perpektong magmahal, tagapagbigay, tagapagtanggol, at lider. Maaaring maging asawa ng kanyang puso si Jesus (Isaias 54:5), at maaari niyang mahalin, igalang, maaari siyang magpailalim, at sundan Siya, sa halip na ang kanyang asawang tao.

Kung pipiliin ng Diyos na mag-asawa siya, tuturuan siya ng kanyang panahon bilang single na magtiwala sa Diyos (na *nag-iisang* perpektong magmahal, magbigay, magtanggol, at lider), kahit inaaral niya pang mahalin, igalang, at sumunod sa hindi perpektong asawang tao.

**Pagiging Ganap kay Cristo**

Lahat ng mananampalataya ay dapat makita ang kanilang ganap na kasiyahan kay Cristo, hindi sa isang kasamang tao. Kahit pa gusto ng isang tao na mag-asawa, ang mahabang panahon ng pag-iisa ay nagbibigay ng pagkakataon na tiyakin na talagang nasisiyahan siya kay Jesus. Ang pag-iisa ay nagbibigay ng pagkakataon na patunayan na si Jesus ay sapat (Filipos 4:11-13).

> Ang katunayan na nilikha ng Diyos ang pag-aasawa, at dapat ituring natin itong banal na institusyon, ay malinaw sa buong Kasulatan… Hindi maganda na mag-isa si Adan, pero iyon ba ay dahil hindi sapat ang Diyos upang punan

**Isang Panalangin**

"Ako'y Iyo, Panginoon.
Ito ang aking pagkakakilanlan,
ang aking tawag,
ang aking kaligtasan,
ang aking kaginhawaan,
ang aking layunin,
ang aking kaligayahan, at
ang aking gantimpala.
Kailangan kita.
Ikaw ay sapat.
Ikaw ang pumupuno sa akin.
Ikaw ang aking pinagmulan.
Ikaw ang kumukumpleto sa akin."

> ang mga pangangailangan ni Adan? Siyempre, hindi! Ayon sa Biblia, nilikha ng Diyos si Eva dahil kinailangan ni Adan ng *katuwang*, isang kasama upang gawin ang gawain sa lupa na ibinigay sa kanya ng Diyos. Oo, maraming pagpapala at benepisyo ang dumating kay Adan at Eva sa kanilang pagsasama, ngunit ang kanilang pag-aasawa ay hindi para palitan ang puwesto ng Diyos. Siya pa rin ang Diyos, at siya pa rin dapat ang kanilang una at pangunahing minamahal at sinasamba.[23]

Maaaring matutunan ng isang tao na mas maranasan ang pagmamahal ng Diyos kapag wala siyang asawa o pamilya na nagbibigay ng pisikal at emosyonal na pag-aaruga. Ang mga Kasulatan tulad ng Awit 73:25-26 ay mga pampalakas ng loob sa mga panahon ng pagsubok sa emosyon at pisikal na tukso:

> Anong mayroon ako sa langit kundi ikaw? at liban sa iyo'y wala akong anumang ninanasa sa lupa. Ang aking laman at ang aking puso ay maaaring manghina, ngunit ang Diyos ang lakas ng aking puso at bahagi ko magpakailanman.

Tulad ng isinulat ni Leslie Ludy,

> Si David, ang salmista, ay maraming nakasamang kababaihan sa kanyang buhay. Ngunit ang masugid na relasyon ni David sa *Diyos* ang nagdadala sa kanya ng ganap na kasiyahan na ipinakikita ng mga bersikulong ito.[24]

Makikita ng single o hindi kasal na mananampalataya na si Jesus ay sapat; ang relasyon sa Diyos ay nakakapagbigay ng kasiyahan.

**Mga Oportunidad para sa Paglilingkod**

Kapag ang mga walang asawa na mananampalataya ay nakahanap ng kasiyahan sa Diyos, ginagawa niyang oportunidad ang kanilang pagiging single o walang asawa upang maglingkod sa iba. Sa halip na magpokus sa kanilang sariling pangangailangan at hindi makuntento, maaari nilang matutunan na pansinin at tugunan ang mga pangangailangan ng iba. Ang pagtulong sa iba ay isa sa mga pinakamahusay na paraan upang maging makabuluhan at masaya ang buhay. Ang karakter na mabubuo sa panahong ito ng buhay ay makakatulong sa kanila na magbunga nang mabuti sa kanilang buhay.

> "Kung single ka, tandaan na hindi ka tinatawag na mag-aksaya ng iyong oras at kalayaan sa mga bagay na nakatuon lamang sa iyong sarili, kundi upang maglingkod sa simbahan at sa mundo."
> - Hango kay Paul Lamicela

► Dapat basahin ng mga mag-aaral ang Mga Taga-Filipos 2:3-4 at Tito 3:8, 14 para sa grupo.

---

[23] Leslie Ludy, *Sacred Singleness,* (Eugene, OR: Harvest House Publishers, 2009), 66-67.

[24] Leslie Ludy, *Sacred Singleness,* (Eugene, OR: Harvest House Publishers, 2009), 67. Ang tinutukoy ni Leslie Ludy ay Awit 16:11, Awit 73:25, at Awit 107:9.

Tulad ng nabanggit kanina, nagbibigay ang iba't ibang sitwasyon sa buhay ng mga natatanging oportunidad. Sa bawat yugto ng buhay, mayroong mga bagay na maaaring gawin ang isang tao, at may iba naman na hindi. Gumawa ang isang dalaga ng listahan ng mga bagay na kaya niyang gawin *dahil* siya ay single. Magkakaiba ang mga bagay na ilalagay ng ibang mga single na lalaki at babae sa kanilang mga listahan.

Dahil ako ay isang single na dalaga, mas madali para sa aking:

- Bisitahin ang matatanda at maglaan ng oras sa kanila.
- Magluto at magbigay ng pagkain sa mga walang tirahan.
- Gumawa ng masusing pag-aaral ng Biblia at maghanda ng mga aralin sa Biblia para sa mga bata.
- Maglingkod sa mga babae at batang babae sa aking tahanan.
- Manalangin ng tuloy-tuloy para ipagdasal ang iba.
- Mag-aral ng bagong kasanayan.
- Magsulat ng mga liham at cards of encouragement.
- Magboluntaryo na tumulong sa ibang tao sa kanilang mga proyekto.
- Agad na i-adjust ang aking iskedyul kapag biglang may espesyal na pangangailangan o kaganapan.

Bawat isa ay may mga natatanging oportunidad o responsibilidad dahil sa kanilang sitwasyon sa buhay. Ang listahan ng isang ina na may mga batang anak ay maaaring maglaman ng mga halimbawa ng mga bagay na itinuturo niya sa kanyang mga anak o mga paraan kung paano niya sila tinuturuan. Dahil siya ang kanilang ina, binigyan siya ng Diyos ng oportunidad at responsibilidad na maglingkod sa mga paraang ito. (Sa hulihan ng araling ito, gagawa ka ng sarili mong personal na listahan.)

**Pakikipagkaibigan o Pakikisama**

Mahalagang bumuo ng malulusog na relasyon sa iba ang mga wala pang asawa. Tulad ng natalakay sa mga naunang aralin, nilikha ng Diyos ang mga tao para sa mga relasyon sa kanya at sa ibang tao.

- Ang mga taong single ay nangangailangan ng mga relasyon sa mga taong kanilang mapaglilingkuran—maaaring mga bata, kabataan, o matatanda.
- Kailangan ng mga single ng mga mas nakakatanda at may karanasang guro para sa payo at pananagutan.
- Kailangan ng mga single ng mga kaibigan na nasa parehong yugto ng buhay, para palakasin ang loob ng bawat isa sa Panginoon at magkasama-sama.

- Ang mga single ay kailangang makipagkaibigan sa mga mag-asawa at pamilya. Maraming mutual na pagpapala sa ganitong mga pagkakaibigan.

Ang pagkakaroon ng iba't ibang uri ng relasyon sa iba ay nagbibigay ng maraming oportunidad sa isang single na tao para maglingkod. Ang mga kaibigan ay nagbibigay ng emosyonal at espirituwal na suporta na kailangan ng single na tao. Ang mga kaibigan ay tumutulong na mapunan ang kanilang pangangailangan para sa pamilya, lalo na kung sila ay malayo sa kanilang sariling pamilya.

May dalawang babala na dapat isama:

1. Ang isang tao na wala pang asawa ay dapat mag-ingat at hindi magbukas ng mga hindi matalino o imoral na relasyon dahil sa mga emosyonal at pisikal na pangangailangan.
2. Ang isang taong wala pang asawa ay dapat unahin ang relasyon sa Diyos kaysa sa anumang relasyong pantao.

**Laman ng Isipan**

Dapat sikapin ng lahat ng mananampalataya na mapanatiling dalisay ang laman ng kanilang isipan sa tulong ng biyaya ng Diyos (Kawikaan 4:23). Ang Awit 19:14 ay isang dasal, na humihiling sa Diyos na tulungan tayo na maging maingat na mamuhay para sa kanya sa ating mga salita at sa ating mga iniisip. Ang dasal na ito ay nagpapaalala sa atin na may pananagutan tayo sa Diyos para sa ating mga iniisip at pananalita na may layunin.

Mayroon tayong mga pagpipilian tungkol sa mga bagay na ipinapasok natin sa ating mga isipan (Filipos 4:8): kung ano ang ating pinanonood, pinakikinggan, o binabasa. Kung nais nating parangalan ang Diyos, kailangan nating pumili ng mga pagkain para sa isipan na malinis at mas maglalapit sa atin sa kanya at tutulong sa atin na sundin siya (Roma 12:2, Roma 13:14).

Ang mga tagasunod ni Cristo ay hindi dapat matuwa sa mga kasalanan ng iba (Awit 101:3, 1 Corinto 15:33). Ang kasiyahan sa panonood ng imoral na asal ay paglahok sa kasalanan ng iba (Roma 1:32). Dahil sa panonood at pakikinig, masasanay ang mananampalataya sa kasalanan at magiging sanhi ito ng pagkawala ng pokus sa pagpapasaya sa Panginoon (Kawikaan 13:20). Binibigyang-diin ng Salita ng Diyos ang pangangailangan na ating dakilain ang Panginoon sa lahat ng oras (Kawikaan 23:17) at kamuhian ang masama tulad ng ginagawa ng Diyos (Kawikaan 8:13). Kapag natatakot tayo sa Panginoon at nilalayo ang ating sarili sa kasamaan, tayo ay pinagpapala (Awit 111:10).

Kapag tayo'y sumuway sa mga tagubilin ng Diyos sa kung ano ang ilalagay natin sa ating mga isipan at sa anong bagay tayo tutuon, kinakailangan nating aminin ang ating kasalanan at itigil ang mga bagay na iyon. Kahit sa mga pagkakataong maaaring aksidenteng narinig o nakita natin ang isang masamang bagay, kinakailangan nating sadyain na palitan ang mga isiping iyon ng mga mabubuti at banal na kaisipan.

► Dapat basahin ng mga mag-aaral ang Awit 19:14, Awit 1:1-2, Mga Taga-Filipos 4:6-8, at Mga Taga-Efeso 5:25-27 para sa grupo.

Ang mga talata mula sa Mga Taga-Filipos ay nagpapahayag na nais ng Diyos na protektahan ang ating mga puso at isipan, ngunit kinakailangan nating makipagtulungan sa Kanya sa pamamagitan ng intensyonal na pag-iisip sa mga tamang bagay. Ang pagninilay-nilay sa kasulatan ay napakahalaga para sa malusog at malinis na pamumuhay sa pag-iisip. Sinasabi sa atin ng Mga Taga-Efeso na ang Salita ng Diyos ang naglilinis sa atin. Tiyak na kasama rito ang ating mga isipan at kaisipan.

► Anong mga gawain ang tumutulong sa iyo na magkaroon ng pamumuhay na nagbibigay-pugay sa Diyos sa iyong pag-iisip? Anong iba pang mga talata ang nakatulong sa iyo sa nilalaman ng isip mo?

### Pagiging Single at Sekswalidad

*Kung hiwalay mong inaaral ang araling ito sa buong kurso, pakibasa rin ang Aralin 4 kung saan tinalakay ang sekswal na kalinisan at mga isyu ng moralidad.*

## Konklusyon

Ang pagiging single ay nagbibigay ng pagkakataoon sa mga mananampalatayang wala pang asawa ng mga espesyal na oportunidad upang umunlad ang kanilang relasyon kay Cristo at matutong maglingkod sa iba. Dapat hanapin ng mga walang asawa ang kanilang kasiyahan kay Cristo habang bumubuo sila ang malulusog na relasyon sa ibang tao. Dapat gamitin nila ang mga oportunidad ng kanilang pagiging single para sa kaluwalhatian ng Diyos at para sa kabutihan ng kanyang kaharian. Tinutulungan ng mga prayoridad ng Diyos ang mga mananampalataya na gumawa ng mabubuting desisyon tungkol sa posibilidad ng pag-aasawa.

## Para sa Talakayan ng Grupo

► Pangalanan at talakayin ang ilang prayoridad na dapat gumabay sa mga desisyon tungkol sa mga taon ng pagiging single, ang desisyon na mag-asawa, at ang paghahangad na maikasal.

► Paanong mas mahusay na makapaglingkod ang inyong simbahan sa mga miyembrong single?

► Paano kakaibiganin ng inyong pamilya ang isang taong single?

► Kung ikaw ay single, paano ka makakatulong sa iyong pamilyang simbahan? Paano ka magiging biyaya sa iba, sa iba't ibang edad at yugto ng buhay?

► Anong mga ideya sa araling ito ang bago sa iyo?

► Ano ang nais mong dapat pa sanang pinag-usapan sa araling ito?

► Talakayin kung paano naaangkop ang mga konsepto sa araling ito sa iba't ibang yugto ng buhay.

## Panalangin

Ama naming nasa langit,

Salamat sa iyong katapatan sa amin sa lahat ng yugto ng buhay. Salamat sa mga halimbawa ng mga taong namumuhay sa inyong presensya at para sa inyong kaluwalhatian sa mga panahong sila ay wala pang asawa.

Tulungan ninyo kaming isuko sa inyo nang buo ang aming buong buhay. Tulungan ninyo kaming hanapin at matagpuan ang kasiyahan sa aming relasyon sa inyo. Tulungan ninyo kaming gamitin ang mga oportunidad na ibinigay ninyo sa amin sa aming kasalukuyang yugto ng buhay.

Bigyan ninyo kami ng kakayahan na laging purihin kayo sa aming mga desisyon, aming mga iniisip, aming mga relasyon sa iba, at aming paglilingkod. Gawin ninyo kaming mabunga para sa inyong kaluwalhatian.

Amen

## Mga Takdang Aralin

(1) Isipin ang isang sitwasyon kung saan hiniling sa iyo ni Jesus na sumuko sa kanyang plano. Sa hindi bababa sa dalawang talata, ilarawan ang pangyayari at ang iyong tugon dito. (Maaaring kasalukuyang sitwasyon ito o bagay na nangyari sa iyong nakaraan.) Paano nasubok ang iyong pananampalataya? Paano ka ginabayan ng Panginoon? Nagtiwala ka ba sa Kanyang plano? Ano ang sinabi mo sa Kanya? Ano ang naging itsura ng iyong pagsunod sa sitwasyong ito?

(2) Anu-anong oportunidad ang mayroon ka **dahil sa** iyong estado sibil, kasarian, o kalagayan sa buhay? Sa ngayon, huwag isipin ang mga bagay na **hindi** mo magagawa. Sa halip, maglaan ng ilang minuto upang ilista ang mga bagay na kaya mong gawin dahil sa pinaglagyan ng Diyos sa iyo ngayon. Isulat, "Dahil ako ay ______, may oportunidad akong…"

(3) Basahin at pagnilayan ang bawat isa sa mga kasulatan sa ibaba, na binanggit sa huling bahagi ng araling ito. Humingi ng tulong sa Diyos na ipakita sa iyo ang anumang kailangan mong baguhin, upang maging dalisay at kalugod-lugod sa kanya ang iyong pag-iisip. Isulat ang isang panalangin ng pagsisisi at pangako ng pagsunod.

- Awit 1:1-2
- Awit 19:14
- Awit 101:3
- Awit 111:10
- Kawikaan 4:23
- Kawikaan 8:13
- Kawikaan 13:20
- Kawikaan 23:17
- Roma 1:32
- Roma 12:2
- Roma 13:14
- 1 Corinto 15:33
- Taga-Filipos 4:6-8

(4) Pumili ng tatlong talata mula sa Takdang Aralin 3 na iyong isasaulo. Sa simula ng susunod na klase, isulat o bigkasin ang mga talatang ito ayon sa memorya.

# Aralin 6
# Paghahanda para sa Pag-aasawa

## Mga Layunin ng Aralin

Sa katapusan ng araling ito, magagawa ng mag-aaral na:

(1) Maunawaan ang kahalagahan ng maingat na pagpili ng mapapangasawa.

(2) Mailarawan ang uri ng tao na kwalipikado na maging asawa ng isang mananampalataya, batay sa mga prayoridad at prinsipyo ng Biblia.

(3) Magamit ang mga prinsipyong biblikal sa pakikisangkot ng mga magulang sa mga relasyon bago ang pag-aasawa.

(4) Gumawa ng mga matatalinong desisyon sa mga pakikipagkaibigan bago mag-asawa.

## Sina Ruth at Samuel

Pinalaki si Ruth sa isang Kristiyanong pamilya sa India. Isang araw, ikinuwento sa kanya ng kanyang pamilya ang isang binatang mangangaral na si Samuel na nangangailangan ng asawa. Ikinuwento din nila kay Samuel ang tungkol sa kanya. Sinabi ni Ruth na hindi siya interesado na makilala ito. Isang araw, pag-uwi niya sa gabi, natagpuan niyang naghihintay si Samuel doon nang ilang oras upang makilala siya. Hindi siya masaya na makita ito, ngunit umupo siya para kausapin ito. Sinabi ni Samuel, "Isa akong guro sa Bible institute. Hindi malaki ang sinasahod ko. Madalas akong maglakbay upang magpangaral ng ebanghelyo sa mahihirap na lugar, at kung minsan ay natutulog ako sa labas, sa lapag. Handa ka bang magdusa na kasama ako?" Napaluha si Ruth habang ito'y nagsasalita dahil naramdaman niyang sinasabi ng Diyos na ito ang taong dapat niyang pakasalan. Pagkatapos ng usapang iyon, madalang silang nagkita, at hindi kailanman nag-isa, hanggang magpakasal. Ngayon, maraming taon na silang naglilingkod sa ministeryo nang magkasama.

## Ang Pagpili ng Asawa

### Maingat na Pumili!

Sinabi ni Jesus na ang pag-aasawa ay isang panghabambuhay na pangako, ayon sa disenyo ng Diyos (Mateo 19:6-8). Hindi mo lamang pinakakasalan ang isang tao para sa kasalukuyan. Pinakakasalan mo ang isang tao na makakasama mo sa buhay hanggang sa mamatay ang isa sa inyo (Roma 7:2). Pumili nang mabuti!

Hindi lamang ninyo pagsasaluhan ang magagandang panahon at kaligayahan ng buhay. Pagsasaluhan din ninyo ang mga pagsubok, pighati, krisis, at trahedya ng buhay. Hindi ninyo alam kung anong uri ng kalungkutan ang inyong mararanasan. Maraming biyaya na

makukuha mula sa pag-aasawa ng mabuti at maka-Diyos na kabiyak sa panahon ng kahirapan. Pero mas mahirap ang mga panahong iyon kung ang asawa mo ay hindi matibay sa Panginoon. Ikakasal ka sa taong makakasama mo sa natitirang bahagi ng iyong buhay—anuman ang kalagayan. Maingat na pumili ng asawa!

> "Hindi mo pinili na ipanganak sa iyong pamilya; ngunit ikaw ay *may karapatan* na pumili kung sino ang iyong papakasalan upang buuin ang iyong susunod na pamilya."
> - Gary Thomas
> *Ang Banal na Paghahanap*

Pakakasalan mo ang isang tao na makakasama mo sa pagbuo ng pamilya. Pumipili ka ng magiging magulang ng iyong mga anak at ng lolo o lola ng iyong mga apo. Pumipili ka ng tao na ang espirituwal na buhay ay magiging malaking impluwensya sa mga espirituwal na buhay ng iyong mga anak. Pumipili ka ng taong ang kanyang ugali, kaugalian, at asal ay susundan ng iyong mga anak (Efeso 5:1). Pumipili ka ng taong huhubog at magtuturo sa iyong mga anak sa pamamagitan ng halimbawa at salita (Kawikaan 23:26). Pumili ng taong mag-aalaga at magmamahal sa iyong mga anak, taong magdadala at magdidisiplina sa kanila nang may pag-iingat, kasigasigan, at pagmamahal. Pinipili mo ang taong magkakaroon ng epekto sa mga susunod na henerasyon—sa paraang mabuti o masama. Pumili nang mabuti!

► Dapat basahin ng mga estudyante ang Kawikaan 14:1, Kawikaan 24:3-4, at Kawikaan 31:10-12, 30 para sa grupo.

Ang iyong pagpili ng mapapangasawa ay ang pangalawang pinakamahalagang desisyon na gagawin mo sa buhay; ang una ay ang pagpili na sundin si Jesus bilang iyong Panginoon at Tagapagligtas. Babaguhin ng iyong desisyon ang takbo ng iyong buhay, at makakaapekto din ito sa maraming ibang tao. Ang matalinong pagpili ay magbibigay-biyaya sa iyo at sa maraming ibang tao. Ang di-pinag-isipang pagpili ay magdudulot ng pinsala sa iyo at sa maraming ibang tao. Pumili nang may panalangin!

Walang perpektong tao sa mundo. Mayroon kang mga problema, kahinaan, at kabiguan. Ang iyong asawa ay hindi rin magiging perpekto at mananatili ring hindi perpekto sa buong buhay. Kaya huwag humanap ng perpektong asawa. Sa halip, maghanap ng asawang lubos na nagmamahal sa Diyos nang walang pasubali. Maghanap ng taong mapagkumbaba na aaminin at itatama ang mga pagkukulang at kabiguan. Ang ganitong asawang ay magiging pagpapala sa iyo, at maaari kayong magsuportahan at magtulungan sa mga larangan ng kahinaan.

► Dapat basahin ng mga estudyante ang Kawikaan 11:14, Kawikaan 12:15, Kawikaan 13:18, at Kawikaan 23:22 para sa grupo.

Pumili nang mabuti. Pumili para sa habambuhay. Humingi ng payo mula sa mga taong maka-Diyos at sa iyong mga magulang. Makinig sa kanilang babala. Huwag magpadala sa emosyon. Huwag maging pabaya sa iyong desisyon.

### Huwag Mag-asawa ng Di-Mananampalataya

Isa sa pinakamahahalagang bagay para sa Diyos ay ang pag-aasawa lamang ng kanyang mga tao ng mga kapwa mananampalataya. Nararapat ito dahil ang relasyon ng isang tao sa Diyos ay ang pinakamahalagang bagay sa lahat ng buhay at walang hanggan. Ang pag-aasawa—ang pinakamalapit na relasyon ng tao—ay nakakaapekto sa relasyon ng isang tao sa Diyos. Mas mahirap para sa isang mananampalataya na panatilihing malapit at maingat ang relasyon sa Diyos habang may asawang di-nananampalataya.

Bukod dito, ang kawalan ng pananampalataya ng isang magulang ay nakakaimpluwensiya sa mga anak laban kay Cristo. Sa mga pamilya kung saan may isang magulang na hindi mananampalataya, napakabihira na lahat ng anak ay maglilingkod sa Panginoon. Gusto ng Diyos na paglingkuran natin siya, at sinasabi sa atin ng Diyos na palakihin ang ating mga anak para maglingkod sa Kanya (Genesis 18:19; Deuteronomio 6:2, 7; Malakias 2:15).

Sa Lumang Tipan, hindi pinapayagan ang mga Israelita na mag-asawa ng sinuman sa labas ng kanilang pananampalataya.[25] Alam ng Diyos na ang pag-aasawa sa mga hindi mananampalataya ay magiging dahilan para sumamba ang mga tao sa ibang mga diyos, na sisira sa kanilang relasyon sa nag-iisang totoong Diyos! Ipinapakita sa Lumang Tipan na iyon nga ang nangyari sa Israel.[26]

Hanggang sa kasalukuyan, dapat mag-asawa lang ang mga mananampalataya sa mga kapwa mananampalataya. Huwag itong ikompromiso. Huwag tumanggap ng romantikong relasyon sa isang hindi mananampalataya.

► Dapat basahin ng mga estudyante ang 2 Corinto 6:14-18 at 1 Corinto 7:39 para sa grupo.

### Kapag Hindi Manampalataya ang Iyong Asawa

Hindi gusto ng Diyos na mag-asawa ang isang mananampalataya ng hindi mananampalataya. Iyan ay tiyak. Ngunit kapag ang isa sa mag-asawang di mananampalayata ay lumapit kay Cristo para sa kaligtasan, dapat siyang manatiling sa kanyang hindi mananampalatayang asawa, maliban na lang kung ang asawang ito ay tumanggi na manatili sa kanya (1 Corinto 7:12-16). Sa ilang kaso, nakukumbinsi ang mga hindi mananampalatayang asawa para sa kaligtasan dahil sa pananampalataya ng kanilang Kristiyanong asawa (1 Corinto 7:14, 16; 1 Pedro 3:1-2). Ngunit ang mga Kristiyanong binata o dalaga ay hindi dapat kailanman isiping mag-asawa ng hindi mananampalataya.

### Mga Katangian na Dapat Isaalang-alang sa Potensiyal na Magiging Asawa

Sa paghahanda para sa pag-aasawa, dapat linangin ng mga indibidwal ang mga katangian ng pagkatao na makakatulong sa kanila na maging mabuting asawa. Habang naghahanap

[25] Exodo 34:11-16, Deuteronomio 7:1-6, Josue 23:11-13, Ezra 9-10
[26] Hukom 3:5-7, 1 Hari 11:1-6, Ezra 9:10-15

sila ng taong pakakasalan, dapat silang maghanap ng taong nagpapabuti rin sa mga katangiang ito.

> Ang isang lalaki at babae ay hindi dapat pumayag na magpakasal hanggang tapat nila parehong masasabing, "Mas makakapaglingkod ako sa Panginoon kapag asawa kita, kaysa kapag single pa ako."

1. **Mag-asawa ng taong ang relasyon kay Cristo ay magbibigay-inspirasyon sa sarili mong relasyon kay Cristo at magiging sanhi ng iyong espirituwal na paglago** (2 Pedro 1:5-9, 2 Pedro 3:18).

2. **Mag-asawa ng taong may mabuting karakter o pag-uugali.** Iniuutos ng Efeso 5:33 sa mga babae na respetuhin ang kanilang mga asawa anuman ang kanilang karakter, ngunit mas madaling gawin ito kung kasal sila sa mga lalaking karapat-dapat respetuhin. Kasama sa mabuting karakter ang mga gawi tulad ng pagpapatawad, pagkakaroon ng kontrol sa sarili, pagiging mapagkumbaba, pagiging masipag at responsable, at pagkakaroon ng espiritung matuturuan. Ang taong iyong papakasalan ay hindi perpekto ngunit dapat ay nagpapaunlad sa mga gawing ito.

   Mataas ang mga pamantayan ng Diyos para sa mga lider ng simbahan at kanilang mga asawa (1 Timoteo 3:2-4, 8-9, 11-12; Tito 1:6-8). Kung ang isang lider ng simbahan ay kasal sa isang asawang may masamang karakter, lubos na nagiging sagabal ito sa ministeryo.

3. **Mag-asawa ng taong nagbubuo ng reputasyon para sa pagkadalisay at mabuting asal** (Timoteo 2:9-10, 1 Timoteo 3:7, 2 Timoteo 2:19, Tito 1:15, Tito 2:4-5).

4. **Mag-asawa ng taong natututong mag-isip ayon sa Biblia** (Awit 119:66). Kapag kumakaharap sa tukso, takot, maling asal o maling motibasyon, natututo silang tandaan, paniwalaan, at sundin ang Salita ng Diyos (Kawikaan 4:4-6, Josue 1:7-8). Kapag kumakaharap sa pangangailangan, panganib, paghihirap, o anumang uri ng problema, natututo silang mag-pokus sa Diyos at humanap ng tulong na kailangan nila sa Kanyang Salita (Awit 119:50, 92, 114).

5. **Mag-asawa ng taong magiging mabuting ama o ina sa iyong mga anak:** isang taong magtuturo sa kanila ng mga paraan ng Diyos at mamumuhay bilang matapat na Kristiyano sa harap nila (Kawikaan 6:20-23, Efeso 6:4, 2 Timoteo 1:5, 2 Timoteo 3:14-15).

6. **Mag-asawa ng taong nagpasyang impluwensiyahan ng mga makaDiyos na kaibigan at guro** (Awit 119:63, 2 Timoteo 2:22).

7. **Mag-asawa ng taong sumusunod sa awtoridad.** Marapat sa isang lalaki na maghanap ng maamong babae na magiging kanyang asawa (Efeso 5:22). Gayundin, ang isang babae ay dapat mag-asawa ng taong sumusunod sa Diyos at sa mga taong inilagay ng Diyos bilang awtoridad sa kanya sa simbahan, sa kanyang trabaho, at sa

pamahalaan (Roma 13:1, Efeso 6:5-8, Hebreo 13:17, 1 Pedro 5:5). Kapag sumusunod ang lalaki sa Diyos, mapoprotektahan at mabibiyayaan ang asawang babae.

► Sa mga nabanggit na katangian, alin ang tila pinakamahalaga para sa iyo? Anong mga halimbawa ang iyong nakita na nagpapakita ng kahalagahan ng mga katangiang ito?

## Mga Pag-aasawa na Itinakda ng Mga Magulang

Sa maraming kultura, normal para sa mga magulang na itakda ang pag-aasawa ng kanilang mga anak. Halimbawa, sa isang malaking bansa, ang mga magulang ay naghahanap ng posibleng asawa para sa kanilang anak at kinakausap nila ang mga magulang ng isa't isa. Karaniwang iniaayos nila ang pagkikita ng anak na lalaki at babae. Maaaring magkita ang mga kabataan nang isang beses, o maaaring dalawa o tatlong beses, bago gumawa ng desisyon kung magpapakasal sila. Maaaring payagan ang mga anak na pumili kung tatanggapin nila ang taong pinili ng mga magulang, ngunit hindi sila magkakaroon ng sapat na panahon para makilala ang isa't isa nang lubusan.

Ang mga magulang na Kristiyano sa mga kultura na ito ay dapat sundin ang mga paniniwala ng Biblia habang naghahanap ng mga posibleng mapapangasawa para sa kanilang mga anak. Dapat nilang hanapin ang mga taong may takot sa Diyos, may karunungan, at may karanasan para sa kanilang mga anak. Dapat nilang hanapin ang mga indibidwal na inuuna ang Diyos sa kanilang buhay. Dapat mas pinaiiral ng mga magulang ang mga bagay na ito kaysa sa edukasyon, propesyon, katayuan sa lipunan, o antas ng yaman ng isang tao.

## Mga Kasal na Independyenteng Itinakda

### *Karunungan para sa mga Magulang ng mga May Edad na Anak na Pumipili ng Mapapangasawa*

Sa ilang lipunan at kultura, kabilang na ang mga nasa Europa at Hilagang Amerika, karaniwan para sa mga kabataang nasa hustong gulang na pumili ng kanilang mga mapapangasawa nang walang masyadong gabay mula sa mga magulang.

Maaaring madama ng mga Kristiyanong magulang sa mga kulturang ito na maliit ang impluwensya nila sa desisyong mag-asawa ang kanilang nasa hustong gulang na anak. Maaaring maramdaman nila na hindi sila dapat tumutol kahit hindi sila sang-ayon sa taong iniisip ng anak nilang pakasalan. Maaaring mangamba sila na magdulot ang kritisismo ng problema sa relasyon nila ng kanilang anak at ng magiging manugang nila.

Kahit na hindi ang mga Kristiyanong magulang ang nagtatakda ng mapapangasawa ng kanilang mga anak, dapat pa rin nilang impluwensiyahan ang pagpili ng kanilang mga anak ng mapapangasawa. Dapat pag-usapan ng mga magulang at mga anak ang mga bagay na ito habang bata pa sila. Dapat sadya nilang hubugin ang pag-iisip at mga pinahahalagahan ng kanilang mga anak (Deuteronomio 6:5-9). Paano mo ito gagawin bilang magulang?

1. **Maging mabuting halimbawa ng asawang maka-Diyos at magulang**. Maliban kung sinusunod mo ang mga prinsipyo ng Diyos sa iyong sariling buhay, walang saysay ang iyong mga itinuturo sa iyong mga anak. Kung hindi tugma ang iyong halimbawa sa iyong sinasabi, mas makikinig ang iyong mga anak sa iyong halimbawa kaysa sa iyong mga salita.

2. **Bigyang-diin ang mga pamantayan ng Diyos para sa layunin ng buhay, layunin at kahulugan ngpag-aasawa, at kung ano ang dapat hanapin sa isang mapapangasawa (Awit 34:11-12).** Kapag pinanood, pinakikinggan, binabasa, o tinitingnan natin ang mga nakasanayan ng mundo, itinuturo natin sa ating mga anak na ang mundo ay ang ating huwaran, sa halip na ang Salita ng Diyos. Sa halip na gawin ito, dapat nating pagyamanin ang mga pagnanasang maka-Diyos sa ating mga anak sa pamamagitan ng pagdadala ng kanilang pansin sa mga taong sumusunod sa mabubuting plano ng Diyos. Dapat nating ipakita ang mabubuting bunga na tinatamasa ng mga taong ito dahil sa kanilang pagsunod sa Diyos.

3. **Turuan ang inyong mga anak na mas mahalaga ang karakter kaysa sa anumang iba pang bagay kapag pumipili ng mapapangasawa**. Mula sa kanilang pagkabata, turuan ang inyong mga anak na pagmasdan at pahalagahan ang mabuting karakter ng iba, kaysa sa magagandang katawan o personalidad. Turuan silang pansinin kung ang kanilang mga kasamahan ay responsable o tamad, masunurin o rebelde, tapat o mapanlinlang. Turuan silang mag-alala para sa kanilang sariling karakter kaysa sa kanilang itsura.

Kung gusto ng mga magulang na kilalanin sila ng kanilang mga anak kapag pumipili ng kanilang makakasama sa buhay bilang mga kabataang nasa hustong gulang, dapat ituro nila sa kanilang mga maliliit na anak na matalino ang pakikinig sa ama at ina! (Kawikaan 1:8). Ang pagbibinata o pagdadalaga, o pagtanda ay masyado nang huli para ituro ito; dapat ituro ito ng mga magulang habang maliliit pa ang kanilang mga anak (Kawikaan 4:3-9). Ang pakikinig sa mga maka-Diyos na magulang ay paraan ng Diyos upang maprotektahan at pagpalain ang mga anak.

Tulad ng natalakay sa Aralin 4, tungkulin ng mga magulang sa Diyos na tulungan ang maliliit nilang anak na magkaroon ng mga relasyon na may moral na kalinisan. Upang gawin ito, dapat mayroon na kayong maayos at bukas na relasyon ng iyong anak, kung saan handa silang managot sa iyo at tinatanggap nila ang iyong payo. Ang uri ng relasyong ito ay nabubuo sa mga unang taon ng pagkabata habang mahinahon mong tinuturuan, sinasanay, pinamumunuan, at dinidisiplina ang iyong maliliit na anak araw-araw.

### *Karunungan para sa Kabataang Pumipili ng Mapapangasawa*

May karunungan ang Diyos para sa mga kabataang mananampalataya na kinakailangan magdesisyon ukol sa kanilang sariling pag-aasawa. Narito ang ilang matalinong payo para gumawa ng mabubuting desisyon:

**(1) Tanggihan ang mga hindi biblikal na opsyon.**

Halimbawa, alam natin na hindi kalooban ng Diyos na ang mga Kristiyano ay mag-asawa ng mga hindi mananampalataya, kaya't hindi dapat natin iniisip man lang na magkaroon ng romantikong relasyon sa hindi mananampalataya.

**(2) Manalangin para sa karunungan** (Kawikaan 2; Santiago 3:13, 17).

Kapag hinahanap natin ang pang-unawa ng Diyos nang buong puso, siya'y natutuwa na bigyan tayo ng karunungan. Matatagpuan ang karunungan sa maingat na pag-aaral at pagsunod sa Salita ng Diyos. Binibigyan din tayo ng Diyos ng karunungan sa pamamagitan ng payo ng mga taong may takot sa Diyos. Ang pagtanggap sa karunungan ng Diyos ay nagbibigay-proteksyon sa atin laban sa kasalanan at sa peligro. Ang kanyang karunungan ay nagbibigay sa atin ng biyaya at nagbibigay sa atin ng pagkakataon na masaksihan ang pinakamabuting plano ng Diyos para sa ating buhay. Higit sa lahat, kapag tayo'y gumagawa ng matalinong desisyon, niluluwalhati natin ang ating Ama sa langit.

**(3) Sundin ang patnubay ng Banal na Espiritu** (Awit 119:133, Kawikaan 3:5-7, Jeremias 10:23).

Hindi tayo dadalhin ng Banal na Espiritu sa paglabag sa Salita ng Diyos. Sa halip, taimtim niyang ipinapaalala ito sa atin (Juan 14:26, Juan 16:13-14). Siya'y nagbabantay sa mga masunurin na anak ng Diyos laban sa kasalanan at sila'y ginagantimpalaan ng buhay at kapayapaan (Roma 8:5-6, 13-14; Galacia 5:16, 22-25). Maaaring hindi mo palaging alam ang mga detalye ng kalooban ng Diyos sa bawat sitwasyon, ngunit dapat mong sundin ang mga bagay na tiyak mong alam. Alam mong nais ng Diyos na maging tapat ka sa aspetong espiritwal at moral. Alam mong nais niya na iwasan mo ang ilang bagay at sundin mo ang ibang bagay. Gawin ang alam mong tama habang ikaw ay nananalangin para sa patnubay ng Diyos.

**(4) Maingat na pakinggan ang payo ng mga taong may takot sa Diyos.**

Ang mga kabataang may mga magulang na may takot sa Diyos ay dapat hanapin ang kanilang karunungan. Dapat silang maging bukas at tapat sa kanilang mga magulang tungkol sa kanilang mga iniisip ukol sa pag-aasawa. Dapat nilang pagtuunan nang mabuti ang anumang alalahanin na mayroon ang kanilang mga magulang. Binigyan sila ng Diyos ng mga magulang upang makatulong sa pagprotekta sa kanila laban sa kasamaan at bigyan sila ng kabutihan. Hindi dapat sayangin ng mga kabataang ito ang pagkakataon na mabiyayaan sa mga paraang ito.

Maraming Kristiyanong kabataan ang walang nakukuhang payo mula sa mas matandang miyembro ng pamilya na may takot sa Diyos. Dapat silang humingi ng payo mula sa mga taong kilalang may takot sa Diyos, na nakapagpapakita ng kakayahan na gumawa ng matatalinong desisyon na may magagandang resulta.

Gayunpaman, hindi dapat balewalain ng mga kabataang ito ang payo mula sa kanilang mga magulang, kahit pa hindi naglilingkod sa Panginoon ang kanilang mga magulang. Maaaring may mga pagkakataon na kinakailangan ng isang kabataan na labagin ang kagustuhan ng kanilang magulang na hindi Kristiyano upang sumunod sa Diyos, ngunit hindi ito dapat gawin upang magrebelde (1 Samuel 15:23) o mambastos (Exodo 20:12). Sa kabila ng antas ng pagiging tapat ng mga magulang sa Diyos, kaya ng Diyos na palambutin ang kanilang mga puso upang bigyan nila ng basbas ang kasal ng kanilang anak. Ang pananalangin at paghihintay sa Diyos na baguhin ang puso ng kanilang mga magulang ay susubok at magpapalakas sa pananampalataya ng anak na ito.

► Talakayin ang mga prinsipyo o halimbawa mula sa kasulatan tungkol sa pakikisangkot ng magulang sa desisyon ukol sa kasal. Ano ang dapat gawin ng mga magulang upang impluwensyahan ang proseso ng pagpili ng asawa? Ano ang dapat na pakikitungo ng Kristiyanong nasa hustong gulang sa kanilang mga magulang sa pagdedesisyon ukol sa kasal?

## Ang Pagkakaibigan ng Magkasintahan Bago ang Kasal

Kung posible ang yugto ng panliligaw, pinakamabuti kung ang isang lalaki at babae ay makakapaglaan ng oras sa isa't isa sa iba't ibang sitwasyon. Pinahihintulutan sila nitong malaman kung paano kumilos, makisalamuha, tumutugon sa mga di-inaasahang sitwasyon, at humaharap sa mahihirap sa kalagayan ang isa't isa. Ang panahong ito na magkasama ay makakatulong sa kanila na maunawaan kung sila ay magiging magkasundo bilang mag-asawa.

### Panatang Manatiling Malinis

► Dapat basahin ng mga estudyante ang 1 Tesalonica 4:1-8 at 2 Timoteo 2:19-22 para sa grupo.

Mapagmahal na nilalang ng Diyos ang mga lalaki at babae na may mga pagnanasa at kakayahan para sa pisikal at emosyonal na ugnayan. Dahil sa mga pagnanasang ito, ang mga magkaibigan na nagpaplano para sa posibleng pag-aasawa ay dapat layuning maging maingat sa kanilang relasyon sa isa't isa. Layunin ng Diyos na matupad ang mga pagnanasang ito sa loob ng isang eksklusibo at panghabam-buhay na kasunduan ng pag-aasawa.

Kung hindi sasadyaing magsumikap ng isang lalaki at babae na maging maingat at malinis, malamang na sumuway sila sa Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tukso sa oras ng pagsubok. Ang pagsuway sa mga hinihingi ng Diyos para sa moral na kalinisan ay nakasasakit sa maraming paraan at nakakaapekto sa maraming tao, hindi lamang sa mismong lalaki at babae. Ang pagsuway ay nagdudulot ng pagsisisi, pagkaalipin, pagkakakonsensiya, kahihiyan, takot, pagdududa, at pagkasira ng mga relasyon.

Maraming pagpapala para sa mga sumusunod sa plano ng Diyos para sa kalinisan. Ang mga nagbibigay-pugay sa Diyos sa pamamagitan ng pagsunod ay maaaring makaranas ng lahat ng mabubuting bagay na inilaan niya para sa kanila. Sa halip na mga bunga ng pagsuway, sila ay magkakaroon ng kasiyahan at kapayapaan. Sila ay magtitiwala sa isa't isa. Sila ay magkakaroon ng malusog na relasyon sa Panginoon at sa isa't isa.

> Ang pagsunod sa Diyos ay ang pagtitiwala na alam niya at nais niya ang pinakamabuti para sa iyo. (Tingnan ang Kawikaan 3.)

Ang mga pagpapala na ito ay malakas na motibasyon para sundin ang plano ng Diyos para sa kalinisan. Gayunpaman, ang pinakamalaking motibasyon ng mga mananampalataya para sa pagiging maingat sa larangang ito ay ang kanilang pagnanais na magdala ng karangalan sa Panginoong Jesus sa bawat bahagi ng buhay. Dapat magtanong ang isang magkasintahan, "Paano namin **pinakamahusay** na mapaparangalan ang Diyos sa aming relasyon? Paano namin **pinakamabibigyan** ng kaluwalhatian si Jesus?"

> Ang iyong pagpipigil ngayon ay isang regalo sa iyong magiging asawa sa hinaharap. Mararamdaman ng iyong asawa na siya ay protektado at pinahahalagahan dahil sa iyong desisyon na sumunod sa Diyos. Mararamdaman ng iyong asawa na labis mo siyang minamahal.

Upang maiwasan ang mga hindi kaaya-aya na gawain, ang magkasintahan ay dapat mag-ingat tungkol sa anumang pag-usbong ng pisikal na kontak. Dapat nilang iwasan ang pagkakasama nang matagal na sila lang sa mga lugar kung saan nararamdaman nila na walang ibang makakaalam sa ginagawa nila. Natutukso ang mga magkasintahan kapag naging mas importante na ang pisikal na kontak sa kanilang relasyon kaysa sa komunikasyon. Maaaring mawalan sila ng kakayahan na harapin nang maayos ang mga usaping espirituwal at sa relasyon dahil ang kanilang isip at puso ay napapangibabawan ng pisikal na pagnanasa. Sa simula ng relasyon, magdesisyon kayo nang magkasama kung ano ang mga konkretong bagay na inyong gagawin (at hindi gagawin) sa inyong relasyon bago kayo magpakasal. Ang inyong plano ay dapat protektahan ang bawat isa laban sa kasalanan, tulungan kayong mahalin ang inyong magiging asawa, at magbigay kaluwalhatian sa Diyos. I-commit ninyo ang inyong mga sarili sa inyong plano. Managot kayo sa mga tagapayong may takot sa Diyos at makinig kayo sa kanilang payo at babala. Maglaan kayo ng oras kasama ang mga kaibigan at kamag-anak na may takot sa Diyos.

**Mga Aktibidad na Nagtataguyod ng Pag-unlad**

Ang panliligaw ay panahon ng pagkikilanlan, ngunit ito rin ay dapat panahon ng pag-unlad. Narito ang ilang ideya para sa mga aktibidad na maaaring gawin ng magkasintahan nang magkasama:

- Gumawa ng mga proyekto sa trabaho.
- Matuto ng kasanayan na bago sa inyong dalawa.
- Magbasa at talakayin ang magagandang aklat.
- Aralin o isaulo ang parehong mga teksto mula sa Biblia, pagkatapos ay talakayin ito.
- Magplano at magsagawa ng mga gawain sa ministeryo nang magkasama.
- Magbantay ng mga bata nang magkasama.
- Maglaan ng oras sa pamilya ng isa't isa.

Ang mga aktibidad na ito ay:

- Makakatulong sa lalaki at babae na magkakilala.
- Tutulong sa kanila na malaman kung sila ay bagay silang magkasama.
- Dadagdagan ang kanilang kakayahan na maayos na makipagkomunika sa isa't isa.
- Tutulong sa kanila na umunlad.

► Alin sa mga alituntunin at ideyang ito para sa panliligaw ang bago sa iyo? Paano dapat ipatupad ng mga mananampalataya sa iyong konteksto ang mga alituntunin ng Biblia para sa kalinisan at pagpupugay sa Diyos sa mga relasyon bago ang kasal?

**Mga Paksang Dapat Talakayin Bago ang Kasal**

Sa mga kultura kung saan nagkakakilala ang magkasintahan bilang bahagi ng proseso ng paggawa ng desisyon, may mga importanteng usapin na dapat pag-usapan bago ang kasal.

Sa ilang kultura, ang mga kaayusan para sa kasal ay hindi nagpapahintulot sa masinsinang usapan bago ang kasal. Ang pinakamainam, ang mga magulang ay nagbibigay ng impormasyon upang siguraduhing bagay ang kabataang magkasintahan.

Sa mga kaso kung saan ang mga magpapakasal ay hindi gaanong kilala ang isa't isa, pinag-uusapan nila ang mga isyung ito pagkatapos ng kasal, ngunit hindi dapat maimpluwensiyahan ng mga isyung ito ang kanilang desisyon, sapagkat sila ay nangako na sa isa't isa at sa Panginoon.

Kapag mas magkatulad ang mga paniniwala, background, kultura, mga layunin sa buhay, at mga prinsipyo ng isang lalaki at babae, mas nagkakasundo sila bilang mag-asawa. Kung maaari, ang magkasintahan na nag-iisip na magpakasal ay dapat maglaan ng oras upang pag-usapan:

- Ang kanilang mga layunin sa buhay
- Ang mga prinsipyong mahalaga para sa kanilang dalawa

- Ang kanilang sariling kabataan at ang paraan kung paano sila pinalaki
- Ang kanilang relasyon sa kanilang mga magulang at iba pang kamag-anak
- Ang kanilang personal na mga paniniwala at mga gawain ng pananampalataya, tulad ng personal na mga gawain sa espirituwalidad, pagdalo sa simbahan, at mga gawaing paglilingkod at ministeryo
- Ang kanilang pang-unawa at mga paniniwala hinggil sa mga detalye ng pagpapalaki ng mga anak, kabilang ang pagtuturo, pagsasanay, pagdidisiplina sa mga anak, at pagtuturo sa kanila na kilalanin at sundin si Cristo
- Ang kanilang pananaw sa pera, kasama na ang paggastos, pag-iipon, at pamumuhay sa mga panahon ng kahirapan
- Anumang mga problema sa kalusugan o kapansanang pisikal o mental na mayroon sila, at mga problema sa kalusugan na karaniwan sa kanilang mga pamilya

Sa bahaging ito ng relasyon, dapat ninyong pag-usapan ang mahihirap at komplikadong paksa ng buhay. Kapag nangako na kayo sa Diyos at sa isa't isa, kasal na kayo sa hirap at ginhawa. Sa kasal, ang babae at lalaking mag-asawa ay pinagsasaluhan ang kanilang buong pagkatao, kaya't mahalaga ang tapat na komunikasyon bago ang kasal. Dapat mas nagiging bukas at malalim ang mga pag-uusap. Kung ang taong plano mong pakasalan ay hindi handa na pag-usapan ang mahahalagang bagay na ito, iyon ay isang malubhang babala.

Bago ang kanilang kasal, dapat pag-usapan ng magkasintahan ang kanilang mga paniniwala, inaasahan, at pagnanasa tungkol sa seksuwal na relasyon sa loob ng kasal. Ang pag-uusap tungkol sa seks nang masyadong maaga sa relasyon ay maaaring magdulot ng di-kinakailangang tukso, pero mahalaga itong pag-usapan bago ang kasal.

Nakakatulong para sa lalaki at babae na mag-aasawa:

- Na magging magkatulad sa aspetong intelektuwal.
- Na magkaroon ng magkaparehong inaasahan para sa buhay mag-asawa.
- Na magkaroon ng magkatulad na mga paniniwalang doktrinal at mga kasanayang espirituwal.
- Na magkaroon ng magkatulad na mga prinsipyo at gawi sa paggamit ng pera at oras.
- Na magkaroon ng magkatulad na pang-unawa sa mga detalye ng buhay at sa pagpapalaki ng mga anak.

**Mga Palatandaan ng Panganib sa Panliligaw**

Inilista ni John Drescher ang walong problema na maaaring maging dahilan para pag-isipan ng isang lalaki o babae na tapusin ang pagliligawan:[27]

1. **Madalas kayong magtalo ng iyong kaibigan.**
2. **Iniiwasan mong pag-usapan ang mga sensitibong paksa** dahil natatakot kang masaktan ang damdamin ng kaibigan mo. Kung iniisip mo, "Mas mabuti sigurong hindi ko na lang sabihin ito" – ito ay isang palatandaan ng panganib. Ang pag-aasawa ay nangangahulugan na kailangan ninyong pag-usapan ang maraming bagay nang may tiwala at pagmamahal.
3. **Ang inyong relasyon ay nagiging mas pisikal.** Kapag mas marami kayong ginagawang pisikal bilang hindi pa kasal na magkasintahan, mas kaunti ang inyong matutunan sa pakikipag-usap gamit ang mga salita, tono ng boses, ekspresyon ng mukha, at body language. Ang mas madalas na pagyayakapan at mas madalang na pag-uusap ay maaaring totoong palatandaan ng panganib.
4. **Nararamdaman mo na nananatili ka lang sa relasyon dahil sa kung anong uri ng takot.** Halimbawa, "Gusto kong tapusin ang relasyon, pero ayokong makadismaya ng ibang tao."
5. **Hindi kayang tanggapin ng iyong kaibigan ang konstruktibong puna.** Kapag nagkakamali ang iyong kaibigan, hindi ba siya handang humingi ng tawad? Nakasisira iyon ngayon, at mas makakasira iyon sa hinaharap, kung ikakasal kayo sa isa't isa.
6. **May mga magulang o malalapit na kaibigan na tutol sa inyong relasyon at sa inyong posibleng kasal.** Ito ay tiyak na palatandaan ng panganib at dapat mong pag-isipang tapusin ang relasyon. Totoo na hindi mo lang pakakasalan ang isang tao, kundi pati ang kanilang pamilya na magkakaroon ng malaking epekto sa kaligtasan at tagumpay ng inyong pag-aasawa.
7. **Ang iyong kaibigan ay labis na seloso o mapagsuspetsa.** Halimbawa, kung kinukwestyunin ng iyong kaibigan ang iyong salita, o sa ibang paraan ay hindi siya nagtitiwala sa iyo, ito ay isang palatandaan ng panganib. Ang kawalan ng tiwala ay makakasira sa anumang relasyong mag-asawa. Kaya't tapusin na ang relasyon habang maaari kung ang iyong kaibigan ay labis na seloso o hindi nagtitiwala.
8. **Mayroon kang hindi magandang pakiramdam ukol sa relasyon;** lalo na kapag magkasama kayo ng iyong kaibigan. Mayroon kang naiisip o nadarama na, "May mali." Bigyan mo ng pansin ang kawalan ng kapayapaan sa loob mo!

---

[27] Hango mula kay John Drescher, *For Better, For Worse: A Premarital Checklist,* (Morgantown, PA: Masthof Press, 1999), 30-31.

## Konklusyon

Kawikaan 24:3-4, "Sa pamamagitan ng karunungan ay naitatayo ang bahay; at naitatatag sa pamamagitan ng kaunawaan. Napupuno ang mga silid sa pamamagitan ng kaalaman, ng lahat ng mahahalaga at kaaya-ayang kayamanan."

Ang pagpili ng asawa ay isa sa pinakamahalagang desisyon na maaaring gawin ng isang tao. Nagagalak ang Diyos na tulungan ang kanyang mga anak na gumawa ng matatalinong desisyon habang iniisip at kinikilala ng mga ito ang mga posibleng mapapangasawa.

## Para sa Talakayan ng Grupo

► Anong konsepto sa araling ito ang bago para sa iyo? Bakit ito mahalaga? Paano ka nito matutulungan sa iyong mga relasyon? Paano maaapektuhan ng pagkaunawa dito ang iyong pakikisama sa iba?

## Panalangin

Ama naming nasa langit,

Salamat sa paggabay sa amin at pagtutustos sa amin. Salamat sa mga prinsipyong ibinigay mo sa amin sa iyong Salita na tumutulong sa amin na gumawa ng matatalinong desisyon ukol sa mga mahahalagang pagpapasya sa buhay.

Tulungan mo kaming isaisip ang mga prayoridad mo sa pagpili ng asawa. Tulungan mo kaming maging mga lalaki at babae na nais mo. Tulungan mo kaming maging mapagpakumbaba at makinig sa payo ng mga taong may takot sa Diyos.

Nais naming mamuhay nang banal, makabuluhan, at nagpaparangal sa iyo.

Amen

## Mga Takdang Aralin

(1) Pumili ng bahagi ng araling ito na ituturo sa iyong konteksto ng ministeryo. Maaari mo itong ituro sa isang indibidwal o grupo ng mga kabataan. Sabihin mo sa lider ng inyong klase kapag natapos mo na ang pagtuturo sa labas ng klase.

(2) Sa pamamagitan ng pagsusulat, ilarawan ang mga katangian ng relasyon ng isang maka-Diyos na lalaki at babae sa inyong kultura, na nag-iisip na mag-asawa o may planong mag-asawa.

(3) May asawa ka man o wala, balikan ang listahan ng mga katangian na dapat hanapin sa isang magiging asawa. Basahin ang bawat sangguniang kasulatang ibinigay. Hilingin sa Diyos na ipakita sa iyo kung paano ka dapat umunlad.

(4) Kung ikaw ay single pa at may planong mag-asawa sa hinaharap, gumawa ng listahan na naglalarawan kung ano ang hinahanap mo sa isang asawa. Hindi mo kailangang ibahagi ito sa lider ng inyong klase, ngunit ipaalam lamang sa kanya na natapos mo ang takdang araling ito.

# Aralin 7
# Paglilinang ng Matibay na Relasyong Mag-asawa

## Mga Layunin ng Aralin

Sa katapusan ng araling ito, magagawa ng mag-aaral na:

(1) Maunawaan ang relasyon sa pagitan ng disenyo ng Diyos para sa mga pangangailangan ng mga lalaki at mga babae at ang mga tagubilin ng Diyos para sa mga relasyong mag-asawa.

(2) Maipakita ang mga paraan kung paano natutugunan ng mag- asawa ang pangangailangan ng bawat isa sa pamamagitan ng pagsunod sa mga prinsipyong Bíblikal.

## Paggalang sa Personal na Pagkakaiba

Hindi lihim na magkaiba ang mga kalalakihan at mga kababaihan sa maraming paraan! Maraming kalalakihan ang nahihirapan na ipahayag ang kanilang mga emosyon, samantalang itinuturing ng maraming kababaihan pagpapahayag ng emosyon bilang bahagi ng tunay na komunikasyon. Mas may pagkakataon na sumugal ang mga kalalakihan, samantalang karaniwanng inaalala ng mga kababaihan ang kaligtasan. Mas natural para sa mga kalalakihan ang magkagusto sa pisikal na kagandahan, samantalang karamihan sa mga kababaihan ay natural na mas nagkakagusto sa emosyonal na pagkakasundo. Maraming iba pang pagkakaiba ang maaaring mailista.

Maliban sa mga pangkaraniwang pagkakaiba ng kasarian, mayroong mga pagkakaiba rin sa personalidad ang mag-asawa. Marahil, may isa sa kanila na mas gustong kasama ng ibang tao, samantalang ang isa naman ay mas gustong mapag-isa. Mayroong mga maliliit na gusto, tulad ng gaano dapat kaliwanag sa bahay o anong temperatura ng isang silid. Madalas may mga di-pagkakaunawaan ang mga mag-asawa tungkol sa kung paano dapat gastusin ang pera. Ang mga pagkakaibang ito ay hindi kinakailangang mga pagkakaiba sa karakter; maaaring simpleng pagkakaiba ito sa personalidad at opinyon.

Dahil pinagbubuklod ng kasal ang isang lalaki at isang babae, may mga pagkakataon na iniisip ng mga tao na dapat matapos na ang mga pagkakaiba. Maaaring isipin ng isang tao na ang mga pagkakaibang ito ng kanyang asawa ay mga depekto na dapat baguhin. Maaaring patuloy na subukan ng bawat asawa na baguhin ang opinyon, mga kaugalian, at mga kagustuhan ng kanyang asawa.

Totoo na ang bawat tao ay dapat umunlad at mapahusay dahil sa isang relasyon. Gayunpaman, may mga pagkakataon na ang ating pagsusumikap na baguhin ang isang tao ay pag-atake sa kanyang pagkatao. Sa malulusog na relasyong mag-asawa, pinalalago ng

bawat isa ang disiplina ng pagmamahal, paggalang, pagpapahalaga, at paglilingkod sa isa't isa.

► Ano pa ang iba't ibang pagkakaiba sa pagitan ng kalalakihan at kababaihan? Ano pa ang iba't ibang pagkakaiba sa personalidad na dapat tanggapin ng mga tao?

## Pagdedesisyong Maglingkod

Sa kanyang aklat na *Sacred Marriage*, sinabi ni Gary Thomas,

> *Ang maayos na pagsasama ng mag-asawa ay hindi hinahanap, ito'y isang bagay na kailangang pagsumikapan.* Kinakailangan nito ang pagsisikap. Dapat itakwil ang pagkamakasarili. Minsan, kailangan mong mangompronta, at sa ibang pagkakataon, kailangang umamin. Ang gawain ng pagpapatawad ay mahalaga. Hindi maitatangging mahirap ito, ngunit magbubunga ito sa huli. Sa huli, lumilikha ito ng relasyon na puno ng kagandahan, tiwala, at mutuwal na suporta.[28]

Sinipi ni Thomas si Otto Piper:

> Kung ang pag-aasawa… ay mapanirang karanasan para sa maraming tao, ang dahilan ay matatagpuan sa [kawalan] ng kanilang pananampalataya. Ayaw ng mga tao ang katotohanan na ang mga pagpapala ng Diyos ay maaari lamang matagpuan at maranasan kapag sila ay patuloy na naghahanap (Mateo 7:7; Lucas 11:9). Kung gayon, ang pag-aasawa ay isang biyaya at isang gawain dapat matamo.[29]

Madalas na hindi umuunlad ang mga relasyong mag-asawa dahil iniisip ng mga lalaki at babae ang kanilang sariling pangangailangan kaysa tugunan ang pangangailangan ng isa't isa.

**Hindi** natin matutugunan ang **pinakamalalim** na pangangailangan ng isa't isa. Ang ating Ama sa langit lamang ang ganap na makakatugon sa ating mga pagnanasa at kagustuhan, at iyan ang dahilan kung bakit dumating si Jesus. Ang kanyang layunin ay iligtas tayo, punuin tayo ng Kanyang Espiritu - ang Espiritu Santo - at dalhin tayo sa isang malalim at nakaliligayang relasyon sa "Abba, Ama" (Roma 8:14-15; Galacia 4:6).

Gayunpaman, isa sa mga layunin ng Diyos para sa pag-aasawa ay maging isang lugar para magsanay sa pagiging lingkod; ang parehong uri ng paglilingkod na ating nasusumpungan kay Jesus (Juan 13:14). Gusto ng Diyos na buhayin sa mag-asawa ang mapagkumbabang puso ng isang lingkod na may malasakit sa isa't isa (Filipos 2:3-8).

Ang ilan sa mga pinakamaganda at masayang pagsasama ng mag-asawa ay umiiral dahil pinili ng isa sa kanila na kalimutan ang sarili at paglingkuran ang isa sa pamamagitan ng hindi pangkawanirang mahirap na sitwasyon ng karamdaman, kabiguan, trahedya, o

---

[28] Gary Thomas, *Sacred Marriage*, (Grand Rapids: Zondervan, 2000), 133.
[29] Ibid.

pagluluksa. May ilang lalaki na nagpapatotoo na tiyak na masisira ang kanilang buhay kung hindi sila ipinagdasal ng kanilang mga asawa, pinatawad sila, pinanagot sila, at minahal sila nang walang kondisyon noong sila ay higit na hindi kaaya-aya. May mga babaeng nagpapatotoo na ang pasensya at pang-unawa ng kanilang mga asawa ang nakatulong sa kanila na malampasan ang pinsalang emosyonal na dulot ng abusadong ama o iba pang trauma. Dahil tayo ay nabubuhay sa bumagsak at makasalanang daigdig, kung saan ang lahat ng nilalang ay dumaraing (Roma 8:22), ang bawat taong may asawa ay may dala-dalang mga sugat at galos. Ngunit ang biyaya ng Diyos ay magpapahintulot sa atin na alagaan ang isa't isa at bigyan ng lunas ang mga sugat ng isa't isa!

Bawat isa sa atin ay ipinanganak na makasarili. Likas na mas iniisip natin ang ating mga pangangailangan kaysa sa mga pangangailangan ng iba. Ang Diyos na nagliligtas at naglilinis na biyaya ay makapagbabago sa atin sa pamamagitan ng Espiritu Santo na naninirahan sa atin hanggang tayo ay maging mga taong inuuna ang pangangailangan at kagustuhan ng iba. Bumubuti ang mga mag-asawa kung bawat isa ay nakatuon sa mga pangangailangan at kagustuhan ng isa.

► Ano ang ibig sabihin ng pagdedesiyong maglingkod?

## Ang Pangunahing mga Pangangailangan ng Mag-Asawa

Dinisenyo ng Diyos ang mga kalalakihan at kababaihan na magkaroon ng magkaibang mga pangangailangan at pagnanasa. Ibig sabihin nito, hindi dapat ipagpalagay ng isang lalaki na ang kasiyahan ng kanyang asawa ay makakamtan sa mga bagay na nagpapasaya sa kanya. Hindi dapat ipagpalagay ng babae na gusto ng kanyang asawa na tratuhin sa parehong paraan na gusto niyang tratuhin siya. Malinaw na ang ilang asal ng kabutihan at paggalang ay dapat pareho sa pagitan ng mag-asawa, ngunit mayroong mga natatanging pangangailangan ang kalalakihan at kababaihan.

Kung mauunawaan natin ang espesyal na pangangailangan ng kalalakihan at kababaihan, mauunawaan natin kung paano tugunan ang mga pangangailangan ng asawa. Nakakalungkot na maraming pag-aaway at pag-uusap sa pagitan ng mga asawa ang hindi nakakalutas ng mga problema dahil hindi nauunawaan ng bawat isa ang pangangailangan ng isa't isa. Maaaring galit at naiinis ang bawat isa dahil hindi nauunawaan ang isa't isa.

Lahat ng tao ay kailangang mahalin at respetuhin, ngunit may pagkakaiba sa pagitan ng kalalakihan at kababaihan. Ang pangunahing pangangailangan ng isang babae ay pag-ibig, at ang pangunahing pangangailangan ng lalaki ay respeto.[30]

► Paano mo napansin ang pagkakaibang ito sa pagitan ng pangangailangan ng kalalakihan at kababaihan?

---

[30] Ang aklat na *Love and Respect* by Dr. Emerson Eggerich ay lubos na nakatulong sa seksyong ito.

## Paano Ipinapakita ng Lalaki ang Pagmamahal sa Kanyang Asawa

Sinasabi sa Efeso 5:25, 28, "Mga asawang lalaki, mahalin ninyo ang inyu-inyong mga asawa, gaya ni Cristo na nagmahal sa iglesya, at ibinigay ang kanyang sarili alang-alang sa kanya… Gayundin naman, nararapat ibigin ng mga asawang lalaki ang kanya-kanyang sariling asawa gaya ng kanilang sariling mga katawan."

Dapat madalas na sabihin ng lalaki sa kanyang asawa na mahal niya ito at hindi dapat niya ipagpalagay na alam na ito ng asawa niya. Dapat rin niyang ipakita ang kanyang pagmamahal sa pamamagitan ng higit pa sa mga salita. Dapat niyang ipakita ang pagmamahal sa mga paraan na makabuluhan sa asawa niya. Hindi dapat niya isipin na dapat nararamdaman ng kanyang asawa na mahal niya ito dahil ipinapakita niya ang pagmamahal sa mga paraan na makabuluhan sa kanya. Magkaiba ang mga pangangailangan ng asawa niya sa kanyang mga pangangailangan.

**(1) Minamahal ng lalaki ang kanyang asawa sa pamamagitan ng pagbibigay ng seguridad.**[31]

Nais malaman ng babae na pinoprotektahan siya ng asawang lalaki sa paraang pisikal at emosyonal. Dapat harapin ng asawang lalaki ang anumang alitan sa mga kapitbahay. Dapat siguruhin ng lalaki na ang tahanan ay isang ligtas na lugar. Dapat siyang magsalita para ipagtanggol ang asawang babae kapag pinupuna ito ng iba, kahit ng mga kamag-anak nito. Hindi niya dapat saktan ang kanyang asawang babae o saktan ito sa anumang paraan para sundin siya. Dapat niyang gawin ang kanyang makakaya para ibigay ang materyal na pangangailangan ng kanyang pamilya. Kung ang asawang lalaki ay hindi maingat sa pera, nadarama ng kanyang asawa na wala itong pakialam sa mga pangangailangan ng pamilya niya.

### *Mga Puntong Pinansiyal para sa Kalalakihan*

Isa sa mga pinakamalaking sanhi ng alitan sa pagitan ng mag-asawa ay ang problema sa pera. Mga lalaki,

- Huwag gawin ang anumang hindi tapat o imoral para kumita; tandaan mo na ikaw ay nasa ilalim ng awtoridad ng Diyos.
- Ibigay ang iyong ikapu (tithe) sa simbahan dahil nagtitiwala ka sa Diyos na magbibigay sa iyo ng sapat.
- Hanapin ang pinakamagandang trabaho ngunit maging handang gawin ang hindi kanais-nais na trabaho sa ngayon.

---

[31] Maraming kasulatan kaugnay ng katotohanang ito, kabilang ang Efeso 5:28-31, Colosas 3:19 (emosyonal na proteksyon), 1 Timoteo 5:8 (pisikal na pangangalaga), Nehemias 4:13-14 (pisikal na proteksyon), at 1 Timoteo 2:14 (espirituwal na proteksyon).

- May trabaho o wala, humanap ng gawain araw-araw upang makatulong sa iyong sarili at sa iba.
- Huwag gastusin ang pera ng kinabukasan sa pamamagitan ng pangungutang ng pera ngayong araw.
- Kapag gumastos ng pera para sa kaligayahan, isama ang iyong asawa at mga anak.
- Mag-ipon nang regular para sa mga pangkaraniwang gastusin tulad ng upa sa inyong tahanan.
- Ipuhunan ang pera upang mapabuti ang inyong kalagayan sa halip na gumastos para sa kaginhawahan.

**(2) Minamahal ng lalaki ang kanyang asawa sa pamamagitan ng paglalaan ng kanyang sarili para dito.**

Ang isang asawang lalaki ay dapat panatilihing moral na malinis at masiyahan sa kanyang asawa, "Gaya ng magandang usa at mahinhing babaing usa, bigyan kang kasiyahan ng dibdib niya sa tuwina, at sa kanyang pag-ibig ay laging malugod ka." (Kawikaan 5:19). Kung ang isang asawang lalaki ay may mga hindi naaangkop o imoral na relasyon sa ibang mga babae o gumagamit ng hindi imoral na libangan, nadarama ng kanyang asawa na hindi niya ito minamahal.

**(3) Minamahal ng lalaki ang kanyang asawa sa pagsisikap na unawain ito.**

Hindi laging magtatagumpay ang lalaki sa pag-unawa sa kanyang asawa, ngunit dapat maglaan siya ng panahon para pakinggan at unawain ito. Sinasabi ng kasulatan sa mga lalaki, "Gayundin naman kayong mga lalaki, maging mapagbigay kayo sa inyu-inyong mga asawa sa inyong pagsasama, na binibigyan ng karangalan ang babae bilang isang mas marupok na sisidlan, yamang sila man ay tagapagmana rin ng biyaya ng buhay upang walang makahadlang sa inyong panalangin." (1 Peter 3:7). Kapag pinagtawanan ng lalaki ang mga nadarama at opinyon ng kanyang asawa, nararamdaman nito na hindi niya ito minamahal. Kailangan ng babae ang pag-unawa ng asawang lalaki ang kanyang mga alalahanin kahit pa tila hindi nito maintindihan ang kanyang mga pahayag.

Dahil ginawa ng Diyos ang asawa bilang ulo ng tahanan (Efeso 5:23), may responsibilidad ang lalaki na pamunuan ang tahanan (1 Timoteo 3:4-5). Gayunpaman, ang mag-asawang lalaki at babae ay dapat maglaan ng oras para mag-usap hanggang sa mapagkasunduan nila ang karamihan ng mga desisyon. Hindi dapat mabilis na magdesisyon ang lalaki nang hindi iniisip ang damdamin at opinyon ng kanyang asawa. Kung hindi sila magkasundo sa isang bagay, maaaring kailanganing magdesisyon ng lalaki, ngunit dapat malungkot siya na hindi sila nagkasundo. Karaniwan, ang kawalan ng pagkakaisa ay babala sa lalaki. Madalas, may karunungan at pang-unawa ang mga babae na kailangan ng mga lalaki para gumawa ng mabubuting desisyon.

► Dapat basahin ng isang estudyante ang Efeso 4:2-3, 15-16 para sa grupo. Paano naaangkop itong mga bersikulong ito sa relasyon ng mag-asawa?

**(4) Minamahal ng isang lalaki ang kanyang asawa sa pamamagitan ng pagpapahalaga rito**.[32]

Maraming asawang babae ang nakakaramdam na hindi pinahahalagahan ng kanilang mga asawa ang kanilang ginagawa. Dapat magpakita ng pasasalamat ang lalaki sa kanyang asawa. Dapat niyang kilalanin ang pagsisikap na ginagawa nito para sa kanilang pamilya. Hindi niya dapat batikusin ito sa harap ng ibang tao.33 Dapat niyang purihin ang pagkatao, kagandahan, at kakayahan nito. Sa abot ng kanyang makakaya, dapat niya itong bigyan ng maayos na pananamit. Hindi nararamdaman ng babae na siya ay minamahal kapag nadarama niyang walang pakialam ang asawang lalaki sa kanyang itsura.

Kapag pinupuna ng lalaki ang kanyang asawa, maaaring maisip ng babae na hindi siya sapat bilang tao at mawalan siya ng gana. Sinasabi ni Pablo sa mga mananampalataya, "huwag magsalita ng masama tungkol sa kanino man, huwag makipag-away, maging maamo, at magpakita ng hinahon sa lahat ng mga tao." (Tito 3:2). Kung kinakailangan ang pagpuna, dapat labis na maging maingat ang lalaki upang maipakita na mas mataas ang kanyang pagpapahalaga sa kanyang asawa kaysa sa kanyang pagbatikos. Dapat niyang iwasan ang pagbibigay ng mga halimbawa ng mga babae na mas magaling sa kanyang asawa sa iba't ibang aspeto.

**(5) Minamahal ng lalaki ang kanyang asawa sa pamamagitan ng paglalaan ng oras para sa relasyon.**

Ang pagiging magkasama sa buhay ay nangangailangan ng oras para sa pag-uusap. Lumalalim ang mga relasyon sa pamamagitan ng mga salita (Kawikaan 16:24, Kawikaan 20:5). Dapat mag-usap ang mag-asawa tungkol sa mga bagay na nangyayari sa kanila araw-araw. Dapat silang mag-usap tungkol sa kanilang mga kaibigan, mga nararamdaman, mga nais, at mga alalahanin. Nararamdaman ng asawang babae na siya ay minamahal kapag naglalaan ang kanyang asawa ng oras para sa makipag-usap at makinig. Kahit pagod nang umuuwi ang lalaki mula sa trabaho, maaaring wala na siyang ganang makipag-usap o makinig tungkol sa mga problema sa bahay, ngunit hindi niya dapat balewalain ang pangangailangan na ito. Kung gusto ng lalaki ng pisikal na kasiyahan subalit hindi siya available para sa emosyonal na suporta, nararamdaman ng babae na siya ay ginagamit lamang at hindi minamahal.

**(6) Minamahal ng lalaki ang kanyang asawa sa pamamagitan ng pagiging pasensiyoso sa mga kahinaan nito.**

Tinuturuan tayo ng 1 Pedro 3:7, "Gayundin naman kayong mga lalaki, maging mapagbigay kayo sa inyu-inyong mga asawa sa inyong pagsasama, na binibigyan ng karangalan ang

---

[32] Kawikaan 31:28-31

[33] Sa konteksto ng pag-aasawa, pagpapatupad ito ng tagubilin ng Diyos sa atin sa Efeso 4:29-32; 5:25-29 at Mateo 7:12.

babae bilang isang mas marupok na sisidlan, yamang sila amn tagapagmana rin ng biyaya ng buhay, upang walang makahadlang sa inyong panalangin." Karamihan ng mga babae ay hindi kasinglakas ng karamihan ng mga lalaki sa aspetong pisikal. Bukod dito, karamihan sa mga babae ay mas madaling masaktan ang damdamin kaysa sa karamihan ng mga lalaki. Dapat aliwin at palakasin ng lalaki ang loob ng kanyang asawa. Dapat niyang matutunan kung paano mababawasan ang stress nito. Dapat niyang iwasan ang paghingi ng mga bagay-bagay kapag pagod, stressed, o nag-aalala ito.

**(7) Minamahal ng lalaki ang kanyang asawa sa pamamagitan ng pagtugon sa mga praktikal na pangangailangan nito.**

Tulad ng kagustuhan ng isang lalaki na magkaroon ng pinakamahusay na kagamitan para sa kanyang trabaho at ng magandang lugar para gawin ang kanyang trabaho, dapat siyang maglaan ng magandang kapaligiran para sa kanyang asawa. Dapat niyang tiyakin na ang tahanan ay maayos at may mga kagamitang kinakailangan nito.

### Mga Resulta Kapag Minamahal ng Lalaki ang Kanyang Asawa

Nakikita ng karamihan sa mga lalaki na kapag nagpapakita sila ng pagmamahal sa kanilang mga asawa, ang mga ito ay tumutugon sa pamamagitan ng kasiyahan at kooperasyon. Sumasaya ang mga babae kapag seryoso ang kanilang mga asawa sa kanila at ipinapakita ng mga ito ang pagmamahal sa kanila sa mga paraan na naipaliwanag. Lubos na sumasaya ang mga lalaki sa kanilang buhay may-asawa kapag nagpapakita sila ng pagmamahal sa kanilang mga asawa (Efeso 5:28). Gayunpaman, hindi garantisado ang resulta para sa mga lalaki. May mga pagkakataon na hindi ito nangyayari. Hindi dapat magpakita ng pagmamahal ang isang lalaki para sa layunin na makuha ang kanyang nais. Dapat niyang ipakita ang pagmamahal upang matuwa ang Diyos at matugunan ang mga pangangailangan ng kanyang asawa kaysa sa mag-alala tungkol sa sariling pangangailangan.

May mga babae na nagkaroon ng pinsalang emosyonal dahil sa mga nakaraang karanasan, at maaaring hindi kaagad tumugon sa pagmamahal ng kanilang mga asawa. Ang mga pamamaraang ito ng pagpapakita ng pagmamahal ay hindi isang teknik na dapat subukan nang ilang araw lamang bilang eksperimento. Dapat magpatuloy ang lalaki sa pagpapakita ng pagmamahal sa mga paraang ito dahil sa pagmamahal niya sa Diyos at sa kanyang asawa. Mahal ni Cristo ang Iglesia sa ganitong katapatan at pag-aalay ng sarili.

## Paano Nagpapakita ng Respeto ang Babae sa Kanyang Asawa

Inuutos ng Efeso 5:33, "Gayunman, dapat **ibigin** ng bawat isa sa inyo ang kanyang sariling asawa gaya ng kanyang sarili, at **igalang** ng babae ang kanyang asawa."

Ang isang lalaki ay nangangailangan ng respeto. Karamihan sa mga lalaki ay mas pipiliing irespeto ng ibang tao kaysa gustuhin ng mga ito. Dinisenyo ng Diyos ang mga lalaki para protektahan, suportahan, at pamunuan ang kanilang mga pamilya. Ang posisyon ng isang ama at asawang lalaki ay nararapat lamang igalang kahit na wala pa siyang ginagawang

kahit anon kagalang-galang. Dapat igalang ng asawang babae ang kanyang asawa kahit pa mali ang ginagawa nito. Dapat niya itong itrato bilang tao, na nilalang sa imahe ng Diyos, na mahalaga kahit pa hindi nito maayos na nagagamit ang kanyang awtoridad (Efeso 5:23). Ito ay hindi nangangahulugan na hindi niya maaaring sabihin dito kapag hindi siya sang-ayon sa mga gawain o desisyon nito, ngunit hindi niya dapat ito itrato nang walang-galang.

Kapag nirerespeto ng isang asawang babae ang kanyang asawa sa pamamagitan ng malayang pagsunod sa kanyang awtoridad, ipinapakita niya ang kanyang pagmamahal kay Jesus (Efeso 5:22, 31-33).

May mga asawang babae na iniisip na minamahal nila ang kanilang mga asawa kahit na hindi nila ito nirerespeto—pinupuna nila ito sa harap ng mga kaibigan, may mga ginagawang patago, at gumagamit ng masasakit na salita. Dapat maintindihan nila na hindi mapapalitan ng paglalambing ang kawalan ng respeto.

Karamihan sa mga babae ay may matinding hilig na maging ina sa maliit na bata. Mayroon silang likas na kakayahan at pagnanasa na alagaan ang mga pangangailangan ng isang sanggol. Isipin kung ano ang mararamdaman ng isang babae kapag sinabihan siyang, "Hindi mo kayang alagaan ang isang sanggol." Gayundin, may likas na hilig ang mga lalaki na magprotekta, magbigay, at manguna. Kapag sinasabi ng babae sa kanyang asawa na hindi nito kayang gawin ang mga bagay na iyon, makakaramdam ito ng kabiguan bilang isang lalaki.

Dapat maunawaan ng isang babae na may mga lalaki na mas malakas ang personalidad, kumikita ng mas malaki, o may mas mataas na posisyon kaysa sa kanyang asawa. Hindi niya dapat iparamdam sa kanyang asawa na bigo ito sa pamamagitan ng pagkukumpara dito sa iba. Tulad ng natutunan natin mula sa Efeso 5:21-33, iisa ang babae at ang kanyang asawa. Kapag pinuna ng babae ang kanyang asawa o ikinumpara ito sa iba, sinisira niya silang dalawa at ang kanilang relasyon.

► Dapat basahin ng mag-aaral ng Kawikaan 31:11-12, 26 para sa grupo. Ano ang itinuturo sa atin ng mga bersikulong ito tungkol sa pagtrato ng isang maka-Diyos na babae sa kanyang asawa sa kanyang kilos at salita?

**(1) Nirerespeto ng babae ang kanyang asawa sa pamamagitan ng mga salitang pagsang-ayon.**

Dapat ay sang-ayunan ng babae ang potensyal ng kanyang asawa. Makikita ang paggalang sa mga salitang pagsang-ayon na binibitiwan ng babae sa kanyang asawa. Ang mga salita ay may makapangyarihang epekto sa karamihan ng mga lalaki. Ito'y maaaring mag-angat o magpabagsak (Kawikaan 14:1). Ito'y maaaring mag-udyok o magpahina. Ito'y maaaring magpalakas ng kanyang kumpiyansa o maglubog ng kanyang diwa (Kawikaan 18:21). Hindi lahat ng pagpupunyagi ng isang lalaki ay magiging matagumpay o kaya'y magiging karapat-dapat siyang magkaroon ng posisyon, ngunit ang kanyang asawa ay dapat magpahayag ng pagsang-ayon sa kanyang mga pagsisikap na magbigay ng tahanan at seguridad para sa

kanyang pamilya. Dapat sikapin ng babae na hindi pahinain ang loob nito sa pagkakaroon ng mga ideya at pagtatangkang suungin ang mga bagong hamon.

► Dapat basahin ng mga mag-aaral ang Kawikaan 15:4 at Kawikaan 16:24 para sa grupo.

**(2) Nirerespeto ng babae ang kanyang asawa sa pamamagitan ng pagpapasakop** (1 Pedro 3:5).

Ang pagpapasakop ng isang babae ay hindi nangangahulugan na siya ay mas mababa kaysa sa kanyang asawa. Ito ay nangangahulugan lamang na magkaiba ang kanilang mga papel. Kahit sa Trinidad, makikita natin na nagpapasakop ang Anak sa Ama, bagama't hindi mas mababa ang Anak sa Ama sa kalikasan o kapangyarihan o anumang katangian.

Ang prinsipyong ito ay hindi madali para sa ilang babae, lalo na kung ang kanilang asawa ay hindi sumusunod sa Salita ng Diyos, o kung hindi mabuti ang pagtrato nito sa kanila. May mga babae na nakakaramdam na makakagawa sila ng mas mabubuting desisyon para sa kanilang sarili o sa kanilang pamilya kaysa sa kanilang asawa. Sa ilang pagkakataon, tama ang babae, at mali ang lalaki. Gayunpaman, kung magpapasakop lamang ang babae sa kanyang asawa kapag siya'y sumasang-ayon dito, kinukuha niya ang awtoridad at hindi tunay na nagpapasakop dito. Ang pagpapasakop ay nangangahulugang pagpapaubaya sa desisyon ng asawa.

Sinasabi ni Pedro sa mga asawang babae,

> Gayundin naman, kayong mga asawang babae, pasakop kayo sa inyu-inyong sariling asawa, kahit na ang ilan sa kanila ay hindi sumusunod sa salita, upang mahikayat nang walang salita sa pamamagitan ng ugali ng kani-kanilang asawang babae. Ang inyong kagayakan ay huwag maging panlabas na pagpapahiyas ng buhok, at pagsusuot ng ginto, o pagbibihis ng maringal na damit. Sa halip, ay ang panloob na pagkatao na may kagandahang walang paglipas, ng isang mahinhin at maamong espiritu na napakahalaga sa paningin ng Diyos. (1 Pedro 3:1, 3-4).

Maraming mahirap na sitwasyon. Maraming babae ang nagtatanong. "Kung sinabi niya sa akin na _____ kailangan ko bang gawin ito?" Hindi kayang talakayin ng araling ito ang lahat ng pagkakataon. Gayunpaman, ang problema sa pagpapasakop ay madalas na hindi dahil may hinihinging ipagawa ang lalaki na hindi dapat gawin ng babae. Maaaring ayaw ng babae na magpasakop dahil iniisip niya na hindi magiging makatuwiran ang kanyang asawa kung gagawin niya ito. Maaaring hindi mapagmahal at mabait ang asawang lalaki. Maaaring ayaw ng babae na isuko ang kanyang kalayaan sa paggawa ng sariling mga desisyon. Maaaring mayroong ugaling pasaway ang babae. Ginagamit ng babae ang mga halimbawa ng hindi magandang kilos o pagkakamali ng kanyang asawa bilang dahilan para tanggihan ang awtoridad nito sa pangkalahatan. Ito ay pagsuway sa mga utos ng Salita ng Diyos.

Sinasabi sa Biblia na ang isang maka-Diyos na asawang nagpapasakop ay maaaring madala ang kanyang asawa sa Panginoon. Hindi natin ipinapangako na ang isang lalaki ay magiging mananampalataya dahil sa mabuting asawa, ngunit mas malamang na hindi siya magiging

mananampalataya kung ang kanyang Kristiyanong asawa ay pasaway. Maraming posibleng pakinabang na makuha ang babae sa kanyang asawang lalaki sa pamamagitan ng pagiging magalang, ngunit hindi iyon ang pangunahing dahilan kung bakit niya ito gagawin. Dapat niyang respetuhin ang kanyang asawa dahil may utang siyang respeto dito at dahil nais niyang pasayahin ang Diyos.

Sinabi sa Kawikaan 12:4, "Ang mabuting babae ay korona ng kanyang asawa, ngunit parang kabulukan sa kanyang mga buto kung kahihiyan ang dulot niya." Kung hindi nirerespeto ng babae ang kanyang asawa sa harap ng mga kaibigan nito, mawawalan ito ng dangal na maaaring hindi niya na maibalik. Hinahangaan ng mga lalaki ang mga kapwa lalaki na may tapat na asawa. Naaawa ang mga lalaki sa mga kapwa lalaki na may mga asawang walang respeto.

**(3) Nirerespeto ng babae ang kanyang asawa sa pamamagitan ng pagtuon sa mga pangangailangan nito** (Kawikaan 31:15, 21, 25, 27).

Kapag natutunan ng asawang babae ang mga espesyal na detalye ng paghahanda ng pagkain at pangangalaga sa bahay sa paraang magpapasaya sa kanyang asawa, nakakaramdam ang asawa niya ng pagpapahalaga. Kapag tumanggi siyang baguhin ang kanyang mga gawi para sa kanyang asawang lalaki, makakaramdam ang asawang lalaki na hindi ito mahalaga sa kanya.

Kung ang babae ay abala sa trabaho, mga kaibigan, simbahan, o libangan at hindi naglalaan ng oras para makinig sa kanyang asawa o obserbahan ang mga pangangailangan nito, nararamdaman ng asawang lalaki na hindi ito mahalaga sa kanya.

Sinasabi ng Genesis 2:18, at sinabi ng PANGINOONG DIYOS, "Hindi mabuti na ang lalaki ay nag-iisa; siya'y igagawa ko ng isang katuwang na nababagay sa kanya."

**(4) Nirerespeto ng babae ang kanyang asawa sa pamamagitan ng pagbibigay ng pisikal na pagmamahal.**

Tila mas mahalaga ang seksuwal na kasiyahan sa karamihan ng mga lalaki kaysa sa ilang babae. Maaaring hindi ganoon kadalas na interesado ang isang babae sa gawaing seksuwal maliban kung angkop ang kanyang nadarama ang mood para dito, na hindi kasingdalas ng gusto ng isang lalaki. Ibig sabihin, maaaring madalas na hindi makukuntento ang lalaki habang hindi nauunawaan ng babae ang kanyang pangangailangan. Maaari pang itakwil ng babae ang pagnanasa ng kalalakihan dahil sa mga dating pang-aabuso na kanyang naranasan o nasaksihan. Dapat magpakita ng pasensya at pang-unawa ang lalaki sa kanyang asawa. Ngunit dapat malaman ng babae na mabuti para sa kanya na tugunan ang sekswal na pangangailangan ng kanyang asawa kahit sa mga pagkakataon na hindi niya ito kailangan. Kung tapat at seryoso ang isang lalaki sa kanyang asawa, nang walang masamang relasyon sa ibang mga babae, maaaring sumama ang loob niya kapag hindi iniintindi ng kanyang asawa ang kanyang pangangailangan. Hindi dapat nakasalalay ang katapatan ng isang lalaki sa kanyang pangako sa kasal sa pisikal na kasiyahan, ngunit

maaaring mabawasan ng pagtugon ng kanyang asawa sa kanyang sekswal na pangangailangan ang kanyang pakikibaka sa tukso.

Ipinaliwanag ng Awit si Solomon, "Akin ang aking minamahal, at ako'y kanya… **Halika, minamahal ko**, tayo'y lalabas sa mga bukid at maglalagi sa mga nayon… **doon ibibigay ko ang aking pagmamahal**." (Awit si Solomon 2:16; Awit ni Solomon 7:11-12, binigyang-diin; tingnan din ang 1 Corinto 7:3-5).

## Mga Resulta ng Hindi Pagsunod sa mga Tagubilin ng Diyos

Ang mga paglalarawan sa mga talata na ito ay hindi naaangkop sa lahat ng pagtatalo sa buhay mag-asawa, ngunit karaniwan ito. Nagpapakita ang mga paglalarawan na ito ng natural na mga siklo ng sanhi at epekto ng kilos at reaksyon na nangyayari kapag tumutugon ang mga mag-asawa sa kanilang nararamdaman sa paraang *hindi* espirituwal, sa halip na (1) kilalanin kung ano ang kanilang nararamdaman, (2) tandaan ang katotohanan ng Diyos at kung ano ang nais niya para sa kanila, at (3) umasa sa Espiritu upang matutunan nilang tumugon sa pamamaraang Biblikal.

Kung ang isang babae ay hindi lumalakad sa Espiritu at hindi hinahayaan ang pagmamahal ng Diyos na kumilos sa kanya, maaaring tumugon siya sa mga natural na paraan na makakasama sa kanyang buhay may-asawa. Kung hindi nararamdaman ng babae ang pagmamahal, hindi rin niya nararamdaman ang seguridad. Nagsisimula siyang ipagtanggol ang kanyang sarili at labanan ang awtoridad ng kanyang asawa dahil hindi niya ito pinagkakatiwalaan na nag-aalala sa kanya. Kapag ginagawa niya ito, nararamdaman ng lalaki na siya ay hindi nirerespeto. Kapag ipinaramdam niya naman ang kanyang awtoridad at humingi siya ng respeto, mas lalo pang nararamdaman ng babae na hindi siya minamahal ng kanyang asawa.

Kung ang isang lalaki ay hindi lumalakad sa Espiritu at hindi hinahayaang kumilos ang pagmamahal ng Diyos sa kanya, maaaring mawalan siya ng tamang disposisyon na magpapatatag ng kanyang buhay may-asawa. Kapag nararamdaman ng asawang lalaki na siya ay hindi nirerespeto, nasasaktan at nagagalit siya. Maaaring magsalita siya ng masasakit na bagay sa kanyang asawa. Kung sinusubukan niyang kontrolin ang kanyang nararamdaman, maaaring manahimik siya. Hindi niya gugustuhing lumapit sa kanyang asawa o buksan ang kanyang puso dito, dahil sa tingin niya ay hindi niya ito kakampi. Kapag ginagawa niya ito, hindi ito naiintindihan ng kanyang asawa. Maaaring hindi siya nito nirespeto dahil gusto nitong ipakita na hindi ito masaya at dapat siyang magbago. Kapag siya ay nagagalit o lumalayo, iniisip ng babae na kumpirmasyon ito na hindi niya iniintindi ang nararamdaman nito. Maaaring mas lalo pa itong mawalan ng respeto.

Lalong nagiging marupok ang isang tao sa tukso kapag nasisira ang relasyong mag-asawa. Natutukso ang asawang babae na maging mas matigas sa pamumuno ng kanyang asawa. Nahihikayat siyang ikuwento ang kanyang asawa sa iba nang walang respeto. Maaari siyang matuksong tangkilikin ang atensyon ng ibang lalaki na waring nagpapahalaga sa kanya.

Nahihikayat ang lalaki na layuan ang kanyang asawa dahil sa mga pag-uugali nito na nakakainsulto sa kanya. Hindi ginaganahang ang lalaki na magpakita ng pagmamahal sa kanyang asawa. Maaaring matukso siyang tangkilikin ang atensyon ng ibang babae na humahanga sa kanya.

Ang bawat tao ay may pananagutan sa Diyos para sa kanilang mga desisyon. Hindi pinalulusot ng Diyos ang kasalanan ng isang tao dahil sa ginawa ng kanilang asawa. Pangako ng Diyos ang lakas na tutulong sa atin na mabuhay ayon sa Kanyang kalooban. Ang layunin ng impormasyong ito ay hindi para hingin ng isang tao ang kailangan mula sa kanilang asawa o sisihin ang kanilang asawa para sa kanilang sariling kasalanan. Ang layunin ay upang makita ng isang tao ang responsibilidad na pasayahin ang Diyos at ibigay ang kailangan ng kanilang asawa.

## Mga Maling Layunin

Minsan, ang isang tao ay naghahanap ng paraan para mas guminhawa ang kanyang buhay. Gusto ng lalaki na mas guminhawa ang kanyang buhay sa pamamagitan ng pagpapabago sa kanyang asawa. Gayundin, maaaring isipin ng babae na mas magiging maganda ang kanyang buhay kung magbabago ang kanyang asawa. Nagtatanong ang isang tao sa counselor, pastor, o mga kaibigan kung paano babaguhin ang kanyang asawa. Hindi tamang layunin ang pagpapabago ng asawa. Ang isang tao na sinusubukang gawing mas maginhawa ang kanyang buhay sa pamamagitan ng mga pamamaraan sa relasyon ay hindi kumikilos dahil sa pagmamahal sa Diyos o sa kanyang asawa.

Minsan, may mga taong nagtatangkang baguhin ang mga kahinaan ng kanyang asawa sa loob ng maraming taon. Hindi sila tumitigil sa pagpuna sa mga parehong kahinaan. Bagama't may mga tunay na kahinaan ang bawat tao, kinakailangang tanggapin ng mag-asawa ang kanilang asawa kasama ang mga kahinaan nito. Ang mga kahinaan ay maaaring mga kahinaan sa pagkatao, kahinaan sa karakter, o mga kahinaan sa espirituwalidad (kabilang ang kasalanan). Hindi dapat umaasa ang relasyon sa kagustuhan ng asawa na magbago. Maaaring hindi niya kayang magbago. Anuman ang dahilan kung bakit hindi siya nagbabago, dapat magpakita ng pagmamahal at respeto ang mag-asawa sa isa't isa, at pahalagahan ang isa't isa kahit may mga kahinaan ito.

## Konklusyon

Dinisenyo ng Diyos ang kalikasan ng kalalakihan at kababaihan, at dinisenyo niya ang pag-aasawa para matugunan ang mga pangangailangan ng tao. Gayunpaman, nabubuhay tayo sa mundo kung saan ang mga mag-asawa at pamilya ay lubos na nasisira dahil sa kasalanan. Bawat isa sa atin ay nasisira dahil sa ating sariling mga kasalanan at sa mga kasalanan ng iba na nakakaapekto sa atin. Hindi natin mararanasan ang pag-aasawa ayon sa kalooban ng Diyos nang walang biyaya na nagbabago sa atin at tumutulong sa atin na magpakita ng biyaya sa iba. Kinakailangan natin ang paglilinis mula sa Espiritu ng Diyos

upang magkaroon tayo ng mga motibong dalisay, pag-ibig na matatag, at kababaang-loob na naglilingkod.

## Para sa Talakayan ng Grupo

► Ano ang mga konsepto sa araling ito na bago para sa iyo? Paano mo planong baguhin ang iyong mga pananaw at pag-uugali?

► Ano ang magagawa ng simbahan upang patibayin ang mga pag-aasawa?

## Panalangin

Ama naming nasa langit,

Salamat sa pagdisenyo sa relasyong mag-asawa upang matugunan ang maraming espesyal na pangangailangan. Salamat sa pagbibigay sa amin ng mga tagubilin para sa pag-aasawa.

Tulungan mo kaming magkaroon ng pagmamahal at pang-unawa upang mag-alaga sa paraang nararapat. Tulungan mo kaming magkaroon ng mga pamilya na nagpapakita ng iyong pagmamahal sa mundo.

Salamat sa iyong biyaya na tumutulong sa amin na magmahal gaya ng iyong ginagawa.

Amen

## Mga Takdang Aralin

(1) Isaulo ang 1 Corinto 13:4-8. Sa simula ng susunod na klase, isulat o bigkasin ang teksto mula sa iyong alaala.

(2) Magsulat ng dalawang pahinang sulatin na naglalarawan ng mga pangangailangan ng asawang lalaki o babae. Magbigay ng mga halimbawa ng asal ng asawa na nakakatulong para matugunan ang mga pangangailangang iyon. Gumamit ng scriptures para suportahan ang bawat pangangailangang tatalakayin mo.

# Aralin 8
# Ang Limang Wika ng Pag-ibig – Bahagi 1

## Mga Layunin ng Aralin

Sa katapusan ng araling ito, magagawa ng mag-aaral na:

(1) Ilarawan ang mga katangian at kilos ng tunay na pagmamahal.

(2) Ipaliwanag kung ano ang ibig sabihin ng mahalin ang isang tao nang walang kondisyon.

(3) Talakayin ang kahalagahan ng pagpapahayag ng pagmamahal sa pangunahing wika ng pagmamahal ng isang tao.

(4) Gamitin ang mga salita ng pagsang-ayon o pagpapatibay upang ipahayag ang pagmamahal at pagpapahalaga sa mga personal na katangian, katangian ng karakter, at katangian ng personalidad ng isang kapamilya.

## Sina Joseph at Hannah - Isang Umuunlad na Pagsasama

Si Joseph ay labis na dismayado dahil malungkot ang kanyang asawa. Hindi niya naunawaan kung ano ang gusto nito mula sa kanya. Nagsumikap sa trabaho si Joseph at binigyan ng tahanan, pagkain, at lahat ng kinakailangan para sa buhay ng kanyang asawa at mga anak. Pinapayagan niyang bumili ang kanyang asawa ng anumang gustuhin nito. Wala nang inaalala ang kanyang asawa. Ano pa ba ang gugustuhin ng isang babae? Naramdaman ni Joseph na hindi pinahahalagahan ng kanyang asawa ang kanyang ginagawa.

Si Hannah ay malungkot dahil gusto niyang ipakita ni Joseph ang pagmamahal nito sa pamamagitan ng pag-iisip ng espesyal na bagay na magagawa para sa kanya. Ang paborito niyang regalo mula kay Joseph ay isang maliit na kahoy na plaque kung saan nakaukit ang kanyang pangalan, na ginawa ni Joseph para sa kanya sa shop nito. Sa halip na sabihin sa kanya na bilhin ang anumang gustuhin niya, mas gusto niyang bilhan siya ng kanyang asawa ng bulaklak paminsan-minsan.

Nag-usap sina Joseph at Hannah tungkol sa kanilang mga nararamdaman at nagsimulang maunawaan ang pangangailangan ng isa't isa.

## Ano ang Tunay na Pagmamahal?

► Ano ang ibig sabihin ng tunay na pagmamahal sa isang tao?

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang 1 Corinto 13:4-8 para sa grupo. Mula sa tekstong ito, ilista ang mga katangian at kilos ng pagmamahal. Ilista ang mga bagay na hindi kasama sa pagmamahal at ang mga hindi ginagawa ng pagmamahal.

| 1 Corinto 13: Pagmamahal | |
|---|---|
| **Ano ang Katangian ng Pagmamahal** | **Ano ang Ginagawa ng Pagmamahal** |
| | |
| **Ano ang Hindi Katangian ng Pagmamahal** | **Ano ang Hindi Ginagawa ng Pagmamahal** |
| | |

Sa tekstong ito, maaaring mas nailarawan ang mukha ng pagmamahal sa mga bagay na **hindi nito katangian** kaysa sa mga bagay na **katangian nito**. Ngunit ang mga paglalarawan ng kung ano ang **hindi katangian** ng pagmamahal ay nagtuturo sa atin kung **ano ang katangian** ng pagmamahal. Kung ang pagmamahal ay hindi mayabang, ano ito? Ito ay ang kabaliktaran. Ang pagmamahal ay mapagkumbaba.

► Ngayon, ilista ang mga kabaligtaran para sa bawat isa sa mga bagay na hindi totoo sa pagmamahal, ayon sa paglalarawan sa 1 Corinto 13:4-8 at nakasulat sa table sa itaas.

| Ano ang Katangian ng Pagmamahal | Ano ang Ginagawa ng Pagmamahal |
|---|---|
| | |

Tunay na pagmamahal:

- Hindi lamang isang damdamin (bagama't madalas na may mga damdamin sa pagmamahal).
- Ito ay kusang ibinibigay, hindi dahil sa pangangailangan.
- Ito ay isang pangako.
- Ito ay nagsasakripisyo.
- Ito ay walang kondisyon; hindi ito nakasalalay sa mga ginagawa ng taong iyong minamahal.
- Ito ay sinasadya, hindi aksidente.
- Ito ay may halaga.
- Naghahangad ng pinakamahusay para sa taong iyong minamahal.
- Nagpapahayag ng sarili sa pamamagitan ng pagbibigay.

> Maaari kang magbigay nang walang pagmamahal, ngunit imposibleng magmahal nang hindi nagbibigay.
> Ang pagmamahal ay may kapalit.

"Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan na ibinigay niya ang kanyang tanging Anak, upang ang sinumang sa kanya'y sumampalataya ay huwag mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan." (Juan 3:16). Ang tunay na pagmamahal ay ipinapahayag ang sarili sa pamamagitan ng pagbibigay. Hindi ito laging pagbibigay ng bagay na makikita o madarama. Minsan, ang regalo ay mga salitang puno ng pagmamahal. Minsan, ang regalo ay oras: ang makasama ang isang tao at pagiging available para sa kanila. Minsan, ang pagmamahal ay ipinapakita sa pamamagitan ng mga gawaing paglilingkod o haplos ng pagmamahal. Lubos tayong minahal ng Diyos Ama kaya't ibinigay niya ang pinakamahusay na mayroon siya, ang kanyang kaisa-isa't Anak, upang tayo ay maging kanyang mga anak rin. Kapag tunay tayong nagmamahal sa iba, tayo rin ay nagbibigay.

Ang tunay na pagmamahal ay walang kondisyon. Hindi ito nakasalalay sa ugali o pagiging karapat-dapat ng taong minamahal. Hindi ito nagsasabing, "Kapag ginawa mo ito at pinasaya mo ako sa ganitong paraan, mamahalin kita; pero kapag ginawa mo iyon at hindi ako natuwa, hindi kita mamahalin."

Ang kondisyonal na pagmamahal ay nagsasabing, "Kapag natuwa ako sa asal mo, bibigyan kita ng mga pagpapahayag ng pagmamahal na makabuluhan para sa iyo. Ngunit kung hindi mo gagawin ang gusto ko, ititigil ko ang mga makabuluhang pagpapahayag ng pagmamahal."

Ang tunay na pagmamahal ay walang kondisyon. Magpapahayag ito anuman ang gawin o hindi gawin ng tumatanggap. Magpapahayag ito kahit na hindi kayang tugunan ng pagmamahal ang tumatanggap; kahit na wala siyang maibibigay na kapalit.

Mahalagang maunawaan na ang pagmamahal nang walang kondisyon ay hindi laging nangangahulugan na ibinibigay natin ang gusto nila. Ito ay hindi nangangahulugan na tinatanggal natin ang mga bunga ng kanilang maling asal. Ito ay nangangahulugan na lagi nating sinusubukan na gawin ang pinakamabuti para sa kanila. Mahirap na makitang nagdurusa ang isang minamahal, ngunit kung sila ay gumagawa ng mali, madalas na ang pagdanas ng hirap ang tanging bagay na maglalayo sa kanila sa nakapipinsalang asal. Minsan ang pinakamabuti para sa ating minamahal ay hayaan silang maghirap. Sa ibang pagkakataon, mas mainam na tulungan silang makalabas sa kanilang mga paghihirap. Madalas nating kailangan ng payong maka-Diyos at ng tulong ng Banal na Espiritu para malaman kung ano ang dapat nating gawin sa mga sitwasyong ito.

► Ano ang mag-uudyok sa atin na magmahal ng iba nang walang kondisyon?

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Roma 5:8 para sa grupo.

Maraming tao ang nakakaramdam na ang pagmamahal ng Diyos ay batay sa kanilang pagganap. Dahil dito, hindi nila nauunawaan kung bakit dapat nilang mahalin ang ibang tao nang walang kondisyon. Pero sinasabi sa Roma 5:8 na iniibig na tayo ng Diyos kahit na tayo ay kanyang mga kaaway. Ibinigay niya sa atin ang Tagapagligtas kahit tayo ay mga makasalanan. Ang pagmamahal niya para sa lahat ng tao ay walang kondisyon. Hindi nakabatay ang kanyang pagmamahal sa iyong mga gawi o kahusayan. Mahal ka ng Diyos para sa kung sino ka bilang isang tao, na nilikha sa kanyang imahe.

Nais niyang mahalin natin ang iba sa parehong paraan na minamahal niya tayo (Juan 15:12, Efeso 5:2, 1 Juan 4:11). Ang pangunahing dahilan kung bakit dapat nating mahalin ang iba nang walang kondisyon ay dahil tinatawag tayo ng Diyos na gawin ito (Mateo 5:43-48, 1 Pedro 4:8).

## Nararamdaman ng mga Tao ang Pagmamahal sa Iba't Ibang Paraan

Gusto ng Diyos ang pagkakaiba-iba. Binibigyan niya ang mga tao ng mga natatanging personalidad. Walang dalawang tao ang magkatulad sa kanilang paraan ng pag-iisip at pagpapahayag ng kanilang mga damdamin. Dahil sa mga pagkakaiba sa personalidad, ang ating mga kapamilya ay may mga pangangailangan na medyo iba sa atin. Araw-araw, nakakaapekto sa ating mga relasyon sa pamilya ang ating pagkakaiba.

Isa sa mga paraan kung paano nagkakaiba ang mga indibidwal ay kung paano nila ipinapahayag ang pagmamahal at kung ano ang nagpaparamdam sa kanila ng pagmamahal, pagpapahalaga, at kaligtasan sa kanilang mga relasyon sa iba.

Maraming paraan ng pagpapahayag ng pagmamahal, at maraming paraan upang maparamdam sa mga tao ang pagmamahal. Inililista ni Gary Chapman ang limang

pangunahing kategorya ng pagpapahayag ng pagmamahal.[34] Tinatawag niya itong "The Five Love Languages" (Ang Limang Wika ng Pag-ibig). Bawat isa sa mga paraang ito ng pagpapakita ng pagmamahal ay isang buong sistema ng pag-uugali, hindi lamang isang indibidwal na gawain.

Bagamat kailangan ng bawat isa na mahalin sa lahat ng limang paraan, tila mas ramdam ng karamihan ng mga indibidwal ang pagmamahal sa isang uri ng pagpapahayag kaysa sa ibang uri ng pagpapahayag. Ang ibang paraan ng pagpapahayag ng pagmamahal ay hindi gaanong mahalaga para sa kanila.

**Ang Limang Wika ng Pag-ibig**

Ang mga tao ay nagpapakita ng pagmamahal sa pamamagitan ng:

1. Mga Salita ng Pag-ayon
2. Kalidad na Oras
3. Mga regalo
4. Mga Gawa ng Paglilingkod
5. Pisikal na Pagpapadama

Gayundin, nakikilala at tinatanggap ng mga tao ang pagmamahal sa pamamagitan ng limang paraan na ito.

**Isang Pangunahing Wika ng Pagmamahal**

Karamihan sa mga tao ay natural na kinikilala at ipinapahayag ang pagmamahal pangunahin sa isa o dalawa sa limang paraan na iyon. Kung hindi ipinapakita ng mga magkakapamilya ang kanilang pagmamahal para sa asawa o anak sa pangunahing wika ng pagmamahal ng taong iyon, maaaring hindi maramdaman ng asawa o anak ang pagmamahal, bagaman ipinapakita iyon sa ibang paraan.

Maaaring ang isang partikular na babae ay pangunahing nagpapahayag ng kanyang pagmamahal sa pamamagitan ng pagbibigay ng oras sa mga taong mahal niya. Sinusubukan niyang maging available upang makipag-usap at makipag-ugnayan sa mga mahal niya. Binibigyan niya ng oras para makasama sila. Gayundin, dahil ito ang pangunahing paraan niya ng pagpapahayag ng pagmamahal, ito ang pinakamadaling paraan na nakikita niya ang pagmamahal ng iba para sa kanya. Mas ramdam niyang minamahal siya kapag mayroong nagbibigay ng kanilang oras sa kanya. Kung bibilhan siya ng kanyang asawa ng regalo o gagawa ng isang bagay para sa kanya, hindi iyong kasinghalaga para sa kanya kumpara sa pagbibigay ng oras sa kanya.

Maaaring ang isang partikular na lalaki ay pangunahing ipinapakita ang pagmamahal sa pamamagitan ng pisikal na haplos. Niyayakap niya ang kanyang asawa at mga anak at

[34] Maraming ideya sa seksyong ito ay batay sa ginawa ni Gary Chapman na *The Five Love Languages: How to Express Heartfelt Commitment to Your Mate*, (Northfield Publishing, Chicago, 1995)

masaya siya kapag niyayakap siya nila at gusto nila siyang makasama. Maaaring yakapin niya ang kanyang mga kaibigan o kahit tapikin ang kanilang mga balikat o malambing na magkulitan sa kanila. Maaaring pinahahalagahan niya ang sipag ng kanyang asawa sa pagtatrabaho para sa kanilang pamilya, ngunit ang trabaho ay hindi ang nagpaparamdam sa kanya na mahal siya nito. Nararamdaman niya na minamahal siya kapag ito ay umuupo sa kanyang tabi at hinahayaan siyang yakapin ito, o kapag hinahawakan siya nito sa iba't ibang paraan nang may pagmamahal.

May tangke ng gasolina ang sasakyan. Kapag ang tangke ay walang laman, hindi gumagana ang sasakyan. Kapag ang isang tao ay nakakatanggap ng pagmamahal sa paraang nauunawaan at kinakailangan niya, ito ay nagbibigay ng emosyonal na lakas. Kapag puno ang emosyonal na tangke ng isang tao, mayroon siyang kumpiyansa at enerhiya para sa mga hamon. Mas kayang makipagtulungan sa iba. Mas kayang malutas ang mga alitan. Inspirado siyang na mag-improve at magtagumpay.

Kapag isang tao ay hindi nakakatanggap ng pagmamahal sa paraang kanyang kinakailangan, nagkukulang siya sa emosyonal na lakas. Bihirang nagsisikap ang isang tao para sa mga tagumpay o pagpapaunlad kapag hindi niya nararamdamang mahal siya.

Kung hindi natin madalas na ipinapakita ang pagmamahal sa ating mga kapamilya sa kanilang pangunahing wika ng pagmamahal, maaaring hindi nila maunawaan kung gaano natin sila kamahal. Totoo ito, kahit gaano natin nararamdamang mahal natin sila. Dapat nating ipabatid ang ating pagmamahal sa paraang nauunawaan nila.

Kung tayo ay makakasakit ng isang tao sa kanyang pangunahing wika ng pagmamahal, mas masama pa ito. Halimbawa, kung ang mga salita ng pagsang-ayon ang pinakamahalagang paraan upang ipakita ang pagmamahal sa ating anak, ang masasakit na salita ay mas makakasakit sa bata kaysa kung may iba siyang pangunahing wika ng pagmamahal.

## Paglago sa pamamagitan ng ating Pagmamahalan sa Isa’t isa

Sa Aralin 1, natutunan natin kung paano nilikha ng Diyos ang lahat ng tao para sa pakikipag-relasyon sa kanya at sa ibang tao. Ang mga pagpapadama ng pagmamahal ay mahalagang bahagi ng bawat relasyon. Mahalagang maunawaan ang mga paraan na madarama ng ating asawa, mga anak, at mga kamag-anak na sila’y ating minamahal. Ang kaalaman na ito ay tutulong sa atin na maipadama ang ating pagmamahal sa paraang makabuluhan para sa bawat isa sa kanila.

Madalang na ang lagay ng pag-aasawa ay ayon sa inaasahan ng mga tao. May mga taong madalas na madismaya sa pagkakaibang mayroon sa pagitan ng mag-asawa. Pagdating sa pagpapadama ng pag-ibig, tila ang pinakamainam na sitwasyon ay ang magkaroon ang mag-asawa ng parehas na pangunahing pamamaraan ng pagpapadama ng pag-ibig. Maaaring maraming di pagkakaunawaan at luha ng kalungkutan ang naiwasan kung parehas ang kanilang pagpapadama. Subalit, ang mga pagkakaiba ay maaaring magdulot pa rin ng tibay sa mag-asawa kung ang bawat isa sa kanila ay magiging masigasig sa kanilang ugnayan at pagpapalago ng kanilang pagmamahalan sa isa't isa.

"At nawa'y palaguin at pasaganahin kayo ng Panginoon sa pag-ibig sa isa't isa at sa lahat ng tao, gaya naman namin sa inyo."
- 1 Tesalonika 3:12

Ang proseso ng pagsusumikap na unawain ang bawat isa, makibagay sa isa't isa, at ipadama ang pagkalinga sa makabuluhang paraan ay huhubog sa bawat isa at magiging kasiya-siyang kapahayagan ng tunay na pag-ibig. Kapag pinaglilingkuran natin ang ating mga mahal sa buhay sa pamamagitan ng pagpapadama ng pag-ibig sa paraang nadarama nilang sila'y minamahal, lumalago rin tayo sa pang-unawa at katangian.

Pagdating sa pagpapadama ng ating pagmamahal sa ating mga asawa at iba pang miyembro ng ating pamilya, mahalagang maunawaan na hindi natin dapat ipadama ang ating pagmamahal sa paraang ayon lang sa ating sariling paraan o kaya'y kapag gusto lang natin. Ang pag-ibig ay isang pagpapasya at isang paninindigan na udyok ng halaga ng relasyon. Sa ilang kalagayan, matututunan natin ang mga bagong pamamaraan ng pagpapadama ng pag-ibig. Marahil ay hindi tayo lumaki sa isang pamilya na nagpapadama ng pagmamahal sa isang partikular na paraan, ngunit maaaring ang kasalukuyan na miyembro ng iyong pamilya ay nangangailangan ng gayong partikular na paraan. Sa ganitong kalagayan, ang pagpapadama ng pag-ibig sa paraang hindi natin nakasanayan ay maaaring maging kakaiba o di kaaya-aya sa atin sa umpisa. Subalit maaari natin itong matutunan! Mahalaga na hindi natin ito gawin na parang isang di kalugod-lugod na tungkulin o isang pang-aabala na maipadama lang ang ating pagmamahal. Kung sakaling gagawin natin ito ng dahil lang sa tungkulin, ang ating gagawing pagpapadama ay hindi maghahatid ng tunay na pagmamahal.

► Dapat basahin ng mga mag-aaral ang Roma 12:9-10, 16 at 1 Pedro 3:7-8 para sa grupo. Mula sa mga talatang ito, magbigay ng ilang mga dahilan na nagpapakita kung ano ang mga paraan na madarama ng mga miyembro ng ating pamilya na sila'y ating minamahal.

**Mahalagang tandaan na ang pag-ibig ay isang mapanindigang pag-aalay ng sarili para hanapin ang pinakamakakabuti sa iba.**

Tayo ay isinilang na may makasariling kalikasan. Ang tunay na pag-ibig para sa ating kapwa ay hindi likas na dumarating sa ating kalooban. Ang tunay na pag-ibig ay nagiging posible lamang sa pamamagitan ng gawain ng Banal na Espíritu sa ating mga puso (Roma 5:5).

Bilang mga mananampalataya, dapat nating matutunan na taglayin ang paraan ng pag-iisip ni Cristo, gaya mismo ng inilarawan ni Pablo sa Filipos 2. Kapag taglay natin ito:

- Hindi tayo uudyukan ng makasariling hangarin (talatang 3)
- Hindi tayo magkakaroon ng mataas na pagtingin sa ating sarili (talatang 3)
- Ituring na ang iba ay higit na mahalaga kaysa ating sarili (talatang 3)
- Hahanapin natin ang makakabuti para sa kanila (talatang 4)

Dapat na magkaroon tayo ng panata at paninindigan na lumago sa pagmamahal para sa mga miyembro ng ating pamilya. Dapat nating matutuhan na mapansin ang kanilang mga pangangailangan at maghanap ng mga paraan na ito'y matugunan. Ang ating layunin ay dapat na ipakita sa kanila ang ating pagmamahal sa paraang madarama nila na sila'y talagang minamahal.

Bilang mga magulang, dapat rin nating turuan ang ating mga anak na maging mapagsaalang-alang sa kalagayan ng kanilang mga kapatid, magulang, at lolo at lola. Dapat na matutuhan ng ating mga anak na mahalin at paglingkuran ang kanilang pamilya. Maaari nilang matutunan na ipadama ang kanilang pagmamahal sa pamilya sa pinakamainam na mga paraan. Dapat natin silang turuan sa pamamagitan ng halimbawa. Dapat na maglaan tayo ng panahon na ipaliwanag sa kanila ang mga konseptong ito at gabayan sila sa pagsasabuhay nito sa kanilang mga relasyon.

► Ano ang ilang paraan para matulungan ng mga magulang ang kanilang mga anak na matutunang ipadama ang di-makasariling uri ng pag-ibig para sa iba, na magsisimula sa kanilang pamilya?

### Wika ng Pag-ibig 1: Mga Salitang Pag-ayon

Ang mga taong ang pangunahing wika ay mga salitang pag-ayon ay nakadarama ng pag-ibig kapag gumagamit ang ibang tao ng mga salitang totoong nagpapahalaga sa kanila. Kung ang pangunahing wika ng pag-ibig ng isang babae ay mga salitang pag-ayon, maaaring ipadama sa kanya ng kanyang asawa ang pagmamahal habang nakikipag-usap sa kanya o kaya'y kapag may mga usapang patungkol sa kanya. Maaari itong ipahayag ng lalaking asawa sa pamamagitan ng sulat, na sinasabi rito ang ilang mga partikular na dahilan kung bakit niya siya pinasasalamatan. Maaari rin niyang ipaalam sa iba ang magandang katangian o trabaho ng kanyang asawa. Kapag naririnig ng asawang babae ang mga salitang pag-ayon mula sa asawang lalaki, nadarama niyang siya'y minamahal at pinapahalagahan.

Maaari nating hingan ng payo ang ating mga kaibigan sa paraang nagpapakita na sila'y mahalaga. Halimbawa:

- "Lagi kang nakapagbibigay ng kapaki-pakinabang na pananaw, kaya nais kong hingin ang kaisipan mo sa bagay na ito…"

- “Marami ka ng karanasan sa bagay na ito, at ikatutuwa kong marinig ang iyong payo.”
- “Marami kang nalalaman tungkol sa ____ kaysa sa akin, kaya kung mayroon kang mungkahi o rekomendasyon, ikatutuwa kong marinig ang mga ito.”

Lahat ng mga salitang pag-ayon ay dapat na ipahayag ng taus-puso. Dahil kung hindi, sila'y magiging walang kabuluhan at maaaring makasakit. Ang mga salitang pag-ayon na hindi ipinapahayag ng taus-puso ay magpapahina ng relasyon. Sila'y hindi nakabatay sa katotohanan, kaya hindi maaaring pagkatiwalaan ng nakikinig ang motibo ng nagsasalita.

Ang tunay na mga salitang pag-ayon ay totoo sa realidad. Hindi sila huwad o pagmamalabis na salita. Ang tunay na mga salitang pag-ayon ay mula sa puso. Ang napakinggang salita ang siyang tunay na nadarama at pinaniniwalaan ng nagsalita.

Ang mga salitang pag-ayonay maaaring mag-udyok sa nakikinig na higit pang lumago at mag-asam ng tagumpay sa hinaharap, gayunma’y ito’y hindi dapat gamitin sa manipulasyon. Hindi natin dapat subukang kontrolin ang damdamin ng iba na ginagamit na pabalat ang mga salitang pag-ayon.

► Dapat basahin ng mag-aaral ang Efeso 4:29 para sa grupo. Anong paglalarawan ang ibinigay rito para sa mga bagay na hindi dapat salitain? Ano ang dapat na isakatuparan ng ating mga salita? May mga salita bang angkop sa isang sitwasyon ngunit hindi sa isang sitwasyon?

Ang mga bagay na sinasabi natin sa ibang tao ay dapat na laging angkop at mapagbiyaya. Ang mga bagay na ating sinasabi ay dapat na magbigay ng pagkakataon sa Diyos na kumilos sa buhay ng mga taong kinakausap natin. Ang mga bagay na dapat nating sinasabi ay nagpapatibay, hindi mapangwasak. Ito ay dapat na naghahatid ng kalusugan at kagalingan, at hindi kailanman mapanira.

### Mga Paksa ng Pag-ayon

May iba’t ibang uri ng mga salitang pag-ayon. Hindi lahat ng mga salita ng pag-ayon ay may pare-parehas na halaga o importansya. Ang mga salitang pag-ayon na may mataas na kalidad o antas ay nangangailangan ng higit na pag-iisip at pagsusumikap mula sa taong magbibigay nito. May pagkakataon na ang pagsasabi nito ay parang kakaiba; subalit ang mga salitang ito ay magpapahayag ng pag-ibig sa malakas at makabuluhang pamamaraan.

#### *Pagbibigay Papuri sa Anyo*

Ang pagbibigay ng papuri sa itsura ng isang tao ay maaaring isang paraan ng pagbibigay pagpapahalaga sa kanyang sarili, lalo kung ang papuri ay nagpapahalaga sa kanyang pagsisikap o sa paraan na ipinahayag niya ang kanyang personalidad. Subalit, ang pagbibigay papuri sa itsura ng tao ay isang mababaw na uri ng pagpapahalaga, lalo kung hindi naman ito nakaugnay sa kalikasan ng kanyang pagkatao.

Ang mga taong may kaakit-akit na itsura na madalas tumanggap ng papuri ang siyang madalas na mawalan ng kumpiyansa sa kanilang itsura, sapagkat nagsisimula nilang maramdaman na ang kanilang halaga ay nakabatay sa itsura, at iisipin nilang ito ay dapat na laging perpekto.

Ang personal na halaga ng isang tao ay hindi nakasalalay sa magandang itsura. Gayundin naman, mayroong mga limitasyon ang tao upang mapanatili ang kanilang magandang itsura. Dahil rito, ang ganitong uri ng pagpapahalaga ay hindi dapat gamitin ng sobra.

### *Purihin ang mga Nakamit at Serbisyo*

Ang isa pang paraan ng pag-ayon sa isang tao gamit ang salita ay sa pamamagitan ng pagkilala sa kanyang mga nakamit at ginampanan. Ang taong nagsasalita ay hindi nagmamadali kundi naglalaan ng panahon upang ipahayag ang kanyang paghanga sa nagawa ng tao, sa halip na winawalang bahala ang kanilang mga ginawa.

Mga Halimbawa:

- Pinupuri ng babae ang kanyang asawa dahil nakamit nito ang mahirap na pangarap na matagal na niyang pinagsisikapan.
- Pinapansin at pinapasalamatan ng lalaki ang kanyang asawa para sa lahat ng tulong na kanyang ginawa para matapos ang isang proyektong ginagawa nito.
- Pinapasalamatan ng mga miyembro ng pamilya ang nagluto ng ulam na kasiya-siya sa kanila.

Kapag pinupuri mo ang isang ginagawa o isinakatuparan, sikapin mong iwasan na isipin ng taong iyon na ang iyong pag-ibig ay nakadepende sa kanyang pagganap. Halimbawa, ang sabihin sa iyong anak na ipinagmamalaki mo siya sapagkat nakakuha siya ng mataas na iskor mula sa isang pagsusulit ay maaaring makadama na hindi mo na siya mahal kapag bumaba ang kanyang marka. Isang paraan para magbigay tibay sa kalooban ng isang tao ay ang sabihin, "Masaya ako na mahusay ang nagawa mo sa pagsusulit. Ipinagmamalaki kita sapagkat nagkukusa ka sa iyong pag-aaral at ginagawa ang iyong makakaya." Sa anumang paraan mo ito sabihin, huwag kalimutan na purihin ang naisakatuparan nilang bagay na mahalaga para sa kanila.

### *Pagkilala sa Katangian at Pagsusumikap*

Pinakamahalagang patibayin ang karakter ng isang tao, maging ang kanyang pagsusumikap na magtagumpay, kaysa sa purihin lamang ang kanyang magandang pagganap. Halimbawa, ang isang batang atleta ay dapat na higit na purihin sa kanyang kasipagan at mabuting katangian kaysa sa pagkapanalo sa isang laro. Iilang tao lamang ang maaaring maging mahusay sa pagganap ng isang bagay, subalit maaaring piliin ng isang tao ang mabuting katangian, at ang katangian ang siyang higit na mahalaga.

***Ipagdiwang ang Pagkatao ng isang Tao***

Ang pinakamainam na pagpapatibay sa isang tao ay ang pagkilala sa kalikasan ng kanyang pagkatao: mga personal na katangian, ugali, at gawi ng personalidad. Ang ganitong uri ng pagsang-ayon ay higit na malakas kaysa sa pagpapatibay na nakatuon sa mga nakamit na bagay sapagkat ito ay nakabatay sa halaga mismo ng pagkatao ng isang tao, at hindi sa mga nagbabagong mga pangyayari.

Mga Halimbawa:

- "Napapalapit sa iyo ang mga bata! Napakagaling mo sa pagpapaliwanag ng mga bagay sa kanila, at ikaw rin ay matiyaga na makinig sa kanilang mga tanong."
- "Nagsasabi ako sa iyo sapagkat alam kong ikaw ay mapagkakatiwalaan."

Kaugnay sa ganitong uri ng pagpapahalaga ay ang pagkilala sa kung paano kumikilos ang Diyos sa buhay ng isang tao; na tinutulungan sila ng Diyos na mahubog ang pagkatao at maisakatuparan ang isang gawain.

Mga Halimbawa:

- "Nalulugod akong makita kung paano ka ginagamit ng Diyos sa buhay ng mga kabataang tinuturuan mo. May isa sa kanila na nagsabi sa akin na nais niyang mamuhay ng para kay Jesus ng dahil sa nakikita niya sa iyong buhay!"
- "Naniniwala akong tutulungan ka ng Diyos sa mahirap na gawaing ito na ibinigay sa iyo. Ipapanalangin kita!"

Ang mga pagpapahayag ng kagalakan at pasasalamat para sa presensya at relasyon ng isang tao ay ilan sa mga matitinding salita ng pagpapahalaga. Ipinapadama nito ang halaga ng isang tao.

Mga Halimbawa:

- "Higit na nagiging espesyal ang pagtitipon ng pamilya kung nandoon ka."
- "Gustong-gusto ko na kasama kita."
- "Mahalaga ka sa akin, at mahal kita."

**Mahalagang Paunawa Kaugnay sa mga Salita at Pagsang-ayon**

1. Huwag punahin o kutyain ang pisikal na katangian ng isang tao. Dinadala ng mga tao ang kanilang pisikal na katangian habambuhay. Kaya huwag magbigay ng palayaw sa isang tao batay sa kanilang pisikal na katangian, lalo kung ito ay isang kapintasan.
2. Ang pagbibigay papuri sa mga lakas, mga katangian, at mabubuting pag-uugali ay nag-uudyok sa nakikinig na magpatuloy na lumago sa mga ito. Ngunit ang pagtuon sa mga kapintasan ay bihirang nakakatulong.

3. Ang pagbibigay ng payo ay maaaring magpahiwatig ng isang pagkakamali sa nakikinig. Subalit ang pagpapahalaga ay magpapadama sa isang tao ng kapanatagan habang nakikinig sa payo. Kung nais mong bigyan ang isang tao ng payo, magbigay ka ng matibay na pagsang-ayon kasabay ng pagbibigay ng payo.

4. Ang mungkahi na nasa anyo ng pagrereklamo ay hindi nakakapagpapasigla ng kalooban. Halimbawa, ang pagsasabing ang isang trabaho ay dapat na nagawa na, o kaya'y ang pagpapahayag ng kahihiyan ng dahil sa kabiguan ng isang tao na ito'y magawa ng maaga ay hindi nakakatulong. Ang mga ganitong pananalita ay nagpaparamdam sa isang tao ng kanyang kabiguan; at kung huli niyang matapos ang gawain, pakiramdam niya'y bigo pa rin.

**Masasakit na mga Salita**

Ang taong higit na nangangailangan ng mga salita ng pagsang-ayon ay higit na nasasaktan ng mga kabaligtaran nitong mga salita. Ang kritisismo o puna ay partikular na masakit tanggapin at naghahatid sa tao na pagdudahan ang kanyang halaga. Ang padalus-dalos at galit na mga salita ay nagdudulot ng mga sugat sa damdamin na maaaring hindi kailanman ganap na gumaling. Ito ay totoo lalo na kapag hindi nauunawaan ng isang tao ang sakit na hinatid ng kanyang mga salita at hindi man lang humingi ng paumanhin.

Kung paanong ang matibay na mga salita ng pagsang-ayon ay nakaugnay sa halaga ng isang tao, gayundin naman, ang pinakamasama at masakit na mga pananalita ay personal na atake sa kanyang pagkatao. Halimbawa, "Sana'y, hindi kita nakilala."

Ang sunod na pinakamasamang pangungusap ay yaong nagpapahayag tungkol sa pagkatao ng isang tao. "Ikaw ay____." Kaugnay rito, ang mga mapanirang pangungusap na tungkol sa pag-uugali ay gaya ng pagsasabing, "Lagi kang___" o kaya'y "Hindi ka kailanman _____." Ang mga ganitong pangungusap ay nagpapahiwatig na ang isang tao ay wala ng pag-asang magbago ng dahil sa kapintasang iniugnay sa mahalagang sangkap ng kanyang pagkatao.

Kapag ang isang tao ay nasaktan – lalo na kung ang kanyang sugat ay may kinalaman sa kanyang paraan ng pagpapakita ng pagmamahal – likas sa kanya na lumayo upang umiwas mula sa dagdag pang pinsala. Ang mga taong ang pananalita'y negatibo ay madalas na hindi mapagbigay ng mga positibong pangungusap, kaya ang nakikinig sa kanila ay hindi umaasa na makatatanggap sila ng maayos na pakikipag-ugnayan kung babaguhin niya ang kanyang gawi. Hindi siya napapasigla na pabutihin ang kanyang asal upang matanggap niya ang pagmamahal.

Minsan, ang mga taong may galit ay nagsasalita ng mga masasakit na bagay sapagkat gusto nilang saktan ang kalooban ng isang tao. Minsan naman, ang mabuti ang intensyon ng nagsasalita, ngunit ang kanilang mga salita ay masakit pakinggan. May ilang mga tao na ginagamit ang mga negatibong salita upang pilitin ang isang tao na magkaroon ng maayos na pag-uugali, subalit hindi ito ang madalas na nangyayari.

► Dapat basahin ng mag-aaral ang Colosas 3:8 para sa grupo. Ang mananampalataya ay hindi dapat na magpatuloy sa pagkakasala sa Diyos at laban sa kanyang kapwa sa ganitong mga bagay.

## Para sa Talakayan ng Grupo

► Sa iyong sariling pananalita, ilarawan ang tunay na pag-ibig. Bakit dapat na tulungan tayo ng Banal na Espíritu na mahalin ang ating kapwa na siyang nararapat?

► Ipaliwanag kung ano ang ibig sabihin ng ibigin ang isang tao na walang hinihinging kapalit. Ano ang halaga para sa iyo ng pag-ibig ng Diyos na walang hinihinging kapalit?

► Bakit napakahalagang ipadadama mo ang iyong pag-ibig sa iyong asawa o anak ayon sa pamamaraang nauunawaan nila ang pag-ibig?

► Paanong ang pagtanggap ng mga salitang nagpapahalaga ay nakatulong sa iyo?

► Paano mo ipinapakita sa linggong ito ang pagmamahal sa mga miyembro ng iyong pamilya gamit ang mga salitang nagpapapahalaga ng kalooban?

## Panalangin

Ama naming nasa langit,

Salamat sa pagtuturo mo sa akin ng tungkol sa tunay at walang hinihinging kapalit na pagmamahal. Salamat na ipinapakita mo ito sa iyong Salita at sa pagpapadama nito sa akin sa pamamagitan ng iyong pag-ibig.

Tulungan mo akong magmahal at paglingkuran ang aking pamilya kung paanong minahal at pinaglingkuran ako ni Cristo. Tulungan mo ako na matuon sa kapakanan ng aking asawa, mga anak, mga kapatid, at magulang.

Salamat sa pagpapaalala mo sa akin ng halaga ng mga salitang aking sinasabi. Patawarin mo ako sa mga salitang nasabi ko na nakasakit sa damdamin ng iba at di-nakalulugod sa iyo. Nawa'y tulungan mo ako na alalahanin na ang aking mga salita ay dapat na nagpapahalaga, humuhubog, at nagpapagaling.

Amen

## Mga Takdang Aralin

(1) Makipag-usap sa mga mag-asawa na may matibay na relasyon, at magtanong sa kanila para matuto sa kanilang buhay. Kapag natapos mo ang pakikipag-usap, isulat mo ang mga aral na kanilang ibinahagi at ang mga bagay na nais mong isabuhay bilang may asawa.

Narito ang ilan sa mga katanungan na pwede mong itanong:

- Ano ang pinagkaiba ng inyong mga personalidad na nakakaapekto sa inyong relasyon?
- Paanong ang bawat isa sa inyo ay lumago ng dahil sa mga pagkakaibang ito?
- Paano ninyo iniaangkop ang iyong mga inaasahan, pananaw, at pag-uugali upang magawa ninyong igalang at paglingkuran ang bawat isa?
- Ano ang ilang sa mga praktikal na paraan na ipinapakita ninyo ang inyong pagmamaha sa isa't isa?
- Ano ang ginagawa o sinasabi ng iyong asawa na nakakatulong sa iyong madama na ikaw ay kanyang minamahal?
- Paanong ang relasyon mo sa iyong asawa ay nakakaapekto sa iyong relasyon sa Diyos?

(2) Sa Kawikaan 31:10-31, maraming salita ng pasang-ayon ang isinama ng may akda para sa kanyang maybahay. Ang mga paglalarawan sa kanyang pag-uugali at mga pananalita ay nagpapakita sa atin ng kanyang katangian. Aling mga bagay ang pinuri ng lalaki sa kanyang asawa? Hanapin mo sa mga talata ang mga bagay na ito:

- Sa kanyang anyo
- Sa kanyang mga nakamit at serbisyo
- Sa kanyang katangian at pagsusumikap
- Sa kanyang pagkatao
- Sa kanyang pagiging isang mananampalataya

Ano ang ating matututunan sa mga binibigyang-diin sa mga talatang ito?

# Aralin 9
# Ang Limang Wika ng Pag-ibig – Bahagi 2

## Mga Layunin ng Aralin

Sa katapusan ng araling ito, magagawa ng mag-aaral na:

(1) Maunawaan ang limang wika ng pagpapahayag ng pag-ibig.

(2) Talakayin ang mga panganib na nauugnay sa maling paggamit o pagpapabaya sa bawat isa sa limang wika ng pag-ibig.

(3) Ilarawan ang mga pakinabang ng pangangalaga sa damdamin ng bata.

(4) Tukuyin ang mga pangunahing wika ng pag-ibig ng bawat miyembro ng pamilya.

(5) Ilista ang mga partikular na paraan na maipapadama ang pag-ibig sa miyembro ng pamilya alinsunod sa limang wika ng pag-ibig.

(6) Paspapasyang ipadama ang pag-ibig sa mga miyembro ng pamilya alinsunod sa kanilang pangunahing wika ng pag-ibig.

## Pambungad

Sa nakaraang aralin, natutunan natin ang tungkol sa hindi makasarili at walang kondisyong pag-ibig. Atin ring natutunan na mayroong limang magkakaibang paraan (wika) na kung saan ang pag-ibig ay maaaring ipadama. May mga taong karaniwang nauunawaan at naipapadama ang pag-ibig gamit ang isa o dalawa mula sa limang paraan.

Tinalakay natin ang mga salita ng pag-ayon at natuklasan natin ang mga praktikal na mga pamamaraan upang maipadama ang ating pag-ibig sa miyembro ng ating pamilya. Sa araling ito, matututunan natin ang iba pang apat na wika ng pag-ibig, at pagkatapos ay magkakaroon tayo ng mga partikular na mga pagsasabuhay nito sa ating pagpapakita ng pag-ibig sa ating mga anak.

## Wika ng Pag-ibig 2: Kalidad na Oras

Ang mga taong ang pangunahing wika ng pag-ibig ay nasa kalidad ng oras ay higit na nakadarama ng pagmamahal kapag ang kanilang mga mahal sa buhay ay nagbibigay ng panahon upang sila'y makasama. Ang oras o panahon na ito ay maingat na inilalaan upang higit na makapagbigay ng pansin sa isa't isa. Ito ay oras ng pagsasaya at pagsasama.

Ang pagbibigay ng panahon ay hindi dapat na nagkataon o natitirang oras. Kung ikaw ay nasiksik sa isang trapik o kaya'y naghihintay sa isang pila, dapat mong gamitin ng maayos ang oras sa sandaling iyon. Subalit hindi pa rin matatagpuan sa mga ito ang kalidad na oras

na may layunin at pagsasama. Ang iyong asawa o ang iyong anak ay maaaring magpagawa ng isang proyekto kasama ka; ito ay mahalaga, subalit ang oras na ito ay hindi pa rin makatutugon sa kanilang pangangailangan ng kalidad na oras kasama ka.

Ang pag-uusap na walang abala ay mainam na anyo ng isang kalidad na oras. Sa ganitong uri ng pag-uusap, bawat isa ay buong pansing nakikinig sa isa't isa. Inaalis ng bawat isa ang anumang sagabal o isturbo gaya ng anumang mensahe o tawag sa telepono upang magawang makapokus sa isa't isa at sa pinag-uusapan.

Narito ang ilang mga paraan upang maipakita mo na ikaw ay nakikinig ng mabuti:

1. **Panatilihing Nakatingin sa Kausap.**
2. **Aktibong makinig.** Tumugon sa sinasabi ng kausap. Huwag mong isipin kung ano ang susunod mong sasabihin. Sa halip, magbigay ka ng panahon na unawain ang iniisip at sinasabi ng kausap mo. Maaari mong tiyakin na nauunawaan mo ang kanyang sinasabi sa pamamagitan ng, "Kung tama ang pagkaintindi ko sa iyo, tila nararamdaman mong…"
3. **Huwag mabilis na sumabat.** Minsa'y iniisip ng tagapakinig na nauunawaan niya ang ideyang napapakinggan at dahil rito'y mabilis na sasabat upang ibigay ang kanyang opinyon. Ngunit para sa nagsasalita, hindi ka nagbibigay ng panahon para talagang unawain ang kanyang sinasabi.
4. **Makinig sa damdamin, hindi lamang sa kung ano ang sinasabi.** Kapag sinisikap nating unawain ang pananaw ng isang tao, ipinapakita natin na sila'y mahalaga. Kapag nakikinig tayo ng may puso, ipinapadama natin na ang kanilang mga opinyon at nararamdaman ay mahalaga sa atin; na sila mismo ay mahalaga para sa atin!

Ang pinakamainam na pagbibigay ng oras ay yaong wala kang ginagawang anuman kundi ang makipag-usap sa isa't isa, bagamat may ilan ring ibang paraan ng pagsasama na mahalaga. Sa araw-araw ay pwedeng maglaan ng oras na magkakasama ang pamilya habang kumakain, na maaaring gawin rito ang isang makabuluhang pag-uusap habang sila'y kumakain.

Ang pagbabasa ng kwento sa mga maliit na bata, pakikipaglaro sa kanila, o kaya'y ang paggawa ng isang nakalilibang na bagay ay ilan sa mga paraan upang magkaroon ng kalidad na oras sa pamilya. Ang pagsasagawa ng isang proyekto o isang malikhaing bagay na hindi para sa paaralan, trabaho, o simbahan ay isa ring paraan ng pagbibigay ng kalidad na oras.

Kapag ang isang kapamilya ay malayo sa tahanan, ang kalidad na oras ay pwedeng magawa sa pamamagitan ng pag-uusap sa telepono.

Ang kalidad na oras ay inilaan, walang disturbo, at hindi nagmamadaling panahon para makapokus sa isa't isa at masiyahan sa inyong pagsasama-sama. Isang mainam na bagay na laging maglaan ng kalidad na oras para sa asawa at mga anak sa araw-araw.

**Kung ang Panahon ay Hindi Mailaan**

Kung ang asawa o magulang ay namumuno sa isang ministeryo, madalas na mahirap na makapaglaan ng panahon para sa pamilya. Tuloy, madalas na maramdaman ng mga anak ng pastor na sinuman ay maaaring tumawag sa pansin ng kanilang ama, at siya naman ay laging abala upang makapagbigay ng oras sa kanila. Sa ganitong lagay, tila ang panahon sa pamilya ay naisasakripisyo para sa kapakanan ng ministeryo.

Ang abala ay hindi maiiwasan sa isang taong nasa ministerio, gayunma'y dapat ka pa ring magsikap na maglaan ng panahon para sa iyong pamilya. Kapag gagawin mo ito, mas lalo nilang mauunawaan ang iyong mga regular na tungkulin at maging yaong mga karagdagang bagay na biglang dumarating.

Ang isang tao na ang pangunahing wika ng pag-ibig ay nasa kalidad ng oras ay nakadarama na hindi siya lubos na mahal kung kinakapos siya ng makabuluhang panahon kasama ang kanyang pamilya. Mas higit siyang nasasaktan kapag ang kalidad na oras ay hindi binibigyang prayoridad at kapag ang plano para sa kalidad na oras ay naipagpapaliban dahilan sa mga isturbong dumating. Mahirap para sa ganitong tao na makita ang kanyang pamilya na abala at hindi makapagbigay ng panahon sa kanya. Pakiramdam niya ay hindi siya ganoon kahalaga kapag hindi nakikinig ng mabuti ang mga miyembro ng kanyang pamilya.

Kapag hindi mo nabibigyan ng atensyon ang iyong asawa o anak, maaaring hindi nila madama ang pag-ibig na mayroon ka para sa kanila, bagamat may mga ginagawa kang bagay para sa kanila. Maaaring ang ama ng tahanan ay nagtratrabaho ng masikap para sa kanyang pamilya, ngunit maaaring maramdam ng asawang babae na siya'y hindi mahal kung hindi siya makapagbigay ng panahon para sa kanya.

May isang bata na pumunta sa kanyang ama upang ibahagi ang kwento na kanyang narinig. Ang ama ay nagbabasa ng aklat, saglit na huminto, ngunit mayamaya ay agad na bumalik sa pagbabasa ng kanyang libro habang ang kanyang anak ay nasa gitna ng pagkwe-kwento. Sa paglipas ng panahon, hindi nakalimutan ng batang iyon ang kanyang naramdaman sa sandaling iyon.

► Ano ang dapat na maging itsura ng kalidad na oras para sa iyong pamilya? Ano ang mga kahirapan na dapat mong pagtagumpayan upang magkaroon ka ng makabuluhan panahon kasama ang iyong mga mahal sa buhay?

## Wika ng Pag-ibig 3: Mga Regalo

Ang mga tao na ang pangunahing wika ng pag-ibig ay ang tumanggap ng mga regalo ay higit na nakadarama ng pagmamahal kapag binibigyan sila ng mga bagay na nagpapakita na sila'y iniisip nila.

Ang mga regalong nagdudulot sa iba na maramdamang sila'y minamahal ay yaong mga regalong nagpapakitang naalala sila. Ang mga regalong ito ay pinili sapagkat sila'y nasa

isipan ng magbibigay. Hindi ito kinakailangang praktikal o pangangailangan. Ang regalong ibinibigay ng pag-ibig ay hindi yaong mga bagay na hindi kailangan ng nagbibigay. Sa halip, ang mga regalo ay dapat na maingat na pinipili ng nagbibigay.

Ang regalong nagpapadama ng pag-ibig sa isang tao ay hindi kinakailangang mahal. Maaring ito ay isang bagay na panandalian lang gaya ng espesyal na pagkain o kendi; o kaya'y maaaring isang pangmatagalang bagay na magpapaalala ng relasyon niya sa nagbigay. Para sa mga taong ang pangunahing wika ng pag-ibig ay pagtanggap ng regalo, madalas na ang araw ng kaarawan, anibersaryo, at holiday ay mahalagang mga sandali sa kanila. Mahalaga para sa mga miyembro ng pamilya na alalahanin ang mga araw na ito na mayroon espesyal na regalo para sa minamahal. Ang hindi tumanggap ng regalo sa mga ganitong araw ay masakit sa kalooban para sa kanila.

Ang pagbibigay ng regalo ay hindi dapat na limitado lang kapag may espesyal na araw; ito ay dapat na maging bahagi ng buhay. Ang asawa o anak na ang pangunahing wika ng pag-ibig ay pagtanggap ng mga regalo ay dapat na ugaliing maghanap ng mga regalong makakatulong sa kanilang mahal sa buhay na madamang siya'y minamahal.

Ang asawang babae na ang pangunahing wika ng pag-ibig ay pagtanggap ng regalo ay maaaring makaramdam ng kulang na pagmamahal kung ang regalo ay dulot lang ng pangangailangan o kaya'y dahil sa nagtitipid. Halimbawa, kailangan ng babae ng bagong walis at binilhan naman siya ng kanyang asawa. Gayunma'y kahit na maganda na mayroon siyang bagong walis, ang regalo na iyon ay hindi makakatulong para maramdaman niya na siya ay minamahal.

Ang mga regalo ay nagiging mahalaga kung ang mga ito ay nagpapakita na nauunawaan at minamahal siya ng nagbigay. Dagdag pa, sila ay mahalaga kung hindi bunsod ng pangangailangan lang. Ang regalo ay nagiging mahalaga kapag tinataglay nito ang panahon, pag-iisip, pagsisikap, at halaga na ibinigay ng nagbigay.

Ang mga batang ang pangunahing wika ng pag-ibig ay ang tumanggap ng regalo ay higit na nakadarama ng pagmamahal kapag binibilhan sila ng kanilang ama ng ice cream kaysa sa ang bayaran lang ang mga gastusin nila sa paaralan, bagamat ang mga ito ay higit na mahalaga at malaki. Sa halip na hingin sa iyong pamilya na pasalamatan ka sa mga bagay na karaniwan mong ginawa, maghanap ka ng mga paraang makagagawa ka ng mga bagay na espesyal sa kanila.

May mga taong hinahayaan ang kanilang mga asawa at mga anak na parang namamalimos sa lahat ng bagay. Ang isang tao na matipid at madalang bumili ng mga bagay para sa kanyang sarili ay maaaring mahirap na bumili at magbigay ng mga regalong tingin niya'y hindi kinakailangan. Dahil rito, hindi niya sinasanay ang mga miyembro ng kanyang pamilya sa pagtanggap ng mga regalo. Subalit kung siya ay mayroong asawa o anak na kung saan ang pagtanggap ng regalo ay mahalaga, dapat na sikapin niyang baguhin ang kanyang nakasanayan. Dapat na niyang subukan na makita ang mga regalo sa paraang nakikita nila

– bilang mahalaga at nararapat. Kapag magbibigay ng regalo, ibigay ito ng libre at may kagalakan!

► Dapat basahin ng mag-aaral ang 2 Corinto 9:6-9 para sa grupo. Sa talatang ito, pinapakiusapan ni Pablo ang mga mananampalataya sa Corinto na masaganang magbigay sa mga kapatirang nasa pangangailangan. Mula sa mga talatang ito, magbigay ng apat o limang motibasyon para sa pagbibigay. Sa paanong paraan na ang mga prinsipyo sa mga talatang ito ay maisasagawa sa pagbibigay sa ating pamilya?

► Anong lugar mayroon ang pagbibigay ng regalo sa inyong pamilya? May mga naranasan ka bang mga kahirapan na ipahayag ang iyong pagmamahal sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga regalo? Ano ang mga kahirapang iyon at paano mo sila pinagtagumpayan?

## Wika ng Pag-ibig 4: Mga Gawa ng Paglilingkod

Ang mga taong ang pangunahing wika ng pag-ibig ay nasa gawa ng pagsiserbisyo ay higit na nakadarama ng pagmamahal kapag may ginagawa para sa kanila ang ibang tao.

Ang mga gawa ng serbisyo ay tumutugon sa mga praktikal na pangangailangan. Ang mga bagay na ito ay maaaring mga bagay na hindi magawa ng isang tao para sa kanyang sarili. Ang pagbibigay ng serbisyo ay maaaring isang simpleng kilos ng pagbibigay ng maiinom. Ito'y maaaring pangangalaga sa maysakit. Ito'y maaring pagtulong sa oras ng pangangailangan.

Sa ilang mga pamilya, mayroong mahabang panahon na maaaring ilaan para sa isang miyembro ng pamilya na nangangailangan ng palagian at personal na pangangalaga. At dahil sa pag-ibig at sigasig ng pamilya para sa taong iyon, patuloy silang gumagawa ng maraming paglilingkod. Bagamat maraming oras ang naiuukol sa gawa ng serbisyo, dapat alalahanin ng miyembro ng pamilya na maaari rin nilang ipadama ang kanilang pag-ibig sa iba pang makabuluhang paraan, lalo kung ang pangunahing wika ng pag-ibig ay hindi nasa gawa ng serbisyo.

May ilang mga gawa ng pagsiserbisyo na karaniwang gawain lamang at maaaring hindi mapansin o ipagwalang bahala. Maraming mga kababaihan na ipinapadama ang kanilang pagmamahal sa pamamagitan ng kanilang araw-araw ng pagluluto at paglilinis ng bahay. Ang lalaki ay naghahanap-buhay ng para sa pamilya. Kung ikaw ay naglilingkod na sa iyong pamilya sa pamamagitan ng mga bagay na ito, maaari ka pa ring maghanap ng mga espesyal na paraan ng pagsi-serbisyo para sa mga miyembro ng iyong pamilya alinsunod sa pangunahing wika ng pag-ibig na ito.

Kapag ang babae ay walang interés sa kahit maliit na pangangailangan ng kanyang asawa, bigo siyang ipahayag ang ganitong uri ng pag-ibig. Marahil iniisip niya, "Kaya niya namang kumuha ng baso ng tubig para sa kanyang sarili." Subalit, kung ang babae mismo ang kukuha ng baso ng tubig para sa kanya, ito'y kapahayagan na ng pag-ibig.

Gayundin naman, ang asawang lalaki ay dapat na magpakita ng konsiderasyon. Kapag binibigyan niya ang kanyang asawa ng bakasyon mula sa mga gawaing karaniwang ginagawa niya, at gagawin niya ang mga ito para sa kanya, ito ay pagpapakita ng paggalang sa kanyang ginagampanang gawain at ipinapakita na ang kanyang mga gawain ay mahirap rin at mahalaga.

Maaring maramdaman ng asawang lalaki na ang trabaho niya ay sapat at ang mga gawaing bahay ay para ng lahat sa kanyang asawa. Maaari ring isipin ng lalaki na ang babae ay dapat na maging masinop sa kanyang mga gawain. At kung ipinapalagay ng lalaki na ang mga gawaing bahay ay magpapababa ng kanyang dangal, nagpapakita lang ito na minamaliit niya ang mga kababaihan at nababagay lang sa kaunti at madaling gawain. Subalit ang mga babae ay hindi mababa kaysa sa mga lalaki at ang mga gawain sa bahay ay hindi mababang uri ng gawain kumpara sa mga trabahong ginagawa sa labas.

Sa kabilang banda, maaari ring maramdaman ng isang lalaki na para bang gumagawa siya ng tungkulin ng isang alipin (na mababa kaysa sa kanyang asawa) kapag siya'y tumutulong sa mga gawaing-bahay, subalit hindi ito totoo. Kung magkukusa siyang tumulong, ipinapakita niya ang halaga ng gawain at ang halaga ng taong kanyang tinutulungan. Ang serbisyo niya ay nagbibigay ng paggalang sa taong karaniwang gumagawa ng gayong gawain at ipinapakita niya ang pasasalamat sa kanya. Sa ganitong paraan, hindi siya titingnan ng kanyang asawa na isang alipin, kundi isang kagalang-galang na asawa.

Kung ang mga tao ay alangan at nagmamaktol na tumutulong, nagpapahiwatig lang ito na napipilitan lang silang tumulong. Ang kanilang mga gawa ng pagsi-serbisyo ay hindi nagpapadama ng pag-ibig. Subalit kung gagawa sila ng mga gawa ng pagsiserbisyo na masaya at masigasig, nagpapakita ito ng kanilang pagkukusa at pagpapasya na maglingkod sapagkat hindi sila pinilit na gawin iyon. Ang ganitong masayang paglilingkod ay malinaw na nagpapahayag ng kanilang pag-ibig. Naghahatid rin ito ng paggalang mula sa kanilang mga mahal sa buhay.

► Kailan mahirap para sa iyo na paglingkuran ang iyong pamilya? Paanong ang paglilingkod bilang ekspresyon ng pag-ibig ay bumabago ng iyong pananaw?

## Wika ng Pag-ibig 5: Pisikal na Pagpapadama

Ang mga taong ang pangunahing wika ng pag-ibig ay nasa pagbibigay ng pisikal na pagpapadama ay higit na nakadarama ng pagmamahal kung sila ay niyayakap o hinahaplos ng mga miyembro ng pamilya.

May iba't ibang paraan upang ipakita ang pagmamahal sa pamamagitan pisikal na pagpapadama. Ilan sa mga ito ay angkop sa ilang mga relasyon at lugar subalit may mga hindi angkop sa ibang relasyon. Narito ang ilang mga halimbawa:

- Pagyakap sa isa't isa
- Paglalagay ng bisig sa likod o balikat ng isang tao

- Paglalapat ng iyong mga kamay sa balikat ng isang tao
- Pagtapik sa likod o balikat
- Magkatabing maupo
- Paghahawak kamay
- Paghalik sa isa’t-isa
- Pagbibigay ng masahe sa likod
- Pagkarga sa isang bata
- Paglapat ng kamay sa buhok ng isang bata
- Pagbibigay ng malambing at banayad na pangangalaga kapag may sakit ang isang tao o kapag may ibang nararamdamang sakit

Ang pisikal na pagpapadama ay maaari ring maging makabuluhan lalo kung ang isang ay may pinagdaraanang mahirap na kalagayan. Sa oras ng kalungkutan, kasakitan, pag-iisa, o depresyon, ang isang yakap ay maaring maging makabuluhan sa isang taong ang pangunahing wika ng pag-ibig ay nasa pisikal na pagpapadama kaysa sa maraming mga salita at gawa ng paglilingkod.

Para sa isang tao na ang pangunahing wika ng pag-ibig ay pisikal na pagpapadama, mahalagang patuloy mong ipakita ang iyong pag-ibig sa pisikal na paraan, kung maaari ay kahit na sila ay maysakit. Ang isang ama sa Lukas 15:20 ay yumakap at humalik sa kanyang nagsisising anak, bagamat ito ay madumi, mabantot, at hindi kaaya-aya sa anumang paraan.

Ang wika ng pag-ibig ng pisikal na pagpapadama ay hindi laging tungkol sa pagtatalik. Ang pagtatalik ay bahagi ng pisikal na pagpapadama. Ang hangaring humawak at hawakan ay maaaring maghatid at maipahayag sa pagtatalik, subalit ang gawain ng pagtatalik ay hindi sapat para sa taong ang pangunahing wika ng pag-ibig ay pisikal na pagpapadama.

Ang hangaring makadama ng pagmamahal sa pamamagitan ng pisikal na pagpapadama ay maaaring magtangay sa isang tao na mahulog sa tukso ng imoral na pakikipagtalik. Napakahalaga kung gayon para sa mga magulang na maibigay sa kanilang mga anak ang sapat, nararapat, angkop, at hindi mahalay na pisikal na pagpapadama upang ang kanilang pisikal na pagdamang kinakailangan ay matugunan. Ang batang nakadarama ng pag-ibig ay may mataas na lakas na paglabanan ang tukso.

**Mga Kasalanan ng Pisikal na Pagpapadama**

Sila na ang pangunahing wika ng pag-ibig ay pisikal na pagpapadama ay madalas na masaktan ng magaspang na pag-uugali. Ang paluin ang isang tao bunsod ng galit (Galacia 5:20), sampalin ang isang tao upang ipahiya siya (Mateo 5:39), o kaya’y ang hampasin ang isang tao gamit ang pang-aabuso ng kapangyarihan (Mateo 24:48-49) ay masama. Dahilan sa mga talatang ito, alam natin na walang karapatan ang mga magulang na saktan ang kanilang mga anak, kahit na sila’y galit o asar. Sinasabi rin ng Diyos na masama para sa mga anak na saktan ang kanilang mga magulang (Éxodo 21:15).

Ang angkop at maingat na pisikal na disiplina sa mga anak na ibinibigay ng mga magulang sa diwa ng kahinahunan (Colosas 3:21), at para sa layunin ng pagtutuwid at pagtuturo sa katuwiran ay hindi masama. Sa halip, ito ang hinihingi ng Diyos sa mga magulang upang matulungan silang sagipin ang kaluluwa ng kanilang mga anak (Kawikaan 13:24; Kawikaan 19:18, Kawikaan 29:15, Hebreo 12:5-7).

Lahat ng abuso at immoralidad na sekswal, pati na ang insesto ay (Levitico 20:11-12, 14) masama.

## Pagtukoy sa Iyong Pangunahing Wika ng Pag-ibig

Hindi lahat ng mga tao ay may kamalayan sa kanilang pangunahing wika ng pag-ibig. Maaaring hindi nila masyadong napapansin ang mga paraan na madalas nilang ipadama ang kanilang pagmamahal sa iba. Maaaring hindi rin nila namamalayan ang ginagawa ng iba upang ipadama sa kanila na sila'y minamahal. Magbigay ng sandali na pag-isipan ang iyong nalalaman tungkol sa limang wika ng pag-ibig.

► Sa anong wika ng pag-ibig mo karaniwan at madalas na ipinapadama ang iyong pagmamahal sa iba?

► Ano ang iyong pangunahin at sekondaryong mga wika ng pag-ibig? Kung sakaling nahihirapan ka na malaman kung anong pagpapadama ng pag-ibig ang malapit sa puso mo, narito ang ilang mga katanungan na tutulong sa iyo:

- Ano ang halimbawa ng mga bagay na nagpapasaya sa iyo?
- Ano ang mga paborito mong alaala?
- Ano ang madalas mong inirereklamo (kahit na hindi mo sinasabi)?
- Ano ang sa pakiramdam mong masakit para sa iyo?

## Ang Limang Wika ng Pag-ibig at ang mga Bata

Lahat ng tao ay laging nangangailangan na makadama ng limang wika ng pag-ibig, subalit ito ay mas higit na kailangan ng mga bata. Upang sila'y magkaroon ng timbang at malusog na emosyon, kailangan silang laging sabihan at pagpakitaan ng kanilang mga magulang ng pag-ibig na walang hinihinging kapalit. Kapag ipinapakita ng mga magulang ang kanilang pagmamahal sa kanilang mga anak sa iba't ibang pamamaraan sa araw-araw, ito ay parang katulad ng banayad na ulan sa uhaw na puso ng kanilang mga anak.

Huwag mong ipalagay na alam at nadarama ng mga anak mo na sila'y iyong minamahal. Dapat na lagi mong ipinapakita ang iyong pagmamahal ayon sa kanilang pangunahing wika ng pag-ibig at sa iba pang wika nito.

**Pagtuklas sa Pangunahing Wika ng Pag-ibig ng isang Bata**

Sina Gary Chapman at Ross Campbell ay nagbigay ng mga ideya kung paano mo matutuklasan ang pangunahing wika ng pag-ibig ng isang bata:[35]

1. Masdan mo kung paano ipinapadama ng iyong anak ang kanyang pagmamahal sa iyo.
2. Masdan mo kung paano ipinapadama ng iyong anak ang kanyang pagmamahal sa ibang tao.
3. Pakinggan mo ang madalas na kahilingan ng iyong anak.
4. Pansinin mo ang madalas na reklamo ng iyong anak.
5. Bigyan mo ng pagpipilian ang iyong anak sa pagitan ng dalawang bagay.

Maaaring hindi possible na matukoy ang pangunahing wika ng pag-ibig ng isang bata na wala pang limang taong gulang.

**Espesyal na Paunawa tungkol sa mga Wika ng Pag-ibig ng mga Bata**

Hindi na nating detalyadong tatalakayin rito ang tungkol sa limang wika ng pag-ibig sapagkat tinalakay na natin ito sa mga nakaraang aralin. Sa halip, magbibigay lamang tayo ng ilang puntos ng espesyal na implikasyon at aplikasyon ng pagpapakita ng pag-ibig sa mga bata.

***Mga Salita ng Pag-ayon***

Hindi madaling magbigay ng mga salita ng pag-ayon kapag ang isang tao ay hindi mo nakikitang hindi gumagawa ng mabuti at di nagsisikap. Subalit kung mayroon kang makitang sigasig o matatagpuang bagay na pwede mong purihin, ito ay magpapasigla sa iyong mga anak, at maaaring sa pamamagitan nito ay lumago sila.

***Kalidad na Oras***

Lubhang kapaki-pakinabang para sa pamilya na kumakaing sama-sama at magkaroon ng pagbisita sa mga gayong sandali.

Sa mga pamilyang may maraming mga anak, madaling makaligtaan ang kalidad na oras para sa isang bata. Subalit, ang pagbibigay ng panahon upang gumawa ng espesyal na bagay para sa bawat bata ay makakatulong sa kanilang maramdaman na sila'y minamahal. Ang inyong oras sa isa't isa ay isa ring pagkakataon upang ibahagi ang kanilang personal na saloobin na maaaring alangan nilang sabihin sa harapan ng kanilang mga kapatid o iba pang miyembro ng pamilya.

---

[35] Dr. Gary Chapman and Dr. Ross Campbell, *The Five Love Languages of Children*, (Northfield Publishing, Chicago, 1997), 101-103.

Madalas, ang mga bata ay biglang hihingi ng kalidad na oras na kasama ang kanilang mga magulang. Minsan, kapag nasa higaan na, ang isang bata ang magbubukas ng kanyang saloobin at nais pag-usapan ang isang bagay na laman ng kanilang puso. Napakahalaga para sa mga magulang na magbigay ng panahon sa kanilang mga anak sa mga sandaling ito. Sa maraming pagkakataon, ang mga bata ay may pinagdadaanang espiritual na bagay, at sa pamamagitan ng pribadong pakikipag-usap sa kanilang magulang, sila ay naghahanap ng espirituwal na gabay. Sa pagkakataong ito, ang mga magulang ay nagkakaroon ng pagkakataon na akayin ang kanilang mga anak kay Jesus.

Sa iyong kalidad na oras kasama ang iyong mga anak, matuto kang magtanong ng mga bukas na katanungan na tutulong sa iyo upang maunawaan ang kanilang iniisip at nararamdaman. Ang mga bukas na katanungan ay yaong mga tanong na hindi masasagot ng "Oo" o "Hindi." Ang mga bukas na katanungan ay walang mga partikular na sagot. Ang mga bukas na katanungan ay karaniwang nagsisimula sa "Bakit…" "Paano…" o "Ano…" Ang bukas na pag-uusap ay naglalaman ng mga kataga na gaya ng "Ikwento mo nga sa akin ang tungkol sa ganito…" o "Ano sa palagay mo ang tungkol sa bagay na ito…"

Habang sumasagot ang iyong anak sa iyong mga tanong, tiyakin mong pinapakinggan mong mabuti ang kanyang mga sagot at tumutugon ka ng nararapat. May mga kalagayan na kung saan ay kakailanganin mong magbigay ng mga karagdagang tanong. Minsan naman, may mga pagkakataon na nais mong linawin ang kanilang mga sinabi upang mas higit mong maunawaan. Minsan, kailangan mong sang-ayunan sila sa kanilang mga sinasabi at nararamdaman. Napakahalaga sa tagpong ito na hindi maramdaman ng bata na sila'y iyong binubusisi, kundi dapat na ang pag-uusap ay natural lang. Ang iyong pansin ay makakatulong sa bata na maramdaman siya'y napapakinggan, pinapahalagahan, at minamahal.

Ang pakikinig na mabuti sa kuwento ng iyong batang anak ay nagpapakita ng iyong pag-ibig sa paraang makabuluhan sa kanya. Ang pagbibigay rin ng panahon na kwentuhan sila o magbasa ng mga libro sa kanila ay isa ring magandang paraan ng pagbibigay ng kalidad na panahon sa kanila.

Ang pakikipaglarong kasama nila o makasama sila sa paggawa ng isang kakatwang proyekto ay ilan rin sa mga paraan para magkaroon ka ng kalidad na oras sa kanila.

May mga magulang na hindi makapaglaan ng oras sa kanilang mga anak. At para matugunan ang kakulangan na ito, bumibili sila ng mga regalo sa bata. Subalit hindi mapapalitan ng mga regalo ang kalidad na oras. Ang mga bata ay nangangailangan ng kalidad na oras mula sa kanilang mga magulang, anuman ang kanilang pangunahing wika ng pag-ibig. Walang bilang ng regalo ang pwedeng maging kapalit sa oras na ibinibigay mo sa iyong mga anak.

### *Mga Regalo*

Maraming mga magulang ang madalang bumili ng laruan at kasiya-siyang aklat sapagkat ang mga ito ay parang hindi kinakailangan. Subalit ang mga ito ay makakatulong sa paglago ng isang bata, hindi lamang kapahayagan ng ating pagmamahal sa kanila.

### *Mga Gawa ng Paglilingkod*

Narito ang ilang sa mga ideya ng pagpapakita ng paglilingkod sa iyong anak:

- Ipaghanda sila ng paborito nilang pagkain sa araw ng kanilang kaarawan.
- Alagaan sila ng mabuti kapag sila'y maysakit.
- Tulungan ang iyong anak sa kanyang proyekto sa paaralan.
- Gumawa kayong magkasama ng anak mo ng anumang gawaing bahay at ipahayag mo ang pasasalamat sa kanyang naitutulong.
- Gumawa ng bagay na mabuti na kasama ang iyong anak sa isang taong hindi ninyo kasambahay.

### *Pisikal na Pagpapadama*

Lahat ng mga sanggol at bata ay dapat na makaranas ng pag-ibig sa pamamagitan ng pisikal na pagpapadama. Ang mga sanggol ay may mga praktikal na pangangailangan na gaya ng pagpapakain at pagpalit ng kanilang diaper, subalit kailangan rin nila ang hawakan, kargahin, haplusin, at halikan. Ang ganitong banayad na pisikal na pagpapadama ay pagpapakita ng iyong pagmamahal sa kanila na napakahalaga sa kanilang emosyunal at mental na kalusugan.

Ang isang ama na nakikipaglaro ng sunggab-suggaban sa kanyang mga anak ay nagpapakita ng pagmamahal. Ang laro na ito ay hindi dapat na nakasasakit, may natatalo, walang kontrol, o nakakapikon.

## Mga Pangmatagalang Epekto ng mga Ginagawa at Sinasabi ng Magulang

Dapat na sundin ng mga magulang ang halimbawa ng Diyos sa kanilang pakikitungo sa kanilang mga anak. Ang Diyos ay laging nakatuon sa kanyang mga anak sa diwa ng perpekto, mapagbigay, at walang kondisyong pagmamahal. Siya ay nagtutuwid, nagtuturo, dinidisiplina ang kanyang mga anak **ng dahil** sa kanyang pag-ibig para sa kanila (Hebreo 12:5-7). Nasa konteksto ng ugnayan ng ama at anak na ang Diyos ay naghahangad na ang mga mananampalataya ay matulad sa kanya (Hebreo 12:10-11).

Hindi marapat na ang pag-ibig ng magulang para sa kanilang mga anak ay nakabatay sa kanilang pag-uugali. Siyempre, ang pagbibigay gantimpala sa mabuti at pagdidisiplina sa masamang asal ay bahagi ng pagsasanay sa anak, subalit ang *pagpapadama ng pag-ibig* ay hindi dapat na ibigay o ipagkait ng dahil sa kanilang ugali.

Kapag palaging nararanasan ng isang bata ang walang kondisyong pag-ibig ng kanyang mga magulang, mauunawaan niya rin ng mabuti at pagtitiwalaan ang pag-ibig ng Diyos sa kanya. Subalit, napakahirap para sa mga batang inabuso o pinabayaan na maunawaan at magtiwala sa pagmamahal ng Diyos Amang nasa langit, kahit na sila ay lumaki na.

Ang pagkaunawa ng mga bata sa kanilang mga sarili – lalo na sa lagay ng kanilang halaga bilang indibidwal – ay madalas na magmula sa kanilang napapakinggan at naiisip mula sa iba. Ang ginagawa at sinasabi ng kanilang mga magulang ay may malaking impluwensya, subalit ang mga kamag-anak at mga kaibigan ay mayroong malaking hatid rin sa kanilang buhay. Natatanggap man ng mga bata ang pagpapadama ng pag-ibig na ayon sa kanilang kinakailangan, ang kanilang imahe sa sarili ay nahuhubog ayon sa kanilang nararanasan. Kapag ang pag-ibig ay naipagkakait sa isang bata o kaya'y kapag siya'y nakaranas ng abusong pandamdamin at pisikal, sinisira nito ang kanyang pananaw sa halaga ng kanyang sarili na nakakaapekto sa kanyang buong buhay.

Ang mga salita ng magulang ay nakakaimpluwensya sa pagkakaunawa ng mga bata sa kanilang mga sarili. Halimbawa:

- **Mga salitang Pag-ayon**: "Natutuwa ako ng lubos ng dahil sa iyong pagsusumikap! Alam kong magagawa mo iyan!" Ang ganitong mga salita ay nagpapakita sa mga bata na ang kanilang pagsusumikap ay mahalaga at naniniwala kang magagawa nilang makamit ang kanilang pinapangarap.
- **Mga salitang mapanira**: "Napakatamad mo. Hindi kita maasahan sa anumang bagay!" Ang pananalitang ito ay maghahatid sa bata na maniwala na wala na siyang pag-asang magbago; na wala na siyang dahilan para magbago pa o makakuha ang paggalang sapagkat sumuko ka na sa kanya. Pakiramdam ng bata ay nilayuan mo na siya.
- **Mga salitang nakapagpapatibay**: "Ayos lang iyan. Lahat tayo ay nakagagawa ng pagkakamali, ngunit tinuturuan tayo nito na gumawa ng maayos sa susunod." Ang mga salitang ito ay nagtuturo sa mga bata na ayos lang magkamali—ang pag-ibig mo sa kanila ay hindi nakabatay sa kanilang perpektong paggawa. Ipinapakita rin dito sa mga bata na dapat nilang asamin na lumago; na mayroong dahilan upang laging magpatuloy.
- **Mga salitang mapanira**: "Napakatanga mo. Lagi kang nagkakamali." Ang pananalitang ito ay maghahatid sa bata na maniwala na walang kwenta ang patuloy na sumubok. Ipinapahayag nito na ang kanilang halaga ay nakadepende sa kanilang perpektong gawa; at dahil sila'y nagkamali, nawawalan sila ng halaga. At dahil rito'y hindi na sila karapat-dapat na mahalin…ng kanilang magulang o ninuman.

Ang pagkakaunawa ng bata sa kanyang sarili ay hinuhubog ng pag-ibig na ipinapahayag o kaya'y ipinagkakait sa kanya. Ang kanyang kakayahan na makipag-ugnayan sa iba sa maayos na pamamaraan ay pinapalago o kaya'y pinipilay ng lagay ng kanyang relasyon sa

kanyang mga magulang. Ang batang pinalaki sa pagmamahal ay marunong magmahal sa iba sa paraang hindi makasarili at walang hinihinging kapalit. Siya'y parang may bukal ng pag-ibig sa kanyang puso na pinagsasalukan ng kanyang pagmamahal.

Ang tunay na pag-ibig ay parang pampaningas sa emosyon ng mga bata, kung paanong ganito rin sa mga matatanda.

**Mga Pakinabang ng Pinuspos na Emosyon**

Maraming pakinabang sa mga bata na ang damdamin pinuspos ng pagmamahal. Kapag nalalaman ng mga bata na sila'y minamahal, sila'y nagkakaroon ng lakas at tibay na harapin ang mga hamon at lumalaking maayos.

Ang mga batang alam na tunay silang minamahal ay matibay ang emosyon. Sa pamamagitan nito, nahahanda nilang tanggapin ang disiplina, pagtutuwid, at gabay na mula sa kanilang mga magulang. Mas nakakaya rin nilang tanggihan ang mga tukso na dulot ng barkada sapagkat nauunawaan nila ang kanilang pagkatao at hindi nila kinakailangang patunayan ang sarili sa iba.

Ang babae na naglalandi sa piling ng mga lalak ay kumikilos na gayon sapagkat natatakot siyang hindi magustuhan o hindi mapansin. Samantala, ang babae naman na mahiyahin sa harapan ng mga lalaki ay maaaring takot na hindi rin siya magustuhan kung sakaling ipakita niya ang kanyang tunay na personalidad. Subalit ang mga anak na babae na tumatanggap ng mga papuri at pangangalaga mula sa kanilang mga magulang ay higit na may kakayahang makipag-ugnayan sa mga kalalakihan sa maayos na paraan na hindi kinakailangang naglalandi o nahihiya. Panatag sila sa kanilang pagkatao ng dahil sa pag-ibig na ibinigay ng kanilang ama.

Ang tunay at walang kondisyong pag-ibig ng mga magulang na ipinapahayag sa limang wika ng pag-ibig ay mag-iingat sa kanilang mga anak sa iba't ibang uri ng kapahamakan. Ang mga batang lubos na minamahal ay hindi maghahanap ng pag-ibig at kapanatagan mula sa iba na maaaring makasakit sa kanila.

Sa kalahat-lahatan, maraming pakinabang na naibibigay ang damdaming pinuspos ng pagmamahal sa buhay ng isang bata:

- Tamang pagkakaunawa ng halaga ng kanilang pagkatao at ang pinagmumulan nito.
- Tamang pagkakaunawa sa kung ano ang pagsusumikap, mga pagkakamali, paglago, at walang kondisyong pag-ibig.
- Kakayahang matutuhang mahalin ang iba.
- Lakas at tibay na harapin ang mga hamon at maayos na paglago.
- Emosyonal na katiyakan.
- Kakayahan na tumanggap ng disiplina, pagtutuwid, at gabay.

- Kakayahan na tanggihan ang mga masasamang impluwensya ng barkada
- Hindi madaling samantalahin sa kanyang mga haharaping relasyon sa hinaharap.

► Ano ang iba pang mga paraan na nakita mo na ang mga bata ay nakinabang ng dahil sa lubos na pagmamahal?

**Mga Kalugihan ng Damdaming Kulang sa Pagmamahal**

Ang mga batang kulang sa pagmamahal ay maaaring tumanggi sa gabay sapagkat kapos sila ng motibasyon na bigyang lugod ang kanilang mga magulang. Kapag hindi puspos ang damdamin ng pagmamahal, maraming mga bata ang magiging mahina at walang matapat na ugnayan sa kanilang mga magulang.

Ang mga batang salat ang damdamin sa pagmamahal ay higit na bukas sa gawa ng pang-aabuso kumpara sa mga batang pinalaki sa pagmamahal ng mga miyembro ng pamilya. Sapagkat hindi nila maramdaman na sila'y minamahal, maaari silang maghanap ng pagmamahal mula sa mga taong nais silang gamitin o saktan.

## Mga Katangian ng Matibay na Pamilya

Sa mga araling ito, natutunan natin ang limang wika ng pag-ibig. Bagamat ang bawat isa ay may isa o dalawang pangunahing wika ng pag-ibig, bawat tao ay kailangang palagiang mahalin alinsunod sa limang wika ng pag-ibig. Ang malusog na pamilya ay yaong bawat kasapi nito ay may layunin na pangalagaan ang relasyon sa isa't isa sa pamamagitan ng araw-araw na pagbibigay ng mga salitang pag-ayon, kalidad na oras, paglilingkod, at pisikal na pagpapadama. Ang pagbibigay ng mga regalo sa isa't isa ay maaaring hindi pang-araw-araw na gawain, subalit ito ay mahalagang bahagi pa rin ng isang malusog na relasyon sa pamilya.

► Paanong ang pag-ibig ay madalas na ipinapadama sa inyong pamilya? Ang pag-ibig ba ay naipapadama sa limang wika ng pag-ibig? Gaano kadalas na ang pag-ibig ay naipapadama sa isa't isa?

Isang 25-taong pangkalahatang pag-aaral sa 14,000 mga pamilya ang nagpapakita na marami sa malusog, matagumpay, at maayos na mga pamilya mula sa iba't ibang lahi at kultura ay may anim na parehas na mga katangian.36 Ilan sa mga katangiang ito ay tuwirang nakaugnay sa iba't ibang wika ng pag-ibig, na tila nagbibigay diin sa kahalagahan ng iba't ibang pagpapadama ng pag-ibig. Nagbigay sina Stinnett at Beam ng anim na katangian at inilarawan ang bawat isa:

---

[36] Dr. Nick & Nancy Stinnett at Joe & Alice Beam, *Fantastic Families: 6 Proven Steps to Building a Strong Family*, (Brentwood, TN: Howard Books, 2008)

1. **Panata sa Isa’t isa.** Ang mga miyembro ng isang matibay na pamilya ay may dedikasyon sa pagpapabuti ng kapakanan at kaligayahan ng bawat isa. Mahalaga sa kanila ang pagkakaisa ng pamilya.

2. **Pagpapahalaga at pagmamahalan.** Ang mga miyembro ng isang matibay na pamilya ay madalas na nagpapakita ng pagmamahalan sa isa’t isa. Nadarama nila na ang kanilang pamilya ay mabuti.

3. **Positibong komunikasyon.** Ang mga miyembro ng mabuting pamilya ay mayroong kakayahan ng mabuting komunikasyon at gumugugol ng malaking oras sa pag-uusap ng isa’t isa.

4. **Panahon sa isa’t isa.** Ang malakas na pamilya ay may kalidad na panahon na buong lugod na ibinibigay para sa bawat isa.

5. **Kalusugang espirituwal**. Pumupunta man ang isang pamilya sa simbahan o hindi, ang isang matibay na pamilya ay may malakas na kamalayan sa isang dakilang kabutihan o kapangyarihan sa buhay na ito. Ang paniniwalang ito ang nagbibigay sa kanila ng lakas at layunin.

6. **Kakayahan na harapin ang mga hamon at krisis ng buhay**. Ang miyembro ng isang malakas na pamilya ay nagagawang tingnan ang mga hamon at krisis bilang pagkakataon para lumago.

## Personal na Aplikasyon

Marami tayong isinaalang-alang sa dalawang aralin na ito. Nagsimula tayo sa pagtalakay ng tunay na pag-ibig, at matapos nito ay pinag-aralan natin ang limang wika ng pag-ibig na madalas na ipinapahayag. Natutunan rin natin na ang damdamin ay dapat na punuin ng pagmamahal at maging ang pangangailangan ng miyembro ng ating pamilya na maranasan ang ating pag-ibig ayon sa kanilang pangunahing wika ng pag-ibig. Tinalakay rin natin kung paanong ang pagkakaiba ng personalidad sa loob ng pamilya ay maaaring magpalago sa isa’t isa sa pag-ibig.

Matapos ito, sinuri natin ng mabuti ang limang wika ng pag-ibig at inalam ang halimbawa para sa bawat isa, maging ang mga pinsalang naidudulot sa bawat isa kung ito ay naaabuso o napapabayaan. Natutunan rin natin kung paanong ang mga bata ay nakikinabang sa pagkakaroon ng isang kaloobang pinuspos ng pagmamahal at kung paanong ang isang tao ay nahihirapan kung ang sisidlan ng kanyang damdamin ay kulang sa pag-ibig. Pinag-usapan rin natin sa detalyadong paraan kung paano natin maipapahayag ang pag-ibig sa ating mga anak. Matapos ito, nalaman natin kung paanong ang gawa ng limang wika ng pag-ibig ay nakaugnay sa anim na pangunahing katangian ng isang matibay at malusog na pamilya.

At sa ating pagtatapos sa mga araling ito, tatalakayin natin ang iyong mga personal na responsabilidad – kung ano ang magagawa mo at ang dapat mong gawin sa mga bagay na iyong natutunan.

**(1) Tungkulin mo na mahalin ang iyong pamilya.**

Dapat na maging kusa kang magbago sa anumang paraan na kinakailangan na hindi mo hinihintay ang mga miyembro ng iyong pamilya na mahalin ka. Ang tunay na pag-ibig ay hindi naghihintay na ipakita muna ng ibang tao na minamahal ka nila. Ito ay nagpapadama ng pag-ibig kahit na ang isang tao ay tila hindi karapat-dapat, sapagkat ang pag-ibig ay hindi nakabatay sa pagiging karapat-dapat ng tumatanggap.

**(2) Tungkulin mong gawin ang lahat ng iyong makakaya para maipakita ang iyong pag-ibig sa mga paraang makabuluhan sa iyong pamilya.**

Maaaring higit kang magsikap sa pagpapakita ng pag-ibig sa ilang wika ng pag-ibig na hindi karaniwan para sa iyo. Sa simula, ilang sa mga paraan ng pagpapadama ng pag-ibig ay parang kakaiba at kakatwa para sa iyo.

Matutong mapansin ang mga pagkakataon na kung saan maipapakita mo ang pagmamahal sa mga miyembro ng iyong pamilya. Laging maging listo sa pangangailangan ng iyong pamilya. Narito ang ilang sa mga halimbawa para sa bawat wika ng pag-ibig:

- **Mga salitang Pag-ayon**: Isipin, "_____ ay maaaring nakadama ng kawalang katiyakan sa bagay na kanyang sinabi. Subalit tama siya sa kanyang sinabi. Kinakailangan kong magsalita ng bagay na magpapatibay sa kanya."
- **Kalidad na Oras**: Itanong, "Gusto mo bang pag-usapan natin ang bagay na iyon?" Pagkatapos ay huminto ka sa iyong ginagawa, ibigay mo ang iyong buong atensyon, at ipakitang ikaw ay talagang nakikinig.
- **Mga Regalo**: Habang ibinibigay mo ang regalo, sabihin mo, "Nakita ko ito at naisip kita."
- **Mga Gawa ng Paglilingkod**: Bigla kang sumulpot sa kanyang harapan at itanong, "Maaari ko bang kunin ang bagay na iyan para sa iyo?" o kaya, "Pwede ba kitang tulungan sa gawain na iyan?"
- **Pisikal na Pagpapadama:** Puntahan mo sila at sabihin, "Parang kailangan mo ng yakap," habang binabalot mo sila sa iyong mga bisig.

**(3) Tungkulin mo ang lagay ng iyong damdamin.**

Nilikha ka ng Diyos na mangailangan ng isang malusog at maayos na relasyon sa iyong kapwa. Subalit kapag ito ay hindi nangyayari, ang Diyos pa rin ang siyang iyong pinakabukal ng kasiyahan. Hindi ang iyong pamilya ang may ganap na pananagutan sa lagay ng iyong damdamin. Ang pagmamahal ng Diyos para sa iyo ay perpekto bagamat walang ibang

nagnanais sa iyo. Magagawa niyang punan ang anumang kakulangan na iyong nararamdaman habang ikaw ay namamalagi sa kanyang pag-ibig (Juan 15:9-11).

Maaaring ang pamilya mo ay mabigong maipadama ang pagmamahal sa iyo sa paraang nais mo. Marahil ay wala silang kamalayan sa iyong pangunahing wika ng pag-ibig at sa iyong emosyonal na mga pangangailangan. Marahil ay kulang sila ng motibasyon na maipakita sa iyo ang pag-ibig na iyong inaasam. Maaari mong maipaalam sa kanila ang paraan ng pag-ibig na gusto mong madama, subalit hindi mo sila mapipilit na gawin iyon.

Marahil ang pamilya mo ay may ibang paraan ng pagpapadama ng pag-ibig sa iyo. Kaya habang lumalago ka sa pagkaunawa ng mga wika ng pag-ibig, maaari mo ring maunawaan ang wika ng pag-ibig na ginagamit ng iyong pamilya. At bagamat hindi mo maaaring mabago ang kanilang pamamaraan, subalit maaari mong tanggapin ang kanilang paraan ng pagpapadama ng pag-ibig at tumugon ka ng may pasasalamat sa kanila.

**Panalangin**

Ama naming nasa langit,

Salamat sa pamilyang ibinigay mo sa akin. Tulungan mo ako na pahalagahan ang bawat isa sa kanila sa paraang nararapat, at pangalagaan ang mabuting relasyon namin sa isa't isa.

Maraming salamat sa pagkakataon na maaari kong isipin ang mga pamamaraan na maipapadama ko ang aking pag-ibig sa aking pamilya. Tulungan mo akong tularan si Jesus: na magbigay ng aking panahon, damdamin, at lakas, at tinatangkilik upang pagpalain at palakasin ang aking pamilya. Tulungan mo akong magkaroon ng pakumbabang puso upang magawa kong unahin ang pangangailangan ng iba kaysa aking pangangailangan. Tulungan mo rin akong maging mapagmasid sa mga pagkakataon na maaari kong maipadama ang aking pag-ibig sa bawat miyembro ng aking pamilya.

Ipinakita mo sa akin ang tunay na pag-ibig. Inaasahan mo akong maipadama ang pag-ibig na ito sa aking pamilya kung paanong ipinadama mo ito sa akin. Aking pasya na mahalin ng walang kondisyon ang aking asawa at mga anak. Nawa'y bigyan mo ako ng biyaya at habag sa maraming bagay na nagkukulang ako. Tulungan mo akong mahalin sila gaya ng nararapat kong gawin.

Amen

## Mga Takdang Aralin

(1) Pag-isipan mo ang maaaring pangunahing wika ng pag-ibig ng iyong asawa at ng iyong mga anak. Ilista mo ang pangalan ng miyembro ng iyong pamilya. Pagkatapos ay ibigay mo ang isa o dalawang pangunahing wika ng pag-ibig ng bawat isa.

(2) Anong pagpapadama ng pag-ibig ang sa tingin mo'y mangangailangan ng higit na pagsusumikap mula sa iyo? Tandaan mo ang mga ito. Magsulat rin ng mga ideya na kung saan ay magsisimula at magkukusa kang magpadama ng pag-ibig sa iyong pamilya sa pamamagitan ng mga pamamaraang iyon.

(3) Suriin mo ang iyong kultura, lalo ang grupong iyong kinabibilangan. Ilista mo ang limang wika ng pag-ibig. Sa iyong kultura, paano naipapakita ang bawat wika ng pag-ibig na ito? Mayroon ba sa lima ang madalas na di mapansin? Ano ang mga partikular na pamamaraan ang ginagawa ng mga tao sa iyong grupong kinabibilangan para maipahayag nila ang pag-ibig ayon sa kamalayan ng iyong kultura? Magsulat ng ilang mga talata bilang sagot sa mga katanungang ito.

# Aralin 10
# Ang Isyu ng Kawalang Anak

## Mga Layunin ng Aralin

Sa katapusan ng araling ito, magagawa ng mag-aaral na:

(1) Maunawaan at tumugon sa kalagayan ng pagiging baog ayon sa biblikal na pananaw.

(2) Pahalagahan ang bawat tao bilang nagtataglay ng wangis ng Diyos.

## Ang Kalungkutan ni Busaba

Si Busaba ay isinilang sa Asya. Masaya siyang nagpakasal sa isang negosyante at inaasahan nilang magkakaroon sila ng isang masayang pagsasama. Subalit lumipas ang maraming taon, si Busaba ay wala pa ring mga anak. Ayon sa doctor, hindi na raw magkakaanak si Busaba. Ang kanyang asawa ay nalungkot at nagalit. Nagpasya itong hiwalayan si Busaba at nag-asawa ng ibang babae. Ngayon, si Busaba ay matanda na. Nakatira siyang nag-iisa sa isang maliit na bahay at walang sinumang kamag-anak na nangangalaga sa kanya. Dahil siya ay isang Budista, umaasa siya na sa kanyang susunod na buhay, siya ay magkakaroon ng anak at magtatapos ang kanyang kahihiyan.

► Kung ikaw ay pastor sa komunidad ni Busaba, ano ang sasabihin mo sa kanya? Ano ang mensahe ng Kristiyano para kay Busaba?

Sa araling ito, tatalakayin natin ang biblikal na pananaw hinggil sa isyu ng kawalang anak.

## Mga Anak at ang Programa ng Pagpapala ng Diyos

Pagkatapos na nilikha ng Diyos ang lalaki at babae, kaagad na sinabi niya sa kanila na magkaroon ng mga anak, maging mabunga, at paramihin ang populasyon sa daigdig (Genesis 1:28).

Sa Lumang Tipan, ang Diyos ay minsa'y nangangako ng pagpapala hindi lamang sa isang indibidwal kundi sa henerasyon ng isang pamilya. Halimbawa, nangako ang Diyos ng pagpapala kay Abraham na bagamat hindi personal na matatanggap ni Abraham subalit makakamit naman ng kanyang lahi. Nangako ang Diyos na ang henerasyon ni Abraham ay magiging kasindami ng buhangin sa karagatan. Ang kanyang anak na si Isaac ay mahimalang ipinaglihi. Ang kanyang pamilya ay lumago ng lumago sa bawat henerasyon at nakita sa pagdami nito ang pagtupad ng Diyos sa kanyang pangako.

Sa Éxodo 23:25-27, sinabi ng Diyos na pagpapalain niya ang Israel habang nilalakbay nila ang isang bagong lupain. Nangako ang Diyos na pagpapalain niya ang kanilang mga pagkain, aalisin ang kanilang mga karamdaman, hindi pahihintulutan ang pagkabaog, at

lulupigin ang kanilang mga kaaway. Ang mga pangakong ito ay nakasalig sa pagsunod ng Israel. Ipinaunawa ng Diyos ang kanyang mga kahilingan (gaya ng mababasa sa Éxodo 23:32). Ang mga pangako at tipan ay ginawa ng Diyos para sa bayan at hindi sa mga indibidwal. Ang bawat indibidwal ay maaapektuhan ng pangkalahatang pagsunod o di pagsunod ng bayan. Halimbawa, ang isang tao ay maaaring magkasakit o kaya'y ang isang babae ay hindi magkaanak, hindi ito nangangahulugan na ito'y dulot ng kanilang sariling kasalanan kundi dahil sa ang bayan ay hindi tapat sa Diyos. Sa madaling salita, ang paghihirap ng isang babaeng baog ay hindi dahil sa sarili niyang kasalanan.

Ang Deuteronomio 7:12-15 ay naglalaman ng mga pangakong para sa bayan ng Israel. Magkakaroon ng kasaganahan, walang karamdaman, at walang pagkabaog na mangyayari sa mga tao at hayop. Sinasabi sa talatang 12 na ang mga Israelita ay tatanggap ng mga pagpapala kung susunod sila sa Diyos na gumawa ng tipan sa kanilang mga ninuno. Ang isang tao sa Israel ay maaaring maging mahirap o baog, kung ang bayan ay hindi magiging tapat sa Diyos.

Ang mga anak ay mahalaga sa plano ng Diyos para sa kanyang bayan. Sa ibang bahagi ng kursong ito, pinag-usapan natin kung paanong dapat pahalagahan ang mga anak sapagkat sila'y nilikha ayon sa wangis ng Diyos. Bawat bata ay dapat na pakitunguhan ng may pagmamahal at pagkalinga. Subalit, minsan, iniisip ng mga tao na ang mga bata ay mahalaga sapagkat sila ang magpapatibay ng pamilya sa hinaharap. Minsan, pinapahalagahan ng isang ama ang kanyang mga anak sapagkat sila'y pagpapatuloy ng kanyang identidad. At dapat nating alalahanin na ang Diyos ay nagbibigay ng mga anak para sa kanyang sariling layunin (Malakias 2:15).

► Dapat na basahing malakas at magkakasama ng grupo ang Awit 127:3-5.

Ang talatang ito sa Biblia ay nagsasabi na ang mga anak ay pagpapalang galing sa Diyos. Sila ay tulad ng isang pamana na pinagpapala ng Diyos. Sila'y gantimpala na mula sa Diyos. Sila ang magiging proteksyon at seguridad ng pamilya sa hinaharap.

Ang dalawang pagpapala na madalas ay magkasabay na sinasambit sa Biblia ay ang mahabang buhay at mga apo. Si Job ay pinagpala sapagkat siya ay mayroong sampung mga anak at nabuhay ng matagal upang makita ang apat na henerasyon (Job 42:13, 16). Ang pagpapala sa Awit 128:6 ay ang kaloob na makita ang iyong mga inapo.

Pinagpala ng Diyos ang pamilya ni Jonadad sa pamamagitan ng pangakong hindi mawawalan ng lalaking mangunguna sa susunod na henerasyon ng kanyang pamilya (Jeremias 35:19). Nangako rin ang Diyos sa pamilya ni Haring David na laging magkakaroon ng lalaking mauupo sa kanyang trono (2 Samuel 7:16).

Dito ay makikita natin na ang pagpapala ng Diyos sa isang pamilya ay karaniwang kinapapalooban ng mga anak, at ang mga anak ay ang pamamaraan upang ang pagpapala ng Diyos ay maipamana sa susunod na henerasyon.

## Isang Biblikal na Pag-unawa sa Kawalan ng Anak

Ang kawalang ng mga anak sa ilang pagkakataon ay nangangahulugan ng sumpa ng Diyos sa isang pamilya. Ang Biblia ay nagpapakita sa atin ng mga kalagayan na kung saan sinumpa ng Diyos ng pagkabaog ang mga pamilya. Halimbawa, sapagkat nakagawa ng mali si Haring Abimelek, pinahinto ng Diyos ang sinapupunan ng lahat ng mga kababaihang nasa kanyang sambahayan hangga't hindi naitutuwid ang pagkakamali (Genesis 20:18). Walang kasalanan ang mga kababaihan, subalit naranasan nila ang bunga ng kasalanan ng hari.

Matapos na magkasala sina Adan at Eba, sinabi ng Diyos na ang sanlibutan ay maaapektuhan ng kanilang pagkakasala. Nakapaloob sa sumpa ang pagkakaroon ng mahirap na mga pakikipagrelasyon, sakit at kalungkutan sa panganganak, mahirap na trabaho, pagtanggi ng lupa na mamunga ng masagana, at sa bandang huli ay kamatayan (Genesis 3:14-19). Bawat tao mula pa lang kay Adan ay dumaranas ng sumpa simula ng sila ay isilang, o bago pa lang nila magawa ang kanilang mga personal na kasalanan. Maging si Jesus na walang bahid ng kasalanan, ay dumating sa mundong ito na taglay ang katawang nagtiis rin ng mga kahirapan sa mundo. Kaya hindi natin dapat isipin na ang paghihirap ng bawat isang tao ay dahilan ng kanyang sariling kasalanan. Ang mga problemang ito, kasama na ang problema ng panganganak, ay bunga ng unang pagkakasala ni Adan.

Maliban sa orihinal na kasalanan ni Adan, tayo rin ay naapektuhan ng mga kasalanan ng ating mga ninuno, sapagkat ang kanilang mga kasalanan ay bumuo ng isang lipunan na kung saan isinilang tayo. Tayo ay naaapektuhan ng mga kasalanan ng ating pamilya, komunidad, at bansa. May mga mananampalataya sa iba't ibang panig ng mundo na nagtitiis ng mga kalagayan dulot ng walang kontrol na lipunan. Gayundin naman, ang isang pamilya ay maaaring dumanas ng kahirapan ng dahil sa kahirapan na namamayani sa kanilang lugar na salat sa kalayaan at oportunidad. Dagdag pa, ang isang bata ay maaaring isilang na mayroong pisikal na kapansanan, bagamat hindi siya gumawa ng anumang pagpapasya na magkasala (Juan 9:1-3).

Ang Diyos ay hindi nagpapasyang magbigay ng mga anak sa mga dahilang madali nating maunawaan. Minsan, may mga taong namumuhay ng walang kabuluhan at nagpapakasasa sa kasalanan subalit napakarami nilang mga anak. Gayunma'y hindi nila pinalalaki ang bawat isa sa kanila sa paraang nakalulugod sa Diyos (Awit 17:14). Minsan naman, may mga matapat na Kristyano na hindi napagkakalooban ng mga anak. At sa ganitong kalagayan, huwag nating isipin na ang partikular na kasalanan ang siyang dahilan ng kanilang pagkabaog.

Alam natin na ang Diyos ay may kakayahan na pumasok sa ating kalagayan na may hatid na kagalingan at pagpapala, anuman ang oras na kanyang piliin. Subalit karaniwan, madalas na makikita nating nagtitiis ang mga mananampalataya sa mundong ito. Tayo ay naghihintay ng may pananampalataya sa araw na ganap na babaguhin ng Diyos ang sangnilikha (Roma 8:18-23).

Hindi makatarungan na sisihin ang isang babae ng dahil sa pagiging baog, na para bang ang kanyang kasalanan ang dahilan ng sumpa. Gayundin naman, kapag ang isang hindi naisilang na sanggol ay namatay bago pa lang ipanganak, ang kamatayan iyon ay hindi dahil sa anumang ginawa ng kanyang ina. Maraming indibidwal ang dumaranas ng kahirapan ng dahil sa kasalanan ni Adan, ng pagkakasala ng iba, at ng dahil sa lagay ng sanlibutan. At sapagkat ang lahat ay nagkasala, ang sangkatauhan ay nakikibahagi sa kasalanan ng sanlibutan, bagamat bawat indibidwal ay naghihirap sa iba't ibang pamamaraan.

## Mga Himala ng Diyos

Ipinakita ni Jesus ang pag-ibig ng Diyos nang siya ay nagpagaling at gumawa ng iba pang mga himala. Sa buong naitalang kasaysayan sa Biblia, mababasa natin ang napakaraming mga halimbawa ng himala ng Diyos sa kanyang bayan.

Nais ng Diyos na mamuhay tayo ng masaya at walang paghihirap sa isang napakagandang mundo (Genesis 1:28, 31, 1 Timoteo 6:17). Subalit kanyang prayoridad muna ngayon ang iligtas tayo sa ating mga kasalanan upang magkaroon tayo ng walang hanggang relasyon sa kanya. Ang kaligtasan ng mga makasalanan ay nangangailangan ng panahon sapagkat ang mga tao ay dapat na magsisi at manampalataya. Kung aalisin na ngayon ng Diyos ang lahat ng kahirapan, iilan lamang mga tao ang magsisisi sa kanilang mga kasalanan sapagkat hindi nila nauunawaan ang kasamaan ng kasalanan. Kaya sa kasalukuyan, ang pangkalahatang kahirapan ay dapat munang magpatuloy habang ang ebanghelyo ay ipinapangaral sa iba't ibang panig ng mundo. Hindi tayo dapat umasa sa mga himala na siyang laging lulutas ng ating mga problema at mag-aalis ng ating mga kahirapan, bagamat ang Diyos ay pakaminsang gumagawa ng himala para sa atin. Sa bandang huli, lahat ng kahirapan ay magtatapos para sa lahat ng mga taong may relasyon sa Diyos. Subalit sa kasalukuyan, ang Diyos ay nakikidalamhati ngayon sa ating mga kahirapan (Juan 11:35) at nagbibigay sa atin ng kaaliwan sa maraming bagay (2 Corinto 1:3-7).

Isa sa mga himala ng Diyos ay ang gawing ina ng maraming anak ang isang babaeng baog (Awit 113:9).

Ang Biblia ay may naitalang anim na pagkakataon na kung saan ang Diyos ay nagbigay ng anak sa isang babaeng baog. Bagamat ilang ulit na ginawa ng Diyos ang himalang ito sa iba't ibang pagkakataon, ang anim na pagkakataon ay naitala sapagkat ang mga anak na isisilang ay mahalaga sa kasaysayan. Si Isaac ay isinilang ni Sarah (Genesis 21:1-3). Sina Jacob at Esau ay isinilang ni Rebeka (Genesis 25:21, 25-26). Si Jose ay isinilang ni Rachel (Genesis 30:22-24). Si Samson ay isinilang ng asawa ni Manoah (Hukom 13:2-3, 24). Si Samuel ay isinilang ni Ana (1 Samuel 1:20). Si Juan ay isinilang ni Elizabeth (Lukas 1:13, 57).

Sa bawat anim na pagkakataong ito, ang mag-asawa ay nakaranas ng kalungkutan sapagkat ang asawa ay hindi magka-anak. Ngunit sa mga naitalang ito, wala tayong

mababasa na sinisisi ng Diyos ang babae sapagkat hindi siya magkaanak. Walang ibinibigay ng pagpapahiwatig ang Biblia na ang Diyos ay nagalit sa mga mag-asawa. Sinasabi sa Lukas 1:5-7 na sina Zacharias at Elizabeth ay mga matuwid sa harapan ng Diyos, sumusunod sa mga tuntunin ng Diyos, gayunma'y wala silang anak hanggang sa sila ay tumanda. Wala tayong mababasa sa anim na mga talatang ito na ang mga mag-asawa ay humingi ng kapatawaran sa Diyos habang humihingi sila ng himala. Walang binabanggit ang Diyos hinggil sa dahilan ng kanilang di pagkakaroon ng anak. Kaya nga, ang mga talatang ito ay nagpapakita sa atin na hindi natin dapat husgahan ang mga taong walang anak.

Makakabuti para sa atin na hingin ang pagpapala ng Diyos hinggil sa pagkakaroon ng mga anak, subalit sa bandang huli, dapat nating tanggapin ang kapasyahan ng Diyos. Hindi natin dapat isipin na laging kalooban ng Diyos na magkaloob ng anak sa bawat pagkakataon, kung paanong hindi siya nagbibigay ng kagalingan sa bawat kaso ng karamdaman o nag-aalis na bawat uri ng paghihirap.

Si Apóstol Pablo ay nanalangin ng tatlong ulit tungkol sa isang bagay na tinatawag niyang tinik sa laman (2 Corinto 12:8-10). Hindi natin alam kung ano ang partikular n problema na kanyang nararanasan, ngunit ito ay parang may kinalaman sa katawan. Iyon ay isang bagay na hiniling niya sa Diyos na alisin, kaya humingi siya ng himala. Subalit sinabi sa kanya ng Diyos na sa halip na alisin ang tinik, bibigyan siya ng biyaya para sa kahinaang iyon. Sinabi Pablo na ang gayong partikular na kahinaan ay maghahatid ng kaluwalhatian sa Diyos sapagkat tutulong ito sa pagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos. Kaya sinabi ni Pablo na magagalak siya sa kanyang mga kahinaan sapagkat nagbibigay ito ng pagkakataon upang maluwalhati ang Diyos.

Si Apóstol Pablo ay dakilang bayani ng pananampalataya, subalit hindi niya laging natatanggap ang mga himala na kanyang inaasam. Sa halip, tinanggap niya ang kalooban ng Diyos. At bagamat karaniwan nating inaasam ang himala ng pagpapala ng Diyos, subalit matuto nating tanggapin ang kapasyahan ng Diyos. Minsan, siya ay higit na napaparangalan kapag kumikilos siya sa ating mga kahinaan.

► Magbigay ng pagkakataon na kung saan ang Diyos ay nagpakita ng pagmamalasakit sa iyong buhay na hindi kinakailangang gumawa ng himala na iyong inaasahan.

### Mga Kultural na Tugon sa Kawalan ng Anak

Ang mga kultura ay hindi pare-parehas sa kanilang pagpapahalaga sa mga anak. Sa ibang mga bansa, nais ng mga pamilya na magkaroon ng maraming mga anak. Ang mga anak ay makakatulong sa trabahong susuporta sa pamilya. Ang mga kaanak, kasama ang mga pinsan at mga tiyuhin at iba pa katuwang sa pangangalaga at pag-iingat sa mga miyembro ng isang malaking pamilya. Bawat asawang babae sa ganitong malaking pamilya ay nais mag-ambag ng mga bagong miyembro sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mga anak. Ang lalaki na may maraming anak, lalo na kung mga lalaki ang anak, ay mahalaga sa ganitong malaking pamilya. Dito'y pinapangalagaan ng mabuti ang mga matatandang miyembro.

Sa ibang mga bansa, maraming pamilya ang naninirahan sa mga lungsod at bayan. Sila ay sinusuportahan ng trabaho ng mag-asawa. Sa lungsod, ang mga bata ay hindi masyadong nakakatulong sa pamilya. Magastos ang pangangalaga at pagpapa-aral sa kanila. At sa paglipas ng panahon, ang mga pamilyang nakatira sa lungsod ay nagkakaroon lamang ng kaunting mga anak. Karaniwang isa o dalawang anak lamang ang mayroon sa ganitong mga pamilya.

Ang kahalagahan ng mga anak ay masyadong malakas sa ibang kultura na ang mag-asawa ay kinakailangang magkaroon ng mga anak kung nais nilang igalang at pahalagahan sa lipunan. Isang kasawian para sa babae na wala siyang anak. Dagdag pa, ang babaeng walang asawa ay nakakaramdam ng hiya sapagkat hindi siya magkaroon ng anak at hindi pinili upang maging asawa ng iba.

Sa ibang kultura, ang mga pamilya ay nais magkaroon ng maraming anak na lalaki upang mayroong magtaguyod sa kinabukasan ng pamilya. Ang mga anak na babae ay hindi masyadong pinapahalagahan. Minsan nga, ang mga sanggol na babae ay pinapalaglag. Kaya sa ganitong mga bansa, ipinagbabawal ng pamahalaan na alamin ang kasarian ng bata habang nasa sinapupunan pa lang upang maiwasan ang pagpapalaglag kung sakaling malamang babae pala ang ipinagdadalang-tao. Subalit alam natin sa Biblia na ang mga anak na babae ay mayroon ring karangalan at pantay na halaga katulad ng mga lalaki, sapagkat sila man ay nilikha ayon sa wangis ng Diyos (Genesis 1:27). Ang pamilyang Kristiyano kung gayon ay dapat na magbigay ng pantay na pagpapahalaga sa mga anak na lalaki at babae, anuman ang kulturang kanilang kinalalagyan.

Kapag ang isang pamilya ay may mataas na pagtingin sa mga maayos na anak, maaari nilang tanggihan ang mga sanggol na may mental at pisikal na kapansanan. Sa ibang mga bansa, may mga bata na nasa bahay-ampunan sapagkat hindi sila gusto ng kanilang mga magulang. Ngunit ang ganitong trato sa mga bata ay hindi tama sapagkat sila ay nilikha ayon sa wangis ng Diyos at mahalaga sa kanyang paningin, anuman ang kanilang kakayahan o kapansanan.

Sa ibang mga kultura, ang pagkakaroon ng maraming asawa ay nakabatay sa halaga ng mga anak. Ang isang lalaki ay maaaring naisin na paramihin ang kanyang mga anak sa pamamagitan ng pagkakaroon ng maraming asawa. Subalit sinasabi sa atin ng Biblia na ang plano ng Diyos para sa lalaki ay ang magkaroon lamang ng isang asawa (Genesis 2:22-24, 1 Timoteo 3:2).

May pagkakataon sa Lumang Tipan na ibinigay ng asawang babae ang kanyang aliping babae sa kanyang asawa upang magkaroon ng anak sa pamamagitan nito. Naiaangat ang antas ng baog ng babae sa pamamagitan ng anak ng kanyang alipin. Ang mga asawa ni Jacob na sina Rachel at Lea ay nagbigay ng kanya-kanyang mga alipin na babae kay Jacob upang maingat ang kanilang mga antas sa pamamagitan ng maraming anak.

Ngunit ang paggamit ng mga aliping babae upang magkaroon ng maraming anak ay naghahatid ng komplikadong relasyon. Ibinigay ni Sarai si Agar kay Abraham sa

paniniwalang maitataas ang kanyang kalagayan kung si Agar ay manganganak (Genesis 16:2-6). Subalit nang magdalang-tao si Agar, nagkaroon siya ng mataas na tingin sa sarili. Dahil rito, pinarusahan siya ni Sarai upang ipakita ang kanyang kapamahalaan sa kanya.

Si Leila ay ipinanganak sa Kanlurang bahagi ng Afrika. Paglipas ng tatlong taon matapos siyang ikasal, wala pa rin siyang anak. Sa kultura ni Leila, ang pag-ampon ng bata ay hindi nag-aalis ng kahihiyan ng isang baog na babae. Ngunit isang araw, nakakita siya sa isang barrio ng isang buntis at plinanong bibilhin ang bata. Ngunit nagsuot si Leila ng isang bagay na kung saan ay lalabas na parang buntis siya. Sa loob ng maraming buwan ay ganito ang ginawa niya. At nang dumating na ang sandali na ang sanggol ay ipapanganak na, nagkunwari rin si Leila na pumunta sa isang hospital para roon ay manganak. Pagkatapos nito ay umuwi siya na kasama na ang sanggol na binili niya mula sa isang buntis sa isang barrio.

Kapag nais lang ng isang pamilya na magkaroon ng mga anak para sa kapakinabangan ng pamilya, nabibigo silang pahalagahan ang mga anak bilang mga nilalang na ayon sa wangis ng Diyos. Maaari nilang tanggihan ang isang bata na may kapansanan. Maaari nilang tanggihan ang isang anak na babae sapagkat ang nais nilang anak na lalaki. Ginagawa rin nilang kahiyahiya at walang kwenta ang kalagayan ng babaeng baog. Lahat ng mga pag-uugali at gawaing ito ay makasarili at mali. Iiinsulto natin ang Manlilikha kapag ganito ang ating trato sa mga indibidwal (Éxodo 4:11, Kawikaan 14:31).

Si Henry VIII ang siyang hari ng England mula 1509-1547. Matindi ang kanyang pangngailangan para sa anak na lalaki. Dahil ang kanyang asawa ay nanganak ng babae, nakipagdiborsyo siya rito at nag-asawa ng panibago. Subalit nang ang kanyang ikalawang asawa ay nabigo ring manganak ng lalaki, inakusahan niya ito ng pagtataksil at iniutos na parusahan ng kamatayan.

Ang siyensiya ng medisina ay nagtuturo sa atin na ang semilya ng lalaki ang siyang nagdidikta ng magiging kasarian ng kanyang anak. Ang katawan ng babae ay walang kinalaman kung magiging lalaki o babae ang anak. Gayunpaman, maraming lalaki ang nagagalit sa kanilang mga asawa sapagkat hindi sila mapagkalooban ng mga anak na lalaki.

Si Joseph at ang kanyang asawa ay mayroon ng dalawang anak na babae. Nang ang asawa ni Joseph ay manganak sa ikatlong pagkakataon, umasa siyang magkakaroon na ng anak na lalaki. Subalit ang ikatlong anak ay babae pa rin. Nagalit si Joseph at tumangging pumunta sa hospital upang bisitahin ang kanyang asawa at bayaran ang mga gastusin.

Sa Job 24, si Job ay nagbigay ng mahabang listahan ng masamang gawi ng tao. Isa sa masamang gawi na nabanggit ay tungkol sa masamang trato sa babaeng baog (Job 24:21). Ang Diyos ay hindi nalulugod kapag trinatrato natin ng masama ang babaeng hindi magkaanak.

► Paano pinapahalagahan ng iyong kultura ang mga anak? Ano ang ilan sa mga dahilan kung bakit nais ng mga tao na magkaroon ng mga anak?

► Anong mga kawalang katarungan ang nangyayari dahilan sa mga kaugalian sa iyong kultura?

## Anong Sinasabi ng Diyos

Sa anim na kalagayan na naitala sa Biblia na ang Diyos ay nagbigay ng anak sa babaeng hindi magkaanak, walang paninisi mula sa Diyos na mababasa tungkol sa baog na kalagayan ng mag-asawa. Ang totoo niyan, ang mag-asawa ay pininli upang maging magulang ng isang espesyal na anak. Sina Zacharias at Elizabeth ay tinawag na matuwid (Lukas 1:5-6). Kaya hindi natin dapat ipagpalagay na ang babae ay isang baog sapagkat hindi siya nakalulugod sa Diyos.

Sinasabi sa Job 24:21 na ang hindi maayos na pakikitungo sa isang babaeng hindi magkaanak ay gawain ng isang masamang tao. Hindi hinuhusgahan at minamaltrato ng Diyos ang babaeng baog, at ganyan rin ang dapat nating pag-uugali.

Sa Isaias 56:4-5, ang Diyos ay nagsasalita sa lalaking hindi napagkalooban ng mga anak. Sinabi ng Diyos na kung ang taong ito ay susunod at mamumuhay ng ayon sa kanyang tipan, siya ay magkakaroon ng katatayuan at reputasyon na higit pa sa lalaking may maraming anak na lalaki at babae.

Tinawag ni Apóstol Pablo ang kanyang sarili na ama ni Timoteo (1 Timoteo 1:2), Tito (Tito 1:4), at Onesimus (Filemon 10). Tinawag rin niya ang sarili na ama ng mga mananampalataya sa Corinto (1 Corinto 4:15). Hindi siya ang kanilang ama sa laman, kundi sa espirituwal. Ang pagiging espirituwal na ama ay higit na mahalaga.

Sa Mateo 12:46-50, mababasa natin na habang nagtuturo si Jesus ay dumating ang kanyang ina at mga kapatid upang makita siya. Tinanong ni Jesus ang mga nakikinig sa kanya, “Sino ang aking ina at mga kapatid?” Sinabi niya na ang mga taong gumagawa ng kalooban ng Diyos ang kanyang mga kapatid na lalaki, kapatid na babae, at ina. Siyempre, alam natin na nagmamalasakit si Jesus sa kanyang pamilya; maging noong siya ay nasa krus ay tiniyak niya ang magiging kalagayan ng kanyang ina (Juan 19:26-27). Subalit sinasabi rito ni Jesus na higit na mahalaga ang espirituwal na pamilya kaysa pisikal na pamilya.

Ang pamilya ng pananampalataya ay hindi nagsisilbing pamalit sa biolohikal na pamilya. Gayunma’y ang kalagayan ng isang tao sa pamilya ng pananampalataya ay naglalagay sa kanya sa isang mahalagang identidad. Ang katagang *kapatid* na ginagamit natin sa simbahan ay nagpapakita ng kahalagahan ng relasyon sa pamilya ng pananampalataya (Colosas 1:2).

Si Debora ay isang babaeng propeta na naglingkod bilang hukom ng Israel (Hukom 4:4). Pinangunahan niya ang bayan sa digmaan at kalayaan mula sa kamay ng mapang-aping bansa. Sa Hukom 5:7, tinawag ni Debora ang sarili na ina ng Israel. Walang nabanggit ang

Biblia na si Debora ay mayroong mga sariling anak, subalit siya'y tinawag na ina ng Israel ng dahil sa kanyang pangangalaga at pamumuno sa bayan.

Ayon kay Apóstol Pedro, ang mga babaeng sumusunod sa halimbawa ni Sarah ay maituturing na mga babaeng anak ni Sarah. Isipin mo ang napakataas na antas na ibinigay kay Sarah sa pangungusap na iyan! Ang kalagayang ito ay batay sa halimbawa ng kanyang pananampalataya at pagsunod, hindi sa kanyang papel na ginampanan bilang ina ni Isaac.

Lahat ng mga taong naligtas sa pamamagitan ng biyaya ay tinawag na mga anak ni Abraham (Galacia 3:7). Si Abraham ay pinagkalooban ng mataas na parangal bilang ama ng milyo-milyong mga mananampalataya. Mula sa halimbawa nina Abraham at Sarah ay makikita natin na mataas na pinahahalagahan ng Diyos ang espirituwal na pagmamagulang.

Inilarawan naman ni Apóstol Pablo ang pakinabang ng isang taong walang asawa. Ang taong walang asawa ay maaaring matuon sa pagbibigay lugod sa Diyos at di nadidisturbo ng maraming mga pananagutan (1 Corinto 7:32-35). At kahit na ang taong walang asawa ay walang anak, sinabi ni Pablo na ito ay nagiging mainam na kalagayan kung magagawa ng isang ng tao na mamuhay ng dalisay. Gamit ang mga pangungusap na ito, masasabi natin na ang hindi pag-aasawa ay kalooban ng Diyos para sa ibang tao.

Gaya ng pagiging walang asawa, mayroon ring pakinabang ang di pagkakaroon ng mga anak. Kung paanong ang Diyos ay may espesyal na pagkakataon na ibinibigay para sa mga walang asawa, mayroon rin siyang oportunidad na ibinibigay sa mga mag-asawang walang anak. Bagamat hindi nila pinili na walang anak, maaari nilang ilaan ang mga sarili sa gawain ng Panginoon.

Sa anumang kalagayan, wala mang asawa, at walang anak, maaari nating pagtiwalaan ang pagkilos ng Diyos na maghatid ng espirituwal na pakinabang sa ating buhay at sa buhay ng ibang tao (Roma 8:28).

Napakaraming mga bata ang walang mapag-arugang mga magulang. Walang magkakaloob ng kanilang mga pangangailangan malibang may mga tao sa loob ng pamilya ng pananampalataya na magsisikap na ipadama ang pag-ibig sa kanila.

Tayo ay tinawag upang italaga ang ating mga katawan bilang mga alay sa Diyos; na mamuhay ng may pagtatalaga sa Kanya (Roma 12:1).

**Paglalagom na mga Puntos**

1. Ang mga anak ay biyayang galing sa Diyos at mabuting hingiin ito ng mag-asawa.
2. Maling ipagpalagay na laging kalooban ng Diyos na mahimalang magbigay ng anak sa mag-asawa. Hindi niya laging kapasyahan na magbigay ng mga anak, kung paanong hindi siya laging gumagawa ng himala sa anumang uri ng pangangailangan.

3. Maling sisihin ang babae o ang mag-asawa kapag wala silang anak. Ang kalagayan ng tao ay naapektuhan ng kasalanan ni Adan, ng kasalanan ng ating mga ninuno, at ng kasalanan ng lipunan.
4. Dapat nating pantay na pahalagahan ang mga anak na lalaki at babae sapagkat sila ay nilikha ayon sa wangis ng Diyos.
5. Ang isang tao ay maaaring maging espirituwal na ama o ina na magbibigay ng impluwensya sa maraming henerasyon kahit na siya'y walang bioholohikal na anak.
6. Ang Diyos ay nagbibigay ng espesyal na oportunidad ng ministerio sa mga walang asawa at walang anak.
7. Dapat nating italaga ang ating mga sarili sa Diyos at luwalhatiin siya sa anumang kalagayan na kanyang pinili para sa atin.

## Ang Ministeryo ng Pastor

Nakakalungkot na may mga simbahan na sinundan ang dikta ng kanilang kultura sa halip na ang sinasabi ng Salita ng Diyos, pagdating sa isyu ng di pagkakaroon ng anak.

Dapat na turuan ng pastor ang kanyang nasasakupan na tingnan ang kawalan ng anak ayon mismo sa pananaw ng Biblia, alinsunod na rin sa tinalakay natin sa naunang bahagi ng araling ito.

Kung ang isang pastor ay mananalangin para sa mag-asawa na wala pang anak, hindi dapat ilagay ng pastor ang pasanin sa sinuman sa mag-asawa. Noong pinagaling ni Jesus ang isang maysakit o ibinangon ang isang patay, ang taong pinagaling o muling binuhay ay walang sariling pananampalataya na nag-udyok na mangyari ang himala. Kung ang pastor ay lubos na nananalig na ang Diyos ay may gagawing himala, hayaang siya ang magtiwala at huwag sisihin ang mag-asawa sa kawalan ng pagtitiwala.

Sa Roma 12:15, sinasabi sa atin na tayo ay dapat na matutong tumangis kasama ng mga tumatangis. Dapat na may kamalayan ang pastor sa paghihirap na nararamdaman ng kanyang kongregasyon. Dapat siyang gumawa ng unang hakbang upang aliwin at palakasin ang loob ng mga mag-asawang hindi magkaroon ng anak o kaya'y namatayan ng anak. Sa mag-asawang tumatangis dulot ng kamatayan ng hindi pa naisisilang na sanggol, dapat tandaan na bawat isa sa kanila ay nagdadalamhati bagamat sa magkaibang paraan. Hindi dapat hintayin ng pastor na lumapit sa kanya ang mag-asawang nagdadalamhati upang humingi ng payo. Dapat ring turuan ng pastor ang kongregasyon na maging matulungin sa mga kapatid na nangangailangan ng kaaliwan.

Dapat na pangunahan ng pastor ang kanyang kongregasyon sa pagbubuo ng mga relasyon at sa pangangalaga sa mga mag-asawa o indibidwal na walang mga anak. Dapat silang tratuhin ng bawat miyebro ng pamilya ng pananampalataya bilang mga magulang o kaya'y

mga lolo at lola. Dapat ipadama sa kanila ang pag-ibig sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng panahon at sa pagtulong sa kanilang mga praktikal na pangangailangan.

Dapat na tulungan ng pastor ang mga walang asawa at mga walang anak na magkaroon ng pamamaraan na makapaglingkod at mapagpala ang simbahan at komunidad. Dapat na pahalagahan ng pastor ang kahalagahan ng bawat isang miyembro ng pamilya ng pananampalataya.

## Para sa Talakayan ng Grupo

► Paano tinitingnan ng mga tao sa iyong kultura ang pagkakaroon ng mga anak? Paano nila tinitingnan ang kawalan ng anak?

► Paano tinitingnan ng mga mananampalataya sa iyong kultura ang pagkakaroon ng mga anak? Paano tinitingnan ng mga mananampalataya sa iyong kultura ang kawalan ng anak?

► Paanong ang pananaw mo tungkol sa di pagkakaroon ng anak ay nagbago o kaya'y hinamon ng pag-aaral gamit ang mga talatang tinalakay sa araling ito?

► Mayroon bang mag-asawa sa inyong simbahan na dumaraan sa hirap ng kawalan ng anak? Kung mayroon, paano nakakatulong ang inyong simbahan at paano ito nagbibigay ng kapanatagan na marinig ang kanilang mga kahirapan?

## Panalangin

Ama naming nasa langit,

Salamat sa pamilya ng mga Kristiyano. Maraming salamat sa mga mag-asawang babae at lalaki na nabubuhay para sa iyo at para sa ikasusulong ng iyong kaharian.

Ipinapanalangin namin ang mga mag-asawang nahihirapan magkaroon ng anak. Dalangin namin na aliwin mo sila at palakasin ang kanilang mga puso. Tulungan mong malaman nila na ang pag-ibig mo para sa kanila ay matatag, kahit na sila ay hindi magkaroon ng anak.

Kung kalooban mo na sila'y magkaroon ng sariling mga anak, nagtitiwala kaming mangyayari ang bagay na iyan ayon sa iyong minarapat na panahon. At bigyan mo man sila ng anak o hindi, tulungan mo silang maging mga espirituwal na ama at ina sa iba.

Tulungan mo ang bawat mananampalataya na pahalagahan ang bawat tao bilang nilikha ayon sa iyong wangis.

Amen

## Mga Takdang Aralin

(1) Magsulat ng dalawang pahina na kung saan:

- Inilalarawan mo ang pananaw ng iyong lipunan tungkol sa pagkakaroon ng mga anak at kawalan ng anak.
- Pinapaliwanag mo ang katuruan ng Biblia tungkol sa mga anak.
- Pinapaliwanag mo ang katuruan ng Biblia tungkol sa kawalan ng anak.
- Pinapaliwanag mo kung bakit hindi dapat sisihin ang mag-asawa sa kanilang baog na kalagayan.

(2) Palakasin ang loob ng mga hindi magkaroon ng anak.

Opsyon 1: Ilarawan mo sa pamamagitan ng iyong pagsusulat kung paano mo maipapakita ang iyong habag at malasakit sa taong dumaraan sa kalungkutan ng hindi pagkakaroon ng anak. Maging partikular sa pagsasabi ng mga bagay na iyong gagawin o sasabihin na magiging pagpapala sa iyong kapatid kay Cristo.

Opsyon 2: Magsulat ng maikling pangungusap ng pagpapalakas loob sa kakilala mong dumaraan sa kalungkutan ng hindi pagkakaroon ng anak. Sikapin mong unawain ang kanilang pinagdaraanan. Hayaan mong madama nila na ikaw ay nagmamalasakit. Sabihin mong ipapanalangin mo sila. Kapag binigyan mo sila ng maikling sulat ng pagpapalakas-loob, maging handa ka rin na makinig at ipadama ang iyong pagmamalasakit sa kanila sa nararapat na paraan.

## Kontrol sa Pagbubuntis

Bago magpatuloy sa Aralin 11, dapat na gawin ng klase ang **pag-aralan at talakayin ang Apendiks B**. Ito ay diskusyon hinggil sa pagkontrol sa pagbubuntis, isang mahalagang paksa na nakaugnay sa pag-aasawa at pagpapamilya.

# Aralin 11
# Ang Paglaki at Pangangalaga sa Bata

## Mga Layunin ng Aralin

Sa katapusan ng araling ito, magagawa ng mag-aaral na:

(1) Pahalagahan ang kahanga-hangang paglikha ng Diyos sa bawat tao.

(2) Paniwalaan na ang buhay ng tao ay sagrado.

(3) Maging masigasig na protektahan ang buhay ng tao simula pa lang sa pagdadalantao.

(4) Maunawaan ang kahalagahan ng pangangalaga ng magulang para sa malusog na paglaki ng mga bata.

## Ang Munting Kambal

Sina Mark at Mary ay nakatira sa bansang India. Mga ilang taon na rin silang kasal at walang mga anak, subalit may biglang oportunidad na ibinigay sa kanila. Isa sa kamag-anak ni Mary ay nanganak ng dalawang kambal na babae ngunit wala silang kakayahan na alagaan ang kambal. Masayang tinanggap nina Mark at Mary ang mga sanggol, ngunit humarap sila ng mga di inaaasahang bagay. Ang mga sanggol ay maagang naipanganak at ang timbang ay mababa. Hindi alam ng dalawa ang kanilang gagawin at walang maitulong na maayos ang kanilang mga kaibigan kung paano nila mapapangalagaan ang mga munting sanggol. Madalas silang mapuyat sa kakabantay sa mga bata, gayunma'y lumaki paring kaaya-aya at malusog ang mga ito.

## Isang Sanggol

### Paglaki ng Sanggol sa panahon ng Pagbubuntis

► Dapat basahin ng mag-aaral ang Awit 139:13-18 para sa grupo.

Sinasabi sa atin sa talatang ito na kilala na tayo ng Diyos sa oras pa lang na tayo ay nasa sinapupunan ng ating ina, at bago pa lang na ang ating katawan ay nabuo (talatang 16). Kilala ka na ng Diyos at mayroon na siyang plano para sa iyo bago ka pa lang isilang.

Sa sandaling ang semilya ng isang lalaki ay nai-ugnay sa sinapupunan ng babae, nabubuo ang bata. Sa sandaling iyon, isang bagong buhay – bagong pagkatao – ang umiiral! Lahat ng impormasyong genitika hinggil sa bagong tao na ito ay matatagpuang lahat sa iisa at bagong cell. Sa loob ng 24-oras matapos ang gayong pagdadalantao, ang cell na iyon ay mahahati sa dalawa. Bawat isa sa mga ito ay patuloy na mahahati at darami. Sa loob ng isang linggo, ang sanggol sa sinapupunan ay magtataglay na ng maraming cells at maiuugnay na sa sinapupunan ng kanyang ina kung saan patuloy siyang lumalaki at

nahuhubog. Bawat cell ay naglalaman ng "code" na bumubugo sa pagkatao (DNA) ng sanggol. Sinusundan ng mga cells ang tuntunin na nakapaloob sa code na ito para sa paghubog ng bawat sangkap sa katawan ng sanggol.

Sa ika-3 linggo, ang spinal cord at utak ng sanggol ay nagsisimula ng mabuo. At sa pagpasok ng ika-4 na linggo ng pagdadalantao, ang mga mata ng bata ay nagsisimula na ring mabuo; ang puso ay nagsisimula na ring tumibok, at ang mga bisig ng sanggol ay nabubuo. Sa ika-12 linggo ng pagdadalantao, ang mahahalagang sangkap ng katawan ng sanggol ay buo na.

Sa ika-14 na linggo ng pagdadalantao, ang natatanging fingerprints ng sanggol ay buo na rin. At sa ika-16 hanggang ika-24 na linggo, mararamdaman na ng ina ang pagkilos ng kanyang anak sa kanyang sinapupunan. At sa loob ng 26-28 na linggo, ang baga ng bata ay buo na rin at nagagawa na ring huminga. Ang sanggol ay may .9 na kilo na ang bigat sa tagpong ito. Ang mga sanggol ay karaniwang ipinapanganak sa ika-38-40 na linggo ng pagdadalantao. Bawat sanggol ay kahanga-hanga at espesyal na nilalang ng ating Diyos na Manlilikha.

► Dapat na basahin ng mag-aaral ang Ecclesiastes 11:5 para sa grupo.

Tunay na isang mahimalang bagay kung paano nililikha, hinuhubog, at pinapalaki ng Diyos ang isang sanggol sa sinapupunan ng kanyang ina. Hindi magagawa ng tao na lubos na maunawaan ang lahat ng mga pinagdadaanang proseso at ang lahat ng mga kinakailangan sa paghubog na ito. Gayunpaman, saanmang kontinente, lipunan, at kultura, ang paglaki at pagkahubog ng sanggol sa sinapupunan ay dumaraan sa parehas na proseso. Ang disenyo ng Manlilikha ay tunay na perpekto!

► Dapat basahin ng mag-aaral ang Job 10:8-12 para sa grupo.

Sa mga talatang ito, gumamit si Job ng mga paglalarawan na tumutukoy sa pagdadalantao at paglaki ng bata sa sinapupunan ng kanyang ina. Sinabi sa atin ni Job na ang Diyos na Manlilikha ang tagapagbigay ng buhay.

### Ang Halaga ng Pagiging Nilikha ayon sa Wangis ng Diyos

Sinasabi sa atin sa Genesis 1:26-27 at Genesis 9:6 na ang tao ay nilikha ng ayon sa wangis ng Diyos. Ang buhay ng tao ay sagrado. At dahil rito, kasalanan ang pagpatay sa sinumang tao (Genesis 9:5, Exodo 20:13).

Sa Ezekiel 16:20-21, 36, 38, mariing sinasabi ng Diyos na siya ay laban sa mga taong winawakasan ang buhay ng isang bata. Binabalaan niya ang mga Israelita laban sa paghahandog ng kanilang mga sanggol sa mga diyus-diyusan at ipinahayag ang matinding parusa laban rito.

Sa Isaias 46:3-4, ipinahayag ng Diyos ang kanyang pagmamalasakit sa sangkatauhan sa bawat yugto ng kanyang pagkahubog at paglaki. Ang sabi niya:

> "Inyong dinggin ako, O sambahayan ni Jacob, at lahat na nalabi sa sambahayan ni Israel, na kinalong ko mula sa iyong pagsilang, na dinala mula sa sinapupunan; at hanggang sa katandaan mo ay ako siya, at hanggang sa magkauban ay dadalhin kita. Ginawa kita at aking dadalhin ka. Aking dadalhin at ililigtas ka."

Isang napakagandang pangako!

Lahat ng tao ay may halaga, maging ang mga hindi naisilang na mga sanggol; ang mga may kapansanan, silang may mga espesyal na pangangailangan, at ang mga matatanda. Ang halaga ng isang tao ay hindi nakadepende sa kanyang kayang gawin o kaya'y sa kung makakaya ba niyang mabuhay ng mag-isa. Bawat tao ay may halaga sapagkat ang bawat isa ay nilikha ayon sa wangis ng Diyos.

Sinasabi sa atin ng Biblia na ang bawat bata ay mahalaga sa paningin ng Diyos simula ng sila ay ipinaglihi (Awit 139:13-18). Dahil rito, nalalaman natin na tayo ay isa ng tao sa simula pa lang ng paglilihi. Kaya't ang kapasyahang wakasan ang pagdadalantao sa pamamagitan ng aborsiyon ay pagpatay sa isang tao.

Mayroong apat na pangunahing paraan na magagawa ang mga tagasunod ni Cristo upang protektahan ang buhay ng mga hindi pa naisisilang na sanggol at upang makapag-ministeryo sa mga ina.

1. Dapat na impluwensiyahan nila ang kanilang mga gobyerno at mga mambabatas sa pagsasagawa ng mga batas at sa pagpapatupad ng mga paraan na mag-iingat sa buhay ng mga sanggol na hindi pa isinisilang.
2. Dapat na magbigay sila ng mga praktikal na hakbang na tutulong sa mga nagdadalantao na maramdaman na hindi opsyon ang pagpapalaglag ng bata; sa halip, dapat na protektahan nila ang kanilang mga dinadalang sanggol.
3. Dapat na pangalagaan nila ang mga batang hindi ginustong ipagbuntis.
4. Dapat na maghandog sila ng biyaya at espirituwal na tulong sa mga kababaihan na nahihirapan ang kalooban ng dahil sa nakaraang pagpapalaglag ng bata.

### Pangangalaga sa Hindi pa Naisisilang na Sanggol

Mahalagang maunawaan na ang batang dinadala ng isang ina sa kanyang sinapupunan ay may patutunguhang walang hanggan. Ang taong-sanggol na iyon sa kanyang sinapupunan ay iiral magpakailanman. At dahil rito, dapat na pangalagaan ng isang magulang ang kanilang mga anak sa lahat ng aspeto ng kanilang buhay: pisikal, mental, sosyal/emosyunal, at espirituwal.

► Dapat basahin ng mag-aaral ang Mateo 18:2, 10 para sa grupo.

Ang pag-uugali ng isang tao ay maaaring makaapekto sa kalusugan ng kanyang anak na hindi pa naisisilang at minsa'y maaaring makahadlang sa kanya na maging ama ng bata. Ang alkohol, cocaine, o paninigarilyo ay maaaring makasira sa kanyang semilya at magpapalaki ng posibilidad upang siya'y maging baog (na dahil rito'y magiging imposible ang pagbubuntis ng kanyang asawa) o kaya'y makunan ang isang babae (pagkamatay ng sanggol sa sinapupunan).

Ang isang buntis na gumagamit ng mga di kanais-nais na bagay, gaya ng droga (mungkahi man ng manggagamot o ilegal), nakalalasing na inumin, o sigarilyo, ay maaaring permanenteng makapinsala sa kanyang sanggol. Ang mga substansiyang ito ay pumipigil sa maayos na paglaki at paghubog ng isang sanggol at magdudulot sa sanggol na magkaroon ng problema sa pisikal at mental.[37]

Ang isa sa pinakamahalagang sandali at yugto sa paglaki ng sanggol sa sinapupunan ay ang paghubog ng mga organ at tissue nito na partikular na nangyayari sa pagitan ng 3-4 mga linggo ng pagdadalantao. Sa ganitong yugto, madalas na maraming mga kababaihan ay hindi nila alam na sila pala ay buntis.

► Dapat basahin ng mag-aaral ang 1 Corinto 10:31 para sa grupo.

Bagamat hindi ganap na makokontrol ng ina ang kalusugan ng sanggol na nasa kanyang sinapupunan, dapat pa rin niyang gawin ang lahat ng kanyang makakaya upang magkaroon ng maayos na nutrisyon at umiwas sa mga mapanganib na substansiya. Sinabi ng Diyos na ang mga bata ay mahalaga sa kanyang paningin at dapat natin siyang luwalhatiin sa pamamagitan ng maayos na trato sa mga bata.

Isang trahedya na ang sanggol ay hindi naisisilang sa kabuwanan ng kanyang kapanganakan. Karaniwan, ang kamatayan ng isang di pa naisisilang na sanggol ay hindi dahil sa kagagawan ng kanyang ina. Ang ganitong sandali ay malaking kawalan sa magulang ng sanggol, kaya dapat sikapin ng mga mananampalataya na makapagbigay sila ng kaaliwan sa mga magulang.

**Kapanganakan**

Bagamat maraming mga kultural na pagkakaiba ang nakapaligid sa oras ng panganganak, marami pa ring pagkakatulad sa karanasan ang mga kababaihan sa iba't ibang panig ng mundo. Sa Genesis 3:16, sinabi ng Diyos, "Pararamihin ko ang paghihirap mo sa iyong paglilihi; manganganak kang may paghihirap…"

Maraming siglo na ang lumipas at totoo pa ring nangyayari ang salitang ito ng Diyos sa iba't ibang panig ng mundo. Ang epekto ng unang pagkakasala nina Adan at Eba ay patuloy pa ring nararamdaman sa proseso ng panganganak. Maging si Maria na ina ni Jesus ay hindi nakatakas sa sakit ng panganganak (Lukas 2:6-7).

---

[37] Greg Cook & Joan Cook, *The World of Children*, 3rd ed. (Pearson Education, 2013), 85.

## Maagang Yugto ng Pagkabata

### Paglagong Pisikal

Nahuhubog ang pisikal na mga sangkap ng isang bata sa mga inaasahang mga antas. Una munang magagawa ng isang bata na igalaw-galaw ang kanyang ulo, matapos ito, magagawa na niyang maupo, gumapang, at maglakad. Kapag ang anuman sa mga kakayahang ito ay hindi nangyayari sa mga inaasahang yugto, ang magulang ay nababahala. At sa patuloy na paglaki ng bata, inaasahan natin silang makitang tumatalon, naglalambitin, at tumatakbo, lalo sa edad na 4-5. Sila'y lumalago mula sa sanggol na umiinom lamang ng gatas patungo sa batang nakakakain na ng mga matitigas na pagkain. Ang ganitong paglaki at paglago ng isang bata ay ikinagagalak makita ng mga miyembro ng pamilya.

### Paglagong Mental

Ang mga caregiver ay nakikinig sa unang iyak ng isang kasisilang na sanggol at inaasahan na ang isang bata ay makakagawa ng mga masasayang tunog kapag ito ay nasa ikalawang buwan na. Sunod nito ay magagawang pabulain ng bata ang kanyang bibig at magagawang ulitin ang mga tunog na kanyang naririnig. Tuwang-tuwa rin ang mga magulang na kapag ikaanim na buwan ng bata ay nagagawa na nitong sambitin ang salitang "Mama" o "Papa." Ang mga bata ay karaniwang nakapagsasalita ng mga kataga kapag sila'y isang taon na at nakapagsalita na rin ng buong pangungusap sa kanilang ikalawang taon.

Napapahanga rin tayo ng mga bata tungkol sa mga bagay na kaya nilang tandaan. Napakarami rin nilang itinatanong. Lagi nilang naaalala ang iyong ipinangako na gumawa ng isang espesyal na bagay para sa kanila. Ang ganitong mental na paglago ay nagaganap sapagkat ito'y disenyo ng Diyos. Subalit higit na nakakatulong sa paglago ng bata ang pangangalaga na ibinibigay ng mga magulang at ng iba pang mga tagapangalaga.

### Sosyal at Emosyunal na Paglago

Kailangan ng mga bata ang kanilang mga magulang upang sila'y lumaking malusog at magkaroon ng maayos na paglagong pisikal. Subalit, dagdag na kailangan rin nila ang pagpapalakas ng loob upang mahubog at lumakas ang kanilang sosyal at emosyunal na pangangailangan. Dapat na intensyunal ang pangangalaga na ibigay ng mga magulang, guro, at iba pang tagapangalaga upang makamit ng mga bata ang paglagong ito.

Kapag gagawin ng mga magulang ang mga bagay na naitala sa ibaba, matutulungan nila ang kanilang mga anak na lumagong malakas sa sosyal at emosyunal.

► Basahin mo ang talaan na ito. Basahin mo ng dalawang ulit. Sa tabi ng isang aytem na tingin mo ay nagagawa mo na ng mabuti, isulat mo ang partikular na halimbawa kung paano mo ito ginagawa. Lagyan mo ng tsek ang mga aytem na hindi mo pa nagagawa. Sa tabi ng mga ito ay magsulat ka ng mga paraan na iyong sisimulang gawin. Kung ikaw ay hindi pa isang magulang, maaari kang pumili ng mga aytem mula sa talaang ito na kung

saan maaari mong isagawa sa mga anak ng iyong kamag-anak o sa mga batang malapit sa iyong pamilya.

***Mga Paraan na Matutulungan Mo ang Iyong mga Anak na Lumago***[38]

(1) Sa pamamagitan ng pangangalaga sa iyong sarili

- Ayusin mo ng mabuti ang iyong mga personal na kaabalahan.
- Pamahalaan mo ng mabuti ang pinagkukunang suplay ng pamilya.
- Magbahagi ng suporta sa ibang mga magulang.
- Humingi at tumanggap ng suporta mula sa iba kung kinakailangan.
- Alamin mo ang iyong mga personal na kakayahan at husay sa pagmamagulang.
- Magkaroon ng malinaw na layunin sa pagpapalaki ng iyong anak.

(2) Sa pamamagitan ng pagiging maunawain

- Suriin mo at unawaing mabuti ang iyong mga anak at ang kanilang paglago.
- Alamin mo kung paano ini-impluwensyahan at tinutugunan ng mga bata ang mga bagay na nangyayari sa kanilang paligid.

(3) Sa pamamagitan ng pagbibigay ng gabay

- Maging halimbawa ng maayos at kahali-halinang pag-uugali.
- Maglagay at panatilihin ang mga makatuwirang limitasyon.
- Bigyan ang mga bata ng pagkakataon na magkaroon ng responsibilidad. (Ang mga pagkakataon na ito ay dapat na ayon sa kanilang antas ng paglago.)
- Turuan sila ng mga pamamaraan sa paglutas ng problema.
- Masdan ng mabuti ang kanilang mga ginagawa.
- Bantayan ang kanilang pakikipag-usap at karanasang napupulot sa paligid kasama ng ibang mga bata at matatanda.

---

[38] Hango kay Charles A. Smith, et al., *National Extension Parent Education Model*. (Manhattan, Kansas: Kansas Cooperative Extension Service, 1994). Kinuha mula sa https://www.k-state.edu/wwparent/nepem/nepem.pdf noong Hulyo 31, 2023.

(4) Sa pamamagitan ng pangangalaga

- Ipadama ang pagmamahal at awa.
- Linangin ang paggalang sa sarili at pagkakaroon ng pag-asa.
- Makinig at magmasid sa damdamin at mga ideya ng mga bata.
- Turuan silang magpakabait.
- Ibigay sa kanila ang maayos na nutrisyon, tahanan, damit, kalusugan, at iba pang mahahalagang pangangailangan ng bata.
- Ipagdiwang ang mga kasiyahan sa buhay kasama ang mga bata.
- Tulungan ang mga bata na magkaroon ng koneksyon sa kasaysayan ng iyong pamilya at sa kultura ng inyong lahi.

(5) Sa pamamagitan ng pagbibigay ng motibasyon

- Turuan ang mga bata ng tungkol sa kanilang mga sarili, tungkol sa ibang tao, at tungkol sa lipunang nakapaligid sa kanila.
- Pukawin mo sa kanila ang pagsusuri, imahinasyon, at ang paghahanap sa kaalaman.
- Bumuo ng kaaya-ayang lugar para sa pag-aaral.
- Tulungan ang mga bata na iproseso at isaayos ang mga natutuhang impormasyon.

(6) Sa pamamagitan ng pagtatanggol

- Maghanap, gamitin, at magkaroon ng komunidad na kapaki-pakinabang sa iyong anak at sa iba pang mga bata.
- Pukawin ang hangarin na magkaroon ng panlipunang pagbabago na tutulong sa mga bata na magkaroon ng kaaya-ayang kapaligiran at pamilya.
- Bumuo ng mga pakikipag-relasyon na kasama ang iyong pamilya, mga kaibigan, at mga grupo sa komunidad.

**Espirituwal na Paglago**

Sapagkat tayo ay nilikha ng Diyos na may espirituwal na buhay (Genesis 2:7), dapat nating turuan ang ating mga anak tungkol sa pananampalataya at gabayan sila na mamuhay na may relasyon sa Diyos.

► Dapat basahin ng mag-aaral ang Awit 78:5-8 at Deuteronomio 6:4-9 para sa grupo. Sa paanong paraan mo sinusunod ang mga kautusan ng Diyos at itinuturo ito sa iyong pamilya? Ano ang ilang mga bahagi na kinakailangan mong lumago?

Dapat nating seryosohin ang utos ng Diyos tungkol sa pagtuturo sa ating pamilya. Dahil kung hindi, mabibigo tayong sumunod sa Diyos at ang ating mga anak ay susuway rin sa Diyos.

Mayroong iba't ibang pamamaraan ng pagtuturo sa mga bata: ilan rito ay ang pagbabasa ng Biblia, pag-awit ng mga awitin tungkol kay Jesus, pagsasaulo ng talata, pananalangin,

pagsasagawa ng mga tanong at sagot, at pagkakaroon ng araw-araw na pag-uusap. Ang pakikilahok sa gawain sa simbahan ay mahalaga rin para sa buong pamilya.

Minsan, may mga magulang na kakargahin ang kanilang mga anak habang sila ay pinapatulog; na umaawit sa kanila ng mga awit na tungkol sa pananampalataya at pag-ibig ni Jesus para sa kanila. Ang pananampalataya ng mga bata ay lumalakas kapag nakakarinig sila ng tungkol sa pagibig at katapatan ng Diyos kaalinsabay sa pagkalinga ng kanilang magulang.

## Konklusyon

Kaibigan, kung ikaw ay isang magulang, ang isang araw mo ay parang matagal. Ito ay puno ng kaabalahan; ito ay nakakapagod; ito ay hindi mo pag-aari. Gayunpaman, sa gitna ng maririnig mong iyakan, mga natatapong mga gatas, mababahong mga diaper, at tila walang katapusang gawain sa bahay, subukan mo pa ring huminto at pagbulayan ang iyong layunin. Iyong tandaan na ginagawa mo ang pangangalaga para sa isang nilalang na minamahal ng Diyos; na sa kanyang walang hanggang panukala ay ipinagkatiwala niya sa iyo ang batang ito. Hindi nais ng Diyos na magkaroon ka ng perpektong tahanan, isang magarang budget, masasarap na pagkain, o mamahaling mga damit para sa iyong mga anak. Ang kanyang hinihingi ay ito:

> “Iibigin mo ang Panginoon mong Diyos ng iyong buong puso, at ng iyong buong kaluluwa, at ng iyong buong lakas. Ang mga salitang ito na aking iniuutos sa iyo sa araw na ito ay ilalagay mo sa iyong puso; at iyong ituturo nang buong sikap sa iyong mga anak, at iyong sasabihin sa kanila kapag ikaw ay nakaupo sa iyong bahay, kapag ikaw ay lumalakad sa daan, at kapag ikaw ay nahihiga, at kapag ikaw ay bumabangon” (Deuteronomio 6:5-7).

## Para sa Talakayan ng Grupo

► Anong aspeto ng pangangalaga sa bata ang madalas na nakakaligtaan sa iyong komunidad?

► Anong mga hamon ang kinakaharap ng mga pamilya? Bakit mahirap para sa kanila na ibigay ang pangangalaga sa bata na tinatalakay sa araling ito?

► Paano matutulungan ng mga mananampalataya ang mga babaeng nagdadalantao at ang kanilang sanggol sa sinapupunan?

► Anong mga paraan ang pwedeng magawa ng mga Kristiyanong pamilya upang sama-sama nilang mapagpala ang buhay ng mga maliliit na bata at ang kanilang mga ina?

► Paano makakabuo ng isang gawain ang simbahan na mangangalaga sa pangangailangan ng mga maliliit na bata?

## Panalangin

Ama naming nasa langit,

Sinasamba ka namin bilang aming kahanga-hangang Manlilikha. Hinubog mo kami sa loob ng sinapupunan ng aming mga ina at pinangalagaan mo kami sa buong araw ng aming mga buhay. Nalalaman mo ang lahat ng bagay patungkol sa amin, kahit noong hindi pa kami isinisilang.

Tulungan mo kaming gawin ang mga bagay na pwede naming gawin upang protektahan ang mga walang kalaban-laban na mga tao, lalo't silang nasa loob pa ng sinapupunan ng kanilang mga ina. Pagpalain mo silang nagmiministeryo sa kalagayan ng mga babaeng nagdadalang-tao.

Salamat na ipinagkatiwala mo sa amin ang pribilehiyo at responsibilidad ng pagkakaroon at pagpapalaki ng mga anak. Habang iyong hinuhubog at pinapalaki ang aming mga anak, tulungan mo kaming maging mapagmatyag at masikap sa pangangalaga at pagsasanay sa kanila.

Nais naming maging masunurin sa iyo sa pagpapalaki ng aming mga anak. Tulungan mong makita ka sa amin ng aming mga anak. Tulungan mo kami na turuan ang aming mga anak na ibigin at sundin ka.

Amen

## Mga Takdang Aralin

(1) Basahin ang 2 Timoteo 1:3-5; 1 Corinto 4:17; Filipos 2:19-23. Magsulat ng mga maikling sagot sa mga tanong na ito:

- Sino ang dalawang babae na nabanggit at ano ang kanilang papel na ginagampanan sa loob ng pamilya?
- Anong impluwensya ang naibigay nila kay Timoteo?
- Anong impluwensya ang naibigay nila sa buhay ng sinaunang Iglesia?

(2) Magbalik-aral sa mga talatang iyong sinaulo sa kursong ito: Deuteronomio 6:4-9, Roma 6:11-14, Colosas 3:5-7 at ang mga talatang iyong pinili para sa pagsasaulo sa Aralin 5, Takdang Aralin 4. Paanong nangungusap ang mga talatang ito sa iyo habang pinag-aaralan mo?

(3) Isaulo ang Awit 78:4-8. Sa pagpapasimula ng inyong klase sa susunod, isulat o isaulo ang talata gamit ang memorya.

(4) Partikular na ipanalangin mo ang bawat miyembro ng iyong pamilya na may personal na pangangailangan. Ipanalangin mo rin ang iyong sarili. Anong uri ng pagiging miyembro ng isang pamilya ang panawagan sa iyo ng Diyos?

# Aralin 12
# Pagpapalaki ng Bata na may Makabuluhang Layunin

## Mga Layunin ng Aralin

Sa katapusan ng araling ito, magagawa ng mag-aaral na:

(1) Ipaliwanag ang mga responsabilidad na bigay ng Diyos sa mga magulang.

(2) Maunawaan ang kahalagahan ng maagang paghubog sa karakter ng bata.

(3) Maging handa sa makabuluhang pagplaplano ng pagpapalaki ng bata alinsunod sa siyam na bahagi ng buhay.

(4) Ipaliwanag ang interaksyon o ugnayan ng malayang kalooban ng bata at ng mga panlabas na impluwensya.

(5) Italaga ang sarili sa matapat na pagdidisipulo sa bata.

## Jonathan Edwards, Ang Huwaran ng Pamana sa Pamilya

Si Jonathan Edwards ay iginagalang na pastor at theologo na nabuhay noong taong 1700. Siya at ang kanyang asawa na si Sarah ay may labing-isang mga anak. Si Sarah ay isang mabuting ina at asawa, at nagpamana ng matinding impluwensya sa paghubog ng katangian ng kanyang mga anak. Si Jonathan mismo ay isa ring dedikado at masigasig na ama. Ayon sa kwento, "bawat gabi kapag nasa bahay si Mr. Edwards, gumugugol siya ng oras ng pakikipag-usap sa kanyang pamilya at mananalangin ng pagpapala para sa bawat isa sa kanila."[39]

Ang tagapagturo na si A.E. Winship ay gumawa ng pananaliksik noong huling bahagi ng taong 1800 tungkol sa pamanang iniwan nina Jonathan at Sarah Edwards. Sa kanyang pananaliksik ay inalam niya ang naging kalagayan ng lahi ng mag-asawa paglipas ng 150 taon matapos ang kamatayan ni Jonathan. Natuklasan niya ang mga sumusunod na pamana ng mga Edwards:

- 1 bise-presidente ng Estados Unidos
- 1 dean ng paaralan ng batas
- 1 dean ng paaralan ng medisina
- 3 senador sa Estados Unidos

[39] Ang sitas at ang impormasyon sa bahaging ito ay hango kay Larry Ballard, "Multigenerational Legacies – the Story of Jonathan Edwards," YWAM Family Ministries, Hulyo 1, 2017. Kinuha mula sa https://www.ywam-fmi.org/news/multigenerational-legacies-the-story-of-jonathan-edwards/ noong Enero 11, 2021.

- 3 gobernador
- 3 mayor
- 13 presidente ng kolehiyo
- 30 na mga hukom
- 60 na mga doktor
- 65 na mga propesor
- 75 na mga opisyales ng militar
- 80 na mga pampublikong opisyales
- 100 mga abogado
- 100 mga pastor o tagapamuno sa simbahan
- 285 na mga nagtapos sa kolehiyo

Paano naging posible ang ganitong mabungang pamana? Ano ang ibinigay ng mag-asawang Edwards sa kanilang labing-isang mga anak na namunga ng lahing kilala sa kanilang integridad, responsibilidad, pamumuno, at paglilingkod sa bayan? Walang duda na si Jonathan ay isang makaDiyos at masigasig na ama na nagbigay ng matapat na halimbawa para sa kanyang mga anak.

Ipinapakita sa atin ng Biblia na ang mga kapasyahang gagawin ng mga magulang ay makakaapekto sa relasyon sa Diyos ng kanilang mga anak sa susunod na henerasyon.

► Dapat basahin ng mga mag-aaral ang Deuteronomio 5:9-10 at Deuteronomio 7:9 para sa grupo.

Anuman ang kapasyahang ginawa ng isang magulang, bawat isa ay may pagkakataon na paglingkuran ang Panginoon at maging makaDiyos na magulang para sa kanilang mga anak. Ikaw at ang iyong lahi ay maaaring matapat na maglingkod sa Panginoon at maranasan ang kanyang pagpapala at biyaya. Kaya handa ka ba na maging isang magulang na maglilingkod ng matapat sa Diyos at pangungunahan ang iyong mga anak sa pagkakilala sa kanya?

## Ilapit ang Bata sa Diyos

Noong unang makipag-usap ang Diyos kay Jacob, hindi sinabi ng Diyos, "Ako ang Diyos ng sansinukob," o kaya'y "Ako ang Diyos na lumikha ng langit at lupa," bagamat ang mga pangungusap na ito ay totoo. Sa halip, sinabi ng Diyos, "Ako ang Panginoon, ang Diyos ni Abraham na iyong ama, at ang Diyos ni Isaac" (Genesis 28:13). Sa madaling salita, hindi nagsimula ang relasyon ni Jacob sa Diyos na walang nakaraang kaalaman tungkol sa kanya. Kilala niya ang Diyos ng dahil sa turo ng kanyang ama at lolo.

Si Abraham ang nagpasimula ng tradisyon ng pagsamba sa Diyos. Dahil sa kanya ay marami pang iba ang sumampalataya sa Diyos, maging noong hindi pa sila nagkakaroon ng personal pakikipagtagpo sa Panginoon. Nang ang lingkod ni Abraham na si Eliezer ay nanalangin, ito ay tumawag sa PANGINOON, na Diyos ni Abraham (Genesis 24:12).

At sa paglipas ng mga panahon, ang Diyos ay nakilala sa bansag na, "Ang Diyos nina Abraham, Diyos ni Isaac, at Diyos ni Jacob" (Exodo 3:15 bilang isang halimbawa). Sa sumunod na henerasyon, si Jose ay kumapit sa mga pangako ng Diyos na ginawa niya kina Abraham, Isaac, at Jacob (Genesis 50:24). Umasa rin si Jose na magiging tapat ang kanyang sambahayan sa Diyos dulot na rin ng katapatan ng Diyos sa nakaraang henerasyon.

► Alinsunod sa kapahayagan ng Diyos tungkol sa kanyang sarili, ano ang mga bagay na ating matututunan tungkol sa paraan na nakikilala ng mga tao ang Diyos?

Ang mga tao ay hindi karaniwang nagkakaroon ng relasyon sa Diyos sa pamamagitan lamang ng pakikinig ng mga katuruan tungkol sa Diyos. Sa halip, karaniwang nakikilala ng mga tao ang Diyos sa pamamagitan ng pagmamasid sa buhay ng mga taong may relasyon sa Diyos. **Ang pinakamatinding espirituwal na impluwensya ay nagmumula sa mga magulang na masigasig sa Diyos.**

Narito ang ilan sa mga mahahalaga at personal na katanungan na pwedeng isaalang-alang: Ano ang natututunan ng iyong mga anak tungkol sa Diyos sa pamamagitan ng pagtingin sa iyong buhay? Ang mga anak mo ba ay nagnanais na maging tapat sa Diyos sapagkat nakikita nila ang iyong relasyon sa Diyos?

## Ang Responsibilidad ng Magulang

Ang Diyos ay nagbigay ng malaking responsibilidad sa mga magulang. "Sanayin mo ang bata sa daan na dapat niyang lakaran, at kapag tumanda na siya ay hindi niya ito tatalikuran" (Kawikaan 22:6).

Ang magulang ay dapat na may layunin sa pagtuturo ng kanyang mga anak na sumunod sa Diyos. Dapat na maunawaan ng mga magulang ang kanilang responsibilidad na gabayan ang kanilang mga anak.

Ang responsibilidad na turuan ang mga anak ay unang pananagutan ng magulang at hindi ng lipunan, paaralan, at simbahan. Dapat tiyakin ng magulang na ang kanyang mga anak ay mapapabilang sa simbahan, subalit hindi niya dapat isipin na ang simbahan ang siyang magtuturo at sasanay sa kanyang mga anak.

► Dapat basahin ng mag-aaral ang Efeso 6:1-4 para sa grupo. Ano ang dapat gawin ng mga ama ng tahanan?

Ang pagtuturo sa bata ay hindi lamang tungkulin ng ina. Ang ama ay may malaking responsibilidad sa espirituwal na proteksyon ng kanyang pamilya.

Ang mga magulang ay may seryosong pananagutan na habambuhay na sanayin ang kanilang mga anak. Ang habambuhay na pagsasanay na ito ay walang kinalaman sa paghahanap ng trabaho; ito ay tungkol sa pagsasanay na mamuhay ng matuwid sa harapan

ng Diyos. Hindi dapat hayaan ng mga magulang na sundan ng kanilang mga anak ang yapak ng kasalanan at asahang sa bandang huli ay magiging mananampalataya naman sila.

Binababalaan tayo ng Biblia na huwag matuto mula sa maling pilosopiya ng sanlibutan.

► Dapat na basahin ng mag-aaral ang Colosas 2:8 para sa grupo.

Ang talatang ito ay may babala sa atin na maaari tayong malugi ng dahil sa paniniwala sa maling pilosopiya at pagtanggap ng mga maling gawi sa buhay. Maaaring agawin ng sanlibutan ang ating mga anak mula sa atin sa pamamagitan ng pagsunod sa kamunduhan sa halip na pagsunod kay Cristo.

Higit na mainam kung ang buong edukasyon na matatanggap ng iyong mga anak ay mula sa Kristyanong guro at magulang. Ngunit sa mga lugar na walang Kristiyanong paaralan, dapat tiyakin pa rin ng mga magulang na natututunan ng kanilang mga anak ang tamang pananaw sa buhay. Ang sekular na edukasyon ay nagtuturo ng ateismo, ebolusyon, at humanismo. At dahil sa ang mga bata ay madaling matangay ng mga maling turo (Efeso 4:14), dapat na ingatan ng mga magulang ang kanilang mga anak. Ang mga pastor ay dapat na matutong mangaral ng doktrina na mag-iingat sa mga tao mula sa maling pilosopiya. Ang mga pastor at guro ay dapat na magbigay ng mga impormasyon na magpapatibay ng pamilya sa pagkatuto sa katotohanan.

## Maagang Gulang ng Pagsasanay sa Bata

► Mayroong nagsulat ng libro na pinamagatan sa Ingles na *Children Are Wet Cement.* Ano sa palagay mo ang ibig sabihin nito?

Dapat maunawaan ng mga magulang na ang mga bata ay natututo ng mga bagay-bagay at kung ano ang mahalaga sa buhay habang sila’y nasa murang gulang pa lang. Ang karakter ay nahuhubog sa pagkabata pa lang.

Marami sa mga pagdidisipulo na dapat gawin ay bago pa lang marating ng isang bata ang pagiging binatilyo o dalagita. Kaya bago nila marating ang ganitong edad, dapat na patimuin sa kanilang kalooban ang biblikal na kaalaman, mabuting katangian, personal, sosyal, at espirituwal na mga gawi.

Maging bago marating ng isang bata ang ikalimang taon, natututunan na niya ang mga pangunahing bagay tungkol sa pakikitungo at kung anong pag-uugali ang magbibigay sa kanya ng magandang resulta. Alam niya kung ano ang pagiging patas; kung ang gantimpala at parusa ay karaniwang nagaganap ayon sa iyong gawa. Alam niya kung siya’y tunay na minamahal. Alam niya kung pinapahalagahan ng iba ang kanyang nararamdaman. Alam niya kung siya’y pinapatawad kapag nakagawa ng pagkakamali at kasalanan. Alam niya rin kung pwede niyang pagkatiwalaan ang mga nasa awtoridad; kung sila’y nagmamalasakit sa kanya at tumutupad sa kanilang mga pangako.

Ang mga bata ay natututo sa pamamagitan ng mga salita at ikinikilos ng kanilang mga magulang, kahit na hindi sila tinuturuan ng kanilang mga magulang (Efeso 5:1). Ang halimbawang ipinapakita ng mga nakatatanda ay nagbibigay sa kanila ng konsepto tungkol sa buhay. Ang mga bata ay natututo kung ano ang pinakamahalaga sa pamamagitan ng nakikita nila sa mga nakatatanda. Sila'y natututo sa pakikitungo, kung paano tumugon sa sitwasyon, at kung paano tuparin ang kanilang mga tungkulin sa pamamagitan ng kanilang mga nakikita sa mga nakatatanda. Ang ganitong uri ng edukasyon ay kaagad na nagsisimula sa oras na ipinanganak ang isang bata.

Minsan, iniisip ng mga magulang na tinuturuan lamang nila ang kanilang mga anak sa tuwing nagpapaliwanag sila ng dapat nilang gawin. Subalit ang isang magulang ay nagtuturo rin sa tuwing siya'y pinagmamasdan ng kanyang anak.

Ang isang bata ay nagmamasid sa nakatatanda at natututo kung paano tumugon sa mga hindi kaaya-ayang sandali. Natututo siya kung paano makitungo sa taong hindi kakilala. Natututo siya kung paano pakitunguhan ang mga mahihirap. Natututo siya kung paano tumanggap ng kritisismo. Natututo siya kung paano tumugon sa pangangailangan ng iba. Kaya nga, ang mga magulang ay laging nagtuturo kahit na palagay nila ay hindi nila ito ginagawa.

Kapag ang isang bata ay laging pinupuna, natututo siyang itago ang kanyang mga pagkakamali, gumagawa siya ng mga pagdadahilan, at maninisi sa iba. At kapag siya ay tumanda na, siya ay magiging mapanghusga, mapagpaimbabaw, at malihim. Kapag lagi siyang may nakikitang pag-aaway sa bahay, siya ay magiging mahiyahin o kaya'y agresibo. Kapag siya ay kukutyain mismo ng mga miyembro ng pamilya, ilalayo niya ang sarili sa pakikipag-usap at magiging bagsakan ng panunukso ng iba. Kapag lagi siyang ipinapahiya ng kanyang magulang, kikimkimin niya ang mga pagkakamali at hindi makadarama ng pagtanggap sa Diyos. At kapag hindi niya magawa ang mga tuntuning hinihingi ng kanyang mga magulang, maghihimagsik siya at maghahanap ng mga kasamahan na pampalit sa kanyang pamilya.

Kung ang mga tao ay matiyaga sa kanya, siya ay magiging matiyaga rin sa iba. Kapag pinapalakas ang kanyang kalooban, matututo siyang magsumikap. Kapag tumatanggap siya ng papuri, nararamdaman niya na siya ay mahalaga at matututo rin na magbigay ng papuri sa iba. Kapag nakikita niya ang katarungan, siya'y magiging patas rin sa pakikitungo sa iba.

Kapag mismong ang mga magulang ang bumabali ng kanilang mga tuntunin, iisipin ng bata na kapag malaki na siya ay pwede niya na ring baliin ang isang tuntunin. Kapag ang isang magulang ay hindi mabuti sa iba, paglaki ng bata ay magiging ganun rin siya. Kapag iniisip ng magulang na ang problema at pangangailangan ng mga bata ay hindi mahalaga, iisipin ng bata na paglaki niya ay hindi niya rin papansinin ang pangangailangan ng iba.

Ang mga magulang ay dapat na magpatuloy sa pagpapakita ng kanilang pagpapasakop sa Diyos. Dapat malaman ng mga bata na ang kanilang mga magulang ay sumusunod sa Salita

ng Diyos. Kapag ipinapakita ng magulang na ang kanyang kalooban ang siyang higit na mahalaga kaysa sa awtoridad ng Diyos, gagayahin rin siya ng kanyang mga anak. Gayundin naman, dapat na ipaliwanag ng magulang ang mga dahilan para sa isang desisyon at ang mga bagay-bagay na isinaalang-alang para ito'y gawin. Magtuturo ito sa bata kung paano gumawa ng desisyon.

Alam rin ng mga bata kung nakikipaglaro sa kanila ang kanilang mga magulang. Dapat na matutunan nila ang pagiging patas, konsiderasyon, at pagtugon sa pangangailangan ng iba. Ang mga laro ay humuhubog sa mga kakayahan ng bata. Ang mga pampamilyang laro ay naglalayong magturo, magbigay ng personal na paglago at kasiyahan sa pakikipag-relasyon sa bawat miyembro ng pamilya. Ang kompetisyon sa laro ng pamilya ay pwedeng gawin ngunit hindi para sa layuning pangibabawan ang iba. Ang tanong na dapat isaalang-alang kapag naglalaro ang pamilya ay, "Masaya ba ang lahat sa laro na ito?" Kung ang panalo lamang ang siyang nasisiyahan sa laro, may mali sa layunin ng laro. Kapag nagagalit at nagkakapikunan sa oras ng laro, hindi nagiging maganda ang layunin ng paglalaro.

Ipinapakita ng mga magulang ang pagpapahalaga sa kanilang mga anak kung nagbibigay sila ng panahon sa mga gawain ng bata. At dahil rito, dapat na may panahon ang magulang sa pagtulong sa bata na gawin ang kanyang mga gawain sa paaralan, o kaya'y ang ayusin ang kanilang mga laruan, pagbibigay sa kanila ng lugar sa tahanan, pakikinig sa kanilang mga kwento at pagbibiro, at ang aliwin sila kapag hindi maganda ang kanilang pakiramdam.

Dapat ring makilala ng mga magulang ang guro ng kanilang mga anak sa paaralan. Dapat na dumalo sila sa mga itinakdang pagtitipon at marinig ang napapansin ng mga guro tungkol sa kanilang anak. Kung maaari, maganda kung ang mag-asawa ang siyang parehas na pupunta. Kapag ang ama ay hindi pupunta, parang ipinapakita niya na may mga bagay pang mas mahalaga kaysa sa kanyang anak. Dapat na magtanong ang mga magulang sa mga guro tungkol sa grado at sa mga bagay-bagay na nangyayari sa paaralan. Higit na magagawa ng mga guro ang pinakamainam para sa bata at maiingatan sila mula sa anumang pagmamaltrato kung ang mga magulang nila ay nagpapakita ng interes.

May pagkakakilanlang mabuti sa isa't isa ang mga taong sama-samang namumuhay bilang pamilya. Nalalaman nila ang pangangailangan at kahinaan ng bawat isa. Nagagawa nilang ibigin ang isa't isa ng higit kaninuman sa buong mundo. Subalit kung hindi nila iibigin ang isa't isa, magagawa nilang saktan ang isa't isa ng higit sa magagawa ninuman. At may iba na masahol ang trato sa mga miyembro ng kanilang pamilya kumpara sa pagtrato sa mga hindi nila kakilala. Ang tahanan ng Kristyano ay dapat na lugar na ang pasensya, pagpapatawad, kalinga, at kabaitan ay nakikita.

## Pagtatrabaho ng Bata

Ang isang bata ay nangangailangan ng oras para maglaro at maglibang araw-araw. Ang bata ay nangangailangan ng oras upang magpahinga, gamitin ang kanyang imahinasyon, magbasa ng aklat, maglaro sa pamamagitan ng pagbubuo ng isang bagay, at masiyahan sa magandang kapaligiran. Sa isang kalagayan na ang mga miyembro ng pamilya ay kailangang magtrabaho ng sama-sama upang may makain, makakabuting ang mga bata ay makibahagi sa trabaho ng pamilya. Gayunma'y dapat tandaan ng mga magulang na kailangan rin nilang linangin ang iba pang kaugalian.

Ang mahabang oras ng pagtatrabaho ay mahirap para sa isang bata hindi lamang dahil sa pisikal na lakas na hinihingi nito, kundi ang hinihinging trabaho sa bata ay madalas na paulit-ulit at walang pagbabago. Ang kinakailangan ng bata ay gawaing nangangailangan ng imahinasyon. Nakakalungkot kung ang isang bata ay nagtatrabaho ng sobra at ang tanging pahinga lamang niya ay ang kumain at matulog upang makapagtrabaho ulit.

> "Kung ang isang tao ay wala ng habag para sa mga bata, natapos na ang kanyang kapakinabangan sa balat ng lupa."
> - George MacDonald

May ilang mga pamilya na hirap na hirap sa pananalapi at iniisip nila na kailangan nila ng dagdag na kita sa pamamagitan ng pagtatrabaho ng kanilang mga batang anak. Subalit, kung mabibigo silang paaralin ang kanilang mga anak, hindi magbabago ang kanilang kalagayan. Kung ang isang bata ay nagtratrabaho sa halip na nag-aral, maaaring habambuhay siyang manatili sa gayong mababang kalagayan. Marami sa mga magagandang uri ng trabaho at oportunidad ay hindi niya makakamit.

May ilang mga tao na kaya namang paaralin ang kanilang mga anak subalit pinili nilang pagtrabahuhin ang kanilang mga anak ng mahabang oras sa bukirin, sa mga gawaing bahay, at sa mga kalsada; at alam nilang hindi nakapag-aaral ang kanilang mga anak. Ang mga Kristiyano ay dapat na sama-samang mag-isip ng mga magagandang kaparaanan para sa kani-kanilang mga pamilya.

Magiging kasiya-siya sa mga bata ang pagtatrabaho kung nadarama nilang mayroon silang nakakamit. Magagawa rin nilang magtrabaho ng may kasiyahan kasama ang kanilang mga magulang kung nakakarinig sila ng mga pampalakas ng kalooban. Ngunit ang mga magulang ay dapat na makatuwiran sa mga ipinapagawa nila sa kanilang mga anak. At dapat na magbigay sila ng mga positibong komento upang mapasigla ang kanilang mga anak sa pagkatuto at paglago.

Makakabuti na ang mga bata ay mayroong pang-araw-araw na tungkulin upang maturuan silang maging maaasahan at masinop sa kanilang mga ginagawa. Magandang sinasabi ng magulang ang mga magagandang katangian na nakikita nila sa kanilang mga anak, gaya ng, pagkukusa, pagiging maingat, at masikap. Dapat ituro ng mga magulang sa kanilang mga anak ang mga prinsipyo ng maayos na pagtratrabaho ayon sa Salita ng Diyos.

Makakabuti rin para sa mga bata na magkaroon sila ng pagkakataon na kumita ng pera at matutong gugulin ito sa maayos na paraan. Sa pamamagitan nito'y matututuhan nila ang halaga ng kanilang trabaho at kung paano gamitin sa kapakipakinabang na paraan ang nakamit nilang pera. Ang batang nagkaroon ng pera ng dahil sa pinaghirapang trabaho ay hindi gagastos ng para lang sa kendi; sa halip, maaari siyang bumili ng isang bagay na mapapanatili niya ng matagal. Kaya nga, dapat turuan ng mga magulang ang kanilang mga anak kung paano gugulin ang kanilang pera sa maingat at maayos na paraan.

Makakabuti rin na ang mga bata at kabataan ay matuto sa ibat ibang uri ng trabaho upang masanay ang kanilang mga kakayahan. Isang magandang pagkakataon kung ang isang kabataan ay makapagtrabaho kasama ang iba't ibang mga taong may iba't ibang kakayahan.

► Anong uri ng pagtatrabaho ng mga bata ang umiiral sa iyong lipunan? Ano ang dapat gawin ng mga magulang? Ano ang dapat gawin ng simbahan?

## Pagpapalaki sa Bata na may Makabuluhang Layunin

Tungkulin ng mga magulang na hubugin ang karakter ng kanilang mga anak. Ang mag-asawa na sina Matt at Mary Friedeman ay may itinalang mga katangian na nais nilang makitang nahuhubog sa kanilang mga anak. Matapos na gawin ang talaan, sinuri nila ito ng mabuti at gumawa ng askyong-plano na tutulong sa kanilang mga anak na mahubog ang bawat katangian. Ang proseso ay hindi dapat madaliin. Ang mga katangiang ito ay hindi kaagad-agad na nakikita. Kaya't ang mga magulang ay dapat na magpatuloy at magkaroon ng layunin sa bawat pag-usad ng mga taon sa pagpapalaki sa kanilang mga anak. Ang talaan ng mga katangiang ito sa ibaba ay ilan sa mga katangian na ibinigay ng mga Friedemans.[40] Ilang mga katangian rin ay idinagdag sa talaan na ito.

| Kategorya | Mga katangiang dapat taglayin sa edad na 18 |
|---|---|
| Espirituwalidad | • Maunawaang dinadala nila ang wangis ng Diyos na may walang hanggang halaga<br>• Maunawaang sila'y makasalanan na nangangailangan ng Tagapagligtas<br>• Italaga ang kanilang sarili kay Cristo<br>• Magkaroon ng araw-araw na debosyon<br>• Isabuhay ang kanilang mga espirituwal na kaloob<br>• Maging handa sa Kristiyanong paglilingkod<br>• Maging dalisay ang sekswalidad hanggang sila ay mag-asawa |

[40] Matt Friedeman, *Discipleship in the Home,* (Wilmore: Francis Asbury Society, 2010), 31-33.

| | |
|---|---|
| Kaalaman sa Biblia | • Maunawaan ang mga saligang doktrinang Kristiyano<br>• Makapagsaulo ng mga mahahalagang talata (300 mga talata)<br>• Alamin ang mga kwento sa Biblia<br>• Alamin ang mga aklat sa Biblia<br>• Alamin ang Sampung Utos at ang Sermon sa Bundok<br>• Makita ang ebanghelikal na paksa ng kasalanan at kaligtasan sa buong kasaysayan ng Biblia |
| Magkaroon ng biblikal na pananaw sa buhay | • Matutong ipagtanggol ang kanilang pananampalataya<br>• Magawang sagutin ang mga malalaking katanungan sa buhay ayon sa biblikal na pananaw<br>• Maunawaan ang pagiging bukod-tangi ng Kristiyanismo kumpara sa ibang relihiyon at kulto sa mundo |
| Kaisipan (Edukasyon) | • Makapag-aral ng Edukasyon na nakatuon sa pagiging Kristiyano<br>• Magkaroon ng disiplina sa pagbabasa o kaya'y sa pakikinig ng mga katuruang nasa podcast at video<br>• Pumasok ng kolehiyo o anumang pagsasanay sa trabaho na ayon sa kanilang kaloob at panawagan |
| Karakter | • Magkaroon ng pagpipigil sa sarili<br>• Maging mapagpakumbaba—kayang humingi ng paumanhin<br>• Nagpapakita ng paggalang sa awtoridad<br>• Nagsasalita ng may kabutihan<br>• Marunong sa paggamit ng oras – disiplinado sa paggamit ng kanilang social media at iba pang paraan ng kaaliwan |
| Pera at Serbisyo | • Maunawaan ang pagmamalasakit ng Diyos para sa mga mahihirap<br>• Sinasabuhay ang pagbibigay at paglilingkod sa mga mahihirap<br>• Sinasabuhay ang pag-iikapu at pag-iimpok<br>• Alam kung paano gawin ang pagba-badget |

| | |
|---|---|
| Relasyon | • Minamahal at may mabuting pakikitungo sa mga kapatid<br>• Nagpapakita ng maayos na asal sa anumang okasyon sa lipunan<br>• Matutong maging isang matapat na kaibigan<br>• Nagagawang magsalita sa mga nakatatanda na may paggalang at kapanatagan |
| Kalusugan | • Nagsasagawa ng maayos na pangkalusugang gawain<br>• Araw-araw na nag-i-ehersisyo<br>• Kinakain ang anumang pagkaing inihahanda sa kanila<br>• Pinipili ang mga masusustansiyang pagkain |
| Kakayahan | • Pinapalago ang mga kaloob na ibinigay sa kanya ng Diyos<br>• Nililinang ang kanyang mga kakayahan sa pamamagitan ng walang sawang disiplina at praktis |

Ibinahagi ni Matt Friedeman ang ginawa nilang mag-asawa matapos na buoin ang talaang ito ng mga katangian.

> Nang mabuo na namin ang talaan [ng mga katangian] sa isang piraso ng papel, gumuhit kami ng linya sa gitna ng papel at itinanong sa aming mga sarili, "Ngayon ay ano ang dapat naming gawin [ang aming tungkulin para mahubog ang mga katangian na ito sa aming mga anak]?" Sa kaliwang bahagi ng papel ay inilagay namin ang [aming] mga tungkulin bilang magulang.[41]

Kung ito ay nagpapakita ng napakaraming responsibilidad, alalahanin na tayo ay binigyan ng Diyos ng 16-18 mga taon para sa pagdidisipulo sa ating mga anak. Mahalaga kung gayon na:

1. Magkaroon ng plano sa pagdidisipulo.
2. Magtatag ng mga rituwal sa pamilya na gaya ng sabay-sabay na paghahapunan at ilang minuto ng istrakturang pagtuturo/pagsasanay.
3. Gawin ang pagdidisipulo bilang karaniwang bahagi ng pang-araw-araw na buhay; gamitin ang iba't ibang pagkakataon upang makapagturo at magsanay.
4. Patuloy na gamitin ang Salita ng Diyos para sa pananalangin sa iyong mga anak.
5. Huwag kang sumuko, kahit na ikaw ay nabigo.

---

[41] Matt Friedeman, *Discipleship in the Home,* (Wilmore: Francis Asbury Society, 2010), 33.

► Pumili ka ng ilang aytem mula sa tsart sa itaas at ilarawan ang pwedeng gawin ng mga magulang para sa layuning makamit ang mga hangaring ito.

## Ang Gampanin ng Kalooban ng Tao

► Minsan, may mga taong nagsasabi, "Ang aking mga karanasan ang siyang humubog ng aking pagkatao ngayon." Gaya ito ng isang pangungusap na, "Ang tao ay produkto ng kanyang kapaligiran." Ang mga pangungusap ba na ito ay tama?

Ang tao ay nilikha ayon sa wangis ng Diyos. Ang mga tao ay gumagawa ng kanilang sariling mga pagpapasya at hindi kinokontrol ng anumang pakiramdam at kapaligiran. Sa buong Biblia, tinatawag ng Diyos ang mga tao na piliin ang tama at iwaksi ang masama.[42] Hinahatulan ng Diyos ang mga tao ayon sa kanilang mga kapasyahan.

Ang ating karanasan at kapaligiran ay nakaka-impluwensya sa atin, subalit hindi nila tayo kontrolado sapagkat tayo'y mga nilalang ayon sa wangis ng Diyos; may kalayaan tayong pumili. Nangangahulugan ito na ang isang bata ay maaaring gumawa ng pagpapasya na iba sa tahanan at kapaligiran na kanyang kinalakihan. Ang isang batang nagmula sa isang paganong tahanan na kung saan ang makasalanang pamumuhay ay karaniwan lang ay maaaring magsisi at mamuhay ng para sa Diyos. Gayundin naman, ang isang batang lumaki sa isang Kristiyanong tahanan ay maaaring magpasya na sumuway sa Diyos.

Bagamat ang tao ay gumagawa ng kanyang sariling mga pagpapasya, siya ay hindi ganap na malaya. Sinasabi sa atin ng Biblia na tayo ay ipinanganak na may makasalanang kalikasan (Awit 51:5, Awit 58:3). Ang tao ay likas na masuwayin sa awtoridad; pinipili niya ang sariling patutunguhan, madaling matangay ng tukso, nanloloko sa iba, at makasarili (Efeso 2:1-3). Ang mga bata ay hindi parang latang walang laman na naghihintay lang na iyong yayain tungo sa isang direksyon. Sa halip, ang mga bata ay mabilis na naghahanap ng mga paraan para maisagawa ang kanilang sariling kagustuhan kahit na kailanganin pa nilang magsinungaling at sumuway. Dagdag pa rito, alam natin na ginagawa ni Satanas ang lahat ng paraan upang sila'y linlangin at tuksuhin (Efeso 2:2, Pahayag 12:9).

Dapat maunawaan ng mga magulang na ang pagtuturo ay hindi sapat upang magawang sundin at ipamuhay ng isang bata ang tama. Mayroong nangyayaring espirituwal na pakikipaglaban (Galacia 5:17). Dahil rito, kailangang ipanalangin ng mga magulang ang impluwensya at gabay ng Espiritu Santo sa buhay ng kanilang mga anak. Dapat umasa sa Diyos ang mga magulang para sa karunungan at lakas na maging mabuting espirituwal na halimbawa. Sila ay dapat na maging masigasig sa panalangin para sa pagsisisi at espirituwal na pagsilang ng kanilang mga anak sa maagang gulang pa lamang.

Kahit na ang isang bata ay naakay na sa Panginoon, hindi dapat umasa ang magulang na ang kanilang mga anak ay kikilos na parang isang matanda na sa pananampalataya. May

[42] Josue 24:14-15, Ezekiel 33:10-11, Pahayag 22:17

mga pagkakataon na ang kanyang ugali at damdamin ay hindi alinsunod sa kanyang relasyon sa Panginoon. May mga pagkakataon na siya ay matatangay ng tukso. Subalit hanggang ang isang bata ay mayroong hangarin na gawin ang mabuti, hindi dapat panghinain ng magulang ang loob ng kanyang anak ng dahil sa kabiguang mamuhay bilang isang Kristiyano. Sa halip, dapat na pasiglahin ng magulang ang loob ng kanyang anak at purihin ang mga mabubuting asal nito at laging paalalahanan na tumawag sa Diyos upang tulungan siya sa kanyang mga kahinaan.

Bagamat ang bawat tao ay isinilang na may pagnanasang magkasala, bawat tao rin ay mayroong pangangailangan sa Diyos. Ang Banal na Espiritu ay nagsasalita sa bawat tao at nagbibigay sa kanila ng hangaring magkaroon ng maayos na relasyon sa Panginoon. Gayundin naman, alam natin na tinutulungan tayo ng Diyos kapag itinuturo natin sa ating mga anak ang Kanyang mga salita. Ang Banal na Espiritu ay katulad ng isang tagapagtanggol na nananahan sa kalooban ng isang bata; Siya ang nagpapatibay ng katotohanan at nagbibigay sa kanya ng hangaring magkaroon ng relasyon sa Diyos.

## Oras ng Debosyon ng Pamilya

Ang pamilya ay dapat na araw-araw na nagtitipon para sa pagbabasa ng Biblia, diskusyon, at panalangin. Ang mga magulang at mga anak ay dapat na magkakasama sa sandaling ito. Ang ama ang siyang dapat na manguna, ngunit maaari niyang hilingin sa isang miyembro ng pamilya na magbasa ng Biblia at ang lahat ay makibahagi sa iba't ibang paraan.

Ang oras ng debosyon ay hindi kinakailangang may sinusundang parehas na programa. Ang mga sandaling ito ay maaaring gawin sa iba't ibang paraan; maaaring isali rito ang mga kwento sa Biblia, kwento sa kasaysayan ng Iglesia at pagmimisyon, pagtalakay ng mga katanungan sa paraang maituturo ang mga doktrinang Kristiyano, pagbabasa ng mga babasahing Kristiyano, mga awitin, pagsasaulo ng Biblia, drama, at iba pang pamamaraan ng pananalangin.

Halimbawa ng aktibidad sa oras ng debosyon: Pumili ng isang kwento sa Biblia at hilingin ang mga miiyembro ng pamilya na isadula ang kwento.

Dapat na magbigay ng panahon ang pastor na turuan ang kanyang simbahan tungkol sa debosyon ng pamilya. Dapat alalahanin ng mga magulang na binigyan sila ng Diyos ng responsibilidad na ituro ang Salita ng Diyos sa kanilang mga anak (Deuteronomio 6:5-7).

## Para sa Talakayan ng Grupo

► Ano ang ilan sa mga konsepto sa araling ito na bago sa iyong pandinig? Paano mo plinaplano na isabuhay ang mga katotohanan na iyong natutunan?

► Ano ang pwedeng gawin ng simbahan upang mapalakas ang mga pamilya at tulungan ang mga magulang sa pagpapalaki ng kanilang mga anak?

► Paano pwedeng magtulungan ang mga tao sa simbahan na tulungan ang mga magulang sa hamon na palakihin ang kanilang mga anak na sumunod kay Cristo?

► Ano ang ilang mga halimbawa ng gawain na pwedeng isagawa ng isang pamilya sa araw-araw?

## Panalangin

Ama naming nasa langit,

Salamat na dinisenyo mo ang pamilya at ibinigay sa mga tao ang mahalagang tungkulin ng pagmamagulang.

Tulungan mo kami na ibigin ang aming mga anak na gaya ng pag-ibig mo sa kanila. Tulungan mo kami na laging tandaan na sila'y nilikha mo upang makilala ka at paglingkuran.

Pagkalooban Mo kami ng pag-ibig, pasensya, at pang-unawa na siyang aming kinakailangan upang sanayin at impluwensiyahan ang aming mga anak na sumunod sa iyo.

Tulungan mo ang mga mananampalataya sa aming mga simbahan na sanayin ang kani-kanilang mga pamilya, kabataan, at mga bata na maging malakas sa pananampalataya at pagsunod sa iyo.

Amen

## Mga Takdang Aralin

(1) Pag-aralan ang mga sumusunod na mga talata. Gamitin ang mga talatang ito na magsulat ng tatlong pahina na pagpapaliwanag hinggil sa responsibilidad ng mga magulang:

- Genesis 18:17-19
- Deuteronomio 6:4-9
- Awit 78:1-8
- Colosas 3:21
- Efeso 6:4
- 1 Timoteo 3:4-5, 12
- 2 Timoteo 3:14-17
- Mateo 18:5-6

(2) Ikaw man ay magulang o hindi, pumili ka ng limang katangian mula sa talaan na ibinigay sa araling ito. Isulat ang tatlong praktikal na mga pamamaraan na tutulong sa iyong mga anak na marating at magawa ang limang katangian na iyong pinili.

(3) Kung ikaw ay isang magulang, isulat mo ang plano at ang iyong dedikasyon na magkaroon ng araw-araw na debosyon kasama ng iyong mga anak. Hilingin mo ang isang taong pinagkakatiwalaan mo na bantayan at kumustahin ka sa pagsasagawa ng kapasyahang ito.

# Aralin 13
# Mga Isyu tungkol sa Pagpapalaki ng Anak

## Mga Layunin ng Aralin

Sa katapusan ng araling ito, magagawa ng mag-aaral na:

(1) Gamitin ang pananaw ng Diyos tungkol sa disiplina at pagtutuwid sa mga bata.

(2) Italaga ang sarili sa pagbubuo ng isang magandang tahanan at kapaligiran para sa pagdidisipulo ng mga anak.

(3) Unawain ang responsabilidad ng mga bata sa harapan ng Diyos.

(4) Maging handa para sa mga praktikal na ideya na tutulong sa iyo na maging magulang.

## Si Susana Wesley, ang Ina na may Makabuluhang Layunin

Si Susana Wesley ay nagkaroon ng 19 na mga anak, subalit dahil sa masalimuot na kalagayan ng kanyang panahon, namatay ang siyam sa mga ito. Kabilang sa kanyang 10 mga anak na pinalaki ay ang magkapatid na sina John at Charles Wesley. Noong ang kanyang anak na si John ay nasa hustong gulang na, hiniling niya sa kanyang ina na isulat ang pamamaraan ng kanyang pagpapalaki sa mga anak. Ang sulat na galing sa kanyang ina ay naglalaman ng ganitong paglalarawan.[43]

Itinuro sa mga bata ang 'Ama Namin' sa sandaling sila ay nakapagsasalita na. Inuulit nila ang pagsambit rito sa umaga at gabi. Ang mga bata ay sama-samang magbabasa ng isang kabanata sa Biblia sa araw-araw. Noong panahong iyon, ang mga kababaihan ay hindi nakapag-aaral, subalit naniniwala si Susanna na ang lahat niyang mga anak ay dapat na marunong bumasa. Naging prayoridad niya ang karunungang bumasa kaysa sa maagang pagtratrabaho ng mga anak.

Ang sabi ni Susanna, "Ang makasariling kalooban ang siyang ugat ng lahat ng kasalanan at pagdurusa." Tinuruan niya ang kanyang mga anak na pigilan ang kanilang mga pagnanasa at magpasakop sa awtoridad. Sinabi niya na ang bawat gawa ng pagsunod ay dapat na papurihan kahit na ito ay hindi isinakatuparan ng perpekto. Ang mga pagkakamali ay maaaring palampasin, subalit ang pagkakasalang ginawa ng kusa at may pagkukusaay dapat na parusahan.

[43] Eliza Clark, *Susanna Wesley*, (London: W. H. Allen & Co, 1886), 30-36. Matatagpuan sa: https://archive.org/details/susannawesley00clariala/page/30/.

Ang pamilya ay sama-samang kumakain sa hapag-kainan at natutunan ng mga bata na kainin ang anumang inihanda sa kanila.

## Pagtutuwid at Disiplina

Sinasabi sa atin ng Biblia na, "Nakabalot sa puso ng bata ang kahangalan…" (Kawikaan 22:15). Sinabi rin ng salmista na ang mga bata ay isinilang na nagsasalita ng kasinungaligan, "…naliligaw sila mula pagkasilang, at nagsasalita ng mga kasinungalingan" (Awit 58:3). At sapagkat ito ay totoo, ang mga magulang ay may mahalagang responsibilidad na ituwid ang kanilang mga anak.

Kung bibigyan mo ng pagpipilian ang isang tatlong-taong gulang na bata, kung nais ba niya ang isang basong ice cream o ang maging may-ari ng tindahan ng ice cream sa hinaharap, tiyak na ang pipiliin niya ngayon ay ang isang basong ice cream. At kahit na ipaliwanag ng magulang ang mga pagpipilian sa anak, pipiliin pa rin ng bata ang isang basong ice cream ayon mismo sa kanyang ipinasyang piliin. Ang ilustrasyong ito ay nagpapakita na ang *pagpapaliwanag* ay hindi sapat upang ituwid ang bata.

Ang pagpapaliwanag sa kung ano ang tama at mali ay hindi sapat upang maituwid ang bata, sapagkat

1. Hindi pa kayang unawain ng bata ang paliwanag ng mga nakatatanda (1 Corinto 13:11).
2. Hindi pa kayang makita ng bata ang kumpleto at pang-hinaharap na resulta ng kanyang mga kilos.
3. Ang bata ay hindi pa ganoon katanda upang kontrolin ang kanyang mga hilig at pananasa alinsunod sa matuwid na kaisipan.

Maaaring tingnang masama ng iba ang pamamalo sa bata, subalit ginagamit ng isang mapagmahal na magulang ang palo upang iligtas ang bata sa higit pang kasamaan. "Ang hindi gumagamit ng pamalo ay napopoot sa anak niya, ngunit ang umiibig sa kanya ay matiyagang dumidisiplina" (Kawikaan 13:24). Halimbawa, ang isang bata na naglalaro ng malapit sa apoy ay maaaring mapaso o matumba sa apoy sapagkat hindi niya nauunawaan ang panganib ng apoy. Subalit kung siya ay papaluin ng kanyang ina kapag lumalapit siya sa apoy, ang bahagyang sakit ng palo ang mag-iiwas sa kanya mula sa matinding pinsala.

May ilang mga tao na nakaranas ng pisikal na pang-aabuso mula sa mga taong hindi nagmamahal sa kanila. Ang kanilang karanasan ang siyang dahilan kung bakit nagagalit silang makakita ng batang pinapalo. Subalit, ang magulang na walang pakialam sa *nararapat* na pagtutuwid sa kanyang anak ay naghahatid ng higit pang problema sa magiging kinabukasan ng kanyang anak.

► Dapat basahin ng mag-aaral ang Kawikaan 19:18 at Kawikaan 29:17 para sa grupo.

Ang pagtutuwid ay dapat na ibigay sa bata kapag may sapat na siyang unawa sa ginagawa niyang pagsuway sa kanyang magulang. Kahit ang isang maliit na bata ay may kaalaman na kapag siya'y tumatangging sumunod o gawin ang isang bagay.

Marami sa mga pagtutuwid ay dapat gawin sa murang edad pa lamang ng bata (Kawikaan 22:15). Kung paanong ang luwad ay tumitigas sa paglipas ng panahon at nagiging mahirap hubugin, gayundin naman, ang paghubog sa bata ay nagiging mahirap sa paglipas ng panahon. Kapag nasanay ang isang bata na laging tumanggi sa kanyang magulang hanggang sa marating niya ang edad na 10, hindi naging matagumpay ang magulang sa pagtutuwid, at ang tiyansa ng kanyang ganap na tagumpay ay bumababa. Ang pisikal na pagtutuwid ay pabawas ng pabawas ang bisa sa paglaki ng isang bata. Isang pagkakamali sa magulang na isiping mas magiging madali ang pagtutuwid kapag matanda na ang bata. Higit ng mahirap at minsa'y imposible pa nga na ituwid ang bata kapag matanda na siya.

Kapag ang isang bata ay naging binatilyo na o dalagita, siya ay hindi na dapat pang paluin na katulad nang siya ay bata pa. Ang isang binatilyo at dalagita ay nangangailangan ng paggalang kahit na mali ang kanilang mga inaasal. Gayunpaman, ang disiplina ng magulang sa ganitong edad ay maaaring gawin sa pamamagitan ng paglilimita ng paggamit ng cellphone, sosyal na mga aktibidad, at iba pang gawain ng kaaliwan. Kaugnay rito, dapat makita ng magulang na ang mapagmahal at maingat na pakikipag-ugnayan ay napakahalaga. Dapat niyang maunawaan na maging ang isang binatilyo o dalagita ay gumagawa ng mga tunay na desisyon. At bagamat ang magulang ay may impluwensya, hindi niya pwedeng hadlangan ang kanyang binatilyo at dalagitang anak na gawin ang kanilang personal na kagustuhan at maranasan ang bunga ng kanilang desisyon.

May ilang mga magulang na hindi alam kung gaano kalakas ang pisikal na palo na kanilang ibibigay sa bata. Kung ang isang bata ay nagpapakita pa rin ng galit at paghihimagsik kahit tapos na siyang paluin, nagpapakita ito na hindi sapat ang lakas ng palo na ibinigay sa kanya (ang prinsipyo na ito ay hindi na dapat gawin sa kaso ng anak na binatilyo o dalagita na; sila'y di na dapat pang tumanggap ng pisikal na palo). Ang pagtutuwid ay dapat na sapat para pagsisihan ng isang bata ang kanyang pagsuway at matutong magpasakop sa awtoridad.

Ginagamit ng Biblia ang ilustrasyon ng pisikal na pagpalo upang ipaliwanag ang pamamaraan ng pakikitungo ng Diyos sa kanyang mga anak.

► Dapat basahin ng mga mag-aaral ang Kawikaan 3:11-12 at Hebreo 12:5-8 para sa grupo.

Ang mga talatang ito ay nagpapakita sa atin na dinidisiplina ng Diyos ang kanyang mga anak sapagkat sila'y kanyang minamahal. Gayundin naman, dinidisiplina ng isang ama ang kanyang anak sapagkat siya'y kanyang minamahal. Ang maayos na disiplina ay tanda ng pagmamahal. Ang kakulangan ng disiplina ay kakulangan rin ng pagmamahal.

Ang pisikal na pagtutuwid ay nagtuturo sa bata na magkaroon ng pagpipigil sa sarili; sa pamamagitan nito'y magagawa niyang labanan ang tukso; mauunawaan niya na ang

pagpapatangay rito ay maghahatid sa kanya ng parusa. At kapag nagagawa niyang paglabanan ang tukso, nahuhubog rin ang kanyang karakter. Kapag siya ay matanda na, hindi siya magpapatangay sa tukso sapagkat nauunawaan niya ang magiging bunga nito; hindi lang ng dahil lang sa pisikal na parusa. Subalit, ang isang bata na hindi madalas sawayin ay lalaking mahina ang loob sa pagtanggi sa tukso, kahit na alam niyang makakasama ito sa kanya.

Isipin mo ang isang magulang na nagbibigay lamang ng kendi sa kanyang anak sapagkat ito ang gusto ng bata. Hindi niya gustong malungkot ang bata, subalit gumagawa siya ng makakasama sa bata. Gayundin naman, ang isang magulang na laging nagpapatangay sa kagustuhan ng kanyang anak ay gumagawa ng makakapinsala sa karakter at kinabukasan ng bata. Sinasabi ng Biblia na ang magulang na hindi gumagamit ng pamalo ay napopoot sa anak niya (Kawikaan 13:24).

Ang isang bata na namumuhay sa isang tahanan na walang mga pagbabawal ay hindi masaya. Ang limitasyon ay naghahatid ng seguridad. Kapag nakita ng bata na makukuha pala niya ang kanyang gusto sa pamamagitan ng pagmamaktol, lagi niya itong gagawin sa lahat ng pagkakataon at hindi siya magiging masaya. Ang bata ay nagiging masaya kapag siya ay may seguridad at sinanay na gabayan sa mga limitasyon. Bunga nito, hindi niya kinakailangang idaan sa pagmamaktol at pagtanggi sa awtoridad ang mga bagay-bagay upang makamit niya ang kanyang gusto. Subalit ang batang hindi pinalaki sa disiplina ay hindi masaya.

Kapag ang isang bata ay isa ng kabataan, mauunawaan niyang hindi ibibigay ng mundo ang anumang kanyang maibigan. Hindi siya igagalang at itataas sa puwesto kung siya ay walang galang, makasarili, at iresponsable. Kaya dapat na palakihin ng magulang ang kanyang anak sa paraang ihahanda niya ito sa pagharap sa buhay. Dapat tandaan ng mga magulang na hindi sila nagpapalaki ng mga mananatiling bata, kundi ng mga magiging matanda.

Dapat ipaliwanag at ipakita ng magulang na ang kanyang ginagawang pagtutuwid ay para sa layunin na tulungan ang bata na mahubog ang kanyang pagkatao bilang isang mapagkakatiwalaan at iginagalang.

► Basahin ng mga mag-aaral ang Kawikaan 22:15, Kawikaan 23:13-14, at Kawikaan 29:15 para sa grupo.

Tandaan na ang layunin ng pagtutuwid ay para hubugin ang bata. Kapag naunawaan ng isang bata na mali ang kanyang nagawa at humingi siya ng tawad, hindi na kinakailangan ang pisikal na palo. Ang pinakalayunin natin rito ay pagtutuwid, hindi paglalatag ng hustisya. Hindi kinakailangan ng magulang na laging ibigay ang palo sa kanyang anak.

► Paanong ang pagtutuwid ng magulang ay iba sa ginagawa ng mga taong nang-aapi at nagbabanta ng pisikal na pananakit upang makamit ang kanilang kagustuhan?

Ang marahas na tao ay gustong manakit ng kapwa upang makamit lang ang kanilang gusto. Subalit ang magulang, mahal niya ang kanyang anak. Ang pisikal na pagtutuwid ay para sa kapakinabangan ng anak. Hindi hangarin ng mapagmahal na magulang na saktan ang kanilang mga anak. Hindi mararamdaman ng isang tao na siya'y mahal ng mapang-api at mapanakit na tao. Subalit mararamdaman ng isang batang itinutuwid na siya'y minamahal. Mauunawaan niyang mapapabuti ang kanyang kalagayan ng dahil sa awtoridad ng kanyang mga magulang.

May ibang mga magulang na nagpaparusa ng matindi at wala sa katuwiran kundi bunsod lamang ng galit at kalupitan. At dahil rito, napipinsala nila ang pisikal at emosyun ng kanilang mga anak. Pinapalo nila ang kanilang mga anak bilang paraan upang mapawi ang kanilang pagod at pagkadismaya sa buhay. Ito ay isang seryosong problema na hindi dapat palampasin ng mga taong nakakakita. Dapat kausapin ng mga kaibigan, kapit-bahay, at mga kamag-anak ang taong nang-aabuso sa bata. Ang asawa ng isang mapag-abuso ay dapat na humingi ng tulong sa kanyang mga kamag-anak, mga kaibigan, at pastor. Mahalagang prinoprotektahan ang mga bata.

► May ilang mga magulang na pinapahiya ang kanilang mga anak sa publiko kapag nakakagawa sila ng mali. Ito ba ay magandang paraan ng pagtutuwid?

► Dapat basahin ng mag-aaral ang Efeso 6:4 para sa grupo.

Kailangang matiyak ng bata na siya'y minamahal ng kanyang mga magulang at ang kanilang pagtutuwid ay para sa kanyang kapakinabangan. Ngunit kapag ang bata ay pinapahiya ng kanyang mga magulang, hindi niya mararamdaman ang kanilang pag-ibig. Magkakaroon siya ng sama ng loob at mararamdaman na ang awtoridad ng kanyang mga magulang ay masama at dapat niyang takasan. Dapat na ituwid ng mga magulang ang pagkakamali ng kanilang mga anak sa pribadong paraan. Hindi nila dapat ipahiya ang kanilang mga anak sa harapan ng maraming tao. Dapat na turuan at ituwid ng mga magulang ang kanilang mga anak sa mahinahon at matiyagang paraan.[44] Sinasabi sa atin sa Kawikaan 16:21b ang ganito, "…nagdaragdag ng panghikayat ang kaaya-ayang pananalita."

► Isipin mo halimbawa na sinabihan mo ang iyong anak na alagaan ang inyong mga alagang-hayop. Subalit pag-uwi mo sa gabi ay nakita mong hindi pa niya pinapakain ang inyong mga alaga. Pagod ka mula sa buong araw na pagtratrabaho subalit bago kayo matulog ay kailangan mong pakainin ang inyong mga alaga sapagkat hindi ka sinunod ng iyong anak. Dapat ka bang magalit? Mali ba para sa isang magulang sa lagay na ito na magalit sa kanyang anak?

---

[44] Bagamat ang 2 Timoteo 2:24-25 at Galacia 6:1 ay isinulat para turuan ang simbahan sa pagtutuwid ng kasalanan, ang katuruan tungkol sa matiyaga at mahinahong pagtutuwid sa mga taong nagkamali ay pwedeng gawin rin sa konteksto ng pagiging magulang.

Dapat alalahanin ng magulang na ang pagtutuwid ay para sa kapakinabangan ng anak. Kapag ang magulang ay galit sapagkat pakiramdam niya'y hindi siya iginalang o kaya'y dahil sa ang pagsuway ng kanyang anak ay nagdudulot sa kanya ng hindi maayos na pakiramdam, ang kanyang nararamdamang galit ay hindi makakabuti (Santiago 1:20). Ang kanyang galit ay bunsod ng pagtuon sa sarili.

Maaaring ipahayag ng magulang ang kanyang galit sa ganitong maayos na paraan: "Anak, hindi mo pinakain ang ating mga alagang hayop na gaya ng sinabi ko sa iyo. Ang mga alaga natin ay gutom na gutom at sila'y mananatiling gutom sa buong magdamag kung hindi ko sila papakainin. Ngunit dapat ko silang pakainin bagamat pagod ako sa buong maghapon. Galit ako sapagkat ayokong maging tao ka na walang pakialam sa pangangailangan ng iba at kinakalimutan ang iyong responsabilidad. Ang sabi sa Kawikaan 12:10, 'Buhay ng kanyang hayop, pinapahalagahan ng matuwid, ngunit ang kaawaan ng masama ay malupit.'"

Sinabihan ni Rebecca ang kanyang mga anak na huwag magdala ng pagkain sa kuwarto na bago ang karpet sa sahig. Ngunit ng sumunod na araw, nakita niya ang isa sa mga bata na kumakain rito at pinagalitan ito. Matapos ito, isang bata na naman ang pumunta sa kwarto na may dalang baso ng juice at pinagalitan niya ito. Sa paglipas ng ilang mga araw, ang mga bata ay pumupunta pa rin sa kwarto na dala ang kanilang mga inumin. Subalit abala si Rebecca at hindi niya sila napagsabihan. Ngunit isang araw, natapon ng kanyang anak sa karpet ang dala nitong Coke. Galit si Rebecca at pinalo niya ito.

► Ano ang mali sa paraan ng pagtutuwid na ginawa ni Rebecca sa kanyang mga anak?

Utos ni Rebecca na hindi dapat dalhin ng mga bata ang kanilang mga pagkain at inumin sa loob ng kwarto na may bagong karpet. Subalit hinayaan niya ang kanilang mga pagsuway hanggang sa mayroong nangyaring aksidente. Pinarusahan niya ang hindi magandang nangyari ngunit hindi ang paglabag sa utos. Nagpapakita ito na maaaring labagin ng mga bata ang utos hangga't pwede nilang maiwasan ang di magandang pangyayari. Ang ganitong ideya ay huhubog ng hindi magandang pag-uugali sapagkat nagiging saligan ito ng paglabag sa mga utos. Maaaring labagin ng isang tao ang mga utos sapagkat iniisip niyang makukuha naman niya ang kanyang gusto at pwedeng iwasan ang masamang resulta. Ngunit dapat na ituwid ng mga magulang ang pagsuway ng kanilang mga anak sa halip na parusahan lang ang aksidente o hindi magandang nangyari.

Sinabi ni Michael sa kanyang mga anak na dapat nilang ipasok ang kanilang mga bisekleta sa gabi. Ngunit sa bawat sumunod na araw ng linggong iyon, kapag nakauwi na si Micheal sa kanyang bahay, nakikita niya pa rin ang mga bisekleta na nasa labas ng bahay. Isang araw, hindi makita ni Michael ang isa sa kanyang mga kagamitan, aksidenteng nasaktan niya rin ang kanyang daliri, at na-flat ang gulong ng kanyang sasakyan habang pauwi. Pag-uwi niya ng bahay, nakita niya ang mga bisekleta na nasa labas pa rin at pinalo niya ang kanyang mga anak.

► Ano ang mali sa paraan ng pagtutuwid ni Michael sa kanyang mga anak?

Maraming mga magulang na pinapalampas ang pagsuway ng kanilang mga anak kapag nasa maganda silang pakiramdam, subalit namamalo kapag galit sila dulot ng di kaaya-ayang sitwasyon sa buhay. Subalit ang mga bata ay hindi matututong sumunod hangga't hindi sila patuloy na itinutuwid ng kanilang mga magulang.

► Tingnan mo ang mga sumusunod na puntos at ipaliwanag kung bakit mahalaga ang bawat isa. Ano ang mangyayari kapag hindi gagawin ng mga magulang ang mga tuntuning ito?

- Ang hinihinging bagay sa anak ay dapat na naaayon sa kanyang kakayahan at gulang.
- Parusahan lamang ang mga kusang pagsuway, hindi ang mga aksidente o di magandang pangyayari.
- Ang mga utos at mga hinihinging bagay ay dapat na malinaw at nauunawaan.
- Kapag sumusuway ang isang bata, dapat na ipaliwanag ng magulang ang dapat na gawin ng kanyang anak.
- Huwag parusahan ang bata sa bagay na hindi naman niya kontrol.

## Mga Praktikal na Tuntunin mula sa mga Bata

Sa mga nakalipas na taon, may isang Britanikong sikologo na si Dr. R.F. Hertz na nagsagawa ng isang pananaliksik. Nagtanong siya sa 100,000 mga bata na nasa pagitan ng 8 at 14 na edad. Ang mga bata at kabataan na ito ay mula sa 24 na mga bansa. Si Dr. Hertz ay gumawa ng listahan ng mga tuntunin para sa mga magulang hango sa kanyang mga pagtatanong sa mga bata. Ang pananaliksik na kanyang ginawa ay siyempre walang awtoridad na gaya ng Salita ng Diyos, subalit ito ay nagpapakita ng mga pangangailangang nararamdaman ng mga bata. Narito ang ilan sa mga pangunahing tugon:

- Huwag kang makipagtalo sa harapan ng iyong mga anak.
- Huwag kang magsinungaling sa iyong anak.
- Laging sagutin ang tanong ng mga bata.
- Tratuhin mo ang iyong mga anak na may pantay na pagmamahal.
- Dapat na mayroong pagkakaibigan sa pagitan ng magulang at mga anak.
- Bukas-loob mong pakitunguhan ang mga kaibigan ng iyong mga anak.
- Huwag mong pagalitan at paluin ang iyong anak sa harapan ng kanilang mga kaibigan.
- Ituon ang pansin sa mga magagandang katangian ng iyong anak at huwag palakihin ang kanyang mga pagkakamali.

- Huwag kang maging pabago-bago sa iyong nararamdaman at inaasal.

Kapag palaging pinupuna ng isang magulang ang ibang magulang sa harapan ng mga bata, iisipin ng mga bata na pwede rin silang makisawsaw at masdan ang pagkakamali ng winawalang galang na magulang. Dapat na pag-usapan ng mga magulang ang kanilang mga di pagkakaunawaan sa pribadong paraan at maglagay ng mga tuntunin na parehas nilang susundin.

Ang magulang ay hindi dapat na magsinungaling sa kanyang anak (Colosas 3:9), kahit na ito ay para bigyan ang bata ng mga dahilan para sumunod, o kaya'y para pawiin ang kanyang mga pinangangambahan. Kapag naunawaan ng bata na ang kanyang magulang ay nagsisinungaling, hindi siya makadarama ng seguridad. May mga magulang na hindi na magawang aliwin at palakasin ang loob ng kanilang mga natatakot na anak sapagkat hindi na naniniwala ang mga bata sa kanilang sinasabi.

► Pumili ng isang puntos mula sa seksyon sa itaas at ilarawan ang mga resultang problema kapag hindi ito ginagawa ng mga magulang.

## Ang Tahanang Kristiyano

► Kapag may bumisita sa iyong tahanan, kaagad ba nilang nakikita na ito ay tahanan ng mga Kristiyano? Paano?

► Dapat basahin ng mag-aaral ang Deuteronomio 6:6-9 para sa grupo.

Dapat ibigay ng mga Israelita ang kanilang pansin sa paghubog sa kinabukasan sa pamamagitan ng paghubog sa karakter ng kanilang mga anak. Paano nila ito dapat gawin? Sila ay dapat na magkaroon ng isang kapaligiran o komunidad na naninindigan sa mga prinsipyo ng Biblia. Dapat nilang ilagay ang turo ng kasulatan sa lahat ng lugar ("isulat ang mga ito sa pintuan ng kanilang mga bahay at sa pasukan ng kanilang bayan.") Ngunit hindi lamang dapat literal na ipaskil ang kasulatan sa kanilang mga tahanan, kundi higit sa lahat, lahat ng bagay sa loob ng kanilang tahanan ay dapat na alinsunod sa turo ng kasulatan.

Ang ganitong uri ng pamilya ay hindi magpapaskil ng Sampung Utos sa isang pader at magpapaskil naman ng larawan ng isang makamundong artista sa kabilang pader. Ang bagay na ito ay makakalito sa paniniwala at pagpapahalaga ng mga bata.

Ang mga bata ay naiimpluwensiyahan sa kaibuturan ng kanilang puso ng mga bagay na kanilang nakikita at naririnig sa araw-araw. Kung ang isang estasyon ng radyo ay laging pinapakinggan sa kanilang bahay, hindi malabong makadampot siya ng mga pananaw na galing sa mga musikang kanyang napapakinggan.

Imposibleng laging maipagsanggalang ng mga magulang ang kanilang mga anak sa mga masamang pilosopiya o makamundong impluwensya. Subalit dapat turuan ng Kristiyanong magulang ang kanilang mga anak na matutong suriin ang mga bagay-bagay na kanilang nakikita at napapakinggan sa pamamagitan ng turo ng Salita ng Diyos. Panalangin ni Jesus,

“Hindi ko hinihiling na alisin mo sila sa sanlibutan, kundi ingatan mo sila mula sa masama…Pabanalin mo sila sa katotohanan; ang salita mo ay katotohanan” (Juan 17:15, 17).

Napapansin ng mga bata kung sino ang hinahangaan ng kanilang mga magulang. Kilala nila kung sino ang mga bayaning iginagalang. Kaya isang kabaligtaran na magturo ang magulang ng mga katuruang Kristiyano sa kanilang mga anak ngunit sa kabilang banda ay mayroong hinahangaang makamundo at imoral na tao. Ang magulang na gumagawa ng ganito ay parang nagsasabi sa kanyang anak na mas higit siyang magiging masaya kung siya’y magiging artista kaysa sa maging matapat na Kristiyano.

May mga magulang na nag-iisip na ayos lang na ibukas nila ang kanilang mga anak sa mga makasalanang bagay, hangga’t ipapaliwanag naman nila na masama ang mga bagay na iyon. Ngunit isipin mo ito: kung nais mong pakainin ang anak mo ng maayos na pagkain, hindi ka maglalagay ng maraming kendi at keyk sa kanyang harapan, tapos ay sasabihin mo na dapat siyang kumain ng gulay. Lahat ng mga pagpapaliwanag tungkol sa bitamina ay hindi makakadaig sa kanyang likas na pagnanasa na kumain ng kendi na nasa harapan niya.

May ilang mga magulang rin na hinahayaan lang ang kanilang mga anak na manood ng kung ano-ano sa telebisyon na walang pakialam sa nakikita ng kanilang mga anak. Nguinit dapat tandaan ng mga Kristiyano na ang lipunan ay laging nagtuturo na ang tinatawag na kasalanan ay ayos lang gawin hangga’t kontrolado ang bunga nito. Ang telebisyon ay laging nagpapakita ng mga panoorin tungkol sa kasalanan na kesyo aywala rawbunga o konsekwensya. Subalit hindi iyan ang tunay na kalagayan sa buhay. Ang telebisyon ay naglalagay ng kaisipan sa bata na hinahadlangan siya ng kanyang mga magulang mula sa mga masasayang bagay; kaya hihintayin niya ang kanyang paglaki upang gawin ang kanyang mga naiibigan.

Maraming mga Kristiyano na nakatira sa isang bahay na may mga kamag-anak na hindi Kristiyano. Sa ganitong kalagayan, ang tahanan ay hindi protektado mula sa mga makamundong impluwensya. Kaya mahalagang magpadama ng halimbawa ng tunay na pag-ibig, katapatan, kadalisayan, at kagalakan ang mga magulang para sa kanilang mga anak. Sila’y dapat manalangin na tulungan ng Espiritu Santo ang kanilang mga anak na piliin ang matuwid na direksyon sa buhay.

## Di-Perpektong mga Pamilya

Sapagkat ang mga pamilya ay hindi perpekto, ang kanilang mga relasyon ay madalas na mayroong kasaysayan ng pagkakamali at hindi pa nalulutas na mga hidwaan.

Maging ang mga Kristiyanong magulang ay hindi perpekto. Hindi nila laging naisasakatuparan ang mga tuntunin. Hindi nila laging nauunawaan ang kalagayan ng kanilang mga binatilyo at dalagitang mga anak – ang mga pagbabagong nagaganap sa bagong henerasyon. Minsa’y wala rin silang sapat na simpatya sa tunay na isyung

pinagdaraanan ng kanilang anak. Hindi laging maayos ang kanilang mga asal at minsa'y nakapagbibitiw sila ng mga masasakit na salita.

Nilikha ng Diyos ang unang mga magulang at dinisensyo sa pamamagitan nila ang pamilya. Nilikha niya ang lalaki at ang babaeng asawa niya. Pinagkalooban niya sila ng mga anak na papalakihin. Alam ng Diyos ang lahat ng bagay. Alam niya na magkakamali ang mga magulang, gayunma'y, dinisensyo niya pa rin ang pagiging magulang. Alam niya na ito pa rin ang pinakamainam na paraan, bagamat ang tao ay may mga kahinaan. Nangangahulugan ito kung gayon na mayroong paraan upang magtagumpay ang isang pamilya. Maraming kapakinabangan sa sistema ng pamilya bagamat ito ay hindi perpekto.

Ang katotohanang nilikha ng Diyos ang pagmamagulang ay mahalagang bagay para sa mga anak. Nangangahulugan ito na kapag naghihimagsik ang mga anak, taglay nito ang kapasyahang labagin rin ang sistemang itinatag ng Diyos. Ang sabi ng Diyos, "Mga anak, sundin ninyo ang inyong mga magulang" (Efeso 6:1). Gayundin naman, ang mga magulang ay lumalabag sa plano ng Diyos kapag winawalang bahala nila ang mga responsibilidad na iniatang sa kanila ng Diyos. Ang lumabag sa plano ng Diyos ay ang maghimagsik laban sa kanya.

## Responsibilidad sa Pagpapalaki ng Anak

Sa kalagayan ng pagiging magulang, mayroong tatlong bahagi ng responsibilidad. Ang anak ay mayroong bahagi ng responsibilidad. Ang magulang ay may bahagi ng responsibilidad. Ang Diyos ay may bahagi ng responsibilidad. Naibigay na natin ang higit na pansin sa responsibilidad ng magulang dito sa dalawang huling aralin. Kaya ngayo'y titingnan naman natin ang bahaging ginagampanan ng Diyos sa buhay ng mga anak at ang responsabilidad ng mga anak.

### Ang Gawain ng Diyos sa Buhay ng mga Anak

1. Nais ng Diyos na ang mga bata ay magkaroon ng personal na relasyon sa kanya sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesus. (Basahin ang Mateo 18:1-6 at Mateo 19:13-15.)

2. Ang Diyos ay tapat na mailapit ang ating mga anak sa pakikipagrelasyon sa kanya. (Basahin ang Juan 6:44.)

3. Ang Diyos ay nagsasalita sa ating mga anak sa pamamagitan ng kanyang Salita. (Basahin ang 2 Timoteo 3:14-15.)

### Ang mga Anak na may Relasyon sa Diyos

1. Ang mga anak ay maaaring mapatawad sa kanilang mga kasalanan (1 Juan 2:12).
2. Maaaring makilala ng mga anak ang Diyos (1 Juan 2:13).
3. Ang mga anak ay maaaring lumago sa kanilang relasyon sa Diyos (1 Samuel 2:26).
4. Ang mga anak ay maaaring sumamba sa Diyos (Mateo 21:15-16).

5. Ang mga bata at kabataan ay maaaring gamitin ng Diyos (Joel 2:28).

Sa Biblia, mayroong iba't ibang mga halimbawa na kung saan ginagamit ng Diyos ang mga bata at kabataan upang isakatuparan ang kanyang layunin: si Samuel, ang batang babae na lingkod ng asawa ni Naaman, ang batang nagbigay ng baon kay Jesus upang mapakain ang napakaraming tao, si Daniel, Jose, David, at Maria. Ang mga ito ay ilan lamang.

**Ang Responsibilidad ng Bata**

Ang responsibilidad ng isang anak, ayon sa Salita ng Diyos, ay ang sundin ang kanyang mga magulang (Efeso 6:1-3). Subalit paano kung minsa'y mali ang kanyang mga magulang? Dapat na gawin ng bata ang kanyang responsibilidad at ito ay hindi kondisyunal ayon sa kung paano gumagawa ang kanyang mga magulang. Ang kanyang responsibilidad ay ang sumunod.

Kung ang isang bata ay magpapasya na sundin lamang ang kanyang mga magulang kapag iniisip niya na tama ang mga ito, ang magulang ay mawawalan ng awtoridad. Subalit hindi ito ang siyang hangarin ng Diyos sapagkat sisirain nito ang buong sistema ng pagmamagulang.

Walang pananagutan ang anak sa kung paano ginagamit ng mga magulang ang kanilang awtoridad. Ang kanyang bahagi ng responsibiidad ay ang sumunod. Ngunit paano kung may ipagawang mali ang magulang sa isang bata, gaya ng pagkuha ng beer mula sa refrigerator? Hindi responsabilidad ng bata na magpasya kung tama ba o mali ang kanyang magulang. Maaari siyang magalang na magpahayag ng kanyang opinyon, subalit tungkulin niya pa ring sumunod.

Subalit hindi kasama sa tungkulin ng pagsunod ang bagay na may kinalaman sa pisikal na makakasakit o yaong mga imoral na gawain na dapat ay idulog sa mataas na kinauukulan na may kakayahang protektahan ang bata.

Ang problema na mayroon ang mga anak tungkol sa kanilang mga magulang ay hindi karaniwang may kinalaman sa isyu na kung ang utos ba ay labag sa prinsipyong Kristyano. Sa halip, madalas na ang pagtanggi ng mga anak sa kanilang mga magulang ay may kinalaman sa pang-araw-araw na gawain, gaya ng, paglilinis ng kwarto, paglilinis ng bahay, pag-uwi sa tamang oras, at pagbibigay ng limitasyon sa mga kinawiwiliang panoorin o laruin ng bata.

Ang isang mapaghimagsik na bata ay siya na naniniwalang mayroon siyang karapatan na magpasya kung ang utos ba ng kanyang mga magulang ay tama. Ang kanyang pagsuway ay nagmumula sa likas na pagnanasang maging makasarili, huwag pakialaman, at magkaroon ng personal na pamamahala. Ngunit sa anong edad ba ito maaaring makamit ng isang bata? Wala.

Ang ganitong kaisipan ay isang ilusyon. Ang tao ay laging mayroong responsibiidad na nagmumula sa pagsasaalang-alang sa kapakanan ng kanyang kapwa. Laging mayroong

mga bagay na alam mong dapat mong gawin kahit na hindi ito sinasabi ng iyong magulang. Kaya ang isang taong nagpupursiging mamuhay na walang pananagutan sa ibang tao ay laging mag-iiwan ng bakas ng sakit at kasiraan; sasaktan niya ang mga taong nagtitiwala sa kanya at umaasa sa kanya.

Minsan, ang mga anak ay nasasaktan sa pagmamalasakit ng kanilang magulang; na para bang humihingi sila ng pagtitiwala ng kanilang magulang. Subalit kung magagawa ng isang anak na maunawaan at igalang ang alalahanin ng kanyang magulang, magagawa rin ng magulang na pagtiwalaan ang kanyang anak at magkukusang luwagan ang mga ilalagay na limitasyon. Subalit kung tatanggihan ng anak ang alalahanin ng kanyang magulang, ang magulang ay mapipilitang maghigpit ng tuntunin.

## Pagtanggap sa mga Pagkakamali

Maraming tao na natatakot na umamin sa kanilang mga pagkakamali sapagkat natatakot silang ang pag-amin ng mga pagkakamali ay magpapahina raw ng kanilang kalooban sa panghinaharap na di-pagkakaunawaan. Subalit ang totoo, ang pagiging matapat at bukas na gawin kung ano ang tama ang siyang pinakamalakas na katatayuang iyong kalalagyan. At ang tanging paraan upang mamalagi ka sa ganitong katatayuan ay ang aminin ang iyong mga pagkakamaling nagawa, magsimulang gawin ang tama, at maging bukas ang kalooban sa pagtutuwid ng iyong mga mali.

Minsan, gustong makita ng mga taong nasa awtoridad na nagsisisi sa mga pagkakamali ang mga taong kanilang pinamumunuan. Gayunma'y sila mismo ay walang pagkukusa na ito'y gawin sapagkat iniisip nilang magpapababa raw ito ng kanilang awtoridad. Ngunit mali ang ganitong kaisipan. Kapag ang isang taong nasa awtoridad ay hindi marunong tumanggap ng kanyang pagkakamali, hindi siya pagkakatiwalaan ng kanyang mga pinamumunuan. Ang prinsipyong ito ay totoo sa bawat posisyon ng awtoridad, kasama na ang pagmamagulang.

Ikaw na magulang, kung ikaw ay mayroong di pagkakaunawaan sa iyong mga anak, siguro'y nakagawa ka ng mga pagkakamali na dapat mong aminin. Maaaring nagpapalusot ang bata sa kanyang pagkakamali sa pamamagitan ng iyong kamalian. Kaya dapat kang humingi ng paumanhin sa iyong walang ingat na pananalita, hindi pinag-isipang tugon, at kabiguang maunawaan ang sitwasyon. Maaaring hindi malutas ang inyong di pagkakaunawaan hanggang hindi mo ginagawa ang bagay na ito. Tandaan na "ang Diyos ay sumasalungat sa mga mapagmataas, subalit nagbibigay ng biyaya sa mga mapagpakumbaba" (Santiago 4:6b).

Ikaw man ay magulang o anak, dapat mong aminin ang iyong pagkakamali. Pagsisisi, paghingi ng tawad, at patuloy na pagpapasakop sa awtoridad na ipinagkatiwala ng Diyos ang maghahatid ng magandang kooperasyon sa mga tao. Subalit hindi ito ang dapat na maging dahilan mo, kundi ang bigyang lugod ang Diyos.

Kapag inaamin mo ang pagkakamaling nagawa mo, huwag mo ng hanapin pa na magsisi rin ang iba sa kanilang nagawang mga pagkakamali. Hindi mo dapat gamitin ang pagkakamali ng iba upang magbigay ng palusot sa iyong pagkakamali.

Ang relasyon ay maaaring agad-agad na bumuti o kaya'y mangangailangan ng sapat na panahon. Minsan, kailangan munang makita ng mga tao na may tunay na pagbabago, bago sila magsimulang magbago rin. Subalit ang iyong dahilan na gawin ang mabuti ay hindi upang makita ang iba na magbabago rin. Sa halip, gagawin mo ang dapat mong gawin sapagkat ito ang nais ng Diyos. Maaaring ang ibang tao ay hindi magbago, subalit ikaw ay magkakaroon ng malinis na budhi sa harapan ng Diyos at pagpapalain ka Niya sapagkat tinutupad mo ang iyong responsibilidad. At higit sa lahat, magtiwala kang gagawin rin ng Diyos ang kanyang responsibilidad.

## Ang Kahalagahan ng Pagpapasakop sa Awtoridad ng Diyos ng Bawat Bahagi ng Buhay

Isipin mo ang isang maliit na isla na ang pangalan ay Zhivia. Ang katabi nitong isla, ang Grekia, ay nagnanais na sakupin siya. Nangako ang pinuno ng Grekia sa gobyerno ng Zhivia na silang dalawa ay magkakaroon ng kapayapaan kung magbibigay ang Zhivia ng 10 hektaryang sa gitna ng kanilang isla. Mabuti ba ang ganitong solusyon para magkaroon sila ng kapayapaan? Kung magbibigay ang Zhivia sa kanyang kaaway ng lupain na nasa gitna ng kanyang teritoryo, ang kanilang kaaway ay magkakaroon ng malaking pagkakataon na lumaganap pa ng husto mula sa gitna ng lupain na iyon.

Ipagpalagay mo na ang iyong buhay ay katulad ng isang teritoryo na maraming mga rehiyon. Ang isang rehiyon ay maaaring nakatalaga para sa trabaho o ang isa ay para sa paaralan. Isang rehiyon naman ay nakalataga para sa iyong mga paglilibang. Ang isa pang rehiyon ay nakalaan para sa iyong pamilya. May marami pang mga rehiyon sa buhay mo.

Ang buong teritoryo ng iyong buhay ay dapat na nakapailalim sa awtoridad ng Diyos. Subalit ano ang mangyayari kung ang isa sa iyong rehiyon, gaya ng relasyon mo sa iyong pamilya, ay hindi nakapailalim sa pamamahala ng Diyos? Sa halip, hinayaan mo na pumasok si Satanas sa rehiyon na ito. Mula sa rehiyon na ito, magsisimula siya na sakupin ang iba pang rehiyon sa iyong buhay. Gayundin na kung hindi mabuti ang mga ginagawang paglilibang o kaaliwan ng isang tao, ang ibang rehiyon o bahagi ng kanyang buhay ay sasakupin ni Satanas. Kaya dapat ipasakop ng isang Kristiyano ang bawat rehiyon ng kanyang buhay sa ilalim ng awtoridad ng Diyos.

## Ilang Mahahalagang Puntos para sa mga Magulang

► Dapat basahin ng mga mag-aaral ang Efeso 6:4, Colosas 3:21, 1 Corinto 13:11, at Colosas 3:8 para sa grupo.

Kung ang anak mo ay emosyunal, nagpapakita ng galit o pagkadismaya, maaaring iniisip niya na hindi mo siya naiintindihan. Marahil ay iniisip niya na hindi ka interesado na pakinggan at unawain siya.

Kaya subukan mong makinig at umunawa. Kung madalas mong ipagwalang- bahala ang kanyang mga problema dahil sa tingin mo ay katawa-tawa at walang kwenta ang mga ito, hindi mo talaga mauunawaan ang kanyang tunay na pinagdaraanan. Kung ito ay malaking problema sa kanya, ito'y magiging hamon sa kanyang pananampalataya at katangian. Kung hindi mo mauunawaan kung bakit gayon na lang ang kanyang reaksyon, hindi mo rin nauunawaan ang bigat ng sitwasyon na kanyang pinagdaraanan.

Huwag kang sumuko sa kalagayan ng iyong anak at huwag kang magsalita ng mga bagay na parang wala ng pag-asa.

Huwag mong isipin na pare-pareho ang katangian ng iyong mga anak.

► Dapat basahin ng mag-aaral ang Efeso 4:30-32 para sa grupo.

Kapag may mga problemang dumarating, huwag magbalik-tanaw sa mga nakaraang kabiguan. Nais isipin ng bata na ang kanyang nakaraang mga pagkakamali ay walang saysay sa kasalukuyan. Para sa kanya, siya ay iba ng tao at hindi maganda para sa kanya na balikan mo ang kanyang mga nakaraang pagkakamali. Gayunpaman, huwag kang umasa na magiging mapagbigay agad siya sa iyo.

## Para sa Talakayan ng Grupo

► Ano ang ilang mga konsepto sa araling ito na bago sa iyong pananaw? Maaari mo bang ibahagi ang ilan sa mga bagay at gawi na plano mong baguhin?

► Talakayin ang mga kaparaanan na pwedeng magawa ng mga pamilya sa simbahan upang mapabuti ang kanilang buhay sa tahanan at matulungan ang kanilang mga anak sa simbahan.

## Panalangin

Ama naming nasa langit,

Nais po namin na ang aming mga tahanan ay maging lugar ng pagmamahalan, seguridad, at pagpapala. Tulungan mo kami na maging dalisay at mapagmalasakit sa lahat ng aming mga ginagawa.

Tulungan mo kaming maging matapat sa katuruan at pag-uugaling Kristiyano. Ibigay mo sa aming mga anak ang hangarin na sumunod sa iyo.

Salamat sa katapatan mo sa aming mga anak. Alam namin na ang iyong Espiritu ay kumikilos sa aming mga puso.

Amen

## Mga Takdang Aralin

(1) Magtala ng pitong biblikal na direksyon para sa mga pamilya. Pagkatapos ay maglagay ng mga partikular na paraan o aplikasyon kung paano ito maisasabuhay. Magsulat ng talata na magpapaliwanag para sa bawat aplikasyon (pitong mga talata).

(2) Pumili ng isa mula sa mga paksa sa ibaba. Buksan mo ang aklat ng Kawikaan at gumawa ng listahan ng mga Kawikaan na sumasagot sa paksang iyong napili. Magsulat ng dalawang talata na nagbubuod sa kahulugan ng Kawikaan tungkol sa napili mong paksa. Pagkatapos ay magsulat naman ng tatlong talata na nagsasaad kung paano ituturo ng isang magulang sa kanyang anak o sa kabataang anak ang mga prinsipyong ito. Mga paksa:

- Pagsasabi ng katotohanan
- Pinansiyal
- Ang mga pagkakaiba sa halaga ng karunungan at salapi
- Pagiging mapagkakatiwalaan
- Sekswal na kadalisayan
- Kapakumbabaan
- Pagtanggap ng mga turo at pagtutuwid
- Pagiging masipag/pagkukusa
- Ano ang gustong sabihin ng Diyos tungkol sa kasiyahan
- Pananalita
- Relasyon sa kapwa
- Pagiging mapagbigay

# Aralin 14
# Pagiging Magulang sa mga Nagbibinata at Nagdadalaga

## Mga Layunin ng Aralin

Sa katapusan ng araling ito, magagawa ng mag-aaral na:

(1) Maunawaan ang prayoridad ng Diyos para sa mga nagbibinata at nagdadalaga.

(2) Tanggapin ang responsibilidad na impluwensiyahan at sanayin ang mga nagbibinata at nagdadalaga na maging handa sa pagharap sa buhay bilang nasa sapat na gulang.

(3) Maging masigasig na linangin ang isang malusog at produktibong relasyon sa mga anak na nagbibinata at nagdadalaga.

(4) Maging handa na sumunod sa mga biblikal na prinsipyo kapag humaharap sa hamon ng pakikitungo sa mga anak na nagbibinata at nagdadalaga.

## Martha – Isang Tagapagsanay sa Tahanan

Bawat gabi, laging nagbibigay ng panahon si Martha para sa pananalangin at pagbabasa ng Biblia kasama ang kanyang dalawang anak. Magbabasa siya ng ilang mga talata at saglit na hihinto upang ituro kung paano ito maisasabuhay. Nang ang kanyang mga anak ay naging mga kabataan na, pinapabasa at pinagpapaliwanag pa rin niya ang mga ito ng mga talata sa Biblia. Ang kanilang mga paliwanag ay maayos sapagkat natuto sila sa halimbawang ipinakita ng kanilang ina. Nagagawa nilang ipaliwanag ang mga prinsipyo sa buhay na natutunan nila sa kanilang nanay.

## Ang Yugto ng Pagbibinata at Pagdadalaga

Bawat lipunan ay mayroong katawagan para sa yugto na nasa gitna ng pagiging bata at matanda o hustong gulang. Ito ang yugto na ang isang binatilyo o dalagita ay nagsisimulang magkaroon ng mga pangmatandang interes, gaya ng sekswalidad, bagamat wala pa silang kakayahan na pumasan ng responsibilidad. Sa ibang mga bansa, ang isang tao ay nasa legal at hustong gulang kapag siya ay 18 taong gulang na. Sa mga bansang iyon, ang mga kabataang wala pang 18 taong gulang ay hindi pa pwedeng mag-asawa, o maglingkod sa militar, o gumawa ng mga legal na kasunduan ng walang pahintulot ng kanilang mga magulang.

Ang edad ng pagbibinata at pagdadalaga ay hindi pare-parehas sa iba’t ibang lugar. Sa ibang lipunan, ang isang tao ay maaari ng mamuhay bilang nasa hustong gulang kung siya’y nasa edad na 18, o kaya’y kapag natutunan na niyang magtrabaho na gaya ng mga

matatanda. Samantala, sa ibang lipunan, ang isang itinuturing na kabataan ay maaari pa ring umasa sa kanyang mga magulang kahit na lampas na siya sa edad na 18, o kapag may tinatapos pa siyang pag-aaral.

►Ano ang katagang ginagamit sa inyong lipunan upang ilarawan ang mga kabataan sa pagitan ng pagiging bata at matanda?

►Ano ang isang taong nasa hustong-gulang?

May isang kahulugan ang *hustong-gulang* na parehas na ginagamit sa mga tao at hayop; ito ay: ang isang nilalang na narating ang pisikal na maturidad. Subalit, ang pagiging hustong-gulang ng isang tao ay higit pa sa pisikal na paglaki o maturidad. Maaaring ang isang kabataan ay may laki at lakas ng isang matanda ngunit hindi pa rin handa na tumanggap ng mga responsibilidad.

► Ano ang mga katangian ng isang huston-gulang maliban sa pisikal na maturidad?

Sa pangkalahatan, ang isang tao na nasa hustong-gulang ay may kakayahang pangunahan ang sarili at tumanggap ng mga responsabilidad na may kaakibat na kapasyahan. Gayunpaman, ang kahulugan na ito ay hindi eksakto at tumpak sapagkat ang mga antas ng personal na responsibiidad ay may mga pagkakaiba. Bawat tao na hindi ganap na nahiwalay sa kanyang lipunan ay nasa impluwensya ng ibang mga tao; at maging ang mga nasa hustong-gulang ay hindi laging malaya sa kanilang mga desisyon. Subalit, ang pagiging nasa hustong-gulang ay karaniwang tinutukoy na isang kalagayan ng pananagutan at pagsasagawa ng responsableng desisyon para sa sarili. Ang layunin ng mga magulang kung gayon ay ang ihanda ang kanilang mga binatilyo at dalagitang mga anak sa ganitong yugto ng responsibilidad.

Ikinuwento ni Jesus ang tungkol sa isang anak na humingi ng kanyang mana mula sa kanyang nabubuhay pa na ama (Lukas 15:11-32). Kinuha ng anak ang kanyang mana at nilustay ito sa walang kapararakang pamumuhay. Ito ay isang halimbawa ng isang tao na katatapos pa lamang sa yugto ng pagiging binatilyo subalit hindi pa rin handa sa pagsasagawa ng isang marunong na pagpapasya. Napakaraming mga kabataan ang nakakaranas ng mga gulong-hatid ng kanilang mga maling desisyon sapagkat hindi sila lumaking maayos bago nila natanggap ang kalayaan at pananagutan ng pagiging isang nasa hustong-gulang.

Ang Salita ng Diyos ay nagtataglay ng maraming karunungan para sa mga binatilyo at dalagita na nasa isang mahalagang yugto ng paglaki at paglago bilang tao.

## Pisikal at Mental na Paglago

► Dapat basahin ng mag-aaral ang Lukas 2:40, 52 para sa grupo.

Si Jesus ay dumaan sa pagbibinata at lumago sa kaisipan at pangangatawan. Sa pagitan ng dalawang talang ito ay mababasa ang pangyayari tungkol sa pagbisita ni Jesus sa Templo

upang makipag-usap sa mga guro roon. Hindi lamang siya lumaki sa pisikal, kundi nakadama rin ng personal na kalayaan. Handa siyang magbahagi ng mga ideya sa iba, hindi lamang sa kanyang pamilya at mga kaibigan.

Namangha sina Maria at Jose sa pakikipag-usap ni Jesus sa mga guro. Ngunit sinabi ni Maria kay Jesus na siya at si Jose ay labis na nabalisa sa loob ng tatlong araw sa kakahanap sa kanya (Lukas 2:46-48). Ngunit sinabi ni Jesus na hindi sila dapat nabalisa sapagkat pinasimulan niya ang gawain ng kanyang Ama (Lukas 2:49). Bilang isang binatilyo, nakadama si Jesus ng likas na hangarin na simulan ang pasyon ng kanyang buhay. Subalit, bumalik pa rin siya sa kanyang tahanan at nagpasakop sa awtoridad ng kanyang mga magulang sa loob ng mga taon ng pagiging isang kabataan (Lukas 2:51).

Sa yugto ng maagang pagbibinata o pagdadalaga, ang katawan ng isang bata ay dumaraan sa mga pagbabago na magiging kahawig ng isang nasa hustong-gulang. Ang bata ay maaaring mabilis na tumangkad. May mga tutubo na buhok sa iba't ibang bahagi ng kanyang katawan at may pagbabago sa kanyang boses. Dapat tiyakin ng mga magulang na maunawaan ng kanilang anak na ang mga pagbabagong ito ay normal. Plinano ng Diyos ang normal na paglaking pisikal at paglagong mental ng isang tao.

Ang pagkakaroon ng maayos na relasyon sa iyong anak ay makakatulong upang madama niya ang bukas na pakikipag-ugnayan sa iyo sa bahaging ito ng kanyang buhay. Ang isang bata na hindi nakadarama ng bukas na pakikipag-ugnayan sa kanyang magulang ay magkakaroon ng mga itinatagong takot at maghahanap ng mga impormasyong mula sa kanyang mga kaibigan o sa internet.

## Emosyonal na Paglago

Ang yugto ng pagbibinata at pagdadalaga ay hindi lamang pagpapatuloy ng buhay ng isang bata. Isang maling kaisipan ng magulang na maaari nilang ipagpatuloy ang gabay at pagtuturo sa isang binatilyo o dalagita sa paraang ginawa nila noong siya ay bata pa. Ang isipan at interes ng isang binatilyo o dalagita ay nag-iiba. Siya ay mayroong hangarin na magkaroon ng kalayaan, tagumpay, at paggalang na katulad ng nasa isang hustong-gulang. Ikinadidismaya ng isang binatilyo o dalagita na sila'y tratuhin na gaya ng isang bata.

Sa buong Biblia, mayroong mga halimbawang makikita tungkol sa mga kabataan na gumagawa ng isang marunong na desisyon, na gaya ng ginawa ni Jesus; o kaya'y halimbawa ng maling kapasyahan na gaya ng ating natunghayan sa kwento ni Jesus (Lukas 15:11-32). Dapat maunawaan ng magulang kung paano lumalago ang emosyon ng kanilang binatilyo o dalagitang anak. Layunin ng magulang na tulungan ang kanilang mga binatilyo at dalagita na mahubog ang kontrol sa sarili sa lahat ng bahagi ng buhay, gaya ng sa emosyon, upang hindi na nila kailanganin ang pangunguna ng kanilang magulang.

► Basahin ang Efeso 6:1-4. Anong mga partikular na tuntunin ang makukuha natin mula sa talatang ito?

Inaasahang ang mga anak ay dapat na sumunod sa kanilang mga magulang. Ngunit ito'y nagpapahiwatig na ang ama at ina ay may ginagawang kooperasyon. Ang talatang ito ay malinaw na nagpapakita na dapat sundin ng mga anak ang kanilang mga magulang bilang pagsunod rin sa Diyos. Ang mga magulang na hindi tinuturuan ang kanilang mga anak na sumunod ay nabibigong ihanda sila sa pagsunod sa Diyos. Ang pagpapahintulot sa mga anak na magrebelde sa magulang ay paghahanda ng kanilang kalooban namagrebelde rin sa Diyos.

Ang talatang ito ay nagbibigay ng espesyal na tuntunin para sa mga ama. Ang mga ama ay dapat na magbigay ng disiplina na hindi makakapanghina ng loob ng mga bata na gawin ang tama. Ang palo at pagtutuwid ay kinakailangan; at hindi ito ikinasisiya agad ng anak, subalit dapat laging ginagawa ito ng isang ama sa diwa ng pagmamahal. Ito ay nangangahulugan na dapat maunawaan ng isang ama ang emosyonal na paglago ng kanyang batang anak.

Ang isang ama ay hindi lamang dapat na magbigay ng pagtutuwid, kundi ng espirituwal na pangangalaga at katuruan na mula sa Panginoon. Hindi natin mahuhubog ang ating mga anak kung pupuntiryahin lamang natin ang kanilang mga pagkakamali. Sa halip, dapat na unawain at palakasin ang loob ng ating mga anak. Dapat nating gamitin ang katotohanan ng Diyos at di lamang ang ating mga sariling patakaran. Dapat nating ipakita na tayo man ay namumuhay na may pagsunod sa Diyos.

Kapag natutunan ng isang bata ang paggalang at pagsunod noong sila ay nasa murang edad pa lamang, mas madali rin silang sanayin kapag sila ay nagdadalaga o nagbibinata na! Ang relasyon na nabuo ng magulang sa kanilang mga batang anak ay makakatulong sa yugto ng pagbabagong pisikal, emosyonal, at espirituwal kapag sila ay naging mga binatilyo at dalagita na. Walang tuntunin para maging madali ang pagiging magulang, subalit ang maagang pagbuo ng relasyon sa mga anak ay makakatulong upang magkaroon ng bukas na komunikasyon sa buong yugto ng kanilang pagbibinata at pagdadalaga.

Inaasam ng mga magulang na makinig ang kanilang mga anak, subalit makakabuting makinig muna ang mga magulang. Pakiusap, para sa inyo at sa kanilang kapakanan – isantabi muna ang inyong cellphone, libro, trabaho o anumang bagay na ginagawa at ibigay ang inyong atensyon kapag kailangan nilang magsalita. Makinig ng mabuti sa kanila, na para bang wala ng ibang mahalaga kundi sila. Makinig at huwag munang punain ang kanilang mga pagkakamali hangga't hindi mo nauunawaan ng husto ang kanilang gustong sabihin. Dapat nilang maramdaman na talagang pinapahalagahan mo sila pati ang kanilang pananaw at iginagalang sila bilang isang tao. At kahit hindi nila magustuhan ang iyong payo, mas lalo nilang pag-iisipan ito sapagkat ikaw ay tunay na nakikinig sa kanila.

Maaaring mahirap makinig sa isang binatilyo o dalagita kapag nagpapahayag ng pagkadismaya, galit o paglayo. Dapat tandaan na sa ganitong edad, hindi pa masyadong nauunawaan ng isang binatilyo o dalagita ang kanilang nararamdaman. Minsan, nasasabi nila ang mga bagay-bagay sapagkat apektado ang kanilang emosyon dahil sa kanilang mga

sitwasyon, relasyon, at pangangatawan. Lahat ng ito ay maaaring makaapekto sa damdamin ng isang binatilyo at dalagita: kapaguran sa paaralan, pangamba na di tanggapin ng mga kaibigan, alalahanin tungkol sa mga pisikal na pagbabago, hinanakit sapagkat hindi maramdaman na siya’y pinapahalagahan at iginagalang, epektong ginagawa ng kanilang hormones, at kapaguran na dulot ng hindi maayos na tulog.

## Espirituwal na Paglago

► Basahin ang Ecclesiastes 11:9-12:1, 13. Paano mo ipapaliwanag ang mga utos sa talatang ito sa isang binatilyo o dalagita?

Maaaring tanggapin ng mundo ang mga walang ingat at imoral na pag-uugali ng kabataan. Subalit ang mga talatang ito ay nangungusap na dapat tandaan ng mga kabataan na sila’y may pananagutan sa Diyos sa lahat ng kanilang ginagawa. Ang Diyos ang kanilang hukom.

Ang pagtuturo ng Salita ng Diyos para sa iba’t ibang mga aktibidad ng buhay ay mahalaga pa rin sa ganitong yugto ng buhay (Deuteronomio 6:6-7). Gayunpaman, higit na nagiging mahirap ang pagtuturo sa ganitong yugto sapagkat ang mga binatilyo at dalagita ay abala sa iba’t-iba pang mga aktibidad na labas ng kanilang pamilya. Mayroon silang mga sariling interes, mga aktibidad sa paaralan, mga laro, at nagugustuhang grupo ng mga kaibigan. Hindi nila laging kasama ang kanilang mga magulang, pero lagi nilang kasama ang Diyos. Kaya dapat na matapat ang mga magulang sa pananalangin para sa kanila. Dapat na humingi ang mga magulang ng karunungan sa Diyos para sa espesyal na pakikipag-usap sa kanila. Napakahalaga para sa magulang na manatiling nakikipag-ugnayan at may kamalayan sa iba’t ibang aspeto ng buhay ng kanilang mga binatilyo at dalagita.

► Sama-samang basahin ang 1 Tesalonika 2:11-12. Ano ang responsibilidad na ibinigay ng Diyos sa mga ama ng tahanan para sa kanilang relasyon sa kanilang mga lumalaking anak?

Bilang mga magulang, huwag ipagpalagay na maayos ang lahat sapagkat wala kang nakikitang problema. Dapat mong asahan na ang iyong binatilyo o dalagita ay tiyak na haharap sa mga tukso at makakaranas ng kahinaan! Bigyan sila ng pananagutan sa kanilang paggamit ng pinansiyal, paggugol ng oras, mga kapasyahan sa buhay, at ang sekswal na kadalisayan. Humingi ka ng karunungan at payo mula sa iba. Makinig sa mga guro at iba pang nagpapahayag ng kanilang pagmamalasakit sa kanila. At kahit hindi ka sumasang-ayon sa opinyon ng iba tungkol sa iyong anak, dapat ka pa ring makinig at unawain ang mga pangangailangan ng iyong anak.

Ipanalangin mo ang iyong binatilyo at dalagitang anak. Sabihin mo sa kanila na ipinapanalangin mo sila. Hayaan mong marinig nila na sila ay iyong ipinapanalangin. Sabihin sa kanila ang mga ipinapanalangin mong partikular na bagay sa buhay nila. Halimbawa, maaari mong sabihin, “Ipinagdarasal kong magutom at mauhaw ka sa katuwiran (Mateo 5:6); na ikaw ay mananabik sa Diyos gaya ng isang uhaw na usa na naghahanap ng tubig (Awit 42:1). Hinihiling ko sa Diyos na puspusin ka niya ng Kanyang Espiritu (Efeso 5:18) upang magawa mo siyang mahalin ng buong puso, isip, at isipan at ang mahalin mo rin ang

iyong kapwa [ang iyong mga kapatid] na gaya ng pagmamahal mo sa iyong sarili (Mateo 22:37-39)."

▶ Ano ang iba pang talata sa Biblia na magagamit mo sa panalangin para sa iyong binatilyo o dalagitang anak?

Panghuli, sa espirituwal na paglalakbay na ito kasama ang iyong anak na binatilyo o dalagita, gamitin mo ang Salita ng Diyos sa kanila:

- Maging halimbawa ka: Laging kang maglaan ng personal na oras sa pag-aaral ng Biblia. Ibahagi sa iyong anak na binatilyo o dalagita ang mga bagay na itinuturo sa iyo ng Diyos at kung paano mo ito isinasabuhay. At kahit na sila ay tila walang masiglang pagtugon na ipinapakita sa iyo, o kaya'y hindi sila nakikipag-usap, sila'y nakikinig pa rin at tiyak na kikilusan ng Salita ng Diyos!

- Bilang pamilya ay sama-sama kayong magsaulo ng mga talata sa Biblia habang kayo ay nasa hapag-kainan o kaya'y bago matulog.

- Basahin ninyo at pag-usapan ang bawat talata sa aklat ng Kawikaan. Ang Kawikaan ay isang napakagandang aklat na magagamit para sa maikling sandali ng debosyon. Ito'y naglalaman ng mga praktikal na karunungan para sa araw-araw na buhay. Ito ay nagbibigay ng pagkakataon para sa mayamang talakayan at naghahatid ng makabuluhang impluwensya.

- Ang mga tuntunin, prinsipyo, at mga halimbawa sa buong Biblia ay magagamit sa lahat ng yugto ng buhay. Kaya pag-aralan ninyo ang lahat sa Salita ng Diyos kasama ang inyong mga anak.

## Panlipunang Paglago

Ang Lukas 2:52 ay naglalarawan sa paglago ni Jesus bilang isang binatilyo at sinasabi nito na si Jesus ay lumago rin sa pakikitungo sa kapwa. Ang Diyos ay interesado sa ating mga pakikipagrelasyon. Dinisenyo niya tayo upang magkaroon ng pakikitungo at pakikipag-ugnayan sa isa't isa.

Maliban sa mga miyembro ng ating pamilya, tayo rin ay naiimpluwensiyahan ng ating mga kaklase, kapit-bahay, ka-grupo sa simbahan, kamanggagawa, mga guro, mga namumuno, at ng media. Ang barkada ang karaniwang pinaka maimpluwensya, ito'y sa mabuti man o masama. Kaya ang mga magulang na Kristiyano ay dapat na maging mapagbantay sa panlipunang pakikipag-ugnayan ng kanilang mga batang anak at kabataan.

Habang ang iyong binatilyo o dalagitang anak ay patungo sa hustong-gulang, maingat at may panalanging isaalang-alang ang mga bagay na kaya nilang panagutan. Halimbawa, sa inyong computer sa bahay at sa kanilang mga cellphones, gumamit kayo ng mga password at mga app na makakatulong upang maprotektahan sila mula sa mga masamang nilalaman. Maglagay rin ng limitasyong oras sa paggamit ng kanilang mga device. Bantayan ang

website na kanilang pinupuntahan, maging ang mga palabas na pinapanood, mga programa sa telebisyon, at mga social media platform. Kung paanong hindi mo hahayaan ang iyong binatilyo o dalagita na makisalamuha sa ilang tao sa inyong komunidad, gayundin naman na huwag mo silang hayaan na makipag-ugnayan sa mga taong hindi nila kilala at di mapagkakatiwalaan sa kanilang mga electronic device.

► Hindi sapat na protektahan lang ang iyong mga kabataang anak. Sa yugto ng pagbibinata at pagdadalaga, inihahanda mo rin sila sa pagtanggap ng responsibilidad na gumawa ng matalinong desisyon na kalugod-lugod sa Diyos at mag-iingat ng kanilang kaluluwa. Ano ang ilang mga paraan na matuturuan mo ang iyong anak na binatilyo o dalagita tungkol sa responsableng paggamit ng teknolohiya at panlipunang pakikipag-ugnayan?

Ang mga kabataan ay madalas na lumilikha ng mga grupo na kinabibilangan ng mga kaibigang madalas nilang kasama. Dito ay natutunan nilang magbahagi ng kanilang mga interes, gaya ng parehas na kinawiwilihan. Nagkakaroon rin sila ng magkakaparehong ugali pagdating sa simbahan, sa kanilang mga magulang, paaralan, at iba pang institusyon. Dahil rito, madalas na nagugulat ang mga magulang tungkol sa pagbabago ng ugali ng kanilang anak na binatilyo o dalagita. Ang mga kabataan kasi ay madalas na mayroong mga hindi inaasahang komento, kritisismo, at mga bokabularyo na kanilang natututunan mula sa kanilang mga kaibigan. Ang grupo ng kanilang mga kaibigan ang siyang nagsisilbing panibagong pamilya nila, at tinatanggap sila ng mga ito. Ang isang binatilyo o dalagita ay madaling maakay sa alternatibong pamilya kung ang kanyang sariling pamilya ay hindi nagpapadama ng pagpapahalaga, pagkilala, at pagtanggap sa kanya.

Madalas na nahihirapan ang isang magulang na ilayo ang kanyang binatilyo o dalagitang anak mula sa impluwensya ng isang kinabibilangang grupo. Kapag pinupuna ng magulang ang grupo o ang isang indibidwal na kabahagi rito, gusto silang ipagtanggol ng kanyang anak sapagkat nadarama niyang hindi sila nauunawaan ng kanyang magulang. Sa ganitong kalagayan, maaaring matulungan ng magulang ang kanilang mga binatilyo at dalagitang anak sa pamamagitan ng pagpapadama ng pagkalinga, interes, at pagmamahal. At kapag natutugunan ng magulang ang emosyonal na pangangailangan ng kanyang binatilyo o dalagitang anak, hindi sila maghahanap ng pagmamahal mula sa grupo ng kanilang mga kaibigan.

► Paano magtutulungan ang mga magulang ng iba't ibang pamilya upang matulungan ang kanilang mga nagbibinata at nagdadalagang mga anak?

► Paano matutulungan ng inyong simbahan ang mga magulang ng mga kabataan sa kanilang paghubog sa mga kabataan na magkaroon ng maayos na pamumuhay sa lipunan na nakalulugod sa Diyos?

### Mga Hamon ng Pagbabago tungo sa Hustong-Gulang

Ang isang bata ay hindi kaagad nagiging matanda. Ang bata ay daraan sa panahon ng transisyon na nagtatagal ng ilang taon.

Sa lahat ng aklat sa Biblia, ang aklat ng Kawikaan ang siyang partikular na isinulat para sa mga kabataan. Sa aklat na ito ay tinuruan ni Haring Solomon ang kanyang anak tungkol sa maayos na pananaw sa buhay. Itinuro ni Solomon sa kanyang anak ang lahat ng bahagi ng buhay at ang gantimpalang hatid ng pagpili sa kalooban ng Diyos at ang panganib na hatid ng pagsuway sa Diyos.

Ang mga paniniwalang hinubog at ang mga kapasyahang ginagawa sa yugto ng pagkabata, pagbibinata at pagdadalaga ay napakahalaga sa buhay ng isang tao. At sa ating pagsasaalang-alang sa mga kaakibat na hamon ng mga pagbabagong tungo sa hustong-gulang, aalamin rin natin kung paanong ang Salita ng Diyos ay makakatulong sa atin upang mapagtagumpayan ang mga hamon na nagaganap sa yugto ng pagbibinata at pagdadalaga ng ating mga anak.

**Hamon 1:** Sinusuri ng isang nagbibinata o nagdadalaga ang lahat ng mga bagay na itinuro sa kanya at pipili ng kanyang paniniwalaan.

Nais ng isang binatilyo at dalagita na malinaw sa kanyang isip ang mga bagay na kanyang pinaniniwalaan, kaya sinusuri niya at pinag-aaralan ang mga bagay na kanyang natutunan. May posibilidad na hindi niya tatanggapin ang mga turo ng kanyang mga magulang. Natatakot ang mga magulang sa ganitong pangyayari. Kapag hindi maunawaan ng magulang ang mga isyu na isinasaalang-alang ng kanilang anak, maaari nilang tratuhin ang kanilang anak na isang bata at pipiliting tanggapin ang kanilang paniniwala na walang pagtatanong. Ngunit ipapadama nito sa binatilyo o dalagitang anak na hindi talaga siya binibigyan ng pagkakataon na mag-isip para sa kanyang sarili.

Kaya dapat na matiyagang ipaliwanag ng magulang ang mga dahilan ng kanilang paniniwala at bigyan ang kanilang anak ng pagkakataon na makipag-usap sa ibang tao na makakatulong sa pagpapaunawa sa kanila.

▶ Sama-samang basahin ang Kawikaan 23:22-23.

Sa mga talatang ito, sinasabihan ng Diyos ang mga kabataan na piliing makinig sa payo ng kanilang mga magulang. Ang pagpapasyang ito ay hindi magagawa ng magulang para sa kanilang binatilyo o dalagitang anak, subalit magagawa nilang bumuo ng maayos na relasyon sa kanila. Kapag ang magulang ay magkakaroon ng bukas at magalang na komunikasyon sa kanilang mga anak, lalakas ang loob ng kanilang binatilyo at dalagitang anak na piliin ang ganitong kapasyahan na sinasaad sa talata.

**Hamon 2:** Ang mga binatilyo at dalagita ay nagsisimulang tumanggap ng responsibilidad ng pagpapasya.

Nagsisimulang maunawaan ng isang binatilyo at dalagita kung paano magdesisyon at nadarama niyang kaya niya itong gawin. Subalit nililimitahan ng kanyang mga magulang at ng ibang tao ang mga bagay na maaari niyang pagpasyahan. At dahil rito, natutukso siyang magrebelde sa kanilang awtoridad sapagkat tingin niya'y hindi nila nauunawaan ang

kanyang kakayahan. At kung siya ay magrebelde, mas lalong paghihigpit ang karaniwang tugon ng mga magulang.

Ang magulang ay dapat na magtatag ng magandang pundasyon sa maagang yugto ng buhay ng kanilang mga anak. Dito’y maaari nilang ipaalam ang kanilang mga inaasahan na para sa ikabubuti ng kanilang mga anak, kung paanong ang Diyos ay nagbibigay rin ng disiplina para sa ating ikabubuti (Hebreo 12:9-10). Sa pamamagitan nito’y maaaring ipakita ng mga magulang na sila’y nagbibigay ng mga tuntunin na hindi bunsod ng pansariling kapakanan bilang magulang.

Ikalawa, maaaring magbigay ng paunti-unting responsibilidad ang magulang sa kanilang mga batang anak bilang paghahanda para sa malaking pananagutan at kapasyahan. Matutulungan nito ang mga kabataan na maging responsable, patunayan na sila’y mapagkakatiwalaan, at maihanda sa buhay ng isang nasa hustong-gulang.

Responsibilidad ng mga magulang sa Diyos na magtalaga ng mga limitasyon para sa kanilang mga binatilyo at dalagitang anak (1 Timoteo 3:4). Subalit ang ganitong edad ng mga kabataan ay dapat na maging paghahanda para sa yugto ng hustong-gulang na kung saan ay magiging ganap na silang responsable sa Diyos para sa kanilang mga kapasyahan. Kaya dapat na ihanda ng mga magulang ang kanilang mga anak sa ganitong susunod na yugto ng buhay. Ang aklat ng Kawikaan ay isinulat ng isang ama na nakikiusap sa kanyang anak na gumawa ng mga matalinong desisyon. Bilang isang magulang, alam ni Solomon na hindi niya magagawa ang pagpapasya para sa kanyang anak; gayunma’y maaari niyang ipakita na magandang piliin ang isang tama at marunong na kapasyahan.

**Hamon 3:** Ang binatilyo at dalagita ay wala pang maturidad o paglago na gaya ng isang nasa hustong-gulang.

Maaaring hindi nakikita ng mga binatilyo at dalagita ang mga panganib na pinangangambahan ng kanilang mga magulang. Madalas ipalagay ng mga binatilyo at dalagita na magagawa nilang isakatuparan ang kanilang mga layunin at maiiwasan ang mga panganib. Tuloy, madalas silang madismaya sa kawalang tiwala ng kanilang mga magulang sa kanilang mga kakayahan at kaunawaan.

Ipinapakita sa aklat ng Kawikaan na mahalaga para sa magulang na hindi lamang nila sinasabi sa kanilang mga binatilyo at dalagitang anak ang mga bagay tungkol sa kung ano ang mabuti at masama; o kaya’y basta lang maglagay ng mga limitasyon. Bagkus, mahalaga rin na nakikipag-usap sila sa kanilang mga anak tungkol sa magiging mga bunga ng kanilang kapasyahan. Ang pakikinig sa ganitong payo ng magulang ay makakatulong sa mga kabataan na mag-isip ng maayos at maingat.

► Sama-samang basahin ang 1 Pedro 5:5.

Ang pinakamatalinong magagawa ng isang kabataan ay ang magpasakop sa awtoridad ng kanyang makaDiyos na magulang at makinig sa kanilang matalinong payo. Gaya ng sinasabi sa 1 Pedro 5:5, ang isang kabataan na gumagawa nito ay pinagpapala ng Diyos.

**Hamon 4:** Ang isang binatilyo o dalagita ay may mga kagustuhang katulad ng sa isang nasa hustong-gulang, subalit wala pa siyang pribilehiyo para sa mga ito.

Ang mga nasa hustong-gulang ay mayroon ng mga oportunidad at pribilehiyo na gaya ng pag-aasawa, pagkakaroon ng ari-arian, pamumuno, at kalayaan na gumawa ng mga desisyon. Ngunit dahil ang mga binatilyo at dalagita ay wala pang pribilehiyo na isakatuparan ang mga ito, sila ay nadidismaya sapagkat mayroon silang likas na pagnanasa para sa mga ito. Gayunma'y ang kanilang pagnanasa ay magdudulot ng malaking tukso. Subalit ipinapakita sa 2 Timoteo 2:22 ang maaaring gawin ng isang kabataan sa ganitong kalagayan.

▶ Sama-samang basahin ang 2 Timoteo 2:22.

Ang Diyos ay may kaloob na biyaya sa mga kabataan na nais sumunod sa Kanya. Tinutulungan sila na magpasakop sa awtoridad at tanggihan ang kanilang mga kagustuhan na labas sa Kanyang kalooban at itinakdang panahon. Tutulungan ng Diyos ang mga binatilyo at dalagita na baguhin ang kanilang mga pagnanasa; na ang mga ito'y maging motibasyon na maghahanda sa kanila sa buhay ng isang nasa hustong-gulang. Ito'y gagawin ng Diyos sa pamamagitan ng pagpapalago ng kanilang unawa, karakter, at kakayahan.

**Hamon 5:** Ang mga binatilyo at dalagita ay madalas na makakita ng mga kamalian sa iba at sila'y nadidismaya sa mga ito.

Sa maraming pagkakataon, ang mga binatilyo at dalagita ay nadidismaya sa mga tao na dapat sana'y maging mga mabuting halimbawa at huwarang espirituwal na mga pinuno. Kapag ito ay nangyayari, ang mga binatilyo at dalagita ay naaalangan na magtiwala sa sinuman. Dahil rito, napakahalaga para sa iyo na isang pinuno ng simbahan at bilang isang magulang na mamuhay ng matapat at makaDiyos. Ang kakitaan ka ng mga bagay na salungat sa iyong patotoo bilang isang Kristiyano ay magdudulot sa mga kabataan na gugulin ang kanilang buhay sa walang hanggang impiyerno. Sa Mateo 18:6, bagamat si Jesus ay nagsasalita tungkol sa mga bata at hindi sa mga binatilyo at dalagita, ang talatang ito ay kapakipakinabang pa rin sa ating usapin rito.

▶ Sama-samang basahin ang Mateo 18:6.

Ang isang Kristiyanong kabataan ay maaaring maging halimbawa ng kabanalan, kahit na wala siyang nakikitang halimbawa mula sa iba. Sa Lumang Tipan, si Samuel ay naging halimbawa para rito. Si Samuel ay lumaki sa pamilya ng isang saserdote na may mga anak na tiwali at walang takot sa Diyos sa lahat ng kanilang mga ginagawa. Gayunma'y nagpasya si Samuel kahit sa kanyang murang gulang pa lang na mamuhay ng para sa Diyos (1 Samuel 1:20; 1 Samuel 2:11-18, 22-26). Kahit na siya ay isa pa lang na bata o kabataan, siya ay namuhay ng banal (1 Samuel 3:19, 21).

▶ Sama-samang basahin ang 1 Timoteo 4:12.

**Hamon 6:** Ang mga binatilyo at dalagita ay nasasabik na humarap sa maraming mga desisyon at oportunidad.

Ang mundo ay tinitingnan ng mga binatilyo at dalagita na puno ng maraming oportunidad. Ngunit maaari silang malito sa direksyon na dapat tahakin sa buhay. At maaari silang makatanggap ng mga nagsasalungatang payo mula sa iba't ibang mga tao.

Sa isip nila, dapat ibigay ang kailangan nila para maisakatuparan ang isang oportunidad. Ngunit sa ganitong yugto, mahalaga na ang mga binatilyo at dalagita ay matutong maging matapat sa pagsasagawa ng mga maliliit na bagay. Dapat silang magtiwala sa Diyos na magbubukas pa ng malaking oportunidad para sa kanila ayon sa kanyang itinakdang panahon.

► Sama-samang basahin ang Lukas 16:10.

Mahalaga rin para sa mga binatilyo at dalagita na piliing makinig sa mga makaDiyos na payo.

► Sama-samang basahin ang Kawikaan 11:14.

Matutuklasan ng mga kabataan na mayroong pagpapala at kalayaan sa pagsunod sa makaDiyos na payo.

### Para sa Talakayan ng Grupo

► Anong mga ideya sa araling ito ang higit na kapaki-pakinabang sa iyo? Paano nila maaapektuhan ang iyong sarili, pamilya, komunidad, o simbahan?

► Kung ikaw ay isa ng magulang ng isang binatilyo o dalagitang anak, anong payo ang iyong maibabahagi para sa paglinang at pagbuo ng isang bukas at magalang na relasyon sa iyong anak sa ganitong yugto ng kanilang buhay? Maging tapat sa mga pagkakamaling iyong nagawa.

► Anong mga praktikal na bagay ang iyong magagawa upang tulungan ang iyong kabataang anak na matutong mag-isip at gumawa ng matalinong pagpapasya?

► Paano mo nalalaman bilang isang magulang kung kailan daragdagan ang mga pribilehiyo at responsibilidad ng iyong batang anak?

► Buorin ang mga pangunahing responsibilidad ng magulang at ang mga pangunahing responsibilidad ng anak sa yugto ng pagbibinata at pagdadalaga.

► Anong mga bahagi ng buhay na kung saan ang isang ama ay dapat na magbigay ng lakas ng loob, babala, at gabay para sa kanyang lumalaking mga anak?

**Panalangin**

Ama naming nasa langit,

Salamat po na pinagkatiwalaan mo kami na palakihin ang aming mga anak tungo sa kanilang hustong-gulang. Ang responsibilidad na ito ay masalimuot sa maraming aspeto, at dapat na humingi kami ng unawa na galing sa iyo.

Sa iyong Salita, nakita namin ang aming responsibilidad na turuan ang aming mga anak ng karunungan, pagpipigil sa sarili, at pagsunod sa iyo. Humihingi kami ng kapatawaran sa maraming pagkakataon na nabigo kaming matuon sa prayoridad ng aming relasyon sa aming mga binatilyo at dalagitang mga anak.

Sa aming pagbabasa at pagsasabuhay ng iyong Salita, bigyan mo kami ng kinakailangang karunungan para matugunan ang pangangailangan ng aming mga anak. Aming pinakamimithing adhikain na sila'y matapat na sumunod sa iyo habambuhay.

Amen

## Mga Takdang Aralin

(1) Maghanap ng tatlong talata o kabanata sa Biblia na magagamit mo para ipanalangin ang mga binatilyo at dalagita sa iyong pamilya o silang nasa ilalim ng iyong impluwensya. Maghanap ng mga talata na maiuugnay sa…

- Kanilang espirituwal na pangangailangan
- Paghubog ng kanilang karakter
- Mga bagay o taong umiimpluwensya sa kanila
- Mga kaparaanan na kinakailangan upang sila'y lumago at mahubog.

Isulat ang mga talata sa lugar na madalas mong makikita ang mga ito. Simulang gamitin ang mga talatang ito sa iyong araw-araw na pananalangin sa iyong mga kabataan.

(2) Pumili ng dalawang tanong mula sa pagtalakay ng grupo na nasa hulihan ng aralin. Sumulat ng isang talata bilang tugon sa bawat isa.

(3) Pumili ng mga talata na babasahin:

- Kawikaan 4-5
- Kawikaan 6
- Kawikaan 23
- Kawikaan 24

Habang binabasa mo ito, isaalang-alang ang mga sumusunod na tanong. Mula sa mga talatang ito…

- Ano ang mga prayoridad na dapat mayroon sa isang magulang ng isang binatilyo o dalagita?
- Ano ang mga prayoridad na dapat mayroon sa isang binatilyo o dalagita?
- Ano ang mga pag-uugali na dapat mayroon sa magulang ng isang binatilyo o dalagita?
- Ano ang mga pag-uugali na dapat mayroon sa isang binatilyo o dalagita?
- Ano ang dapat gawin ng magulang ng isang binatilyo o dalagita?
- Ano ang dapat gawin ng isang binatilyo o dalagita?
- Anong mga bahagi ng buhay ang dapat na pinag-uusapan ng magulang at ng kanyang anak na binatilyo o dalagita?

Gumawa ng listahan ng mga pangungusap na nagbubuod sa mensahe ng mga talata para sa magulang ng isang binatilyo o dalagita. Gumawa rin ng listahan ng mga pangungusap na nagbubuod sa mensahe ng mga talata para sa anak na binatilyo o dalagita.

# Aralin 15
# Ang Kabataan

## Mga Layunin ng Aralin

Sa katapusan ng araling ito, magagawa ng mag-aaral na:

(1) Maunawaan ang pananaw ng Diyos hinggil sa mga mahahalagang responsabilidad at isyu ng mga kabataan.

(2) Maging handa na impluwensyahan ang mga kabataan na gumawa ng mga matatalinong desisyon at sumunod sa tuntunin ng Diyos.

## Si Marcus, ang Kabataang may Motibasyon

Noong si Marcus ay bata pa, tinuruan siya ng kanyang magulang na maging mahusay sa pagtratrabaho. Lagi siyang masaya kapag mayroon siyang pagkakataon na magtrabaho at kumita ng pera. Lagi siyang handa na gawin ang anumang trabaho na ipinapagawa sa kanya. Bilang isang kabataan, naranasan niyang maglinis ng bakuran, maghatid ng mga diyaryo ng balita, at mag-ayos ng mga bisikleta. Naging interesado si Marcus na maging isang negosyante subalit alam niyang tinatawag siya ng Diyos sa ministeryo. Nag-aral si Marcus sa isang paaralan ng Biblia. At para bayaran ang kanyang mga gastusin sa paaralan, nagtrabaho siya ng paglilinis sa mga opisina, nagtrabaho sa mga kainan, at naglinis ng mga bakuran. Nang siya ay makapagtapos, nagsimula siya ng ministerio, subalit minsa'y matatagpuan siyang nagpipintura ng mga bahay at nag-aayos ng mga sirang gusali sapagkat walang sumusuporta sa kanya sa ministerio. Lagi siyang nagsusumikap na maging prayoridad ang kanyang responsibilidad sa ministeryo at personal na paglago kaysa sa paghahanap ng salapi, kahit na mayroong siyang asawa at mga anak na sinusuportahan. Subalit sa paglipas ng panahon, nagawa na siyang suportahang lubos ng kanyang ministeryo.

## Maturidad at Karakter

► Dapat basahin ng mga mag-aaral ang 1 Timoteo 4:12 at Panaghoy 3:27 para sa grupo.

Ang 1 Timoteo ay isinulat para sa isang kabataan na may tungkulin ng pamamahala sa mga simbahan. Sa 1 Timoteo 4:12 ay mababasa natin na inaasahan ng Diyos ang mga mananampalatayang kabataan na maging huwaran sa kanilang karakter at ugali. Dapat nilang maging prayoridad na maging matatag sa Kristiyanong doktrina. Dapat nilang ipakita ang kadalisayan at di-makasariling pagmamahal sa lahat ng pakikitungo sa kapwa. Ang kanilang ugali at pananalita ay dapat na magbigay ng karangalan at kaluwalhatian sa Diyos.

Ang mga mananampalatayang kabataan ay dapat na mamuhay ng maingat at makabuluhang buhay. Hindi nila dapat aksayahin ang kalakasan na kaloob sa kanila ng Diyos sa ganitong yugto ng buhay. Hindi nila dapat aksayahin ang mga dumarating na oportunidad para matuto, hasain ang mga kakayahan, paglingkuran ang iba, at pagtanggap ng responsibilidad. Ang mga taon ng pagbibinata at pagdadalaga at ang pagpasok sa hustong gulang ay hindi dapat na gugulin sa makasariling mga ambisyon. Ang mga ito ang siyang pinakamainam na mga taon sa buhay para sa paglago at paglilingkod. Dito'y magagawa ng Diyos na tulungan ang mga mananampalatayang kabataan na matutuhan ang pagpipigil sa sarili upang sila'y lumago para sa kanya.[45]

## Trabaho

### Mga Pananaw sa Trabaho

Sa ibang mga kultura, karaniwang makikita na may mga taong nakatambay at wala masyadong ginagawa, bagamat sila ay bata pa at malusog. Bagamat sila'y may mga pangangailangan at responsibilidad sa iba, wala naman silang motibasyon para magtrabaho. Madalas nilang sabihin na sila ay magtatrabaho kung maayos ang sahod. Wala silang gana na magtrabaho ng mababa ang kita o kaya'y magkaroon ng trabahong mababa ang tingin sa lipunan. Wala silang gana na magtrabaho para paunlarin ang kanilang kapaligiran kung wala rin lang naman silang mataas na pakinabang.

Minsan, may mga taong nasasabik na magkaroon ng trabaho. Marahil ay nabubuhay sila sa isang bansa na mababa ang porsyento ng mga may maayos na trabaho. Ikinatutuwa nilang isuot ang uniporme ng kanilang kumpanya at ipinagmamalaki ang kalagayan sa lipunan ng kanilang trabaho. Subalit kahit na nasisiyahan sila sa katatayuan na mayroon sila, wala naman silang pagpapahalaga na maglingkod ng maayos para sa kanilang employer at kustomer. Ipinagmamalaki nilang bahagi sila ng kumpanya, subalit hindi nila nauunawaan kung bakit sila tinanggap sa gayong trabaho.

Kabaligtaran sa mga taong ayaw magtrabaho, nariyan naman ang mga taong masyadong nakatuon sa kanilang mga karera sa buhay o sa pagkamal ng salapi. Marahil ay napunta sila sa isang trabaho na di hamak na mataas ang sahod kumpara sa pasahod ng kanilang sariling bansa. At dahil rito, nais nilang magtrabaho ng magtrabaho at mag-ipon ng maraming pera hangga't makakaya nila. Bunga nito'y nakakalimutan nila ang ilang mahalagang bahagi sa kanilang buhay, gaya ng, pagpapalago ng kanilang relasyon sa Diyos at sa kanilang pamilya.

Maaaring gawin ng mga tao sa isang lipunan ang mga bagay na nabanggit, subalit ang mga mananampalataya ay hindi nila dapat tularan ang mga bagay na karaniwang ginagawa sa kanilang kultura. Sa halip, dapat nilang hanapin kung ano ang sinasabi ng Diyos at sundin

---

[45] Para sa higit pang kaalaman sa paksang ito, tingnan ang Aralin 12 ng *Espirituwal na Paghubog,* na matatagpuan sa Shepherds Global Classroom.

siya. Ang Biblia ay maraming sinasabi tungkol sa trabaho, kasipagan, at produktibong buhay.[46]

## Ang Pinagmulan ng Trabaho

Ang Diyos ay malikhain (Awit 104:24). Ang Diyos ay produktibo (Awit 104). Ang Diyos ay laging nagtatrabaho; Siya ay may malasakit sa buhay ng bawat indibidwal at sa mga nangyayari sa bawat panig ng sanlibutann sa buong kasaysayan (Juan 5:17). Nilikha ng Diyos ang tao, nilikha niya ang mga ito ayon sa kanyang wangis bilang repleksyon ng kanyang sarili. Kaya nais rin niyang ang mga tao ay maging malikhain at produktibong tagapamahala ng kanyang mga nilikha. Binigyan ng Diyos ang sangkatauhan ng kapamahalaan sa mga hayop sa lupa, dagat, at himpapawid (Genesis 1:26). Ginawa niya ang tao na tagapamahala at katiwala ng kanyang mga likas na yaman sa daigdig (Genesis 1:28-30).

Ang trabaho ay bahagi ng disenyo ng Diyos sa buhay ng tao. Mula pa lamang sa pasimula, binigyan na ng Diyos ang tao ng malaking responsibilidad. Bawat isa sa atin ay mananagot o magsusulit sa kanyang harapan kung matapat ba nating ginawa ang trabahong ipinagkatiwala niya sa atin.

## Mga Prinsipyo na mula sa aklat ng Kawikaan

Ang aklat ng Kawikaan ay espesyal na isinulat para sa mga kabataan, upang sila'y turuan na mag-isip at mamuhay ng maayos. Maraming sinasabi ang aklat ng Kawikaan tungkol sa pagtatrabaho.

► Dapat basahin ng mga mag-aaral ang bawat talata para sa grupo.

**Kawikaan 6:6-11, Kawikaan 10:5.** Ang mga langgam ay kakikitaan ng magandang halimbawa.

- **Sila ay masigasig na nagtatrabaho kahit na walang pumipilit sa kanila na ito'y gawin.** Walang sinuman ang nagsasabi sa kanila kung ano dapat nilang gawin o paano nila ito dapat gawin. Gayunma'y, produktibo silang nilalang. Mula sa mga langgam ay matutunan natin na hindi tayo dapat pilitin na magtrabaho. Dapat nating ***gustuhin*** na magtrabaho sapagkat ito ang pamamaraan ng pagtugon ng Diyos sa ating mga pangangailangan.
- **Sila'y nagtatrabaho kapag oras ng pagtatrabaho.** Mayroong oras ng pagtratrabaho at mayroon ring oras para sa iba pang mga aktibidad sa buhay at para sa pamamahinga. Maaaring makatulong sa atin ang tanong na, "Ano ba ang dapat na ginagawa ko na sa oras na ito?"

[46] Para sa higit pang kaalaman sa paksang ito, tingnan ang Aralin 3 ng *Praktikal na Pamumuhay Kristiyano* na matatagpuan sa Shepherds Global Classroom.

- **Sila'y nagtatrabaho habang may pagkakataon pang magtrabaho.** Nagbabago ang panahon at ang oportunidad upang makamit ang isang pinagkukunan ng suplay ay lumilipas. Ang ating mga oportunidad ay biglang dumarating at bigla ring naglalaho. Kaya't dapat na gamitin natin ang oportunidad na mayroon tayo ngayon, sapagkat kung hindi ay masasayang lang natin ito.
- **Sila ay nagtatrabaho upang magkaroon ng pagkaing kinakailangan.** Hindi dapat matulog at maglibang-libang kapag oras ng pagtatrabaho. Kapag tayo ay tatamad-tamad, sa halip na maging abala sa paggawa ng mabuti, ang ating pangangailangan sa kinabukasan ay hindi matutugunan. Dapat tayong magtrabaho ***ngayon*** upang matugunan ang pangangailangan ng ***kinabukasan.***

**Kawikaan 19:15, Kawikaan 20:4, Kawikaan 12:24.** Isinaayos ng Diyos ang sanlibutan sa paraang ang ating mga kapasyahan ay mayroong tunay na ibubunga at kahihinatnan (Galacia 6:7).

Kung magpapatuloy ang ating katawan sa katamaran, magiging mahina tayo sa pisikal. Kung magpapatuloy ang ating isipan sa katamaran, bababa ang ating kakayahan na matuto, mag-isip, at gumawa ng mga maayos na kapasyahan.

Kapag tumatanggi tayong magtrabaho bagamat tayo ay may kakayahan, sinasabi ng Diyos na hindi tayo nararapat na pakainin (Basahin ang 2 Tesalonika 3:6-12).

Kung tayo ay masipag, gagantimpalaan tayo ng Diyos ng higit pang mga oportunidad at malaking mga responsibilidad.

Ang Diyos ay naglagay ng pangkalahatang konsekwensya o bunga para sa ating mga kapasyahan. Wala tayong kakayahan na piliin ang gusto nating kahihinatnan o bunga, subalit magagawa nating piliin ang dapat nating gawin.

**Kawikaan 14:23, Kawikaan 20:6**. May mga taong ang palagay sa sarili ay matalino, subalit ayaw namang magtrabaho. Sila'y nangangarap at nagsasalita kung paano dapat gawin ang mga bagay-bagay, ngunit sila mismo ay wala namang ginagawa. Subalit nais ng Diyos na mayroon tayong tunay na ginagawa; hindi yung puro salita lang tayo tungkol rito. Nais ng Diyos na tumanggap tayo ng responsibilidad at maging tapat na isakatuparan ang bagay na ating sinabing gawin.

**Kawikaan 15:19.** Minsan, may mga taong tamad tungkol sa kung ***paano*** nila gagawin ang isang bagay. Pinipili nila ang madali at mabilis na paraan, kahit na ito ay walang maayos na ibubunga. Marahil ay may ginagawa silang paraan na hindi magastos, ngunit ang kanilang ginagawa ay di naman magtatagal. Maaring ang kanilang paraan ay hindi masyadong nakakapagod, subalit ang produktong matatapos ay may mababang kalidad. At marahil, gumagawa sila ng isang bagay sapagkat natangay sila ng sinasabi ng ibang tao, sa halip na magkaroon ng pagkukusang gawin ang tama at magtrabaho kahit na maraming hamon na haharapin.

► Anong mga halimbawa ang iyong naiisip na kung saan ang mga tao ay nagpapakita ng katamaran sa kanilang mga pamamaraan ng pagsasagawa ng isang bagay?

Ang kawikaan na ito ay nagtuturo sa atin na kung tayo ay magiging tamad sa pamamaraan ng pagsasagawa ng isang bagay, ito ay lilikha ng mga problema para sa atin at sa ibang tao. Subalit kung gagawin natin ang nararapat, tayo ay gagantimpalaan ng maayos na resulta. Kaya dapat na maging maingat at masinop tayo sa ating mga ginagawa ngayon, upang tayo ay masiyahan sa magiging magandang resulta nito.

► Anong mga halimbawa ang iyong naiisip na kung saan ang katamaran ay naghatid ng hirap at kaguluhan? Anong mga halimbawa ang iyong naiisip na kung saan ang katapatan at kasipagan ay nagkaroon ng mga magandang resulta?

**Kawikaan 12:11, Kawikaan 21:20, Kawikaan 28:19**. Mga kabataan, hindi kayo binigyan ng Diyos ng lakas at kalusugan upang aksayahin n'yo lamang sa walang kabuluhang mga hangarin. Pinagkatiwalaan ka niya na maging mabuting katiwala ng iyong mga pisikal at mental na kakayahan. Pinagkalooban ka niya ng mga oportunidad upang paglingkuran siya. Ang pagiging matapat na katiwala ay nangangailangan na ikaw ay dapat na mayroong pagpipigil sa sarili. Hindi mo dapat pagbigyan ang bawat malayaw na pagnanasa. Sa halip, dapat mong i-pokus ang iyong lakas, pinagkukunan ng yaman, at oras para sa pagtupad ng mga adhikain ng Diyos.

Inaasahan ng Diyos na tutustusan mo ang pangangailangan ng iyong sarili, ng iyong pamilya (1 Timoteo 5:8), at ng mga taong karapat-dapat sa iyong tulong, lalo silang wala ng inaasahang mahal sa buhay na tutulong sa kanila (1 Timoteo 5:3-16, Efeso 4:28, Santiago 1:27, Santiago 2:15-16).

Sinasabi sa 1 Tesalonika 4:11-12,

> …Naisin ninyong mamuhay nang tahimik, gawin ang inyong sariling gawain, at kayo'y magpagal ng inyong sariling mga kamay, gaya ng aming ipinagbilin sa inyo; upang kayo'y igalang ng mga nasa labas, at huwag maging palaasa sa sinuman.

Ito ang kalooban ng Diyos para sa mga mananampalataya.

► Anong uri ng mga gawain ang dapat na kusang ginagawa ng mga mananampalataya? Mahalaga ba ang katatayuan? Kung mahalaga man, sa anong paraan o hanggang sa anong kalagayan?

Ngayon ay maglalatag tayo ng paksa sa pagtatrabaho na may kinalaman sa pananalapi o pinansiyal. Katatapos lang nating talakayin ang napakahalagang mga dahilan kung bakit nais ng Diyos na tayo ay magtrabaho; kasama na rito ang pagtustos sa ating mga pangangailangan at maging ang mga pangangailangan ng iba. Ang trabaho ay ang karaniwang pamamaraan ng Diyos upang ipagkaloob ang ating mga pangunahing pangangailangan—gaya ng pagkain at damit (1 Timoteo 6:8). Sa maraming mga lugar, ang mga tao ay magkakaroon ng pera sa pamamagitan ng pagtatrabaho, at ang kinita nilang

pera ay ginugugol naman nila sa mga materyal na pangangailangan. Sa ibang mga lugar, ang mga tao ay binabayaran sa pamamagitan ng pagkain, pag-aari, at serbisyo sa halip na pera. Anuman ang paraan ng pagbayad, ang Diyos ay nagkakaloob pa rin sa tao ng kanyang mga pangangailangan sa pamamagitan ng trabaho.

## Pinansiyal

Maraming mga talata sa Biblia ang nagtuturo tungkol sa pananalapi. Ang paraan ng ating pag-iisip at paggamit sa pera ay may malaking epekto sa ating relasyon sa Diyos at kapwa-tao. At sapagkat ito ay mahalaga, nais ng Diyos na tayo ay magkaroon ng maayos na pag-unawa tungkol sa pera at sa paggamit nito.[47]

### Mga Prinsipyo na mula sa aklat ng Kawikaan

► Dapat basahin ng mga mag-aaral ang bawat talata para sa grupo.

Ano ang pinagmumulan ng ating seguridad?

1. Ang Diyos ang siyang ganap na tagapagtustos sa matuwid (Kawikaan 10:3).
2. Hindi tayo dapat umibig at magtiwala sa mga kayamanan, sapagkat ang mga ito ay may limitadong kapangyarihan at may katapusan (Kawikaan 11:4, 28).

► Anong mga kaisipan, pag-uugali, at mga kilos ang nagpapakita ng pagtitiwala sa Diyos bilang tagapagtustos at seguridad ng isang tao?

Maraming mga bagay ang higit na mahalaga kaysa sa kayamanan; ang ilang halimbawa ay:

1. Pagkakaroon ng maayos na relasyon sa kapwa (Kawikaan 15:17).
2. Pagkakaroon ng kaalaman at karunungan (Kawikaan 8:10-11).
3. Pagkakaroon ng takot sa Diyos at pagkakaroon ng matuwid na relasyon sa kanya (Kawikaan 15:16).
4. Pagkakaroon ng karangalan ng dahil sa mabuting katangian (Kawikaan 11:16).
5. Pagiging matapat, totoo, at mabait (Kawikaan 19:22).

► Ano sa mga ito ang higit na mapanghamon sa iyo ng dahil sa iyong sitwasyon?

Mga prinsipyo ng maayos na pamamahala ng salapi:

1. Magkaroon ng pera sa pamamagitan ng masipag at matapat na pagtratrabaho (Kawikaan 10:4).

---

[47] Para sa higit pang kaalaman tungkol sa paksang ito, tingnan ang Aralin 9, *Praktikal na Pamumuhay Kristiyano* na matatagpuan sa Shepherds Global Classroom.

2. Matiyagang mag-impok ng pera (Kawikaan 13:11).
3. Parangalan ang Diyos sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanya ng unang bahagi ng iyong bunga (Kawikaan 3:9-10).
4. Maging mapagbigay sa mga mahihirap (Kawikaan 11:24-25, Kawikaan 14:21, Kawikaan 19:17, Kawikaan 21:13).

► Alin sa mga ito ang mahirap para sa iyong gawin?

Mga babala laban sa maling paggamit ng salapi:

1. Huwag suwayin ang Salita ng Diyos ng dahil lang sa pagkakataon na makapagkamal ng pera (Kawikaan 10:2, Kawikaan 15:27).
2. Huwag gumawa ng mabilis at walang ingat na desisyon (Kawikaan 21:5).
3. Huwag mangakong babayaran ang pagkakautang ng iba (Kawikaan 6:1-5; Kawikaan 17:18).

► Alin sa mga prinsipyong ito ang higit na nakakaligtaan sa iyong kultura?

## Malalapit na mga Kaibigan

► Dapat basahin ng mga mag-aaral ang Kawikaan 13:20 at 1 Corinto 15:33 para sa grupo.

Ang mga malalapit na kaibigan ang isa sa pinakamalakas na impluwensya sa buhay ng isang kabataan. Ang mga tao ay karaniwang nagiging malapit na magkaibigan kapag sila ay may parehas na pinapahalagahan. Subalit ang pakikipagkaibigan ay bumabago rin sa isang tao, sa ikabubuti man niya o ikasasama. Ang pagkakaroon ng malapit na pakikipagkaibigan sa isang tao sa paglipas ng panahon ay ***iimpluwensiyahan*** ka. Aapektuhan nito ang iyong mga pananaw, pilosopiya, prayoridad, pag-uugali, kapasyahan, at karakter. Iimpluwensiyahan ka ng halimbawang ipinapakita ng malapit mong kaibigan, maging sa pamamagitan ng kanilang pagsang-ayon at di-pagsang-ayon sa iyong mga kapasyahan gamit ang kanilang mga mapanghikayat na mga pananalita.

► Dapat isulat ng bawat mag-aaral ang pangalan ng 1-5 na mga partikular na tao bilang sagot sa bawat katanungan:

- Kanino ako pumupunta para humingi ng aprubal at pagsang-ayon?
- Sino ang aking kinakausap tungkol sa mga suliranin ng aking buhay?
- Kaninong payo ang aking hinahanap kapag ako ay may desisyong dapat gawin?
- Kaninong pag-uugali ang nakakaimpluwensya sa akin?
- Kaninong pilosopiya ang aking ibinabahagi?

Isipin mo ang mga taong isinulat mo. Ano ang kanilang katangian? Ano ang kanilang pag-uugali? Ano ang kanilang mga pananalita? Kapag susundan mo ba ang kanilangbuhay, ikaw

ba ay sumusunod kay Cristo? (1 Corinto 11:1). Sila ba ay mga taong nagtataglay ng ganitong mga katangian:

- Sila ay may takot sa Panginoon (Deuteronomio 10:12, 20, Awit 112:1).
- Sila ay hinuhubog ng Salita ng Diyos (Juan 17:14-17).
- Kanilang ginawang pinakamataas na prayoridad ang pagbibigay lugod at pagsunod sa Panginoon sa lahat ng bagay (2 Corinto 5:9-10).

Iniimpluwensiyahan ka ba nila na magkaroon ng malapit at masunuring ugnayan sa Diyos? Sinasabi ba nila sa iyo kung ano ang totoo (kung ano ang ayon sa Salita ng Diyos), o sinasabi nila sa iyo ang mga bagay na gusto mo lang pakinggan? Pinapalakas ba nila ang loob mo na gawin ang pakiramdam mo'y gusto mong gawin, o pinapalakas ka nila na gawin kung ano ang tama sa paningin ng Diyos kahit na ito ay mahirap?

Minsan ay mayroon isang kabataan na nagtataglay ng impluwensya. Tinitingala siya ng ibang mga kabataan para sa aprubal ng kanilang pag-uugali. Kapag siya ay may sinasabing panunuya o di kaaya-ayang pananalita, tinitingnan siya ng ibang mga kabataan upang masdan kung siya ba ay ngingiti. Kung sila ay may ginawang bagay na mapaghimagsik, titingnan nila kung kikindatan ba niya sila upang ipakita ang kanyang pagsang-ayon. Nais nilang bigyang lugod siya. Subalit wala man lang isa sa kanila na nag-isip at isinaalang-alang ang ganitong mga katanungan: Bakit ko gusto ang ***kanyang*** papuri? Siya ba ang taong dapat bigyan ko ng lugod? Ang kanya bang karakter at pag-uugali ay magandang halimbawa para sa akin?

Kailangan ang pagsisikap upang isaalang-alang mga mga isyung ito. Ang mga mananampalataya ay dapat na mapuno ng layunin sa pagpili ng kanilang magiging malapit na mga kaibigan at higanteng impluwensiya sa buhay. Siyempre, nais ng Diyos na impluwensiyahan ng kanyang mga anak ang mga taong hindi pa malago sa espirituwal o sila na hindi pa mananampalataya. Gayunpaman, ang mga taong ito ay hindi karapat-dapat na ating maging mga malalapit na kaibigan, tagapayo, at impluwensya sa buhay. Hindi natin dapat hinahanap ang kanilang aprubal.

► Dapat basahin ng mag-aaral ang Awit 101 para sa grupo.

Ang Salmo na ito ay isinulat ni Haring David. Siya ay may takot sa Panginoon. Itinalaga niya ang sarili sa Panginoon na mamuhay ng may katapatan o integridad. Alam niya na ang mga taong hinayaan niya na umimpluwensya sa kanyang buhay ay maaaring makatulong sa pagtupad ng kanyang panata o dili kaya'y magiging hadlang upang ito'y isakatuparan. At dahil rito, matibay niyang ipinasya na piliin lamang ang mga matapat at mga makaDiyos na taong iimpluwensya sa kanyang buhay.

Tayo ay hindi kagaya ni David na isang hari at wala tayong awtoridad o responsibilidad na maparusahan ang mga masasamang tao, gaya mismo ng panata ni David. Subalit maaari nating tularan ang halimbawa ni David sa ibang pamamaraan. Sa madaling salita, dapat nating italaga ang ating buhay sa pamumuhay ng may katapatan. Dapat na maging matibay

tayo sa kapasyahang ang pipiliin lamang natin na maging mga malapit na kaibigan at impluwensya ay sila na makaDiyos.

## Paggawa ng mga Desisyon

Ang maagang yugto ng pagiging adulto o nasa hustong gulang ay panahon ng paggawa ng maraming desisyon; ilan sa mga ito ay may habambuhay (o kaya'y ***walang hanggan***) na bunga o konsekwensya.[48] Ang mga sumusunod ay ilan lamang sa mga katanungan na dapat nating tandaan kapag isinasaalang-alang ang ating mga pagpipilian:

- **Ang aksyon ba na ito ay alinsunod sa nais ng Diyos na mangyari sa aking pagkatao?** Madalas sabihin ng ating lipunan na, "Magpakatotoo ka." "Maging totoo ka sa sarili." "Sundan mo ang sinasabi ng iyong puso." Subalit tayo ay tinawag na maging totoo kay Cristo, hindi sa ating mga sarili. Ang totoo niyan, sinasabi sa atin ng Panginoon na magpahayag ng "huwag" sa ating mga sariling pagnanasa na salungat sa ugali ng pagsunod sa kanya (Mateo 16:24-26). Tinawag tayo ng Diyos upang mamuhay ng ayon sa kanyang batayan ng katuwiran. At ayon sa Diyos, ang mga taong kanyang pagpapalain ay sila na may takot at pagsunod sa kanya sa lahat bagay (Awit 15, Awit 112, Mateo 5:3-11). Kaya habang matapat tayong sumusunod sa kanya, tayo ay nagiging bayan na ayon sa kanyang kalooban.
- **Paanong makakaapekto ang aksyon na ito sa aking reputasyon?** Sa bawat kapasyahan na ating gagawin, itinatatag natin ang ating reputasyon (Kawikaan 20:11). Totoo na dapat nating pahalagahan ng lubos ang pagtingin sa atin ng Diyos. Subalit kung tayo ay nakikilala bilang mga taong may integridad, naiimpluwensiyahan natin ang iba tungkol sa katuwiran at tayo nagiging kapani-paniwalang mga saksi para kay Cristo. Sinasabi sa atin sa Kawikaan 22:1 na dapat nating maging prayoridad ang pagkakaroon ng magandang reputasyon kaysa sa pagkakaroon ng materyal na kayamanan.
- **Ano ang ibubunga ng kapasyahang ito?** Ipinapakita sa atin ng Kawikaan 22:3 na dapat nating paghandaan ang kinabukasan sa pamamagitan ng mga mabuting kapasyahan sa kasalukuyan. Kapag pag-iisipan natin ang ating mga pagpipilian, dapat nating isaalang-alang ang maaaring ibunga ng bawat isa sa mga ito. Paano maaapektuhan ng ating kapasyahan ang ating buhay at ang buhay ng ibang tao?

Sinasabi sa atin sa Kawikaan 4:23 na ang ating mga kapasyahan at pag-uugali ay nagmumula sa motibasyon ng ating puso. Kung nais nating magkaroon ng mga mabubuting kapasyahan na nakakalugod sa Diyos, dapat nating tiyakin na tayo ay tapat sa kanya (Deuteronomio 6:2, 5-6, Deuteronomio 13:4).

---

[48] Para sa higit pang kaalaman sa paksang ito, tingnan ang Aralin 5 ng *Praktikal na Pamumuhay Kristiyano* na matatagpuan sa Shepherds Global Classroom.

## Pisikal na Kalusugan

Responsibilidad ng mga kabataan na gumawa ng mga personal na kapasyahan, gaya ng mga bagay na may kaugnayan sa kanilang kinakain, aktibidad at oras ng ehersisyo, at oras ng pagtulog. Ang pagpipigil sa sarili ay mahalaga sa lahat ng bahaging ito (1 Corinto 9:27). Dapat tandaan ng mga mananampalataya na ang kanilang mga katawan ay templo ng Banal na Espiritu at tayo ay tinubos ng dugo ni Cristo (1 Corinto 6:19-20). At sapagkat tayo ay mga lingkod ng Diyos, dapat nating pangalagaan ang ating mga katawan at disiplinahin ang ating mga sarili upang makagawa tayo ng mga mabubuting kapasyahan sa lahat ng mga gawaing ito, upang maiukol rin natin ang pinakamainam para sa Diyos.[49]

► Dapat basahin ng mga mag-aaral ang 1 Corinto 6:12-13, 19-20, at 1 Corinto 10:31 para sa grupo.

Isipin mo ang uri at dami ng mga pagkaing kinain mo ng nakaraang linggo. Marahil ay marami kang pagkain at marami kang pagpipilian sa mga ito. O marahil ay kakaunti lamang ang iyong pagkain, at kakaunti rin ang pagpipilian sa mga ito. Mapa-anupaman, ang pagkain at pag-inom ay dapat na makapagbigay ng luwalhati sa Diyos. Kung sakaling posible na maimbitahan mo si Jesus na makisalo sa iyong hapag-kainan, pipiliin mo pa rin ba ang uri at dami ng mga pagkain na karaniwan mong kinakain? Maaaring kakatwa ang tanong na ito, gayunma'y maaaring magsilbi itong paalala sa atin na maging maingat, mapagpasalamat, at mapagpigil habang tayo ay kumakain.

Ang pagtulog ay isa pang bahagi na dapat magpakita ng pagpipigil sa sarili ang isang mananampalataya. Hindi tayo dapat maging tamad at matulog ng sobra (Kawikaan 6:10-11, Kawikaan 20:13), gayunpaman, dinisenyo ng Diyos ang ating katawan na magkaroon ng palagiang sapat na pahinga (Awit 3:5). Ang isang matanda o nasa hustong gulang ay karaniwang nangangailangan ng 6-8 oras na tulog sa bawat gabi.

Sinasabi sa Ecclesiastes 5:12 na ang pagtulog ay pagpapala para sa mga taong masipag sa pagtratrabaho. Sinasabi sa Kawikaan 3:24 at Awit 4:8 na ang Diyos ay nagbibigay ng mahimbing na tulog sa kanyang mga anak. Ito ang uri ng pagtulog na nagpapaginhawa sa ating mga katawan. Kapag taglay natin ang kapayapaan ng Diyos, tayo ay napapalaya mula sa mga kabalisahan at alalahanin na dumating sa isang araw, sapagkat nalalaman natin na ang Diyos ay tapat na nagbabantay sa kanyang mga anak. Ang payapang tulog ay nagpapasigla ng katawan at isipan at inihahanda tayo para sa susunod na mga aktibidad at ministeryo.

Ang Kawikaan 3:24 ay matatagpuan sa isang bahagi ng aklat ng Kawikaan na naglalaman ng mga tuntunin para sa buhay na puno ng karunungan, pang-unawa, at mabuting pagpapasya. Kaya kung nais mong magkaroon ng mahimbing na tulog, kinakailangan mo na magkaroon ng mga matatalinong kapasyahan sa ibang bahagi ng iyong buhay, kasama

[49] Para sa higit pang kaalaman tungkol sa paksang ito, tingnan ang Aralin 13 ng *Praktikal na Pamumuhay Kristiyano* na matatagpuan sa Shepherds Global Classroom.

na rito ang oras na ginugugol mo sa panonood ng telebisyon o pelikula, pagtingin sa internet, paggamit ng cellphone, at oras ng pakikipagkwentuhan sa mga kaibigan.

Ang pagtulog ay maaaring maapektuhan ng mga uri at dami ng pagkain na kinakain mo sa buong araw, ng oras na binibigay mo sa ehersisyo, kung paano mo hinaharap ang mga di-kanais-nais na mga sitwasyon, o kung paano mo ginugugol ang iyong pera. Ang ating pagtulog ay magiging mapayapa kung ang ating relasyon sa ating kapwa ay puspos ng mga katangian na bunga ng Espiritu na sinasabi sa Galacia 5:22-23.

► Magbigay ng oras para basahin ang mga talatang nabanggit sa itaas. Suriin mo ang iyong pagtulog gamit ang mga prinsipyo na matatagpuan sa mga talatang ito. Ibinibigay mo ba sa katawan mo ang sapat na pahinga na kanyang kinakailangan upang makagawa ng maayos ayon sa ninanais ng Diyos? Pansinin mo ang konteksto ng mga talata sa Awit: isinulat ito ni David sa nakakapagod at nakakabahalang mga sitwason, subalit nakapagbigay pa rin siya ng patotoo sa katapatan ng Diyos na tumutulong sa kanyang katawan na magkaroon ng maayos na tulog.

## Pagharap sa Stress

Ayon sa disenyo ng Diyos, ang mga taon ng isang kabataan ay puno ng maraming mga responsabilidad at alalahanin na nangangailangan ng atensyon at naghahatid ng stress (Panaghoy 3:27). Sa ganitong yugto, ang isang tao ay maaaring nagsusumikap na makapagtapos sa pag-aaral at magkaroon ng degree, magsimula ng negosyo, at pumasok sa isa o maraming trabaho. Marami ring bahagi ng pakikipag-relasyon sa buhay ng isang kabataan na kinakailangang pagtuunan ng pansin. Ang mga kinakailangang pinansiyal, pamasahe, at tirahan ay tumatawag ng atensyon, ngunit nagdudulot ng stress.

Ang stress ay binigyang kahulugan na, "pisikal at emosyonal na tugon sa mga pangyayari na nagbabanta o humahamon sa atin."[50] Pag-isipan mo kung paano mo tinitingnan ang mga pangyayari sa buhay mo. Paano ka nag-iisip sa mga sitwasyon na nararanasan mo?

Kapag ang isang bagay ay nasa panghinaharap pa, paano mo ito pinag-iisipan? Anong mga emosyon ang hinahayaan mo na maramdaman hinggil sa mga posibilidad na pwedeng mangyari? Anong pananaw ang umiimpluwensya sa iyo na harapin ang isang sitwasyon? Ano ang uri ng iyong pagkatao at personalidad (Kawikaan 15:15)?

Ang iyong pananaw, pagkatao, at personalidad ay makakaapektong lahat sa paraan ng pagtugon mo sa mga sitwasyon sa buhay at sa antas ng stress na iyong mararanasan. Bagamat ang stress ay likas na bahagi ng buhay, ngunit kung paano mo ito harapin ay isang personal na bagay. Ang kabalisahan ay madalas maghatid ng sakit ng ulo, pananakit ng kalamnan, sakit, pagtaas ng presyon ng dugo, ulcer, at iba pang mga mental, emosyonal, at pisikal na mga kapansanan (Kawikaan 12:25). Ang hindi magandang tugon

---

[50] Robert S. Feldman, *Discovering the Lifespan,* 2nd ed. (Upper Saddle River, NJ: Pearson, 2012), 317.

sa stress ay makakahadlang ng malaki sa iyong paglilingkod kay Cristo. At dahil rito, hindi nakapagtataka na ang Salita ng Diyos ay nagsasabi sa atin na huwag tayong mabalisa.

► Dapat basahin ng mga mag-aaral ang Mateo 6:34, 1 Pedro 5:7, at Awit 105:4 para sa grupo.

Kapag tayo ay humaharap sa mga mabibigat na pangyayari, dapat nating piliin na magtiwala at umasa sa Diyos na walang anumang limitasyon. Perpekto ang Diyos sa kanyang lakas, karunungan, at kabutihan. Perpekto ang kanyang pagmamalasakit sa kanyang mga anak. Nais niyang maunawaan natin ang ating pananangan sa kanya; na dalhin natin sa kanyang harapan ang bawat alalahanin, at hingin ang kanyang lakas. Kapag gagawin natin ito, bibigyan niya tayo ng kapayapaan, kapahingahan, at lahat ng ating kinakailangan. Habag ang isang ay nasa kanyang kabataan, dapat niyang matutuhan at panatilihin ang pananahimik sa harapan ng Diyos at maghintay sa kanyang pangunguna (Awit 46:10, Panaghoy 3:25-27).

► Itala mo ang mga nakaka-stress na mga sitwasyon na iyong kasalukuyang nararanasan. Ano ang iyong dapat na maging tugon ayon sa sinasabi ng Salita ng Diyos?

## Para sa Talakayan ng Grupo

► Sa araling ito, anong mga ideya o mga prinsipyo ang bago sa pandinig mo? Anong iba pang mga biblikal na prinsipyo ang naisip mo na nakaugnay sa mga bahaging ito ng buhay ng isang kabataan?

► Paanong ang iyong personal na buhay ay maaapektuhan ng iyong napag-aralan sa araling ito?

► Sa iyong simbahan, alin sa mga paksang ito ang higit na kailangan na ituro sa inyong mga kabataan?

► Paano mo maiimpluwensyahan ang mga kilala mong kabataang Kristiyano na mag-isip at kumilos ng biblikal sa mga bahaging ito ng buhay?

## Panalangin

Ama naming nasa langit,

Salamat na ang iyong Salita ay nagtuturo sa amin kung paano mamuhay sa bawat yugto ng buhay. Salamat na inihahanda mo kami na mamuhay ng mabunga at produktibo sa mga taon ng aming kabataan.

Tulungan mo kaming luwalhatiin ka sa pamamagitan ng pagiging matapat na katiwala ng aming lakas, mga pinagkukunan, at oportunidad na ibinibigay mo sa amin. Tulungan mo kaming maging mga makaDiyos na impluwensya sa aming kapwa at pumili ng mga makaDiyos na kaibigan at tagapayo.

Nawa'y gumawa kami ng maayos na kapasyahan at luwalhatiin ka namin sa aming mga katawan, isipan, at espíritu.

Amen

## Mga Takdang Aralin

(1) Sa 1 Timoteo 4:12, tinuruan ni Pablo si Timoteo na maging halimbawa sa mga partikular na aspeto. Sa iyong pagsusulat, bigyang kahulugan ang bawat aspetong ito. Pagkatapos ay ilarawan mo kung paanong ang bawat isa sa mga ito ay maipapamuhay ng isang kabataan. Magbigay ng kahit isang halimbawa para sa bawat isa.

(2) Pumili ng isa mula sa mga paksa sa araling ito:

- Maturidad at karakter
- Trabaho
- Pinansiyal
- Malalapit na mga Kaibigan
- Paggawa ng mga desisyon
- Pisikal na Kalusugan
- Stress

Magsulat ng kahit tatlong talata tungkol sa iyong napiling paksa:

- Buoin ang mga biblikal na prinsipyo na may kaugnayan sa paksang ito.
- Ipaliwanag ang ilang mga positibong maibubunga ng pagsunod sa mga prinsipyong ito.
- Ilarawan ang ilang mga negatibong maibubunga kapag ang mga prinsipyong ito ay ipinagwalang-bahala.

Kapag isusulat mo ang mga positibo at negatibong mga bunga, tiyakin mong isinaalang-alang mo rin ang mga epekto ng isang kapasyahan sa iba't ibang mga tao: sa kanyang sarili, pamilya, komunidad, at simbahan.

# Apendiks A
# Paggalang sa mga Kababaihan

## Ang Halimbawa ni Jesus sa Paggalang sa mga Kababaihan

Ang mga kababaihan ay itinuturing na mababa kaysa sa mga kalalakihan noong unang-siglo sa mundo ng mga Romano at sa Judaismo. Ang mababang pagtingin sa mga babae ay nagpapatuloy pa rin sa iba't ibang mga kultura sa iba't ibang panig ng mundo at mga tahanan. Ang mga kababaihan ay hindi iginagalang, itinuturing lamang sila na sekswal na kagamitan, at inaabuso. Subalit ang mataas na pagpapahalaga ni Jesus sa mga kababaihan ay dapat na magsilbing halimbawa para sa atin.

Para kay Cristo, ang mga kababaihan ay may likas na dangal at kahalagahan na pantay sa mga kalalakihan. Ang sabi ni Jesus, "Siya na lumikha sa kanila buhat sa pasimula ay nilikha silang lalaki at babae" (Mateo 19:4, Genesis 1:27). Ang mga babae ay nilikha rin ng Diyos gaya ng mga lalaki. At gaya ng mga lalaki, sila man ay mayroong kamalayan sa sarili, personal na kalayaan, antas ng determinasyon sa sarili, at personal na responsibilidad sa kanilang mga aksyon. Tiningnan ni Jesus ang mga kababaihan na mga tunay na tao at hindi kasangkapan para sa pagnanasa ng lalaki. Tiningnan niya sila bilang mga taong naging dahilan ng kanyang pagpunta sa sanlibutan (Lukas 8:1-3).

Si James Borland, kasama sina John Piper at Wayne Grudem ay nagbigay ng mga maliliwanag na halimbawa mula sa aklat ng mga Ebanghelyo hinggil sa mataas na pananaw at paggalang ni Jesus para sa mga kababaihan.

**(1) Palagi at direktang kinakausap ni Jesus ang mga kababaihan sa publiko.**

Ito ay hindi karaniwang gawain para sa isang lalaki noong panahon ni Jesus (Juan 4:27). Nagulat ang mga alagad ni Jesus noong siya ay nakita nila na nakikipag-usap sa isang babaeng Samaritana na umiigib ng tubig mula sa balon ni Sichar (Juan 4:7-26). Malaya rin siyang nakipag-usap sa isang babaeng nahuli sa pangangalunya (Juan 8:10-11). Itinala ni Lukas na si Jesus ay nakipag-usap ng publiko sa isang balo na taga-Nain (Lukas 7:12-13), sa isang babaeng dinurugo (Lukas 8:48, Mateo 9:22, Marcos 5:34), at sa babaeng tumawag sa kanya mula sa karamihan ng mga tao (Lukas 11:27-28). Nakipag-usap rin si Jesus sa isang babaeng kuba ng 18 taon (Lukas 13:12). At nakipag-usap rin siya sa grupo ng mga kababaihan noong pasan-pasan niya ang krus sa daan (Lukas 23:27-31).

**(2) Ipinakita ni Jesus ang kanyang paggalang at mataas na pagpapahalaga sa mga kababaihan sa paraan ng kanyang pakikipag-usap sa kanila.**

Nakipag-usap siya sa maalalahanin at mapagmasalakit na pamamaraan. Parehas na itinala nina Mateo, Marcos, at Lukas ang pagtawag ni Jesus sa babaeng dinurugo sa katagang "anak" at tinawag ang babaeng may kapansanan na "anak ni Abraham" (Lukas 13:16).

Kaya nang tinawag ni Jesus ang mga kababaihang ito na mga "anak ni Abraham," sila ay inilagay niyang pantay sa espirituwal na kalagayan ng mga "kalalakihang anak ni Abraham."

**(3) Ipinakita ni Jesus ang likas na kahalagahan ng mga kababaihan nang kanyang kinilala ang kanilang personal na responsibilidad sa kanilang mga kasalanan.**

Makikita natin ang ganitong pakikitungo ni Jesus sa babaeng sumasalok ng tubig sa balon (Juan 4:16-18), at sa makasalanang babae (Juan 8:10-11) na pinahiran ng langis ang kanyang mga paa (Lukas 7:44-50). Hindi niya binalewala ang kanilang mga kasalanan kundi hinarap ito. Ang ginawang ito ni Jesus ay nagpapakita na ang bawat babae ay may personal na kalayaan, may pananagutan sa kanilang mga kapasyahan, at dapat na personal na harapin ang mga isyu tungkol sa kasalanan, pagsisisi, at kapatawaran.

## Ang Paraan ng Pagpapahalaga ni Jesus sa mga Kababaihan ay Dapat na Gumabay sa Iglesia Ngayon

Ang huwaran ng biblikal na gampanin ng mga kababaihan sa ministeryo at sa tahanan ay patuloy na tinatalakay sa maraming mga simbahan at denominasyon ngayon, gaya ng nararapat gawin. Gayunpaman, ang halaga at pantay na katatayuan ng babae sa lalaki bilang nilikha ayon sa wangis ng Diyos ay **hindi-kailanman** dapat kwestyunin. Palaging ipinakita ni Jesus ang halaga at dangal ng mga kababaihan bilang tao. Sila ang kanyang unang inatasan upang ibalita ang kanyang muling pagkabuhay (Juan 20:17). Mahalaga para sa kanya ang kanilang pakikisama, mga panalangin, paglilingkod, pinansiyal na suporta, patotoo at pagiging saksi. Pinarangalan ni Jesus ang mga kababaihan, tinuruan sila, at nagministeryo sa kanila sa iba't ibang mga kaparaanan.

## Paggalang sa mga Kababaihan na Ipinapakita sa Bagong Tipan

Ang halimbawa ng paggalang ni Jesus sa mga kababaihan ay makikita sa gawain ng Banal na Espiritu. Noong araw ng Pentecostes, ang Banal na Espiritu ay kapuwa ibinuhos sa mga kalalakihan at kababaihan, mga lalaking lingkod at mga babaeng lingkod (Gawa 2:17-18). Walang ipinakitang pagtatangi ang Banal na Espiritu.

Sa Roma 16, pinuri ni Pablo ang isang babaeng nagngangalang Phoebe na isang tagapaglingkod sa isang simbahan (talatang 1). Gayundin sina Priscilla at Aquilla na kanyang mga kamanggagawa kay Cristo Jesus, na itinaya ang kanilang mga buhay para kay Pablo (talatang 3-4). Pinuri niya rin si Maria na masigasig na nagtatrabaho (talatang 6) at ganundin si Junia na kilala ng mga apóstol (talatang 7). Bukod rito ay marami pa siyang kinilala na mga kababaihan.

Sa 1 Tesalonika, kinilala ni Pablo ang disenyong inilagay ng Diyos sa pag-aaruga ng isang ina nang isinulat niya ang ganitong pangungusap, "Kami ay naging malumanay sa gitna ninyo, gaya ng isang ina na nag-aaruga sa kanyang mga anak" (1 Tesalonika 2:7). Sa Efeso naman ay kanyang inutusan ang mga kalalakihan na ibigin ang kanilang mga asawa "gaya ni Cristo na nagmahal sa Iglesia, at ibinigay ang kanyang sarili alang-alang sa kanya" (Efeso

5:25, 28). Gayundin naman, nakiusap rin si Pedro sa mga kalalakihan na, “maging mapagbigay kayo sa inyu-inyong mga asawa sa inyong pagsasama, na binibigyan ng karangalan ang babae” (1 Pedro 3:7).

Maliwanag kung gayon na ang mga kababaihan ay pinapahalagahan sa sinaunang Iglesia, at ang mga kalalakihan ay tinuturuan na igalang ang mga kababaihan. Kaya nga, panahon na para sa ating mga espirituwal na pinuno na tumayo para sa mga kababaihan; na tumayo laban sa anumang kultura na nagmamaltrato sa kanila. Panahon na upang pahalagahan ang mga kababaihan bilang isang tao na bukod-tanging dinisenyo ayon sa wangis ng kanyang Manlilikha. Anumang katuruan sa simbahan at tahanan hinggil sa magkaibang gampanin ng lalaki at babae ay dapat na magsimula sa ganitong pundasyon, sapagkat kung hindi ay hahantong ang ating katuruan sa pang-aabuso.

**Para sa Talakayan ng Grupo**

► Ilarawan mo ang mga pagkakaiba sa pagitan ng lalaki at babae na isinasagawa sa iyong kultura? Paanong ang mga pagkakaibang iyon ay maisasaayos ng maingat na pagsasabuhay ng biblikal na katotohanan?

► Paanong ang mga simbahan sa iyong bansa ay nakikitungo sa mga kababaihan, na iba sa pakikitungo sa mga kalalakihan? Mayroon bang makikitang pagkakaiba sa pagitan ng mga simbahan at ng kultura?

► Batay sa halimbawang ipinakita ni Jesus, anong kaugalian ang dapat baguhin?

# Apendiks B
# Kontrol sa Pagbubuntis

## Mga Pamamaraan para Pigilan ang Pagbubuntis

Ang medikal na siyensiya ay nakagawa ng mga pamamaraan upang mapigilan ang pagbubuntis para sa mga taong bagamat nais ang pakikipagtalalik subalit ayaw magkaroon ng mga anak. Ang katagang ginamit para sa mga pamamaraang pumipigil sa pagbubuntis ay *kontrasepsiyon.* May ilang mga pamamaraan ang kontrasepsiyon:

1. Mga tableta na pumipigil sa katawan ng isang babae na magkaroon ng mga itlog na kanyang ipaglilihi.

2. Mga tableta na pumapatay sa mga itlog matapos ang pertilisasyon.

3. Mga kagamitang humahadlang sa pagpasok ng semilya sa babae.

Mayroong bilang ng mga araw sa bawat buwan na ang babae ay maituturing na fertile o madaling mabuntis. Maaaring alamin ng mag-asawa ang iskedyul ng pertilidad sa katawan ng isang babae upang iwasan ang pagtatalik sa mga araw na iyon. Ang ikaapat na pamamaraang ito para pigilan ang pagbubuntis ay hindi itinuturing na kontrasepsiyon.

## Mga Dahilan kung Bakit may mga Gumagamit ng Kontrasepsiyon

May ilang mga organisasyon na iminumungkahi ang paggamit ng condom upang mabawasan ang pagkalat ng sakit at maiwasan ang pagbubuntis sa mga taong nakikipagtalik hindi lamang sa kanilang mga asawa. Ang paggamit ng kontrasepsiyon na labas sa relasyon ng mag-asawa ay hindi tatalakayin rito. Gayunpaman, hinahatulan ng Biblia ang pakikipagtalik na labas sa pag-aasawa. Naniniwala ang mga Ebanghelikal na Kristiyano na ang tamang paraan upang maiwasan ang sakit at pagbubuntis na labas sa pag-aasawa ay ang ilaan lamang ang pakikipagtalik para sa asawa.

May ilang mga dahilan kung bakit may ilang mag-asawa na gumagawa ng kontrasepsiyon:

- Sa maraming lugar ay hinihikayat ng mga dalubhasa sa medisina ang paggamit ng kontrasepsiyon para sa mga mahihirap na pamilya na hindi kayang suportahan ang maraming mga anak; na sa pamamagitan nito ay mapipigilan ang pagsilang ng maraming anak.

- Minsan, pagkatapos magpakasal, ang mag-asawa ay maghihintay muna ng tamang panahon para magkaroon ng mga anak sapagkat nais muna nilang mag-ipon at isaayos ang kalagayan ng kanilang pamumuhay.

- Maaaring gumamit ng kontrasepsiyon ang mag-asawa upang pahabain ang mga taong pagitan ng kapanganakan ng kanilang mga anak.

- Minsan naman ay gumagamit ng kontrasepsiyon ang mag-asawa sapagkat narating na nila ang bilang ng mga anak na gusto nila at ayaw na nilang dagdagan pa ang mga ito.
- Minsan, ang babae ay mayroong problema sa kalusugan at pinapayuhan siya ng kanyang doktor na gumamit ng kontrasepsiyon sapagkat ang pagbubuntis ay mapanganib para sa kanya at sa bata.

**Mga Pagtatalo sa pagitan ng mga Simbahan tungkol sa Kontrasepsiyon**

Walang partikular na sinasabi ang Biblia kung tama ba o mali na pigilan ang pagbubuntis. Hinahatulan ng Simbahang Romano Katoliko ang paggamit ng kontrasepsiyon subalit pinapayagan ang iskedyul na pamamaraan upang maiwasan ang pagbubuntis. Samantala, may ilang mga pinuno sa Eastern Orthodox na simbahan na hindi sang-ayon na pigilan ang pagbubuntis, ngunit hindi lahat sa kanila ay may ganitong pananaw. At sa pagitan ng mga Protestante at ebanghelikal na simbahan, may iba't ibang mga katuruan.

Ang mga sumusunod na puntos ay ginagamit ng ilang mga simbahan bilang dahilan upang ipagbawal ang paggamit ng kontrasepsiyon. Sa bawat puntos ay mayroong maikling pagpapaliwanag upang magbigay ng karagdagang pananaw.

(1) Ang mga anak ay pagpapala na mula sa Diyos at ang layunin ng pag-aasawa.

Ang nakaraang aralin tungkol sa hindi pagkakaroon ng anak ay nagpapakita na ang pagkakaroon ng anak ay pagpapala na mula sa Diyos. May ilang mga simbahan na naniniwala na ang pagpapahalaga mismo ng Diyos sa mga bata ay nagsisilbing dahilan upang ipagbawal ang kontrasepsiyon. Samantala, may ibang mga mananampalataya na naniniwalang hindi masama na iwasan ang karagdagang pagbubuntis, lalo kung sila ay mayroong problema sa kalusugan o ekonomikal na kakayahan.

(2) Ang kontrasepsiyon ay ginagamit upang pagtakpan at pigilan ang bunga ng sekswal na imoralidad.

Ang katotohanang maaaring gamitin ang kontrasepsiyon para sa imoral na layunin ay hindi nauukol sa isyu kung pwede ba silang gamitin ng mag-asawa.

(3) Ginagawang makasarili at hindi dalisay ng kontrasepsiyon ang pagtatalik sapagkat inaalis nito ang lehitimong layunin ng pagtatalik, ang magkaroon ng mga anak.

Bagamat totoo na ang pagtatalik ay maaaring maging makasarili at hindi dalisay, ito ay bahagi pa rin ng relasyon ng mag-asawa, ngunit hindi lamang para sa layunin na magkaroon ng mga anak (1 Corinto 7:3-5). Sinasabi sa atin ng Biblia na maaaring paglingkuran ng mag-asawa ang isa't isa sa pamamagitan ng pagtatalik.

(4) Gamit ang kontrasepsiyon ay ginagawang sariling kapasyahan ng tao ang pagbubuntis, sa halip na kapasyahan ng Diyos.

May ilang mga simbahan na naniniwala na dapat magtiwala ang mag-asawa sa Diyos para sa mga anak na ibibigay sa kanila, at hindi nila dapat subukang pigilan ang bilang at mga taon na pagitan ng kanilang mga anak. Subalit may ibang mga Kristiyano na naniniwala na may responsibilidad tayong gumawa ng desisyon sa anumang aspeto ng ating buhay, at maaari tayong makagawa ng mga desisyon tungkol sa pag-iwas na mabuntis kung magsisikap tayong sumunod sa mga prayoridad ng Biblia.

## Kapasyahan ng Konsensya

Sapagkat (1) ang Biblia ay walang malinaw na sinasabi tungkol sa kontrasepsiyon at (2) ang mga ebanghelikal na mga mananampalataya ay may iba't ibang mga opinyon tungkol sa isyu, dapat na igalang ng mga mananampalataya ang desisyon ng ibang mga mananampalataya. Dapat tiyakin ng mag-asawa na sila ay nagpapasakop sa Diyos at sumusunod sa mga biblikal na prayoridad, at dapat na humingi ng karunungan sa Diyos tungkol sa kanilang magiging desisyon.

Kapag nangyari ang pagbubuntis, hindi na kailangang desisyonan pa kung ipagpapatuloy ba ang pagkakaroon ng anak o hindi. Maliwanag ang Biblia na mali na wakasan ang buhay ng isang hindi pa naisisilang na sanggol. At sapagkat ang buhay ng tao ay nagsisimula sa pagbubuntis, ang mga tableta na pumipigil sa itlog na mabuhay sa sinapupunan ng babae matapos ang pertilisasyon ay mali. Ang mag-asawang nagpasyang gumamit ng kontrasepsiyon ay dapat na gumagamit ng isang bagay na pumipigil sa pagbubuntis at hindi naghahatid ng kamatayan sa pertilisadong itlog na nasa sinapupunan ng babae.

# Mga Mungkahing Babasahin


**Paghahanda sa Pag-aasawa**

Drescher, John. *For Better, For Worse*. Morgantown, PA: Masthof Press, 2012.

Thomas, Gary. *Sacred Marriage*. Grand Rapids: Zondervan, 2000.

**Pag-aasawa**

Eggerichs, Emerson. *Love and Respect*. Nashville: Thomas Nelson, 2004.

Thomas, Gary. *Sacred Search*. Colorado Springs: David C Cook, 2013.

**Sekswalidad**

Ferrer, Hillary. Mama Bear Apologetics Guide to Sexuality: Empowering Your Kids to Understand and Live Out God's Design. Eugene: Harvest House Publishers, 2021.

Sprinkle, Preston. People to Be Loved: Why Homosexuality is not Just an Issue. Grand Rapids: Zondervan, 2015.

Yuan, Christopher. Holy Sexuality and the Gospel: Sex, Desire, and Relationships Shaped by God's Grand Story. New York: Multnomah, 2018.

Shimer, Ted. The Freedom Fight: The New Drug and the Truths That Set Us Free. Houston: High Bridge Books, 2020.

**Pagiging Magulang**

Brown, Nadine M. How to Have Kids with Character (Even if Your Kids are Characters) Wheaton: Tyndale House Publishers, Inc., 1990.

Chapman, Gary and Ross Campbell. The Five Love Languages of Children. Chicago: Northfield Publishing, 1997.

Dobson, James. Bringing up Boys. Wheaton: Tyndale House Publishers, Inc., 2001.

Friedeman, Matt. Discipleship in the Home: Teaching Children. Changing Lives. Wilmore: Francis Asbury Society, 2010.

Hubbard, Ginger. Don't Make Me Count to Three! Wapwallopen, PA: Shepherd Press, 2003.

Mulvihill, Josh. Biblical Worldview: What It Is, Why It Matters, and How to Shape the Worldview of the Next Generation. Roanoke: Renewanation, 2019.

Tripp, Tedd. Shepherding a Child's Heart. Wapwallopen: Shepherd Press, 1995.

**Pamilya**

Garland, David and Diana Garland. *Flawed Families of the Bible*. Grand Rapids, MI: Brazos Press, 2007.

Mally, Sarah and Stephen Mally and Grace Mally. *Making Brothers and Sisters Best Friends*. Marion, IA: Tomorrow's Forefathers Inc, 2002.

# Tala ng mga Takdang-Aralin

Pangalan ng mag-aaral ______________________________________

Lagda sa tuwing natatapos ang bawat takdang-aralin. Lahat ng takdang-aralin ay dapat na tapusin ng maayos upang makatanggap ng katibayan o sertipiko mula sa Shepherds Global Classroom.

| Aralin | Takdang-aralin 1 | Takdang-aralin 2 | Takdang-aralin 3 | Takdang-aralin 4 |
|---|---|---|---|---|
| 1 | | | | |
| 2 | | | | |
| 3 | | | | |
| 4 | | | | |
| 5 | | | | |
| 6 | | | | |
| 7 | | | | |
| 8 | | | | |
| 9 | | | | |
| 10 | | | | |
| 11 | | | | |
| 12 | | | | |
| 13 | | | | |
| 14 | | | | |
| 15 | | | | |

Ang paghingi ng Katibayan ng Pagtatapos ay maaaring hilingin mula sa Shepherds Global Classroom na matatagpuan sa ating webpage www.shepherdsglobal.org. Ang mga katibayan ay ipapadala sa digital na paraan mula sa pangulo ng SGC patungo sa mga guro at tagapangasiwa na siyang nagsa-ayos ng aplikasyon ng kanilang (mga) mag-aaral na humihingi ng Katibayan ng Pagtatapos.